

GRAD

B 1,165,803

RA

541

. Pb

T62

1916

Buhr



Tissot, S. A. D.

Ang mahusay na paraan nang...

AKLAT

NA

PAGAMUTAN

NI

DR. TISSOT

ANG MAHUSAY NA PARAAN
NANG PAG-GAMOT
SA MANGA MAYSAQUIT

AYON SA ARAL
NI TISSOT.

TINAGALOG,

hinusáy at dinagdagan ng M. R. P. Fr. **Manuel Blanco**, Exprovincial sa órden ni San Agustín; at ngayo, i, ipinalimbag na panibago nang M. R. P. Fr. *Felipe Bravo*, casalucuyang Provincial sa naturang órden.

(2.^a EDICIÓN.)

MANILA, 1916.

LIBRERIA Y PAPELERIA

-: DE :-

J. MARTINEZ

Moraga 34-36, Calderón 108 y Real 153-155, Intra.

Imp. de J. Martinez, 7 Estraude.--Binondo.

PRÓLOGO.

MI objeto en escribir en idioma tagalog este tratado, traducido casi todo del *Aviso al pueblo* del célebre Tissot, no ha sido otro que aliviar á los indios enfermos, cuyo desamparo, que he presenciado no pocas veces por razon de mi oficio, me ha conmovido hasta lo sumo.

Entregados en manos de unos Curanderos ignorantísimos, embusteros y estafadores, se ven precisados á permanecer en una cama por muchos meses, á abandonar todos sus quehaceres, y á gastar lo poco que tienen y repartirlo con los que han hecho trato de curarlos, y todo esto á veces en enfermedades que con suma facilidad puede curar cualquiera que tenga alguna tintura de la Medicina.

A mi llegada á cierto pueblo fuí tes-

tigo de una peste de calenturas intermitentes que apenas dejaban casa libre; y sin embargo de que eran muy fáciles de curar, no observé que los indios Curanderos las tratasen de modo que se conociese que ellos entendían lo que era aquello. A una semejante conducta eran consiguientes los estragos que me sorprendieron entonces. Cabalmente por aquel tiempo llegó á mis manos la apreciable obra del *Aviso al Público* del incomparable Tissot; la que inmediatamente empecé á traducir al tagalog, ansioso de comunicar á estos pobres indios un tesoro tan rico.

Por lo que hace el lenguaje, como nadie tenga obligación de escribir en el mejor estilo posible, y siéndome esto por otra parte muy penoso, lo he hecho del mismo modo que hablo ordinariamente con el indio, esto es, en estilo llano. Yo estoy ciertísimo de que los indios me entienden bien, y que perciben claramente lo que quiero decirles: pues por espacio de muchos años en que me he ocupado en hablar con ellos sobre mil materias y asuntos diferentes, he tenido sobrado tiempo para hacer esa experiencia: por

consiguiente no tengo recelo de que queden sin entender este tratado aquellos indios para quienes se destina. Por otra parte, algunos ejemplares de él trasladados de mano, y que corren hoy día entre ellos, me convencen de lo mismo. He visto con admiración que ya saben distinguir unas calenturas de otras, y que ya las dan el mismo nombre que va puesto en este libro: que las tratan del mismo modo que en él se ordena, y que logran el efecto deseado: todo lo cual me ha causado un placer indecible.

De todo esto infero, que para el objeto que me he propuesto, y escribiendo para indios, para nada es necesaria la elegancia del estilo. En el idioma mismo castellano corren innumerables obras, de las cuales muchas de ellas carecen enteramente de elegancia, y otras aun de propiedad, y lo que es peor (y sería fácil demostrarlo con una obra bien conocida y aplaudida hoy día) están llenas de defectos no pequeños, sino muy graves en el lenguaje. Sin embargo, ellas andan en manos de todos, y son buscadas con ansia, y leídas con gusto y provecho por razón del mérito que verdaderamente tienen. Las com-

posiciones escritas con elegancia en lengua tagala, se disputa si las entiende el común de los indios. Yo creo firmemente que ellos no han de ser de mejor condición que los españoles y demás europeos, los cuales más fácilmente comprenden una oración ó un período escrito en estilo llano, que en estilo difícil y adornado. Tengo muchas pruebas que me inducen á creerlo así. Bajo de este supuesto, muchas cosas podía haber escrito yo mismo con elegancia, y no lo he hecho de intento, temeroso de que no me entiendan bien, y fundado en que más vale que lo pague el estilo, que el que sufra el enfermo. De aquí es que, por el conocimiento y largo estudio que he hecho de los alcances del indio, he evitado todo lo posible el hacer períodos largos, y oraciones muy compuestas: y así yo no me he ceñido á la letra ni aun al método de los Autores, de donde he trasladado las materias, sino que he procurado hablar siempre muy poco y lo preciso, trasladando únicamente la sustancia, y acomodándolo al mismo tiempo al genio y modo familiar de hablar que veo usan entre sí estos naturales.

Si aun de este modo no se logra que

los indios Curanderos aprendan á tratar metódicamente las enfermedades seguramente menos se logrará con los medios puestos en práctica hasta ahora, esto es, con los libros escritos en lengua española, que andan en sus manos, y de los cuales generalmente nada entienden, á lo menos los que viven en las provincias distantes de Manila: y aunque los entiendan, poco ó ningun fruto sacarán, como en efecto no lo sacan de su lectura. Dos son los libros conocidos entre ellos, el *tratado del P. Clain*, y el del *P. Santa María*. Este último á excepción de la breve y curiosa exposicion que hace de las virtudes de las plantas de Filipinas, en lo perteneciente al modo de curar las enfermedades de nada sirve, y aun en ciertos casos pueden ser muy perniciosas las curaciones empíricas que propone. El tratado del P. Clain, aunque escrito con algun cuidado, tiene defectos irreparables. En primer lugar, en infinitos casos no ha hecho más que amontonar sin exámen varias especies de plantas, como propias para la curación de algun mal, y suponiéndolas de iguales virtudes, en fuerza de los informes seguramente tomados de

los mismos indios; siendo así que las virtudes de muchas de ellas son enteramente opuestas á las de las otras, y algunas plantas son de uso peligroso. En segundo lugar, las curas que propone en varias enfermedades son meramente empíricas, y así como pueden sanar, pueden también hacer mucho daño. En tercero y último lugar, dicho Autor trata tan superficialmente, y con estilo y método tan confusos, la importantísima y delicada materia de las calenturas, que, además de no ser de mérito alguno cuanto allí enseña, es necesario saber bien el español para entenderle; y estoy muy cierto de que muchos españoles no comprenderán aquel artículo; no sabrán hacer la debida distinción entre calenturas y calenturas. En otros artículos de menos importancia está tolerable, y es digno de aprecio el apéndice de las plantas que trae al fin, y del que me he servido en muchas ocasiones.

Con lo que llevo dicho no pretendo persuadirme á que todos los indios indiferelemente han de entender este mi tratado. El mismo Tissot, escribiendo para europeos de la clase del pueblo, se hace cargo de lo mismo, y confiesa que serán muy

pocos los que entenderán su obra. Pero advierto y digo, que con tal que haya una sola persona que le entienda en un pueblo, ella sola puede hacer bienes incalculables á los enfermos. En Filipinas se debe esperar tambien mucho de los Padres Curas, de los Maestros de escuela, de los españoles nacidos en el país, y de otras personas que, por razón de su trato con europeos, tienen más penetración y luces que los pobres indios de las sementeras.

En cuanto á los equivalentes ó sucedáneos de los simples que trae Tissot, en su obra, pondré en seguida una tabla en donde verá claramente el lector, que nada he hecho de nuevo, que no se halle fundado ó bien en el apéndice de los sucedáneos que se halla al fin de la dicha obra de Tissot, ó bien en los libros impresos en el país, y que andan en manos de todos, ó ya tambien en la autoridad de algunos Botánicos célebres, como Linnéo, etc. Hecha esta diligencia, ninguno tendrá que decir nada de mis sucedáneos. Veo á muchos, aun españoles, muy tímidos en el uso de las medicinas ó simples, que no son del uso de los europeos; y apenas quieren persuadirse á que

en estas islas se halla, como en los países más privilegiados, una multitud inmensa de vetables de virtudes maravillosas. Yo no he formado nunca un concepto tan mezquino de las riquezas y providencia paternal de nuestro Dios; antes creo que en todos los países ha criado cuanto puede necesitar el hombre en salud y en enfermedad. Jamás he pensado que un pobre indio, para curarse unas tercianas, tenga precisión de hacer un viage al Perú para comprar dos reales de Quina ni que para vomitar, tenga que ir hasta el Brasil para comprar la Hipecacuana. Antes por lo contrario, á mi me basta saber que una planta no nace naturalmente en el país, para persuadirme desde luego á que para nada es allí necesaria. El Abate Herbás y Panduro en su *Historia del hombre* (creo que en el tomo 7.º) sostiene y amplifica este mismo pensamiento con la erudición y fuerza que acostumbra. El autor de la Flora medical de las Antillas, en la primera página del prólogo de su sabia obra, cita la autoridad de las memorias de Trevoux, en donde se afirma resueltamente lo mismo que yo dije arriba, y se añade: que bas-

ta el observar las plantas que nacen en un país, para inferir desde luego las enfermedades que en él son mas comunes. Pero yo no debo detenerme más en esto, pues cualquiera que haya meditado algo detenidamente sobre el orden admirable que el Criador del universo ha establecido en todas las cosas, aún las más mínimas, fácilmente convendrá en ella. Estoy muy cierto, pues, de que en las islas tenemos mucho más de lo que podemos desear para el caso, y que el indio se curará con los simples del país con tanta seguridad como los españoles que tanto confian en las medicinas de Europa. Finalmente los equivalentes de primera necesidad, en varias enfermedades que no admiten treguas, en casos en que no es fácil el recurso á Manila, como la *Dita* y el *Iguio*, han sido experimentados centenares de veces en toda clase de personas de todos sexos y edades, con un efecto felicísimo y sin sombra de peligro: compruébelo el que quiera, y cuando quede sorprendido de los buenos efectos, entonces conocerá, que nada he ponderado. Estando, pues, los resultados por la inocencia de dichos sim-

ples, y siendo estos bien comunes y conocidos, nada se puede oponer contra su uso, por que contra la experiencia no hay respuesta.

En esto que he dicho ahora nada afirmo que no sea común con el modo de pensar de los hombres mas hábiles de Europa, cuyos esfuerzos hace medio siglo se dirijen con feliz éxito (observando las virtudes de las plantas indígenas) á libertar á aquellos hermosos paises de la servidumbre de tener que llevar de las dos Indias una gran multitud de simples á costa de mucha plata. Lea el que quiera el prefacio á las Disertaciones Botánicas de Linneo, escrito por el Editor, y alli se encontrará con mucho más de lo que llevo dicho, y se asombrará de la bondad y portentos del Altísimo, que con tanta largueza ha proveido á las necesidades del hombre en todos los paises del Universo.

Por conclusión advierto que en este mi trabajo, que no ha sido pequeño, me he servido de la Obra de Buchan, de la del Doctor Martin Martinez, del Rozier y de Linneo en aquellos casos en que Tissot omite el tratar de algunos males ó enfermedades: todo en obsequio y beneficio

de los pobres indios que viven lejos de la Capital, y aun de los españoles enfermos que, á falta de Facultativos europeos, se ven no pocas veces precisados á ponerse en manos de los Curanderos del país. *Vale.*

Nota. En este tratado no hablo por varios motivos de las enfermedades venéreas; como tampoco de la que llama el indio mal viento, por ser muy confusas las explicaciones que me han dado de ella, y por tanto no puedo asegurar á qué enfermedad equivale.



TABLA.

De las sucedáneos ó equivalentes puestos en este Tratado en lugar de los que trae Tissot en su Obra.

Asclepias. En Filipinas he visto muchas especies de *Asclepias*, pero no me he atrevido á proponer ninguna de ellas por las razones que se pueden ver en Rozier. En su lugar he puesto la *Aristolochia* que supone Tissot ser sucedáneo.

Borraja—(*Sigang dagat*). Esta planta, nombrada así por el indio, es borraja verdadera; pero no la de España. Es muy pelosa y de mucho jugo; las hojas muy tiernas se pueden comer cocidas. Es la llamada *Borago indica* por Linneo.

Cálamo aromático—(*Tagbac*) Esta planta es bien conocida de los naturales. En los libros del país pasa por *cálamo aromático*; pero no lo es sino la *Renealmia* de Linneo. Aunque no es el *cálamo*, no puede ser dañoso su uso, como lo está indicando su olor, y por ocupar en la naturaleza un lugar entre el *jengibre* y otras plantas semejantes; y aún puede ser mejor que el mismo *cálamo*.

Cebada=(Arroz en cáscara). Así lo previene Clain y Tissot; y una experiencia continua me ha enseñado ser un equivalente excelente, á lo menos para los indios.

Cerrajas=(*Tagolinao*). Así se halla escrito en los libros del país; pero el *tagolinao* no es especie de *Sonchus*, sino otra cosa distinta. Sin embargo sin el más mínimo recelo puede tomarse interiormente, como lo acredita la misma experiencia.

Chicoria=(*Dilang usa*). Los Indios, llaman *dilang usa*, *sigang dagat* y *tabacotabacohan* una planta cuyas hojas están pegadas á la tierra, pero la caña de las flores sube derecha, Otros llaman *sigang dagat* á una especie de borraja. y así se ha de entender en este libro. *Dilang usa* no es chicoria; pero se puede tomar interiormente sin riesgo alguno; sus hojas se comen cocidas. (Clain no llama *dilang usa* á la chicoria, sino *sigang dagat*, y así debe enmendarse lo dicho en la primera impresión).

Quina=(*Obat ó Macabuhay*) La quina es una especie de *Smilax*, y también lo es el *obat*: el *macabuhay* es una especie de *Menisperm*; pero por ser ya usadas con

suceso en Medicina y conocidas en las islas estas dos plantas, las he puesto en lugar de la quina, que es difícil adquirir lejos de Manila.

Cicuta=(*Talamponay*) En Filipinas yo no sé que es la *Cicuta*; á lo menos yo no la he podido encontrar. En este supuesto y siendo indispensable poner un equivalente de ella en este tratado para la curación del Cancro, observé que en la disertación de Linneo intitulada *Medicamenta Graveolentia*, se propone para aquel caso la *Datura* de la cual es una especie la que los indios llaman *talamponay*. No era suficiente el que yo la propusiese; era demás necesario señalar la dosis. Para esto empecé á experimentarla en mi mismo, empezando por cantidades muy pequeñas. De este modo he llegado á tomar en un dia y de una vez sola el peso de una dracma ó de un real de las hojas: y si alguno acostumbrado ya á su uso, quiere tomarla dos veces al dia, mucho más habiendo motivo grande para hacerlo, no dudo que podrá tomar más del peso de un real. Lo que he experimentado, pues, en mi mismo es lo siguiente: 1.º Se ha de usar del *talamponay* verde, que nace de suyo en

cualquiera parte, y cuya flor es blanca, y no del morado que suelen plantar los indios en sus casas, pues usan exteriormente de sus hojas, aplicándolas á los abscesos ó apostemas en el principio para repeler, cuya virtud tienen efectivamente. 2.º La hoja verde (después de pesada la cantidad) se muele simplemente en una taza de loza con un palito pequeño, y se hace píldoras, como guisantes de grandes de modo que se puedan tragar fácilmente enteras, echando cada una en media cucharada de agua fría. 3.º Es malo masticar la hoja; pues de este modo, aun una cantidad de ocho granos de trigo causará vahidos de cabeza: es, pues, necesario hacerla píldoras ó pelotillas como he dicho, y tragarlas enteras; de este modo nada malo absolutamente se advierte ni se siente, y se puede tomar una cantidad grande; pero siempre es preciso que el enfermo empiece por poco, y que aumente todos los días la dosis, mientras no sienta alguna novedad. 4.º En algunas indisposiciones del estómago es un remedio eficaz y pronto, y establece un orden admirable en las funciones de aquella víscera y de los intestinos, abre el apetito, provoca una traspiración muy suave, pro-

porciona un sueño regular y tranquilo, y me parece también (aunque no lo puedo asegurar todavía de cierto) que calma al momento los dolores reumáticos. 5.º Algunos indios, y aún algunas mugeres, lo han tomado del mismo modo, y han sentido sus buenos efectos. 6.º Los dolores del cancro los calma seguramente, aunque ignoro si el largo uso de las píldoras podrán causar la curación entera de este mal, pues mis observaciones no llegan más que hasta este punto. Despues de la impresión primera de este libro he logrado ver un ejemplo pasmoso de la vida de esta planta. Una muger casada del pueblo de Bauang habia perdido las partes interiores de la nariz con una llaga pésima, que se iba extendiendo. Por de fuera no se notaba sino que la nariz se iba hundiendo hacia abajo. La enferma no podia andar sin mucho trabajo, por que con el movimiente se estremecia la llaga, y le causaba mucho tormento. En este estado tomó el *talamponay*, en píldoras; y aunque en las dos primeras semanas apenas sintió alivio, despues de unos cuatro meses le consiguió tan grande que se curó perfectamente, y vive hoy dia con mucha salud. Fuese cancro ú otra cosa su enfermedad,

ello es que sanó del todo. 7.º A falta del Opio y del Laúdano pueden servir dichas píldoras de equivalente muy bueno

Concluyo que para proponer esta planta no he procedido de ligero, sino fundado en la autoridad de un hombre tan grande como Linneo y en la experiencia. Por tanto en lugar de encargar con Rozier que se procure extirpar esta planta perjudicial, aconsejaré que procure cada uno tener un pié en un rincón de su huerto. Todos saben lo que es el opio, el láudano, la belladona, la cicuta; y sin embargo de llamarse tósigos, son unos medicamentos heróicos tomados en la dosis conveniente: luego la dosis, y no las plantas, es lo que puede hacer daño. Uno que comiese una cantidad excesiva de alimento, tal vez moriria. *Vidit Deus cuncta quæ fecerat, et erant valde bona.*

El *Talamponay* es especie de *Datura*, y se acerca mucho á la llamada *Metal* por los Botánicos. Las ramas de la planta son dicotomas ó ahorquilladas. La flor es de una pieza muy grande, y se abre por la noche. El fruto está erizado de puntas é inclinado hacia la tierra. Las hojas son lampiñas, de un verde pálido, y con ángulos en las orillas. Sus propiedades son muy raras, y por

eso la manda extirpar Rozier.

Por ningun caso deben tomarse sus semillas interiormente para dormir, pues su uso es muy peligroso. Á excepción de las ovejas, que he visto con admiración comen con ansia el fruto, ningun animal toca á esta planta.

Coclearia—(*Taquip suso*, ó *taquip cohó*). Esta planta, se ha escrito en el país, que son *berros*, y en efecto tiene su sabor, pero en realidad el *taquip suso* no es sino una especie de *Hidrocotile*.

Contrayerba—(*Dusay* ó *Guisol*). Esta planta, tomada interiormente, no puede ser dañosa, sin embargo de que no es la *contra-yerba* como han escrito algunos en Filipinas; pues habiendo yo logrado ver unas flores de ella, he observado que es una especie de *Kæmpferia*.

Escila—(*Bacong*). Así Clain en el lugar citado, en donde trae el modo de preparar la raíz. Dos plantas conocen los indios con el nombre de *Bacong*: la una es en efecto la *Escila*, y ésta es la que se debe usar. Su raíz tiene cascós como la cebolla. La otra planta no es *Escila*, sino especie de *Hypoxis*. Su raíz no tiene cascós, y no se debe usar de ella. Por esta semejanza en los

nombres se dijo en la primera impresión que el *bacong* no era *Escila*. También creo que, además de las dos plantas dichas, hay otra ú otras que el Indio llama *bacong*.

Espíritu de azufre—(El zumo de limón con miel ó con jarabe de verdolagas). Así se previene en el apéndice de los sucedáneos en la Obra dicha de Tissot: y debo advertir que es un equivalente admirable y digno de usarse.

Hipocacuanha—(Iguío ó Aguío). Entre una gran multitud de plantas que trae Clain en su tratado para vomitar, he escogido el *iguío* ó *aguío*, únicamente por requerirse poca dosis. El *iguío*, árbol que jamás apreciaremos dignamente, y más conocido en lo antiguo que lo que es en el día, por lo que me ha enseñando una larga experiencia, es un vomitivo admirable, y en mi concepto específico seguro en las calenturas pútridas. Es una especie de *Turraea*. De él hace mil elogios el P. Fr. Ignacio de Mercado, religioso agustino, en un manuscrito suyo. La corteza que es la que se usa, es un poco amarga, y su olor algo desagradable. En Filipinas tenemos la verdadera *Hipocacuanha*, que es la *Psychotria pubescens* de

Linneo, pero como por desgracia no es conocida, ¿qué adelantaba yo con proponerla?

Hojas de Sen=(*Acapulco* ó *Sonting* ó *Catanda*). Las hojas de Sen son una especie de *Cassia*, de las cuales he visto varias en Filipinas. Exceptuando la Cañafístula, que es una de ellas, las demás purgan poco. El motivo que he tenido para proponer el *Acapulco*, que es la especie *Alata* de Linneo, es por ser planta común y conocida, y por que su virtud purgativa es más notable que en las otras especies, aunque tampoco muy grande.

Jalapa. La *Jalapa*, las *hojas de Sen* y el *Cremor*, que señala Tissot en su excelente purga del número 21, son ingredientes que solamente en Manila podrá encontrar el indio: y así los que viven lejos de la capital, tienen que contentarse con los vegetales purgantes ya conocidos y usados en el país, que son los mismos que se proponen en aquel número como suplentes. Se toman solos, y tambien combinados de diversos modos. Otros infinitos purgantes indígenos con muy varias preparaciones hay propuestos en los libros del país; y ojalá nuestros

sabios Facultativos se tomasen el trabajo de analizarlos, y de instruirnos de su uso más ventajoso, en lo que harían una obra muy grata á los ojos de Dios, y de infinito bien para los pobres indios, y aun para todos los que vivimos en las Islas; pues yo estoy íntimamente persuadido á que un suceso feliz coronaría sus esfuerzos.

Malvas=(*Colotan*. La planta llamada por los naturales *colotan* ó *colotcolotan* no es malva, sino una especie de *urena*, que tiene una glándula pequeña en la vena del medio en la página inferior de hoja, y es la que Linneo llama *urena multifida*. No obstante esto, como pertenece á la familia de las plantas malvaceas, puede muy bien usarse. Además de esto, hay una especie de malva verdadera; pero como el indio no la conoce ni la da nombre, no la he propuesto. También debo advertir que muchas veces toman los naturales por equivocación en lugar del *colotan* una especie de *Triumffela*; pero por la glándula de la parte inferior de la hoja de que hablé arriba se conoce el yerro. Tampoco están hendidas las hojas de esta otra planta.

Mercurio=(el Mercurio con manteca y

sebo en rama). Los Facultativos tendrán mucho que censurar aquí, cuando, en lugar de la *trementina de Venecia* que propone Tissot en el número 28, he propuesto el sebo. Pero se han de hacer el cargo de que no siendo en Manila, en las provincias es imposible adquirir aquel ingrediente por falta de boticas y tiendas de semejantes drogas. Aún el mercurio solamente se debe á la piedad del Cura. Por otra parte yo no lo he propuesto más que para la mordedura del perro rabioso; y en esta parte los efectos maravillosos, que he visto con el mercurio preparado con la manteca y el sebo, son los mismos que promete Tissot. Ninguno se ha muerto hasta ahora, aunque han sido algunas docenas los mordidos que se han curado de aquel modo, y uno de ellos acometido ya de los accidentes de la muerte. Es verdad que el sebo tiene el olor fastidioso un poco; pero en Filipinas donde no hay otra cosa mejor (tal vez la habrá, pero nadie se dedica á buscarla), es preciso pasar por ello; mucho más cuando la manteca, manteniéndose fluida siempre por razón del calor, no presenta una materia apta en esta tierra para envolver en si misma al mercurio; pero añadiéndola el

sebo se incorpora muy bien.

Orozuz ó Regaliza=(*Saga*). La planta llamada *saga*, conocida de todos, no es el *orozuz*, sino una especie de *Abrus*. En las islas se substituye en lugar de *orozuz*, y por esto tambien yo la he puesto en este libro, pero como las hojas tienen un sabor más notable que la raíz, en lugar de tomar ésta, he aconsejado que se use de las hojas.

Pez (Emplasto de)=(La brea de la tierra). En las toses y otros afectos del pecho, es un equivalente admirable, igualmente que en el Croup de los niños, y aún en el reuma etc.

Quina=(*Dita*). La *dita* no es quina: es el *Echites scholaris* de Linneo. Este árbol precioso es muy conocido y muy común, y lo sería todavía más, si los indios no cortaran por desgracia muchos para hacer artesillas de su madera, que es muy fácil de trabajar. Por una muy larga serie de experimentos, puedo afirmar que es un equivalente admirable de la quina, y tal vez más apropósito para este país. Cuantos elogios pueda yo hacer de sus virtudes siempre serán escasos.

En todas las especies de calenturas, en las ligeras indisposiciones de estómago, en las *Aphtas*, y en todos los casos en que

puede hacer tendencia á la corrupción, desempeña con perfección las funciones de la misma quina. Se puede administrar si se quiere en la misma d6sis y del mismo modo que ella. Á los que tengan recelo de usar de la *dita*, les diré: que algunas mugeres toman, por consejo de los Curanderos de la tierra, la leche que destila de la corteza herida en algunas enfermedades propias de su sexo. La leche del árbol es cabalmente lo peor que se puede tomar de él: por tanto usando de la corteza despojada de su leche y seca al sol, ninguna sospecha debe quedar de su inocencia.

Algunos dirán, que podia haber propuesto otros amargos que producen las Islas, tales como el *Macabuhay*, el *Maca-isa*, el *Manungal*, la *Suma* ó *Abutra*, al *Cayutana*, la *Pepita* de *S. Ignacio*, etc. Á esto respondo, que yo no quero quitarles su mérito á estos amargos y á otros que conozco; digo únicamente que mis investigaciones solamente han tenido por objeto la *dita*, y habiendo hallado que corresponde perfectamente, á mis deseos, y siendo por otra parte un árbol bien conocido, no me he cuidado mucho de extender mis

observaciones sobre los otros.

Debo finalmente advertir que la *dita* florece solamente en abril, (á lo menos así sucede en la provincia de Batangas.) El fruto consiste en dos folículos largos más de un pié, retorcidos como un cordel, y delgados como una paja de centeno, y dentro están alojadas las semillas en hilera. Las semillas tienen como medio dedo de largo, y en cada extremo están dotadas de un milano; por esta sola señal se conocerá el árbol fácilmente.

Salago=(Uno de los ingredientes de la purga número 21) Es la *Daphne foetida*. Sus flores son amarillas, bastante bellas. El fruto maduro es encarnado. En Batangas las flores del *salago*, son más pequeñas, feas y tristes. En los bosques se da otra especie que es la *Indica* con las flores amontonadas (creo que son blancas) en cabezuela. Yo hablo de la primera especie conocida y usada en Bulacán. Tómase regularmente en píldoras hechas con los polvos de las hojas y miga de pan. Para un hombre robusto basta el peso de cuatro granos de las hojitas. Purga los humores gruesos.

Salvia=(*Sambong*). Ningún parentes-

co tiene el *sambong*, que es una especie de *coniza*, con la *salvia*. Sin embargo como el *sambong*, es ya tan usado y conocido en el país, y se substituye frecuentemente en lugar de la otra planta, no he querido variar nada

Sauco=(*Alagao*). Ninguna cosa se ha repetido tanto en los libros del país, como el que el *alagao* es el *sauco* de Europa: sin embargo de que no hay afinidad alguna entre ellos. El *alagao* es la *Premna* de Linneo.

Las flores del *alagao*, administradas en la misma dosis y en los mismos casos en que se prescribe el *sauco*, de ninguna manera son dañosas, aunque se den á los niños. como yo lo he visto muchas veces. Ningún recelo, pues, debe haber en continuar en su uso, y podrá producir los mismos efectos que el *sauco* aunque de otro modo. En los resfriados y calenturillas originadas de destamplanza del cuerpo, así como en la traspiración obstruida hace bellísimos efectos; y por tanto los indios hoy dia guardan en sus casas las flores secas. La corteza hace orinar mucho.

Semilla ó semen contra=(*Niogniogan*). En lugar de la *semilla ó semen contra*, re-

comendada por los Facultativos para la expulsión de las lombrices, he puesto el fruto del arbusto llamado por los indios *niogniogan*. Es el *Quisqualis* de Linneo, y reconocido por excelente para el efecto.

Tártaro emético—(*Salagsalag* ó *Pacupis* ó *Pepinillo de San Gregorio*). En lugar del tártaro emético, que es difícil adquirir léjos de Manila, y que no es muy conveniente ande en manos de indios, he propuesto la planta llamada como dije arriba. Es un vomitivo excelente, y más activo que el *Yguio*. Los indios están instruidos en su manejo. Es la *Trichosanthes amara*.

Todo lo dicho en este artículo no lo he escrito para los indios, sino para satisfacer á los reparos que puedan oponer á los sucedáneos los españoles instruidos, en cuyas manos venga á parar este libro.





SA MANGAGAMOT

NA

TAGALOG NA BABASA

Itong librong quinasusulatan nang manga paraan nang pag-gamot sa manga maysaquit ay gaua nang totoong dunong na tauo na si Tissot ang ngalan, at inialay niya sa manga maysaquit na nagtatahan sa buquid ó sa manga nayong malalayo sa bayan. Caya doon sa boong Europa hindi lamang ang hindi Médico, cundi pati nang manga matataas na Médico ay canilang minamahal at pinupuring totoo: sapagca malinao at mariquit ang pagsasaysay nang manga sarisaring nararamdaman nang nangagcacaquit nang iba,t, iba, na dahil doon sa pagsasaysay na yao,i, sinoman macahuhula,t, macacaquilala cun anong bagay na saquit ang tungmama sa tauo. Ang isa pa roo,i, ang caramihang gamot na ipinagbibilin niya sa manga mangagamot, ay ualang liuag hanapin.

Caya nga yata, nang dumating sa

aquiring camay itong caguilaguilalas na libro,i, pagcaraca aquiring isinalin sa uicang tagalog, aua co sa mang̃a mahihirap na maysaquit na tagalog. Houag isipin ninyo, na yaong mang̃a gamot na nabibilin dito,i, ualang cabagsican, sapagca ualang liuag gauin. Bagcus yaong mang̃a mangagamot na nagtuturo sa mang̃a maysaquit nang mang̃a maliliuag, at nang cun ano-ano ang pangalan, ay sila ang hindi maalam, at sila rin ang nananampalasan sa buhay nang mang̃a tauong cauaaaua; at bucod dito canilang pinagdarayaan at pinag-gugulan nang malaqui, bago hindi cailangan.

Gayon din cun inyong ituloy gauin yaong mang̃a cadatihan ninyong pag-gamot na cun papaano, at yaong mang̃a painom na at ang mang̃a tapaltapal, inyong quina-bisanhan hanga ngayon, ay houag cayong umasang magpapagaling sa mang̃a maysaquit. Itong libro at ang mang̃a nabibilin dito,i, yaon ang catungculan ninyong pag-pilitan sundin, at totoong daling maqui-quita ninyo ang caniyang galing.

TANDAAN

*Nang manġa gamot na cailanġang ihan-
da,t, inġatan nang Médicong tagalog sa
caniyang bahay.*

Ang isang botellang balat nang *Ditang* binayo, at ag-ag sa sinamay na masinsin. Yaong botella,i, doroonan nang taquip na daluro.

Ang isang botellang balat nang *Iguio* na babayohin din at aag-aguin sa sinamay na masinsin. Ang botella,i, tatacpan nang dalurong mahigpit. Maminsanminsang hangin doon ang *Iguio* at ibilad.

Ang ilang bunga nang *Salagsalag ó Pacupis* (Pepinillo de San Gregorio), napapaltan nang bago taontaon.

Ang isang balaongang dahon nang *Salago*, at ang isa pang balaongang dahon nang *Acapulco ó Sonting*. Itong lahat na damo ay tuyo cun gagamitin.

Ang isang botellang *Cremor* na bibilhin sa Maynila.

Ang halagang apat na pisong *Maná* na bibilhin din sa Maynila.

Ang timbang anim, ó sangpuong pi-

song *Mercurio* na yao,i, bibilhin sa Maynila, at itatago sa garrafa. Ang *mercurio*,i, cailangan sa quinagat nang asong ol-ol.

Ang isang botellang *Salitre*, na pati ito,i, bibilhin sa Maynila.

Ang ilang *Pepita* ni S. Ignacio, ó sa Catbalogan.

Ang ilang caputol na sungay nang usa, na sinunog.

Ang halagang dalauang pisong *Ruibarbo*, na babayohin at itatago sa botella.

Ang isang magaling na timbangang munti. Cun masama ang timbangan, hindi sucat gamitin, at cun minsan ang gamot na titimbangin doon, ay mecacamatay sa maysaquit. Masama naman ang timbangang malaqui, lalo pa cun cacanti ang titimbangin doon.

Ang ilang sanga,t, ugat nang *Bulacan*. Ang mangá sanga,i, gangadaliri calaqui, na pagpuputlinputlin at ibibilad nang malauon sampon nang ugat, bago itago sa paliyoc na may taquip na ibibitin sa suloc nang cosina. Itong damo,i, cucunin pag natuyo ang bunga.

ANG MAHUSAY
NA PARAAN
NANG PAGGAMOT
SA MANĜA MAYSAQUIT

CAPÍTULO 1.

Ang manĝa dahilan iquinapagcacasaguit nang tauo.

Párrafo I. Ang unang nacacapagcacasaguit sa tauo, ay ang calacasan nang paggaua; yaon bagang tauong nagsasaguit gumaua, na ualang tahan arao-arao, na hindi nagpapahingá. Cun minsan ang gayong tauo, i, manhibina, at manlalata, at maliuag magsauli sa caniyang datihang lagay na magaling; cun minsan naman magcacasaguit nang *garrotillo* ó *sintac*, ó maguing *ética* caya. Datapoua, t, cun hindi ma-aari ang di siya gumaua, uminom siya nang *suero*, ó gatas nang baca, ó calabao: ó cun maliuag sa caniya ito, i, uminom nang tubig na dinoonan nang sa icatlong

bahaguing *suca*. Ang manga babayi ay maraling magcasaquit, gaua nang paghabí, ó pananahi, ó pagdurugtong nang abacá, sapagca mahirap ang calagayan nang catauan deon sa pag-gaua noong manga gauang yaon. Ang bagay sa canila, ay manaog sa lupa arao-arao, at magtanim nang anomang bagay na damo doon; cun gayon ang singao nang lupa, ang paghipo nang manga damo, at ang paglibang nang loob ay totoong macababauas nang canilang hirap.

2. Ang nagcasaquit dahil sa cainaman nang pag-gaua, cun minsan yungmayayat at natutuyo ang catauan; at ang gamot sa saquit na ito, i, ang *suero* na iinomin nang malauong panahon; saca ang baños nang tubig na malacoco; at cun mahabang arao guinaua na ito, ang isusunod sa catapusan ay ang *gatas* nang baca, calabao, ó cambing. Ang manga bagay na maiinit pati nang matubig ó magatas hindi maigui sa saquit na ito.

3. Mayroong isa pang bagay na cahinaan ó cayayatang dala nang caual-an, ó caruc-haan, cun ang hanap nang tauo, i, hindi magcasiyang canin: ó cun hindi magaling ang quinacain, ó cun masama ang

tubig, at saac nahihirapan nang pag-gaua. Ang bagay sa saquit na ito, i, ang magaling na cacanin, at ang caonting *alac*.

4. Mayroong ibang tauo, na caya nag-cacasaquit, sapagca siya, i, nagpahinga ó napatahan sa quinalalag-yang malamig cun siya, i, napagod, at galing sa malaquing gaua: caalam-alam ang masasapit niya ang siya, i, urungan nang pauis nang catauan. Cun minsan itong singao nang catauan na tala-gang lalabas, ay napapasaloob, at nacacahila nang manga *garrotillo*, *ética*, *sintac* ó manga *cólico*. Marami ang namamatay dahilan dito. Pagsungmasamá ang damdam at nahahalata na ang dahilan nang saquit ay ang pagtahan sa malamig, ang may-saquit cucunan nang dugo pagcaraca, babanosan nang tubig na malahininga, at painomin nang bilin sa número 1, na malacoco cun intumin. Masamang painumin nang gamot na papauis, at lalaqui ang saquit.

5. Gayon ding pinagmumul-an nang pagcacasaquit ang malamig na tubig na ini-incm nang tauo cun siya, i, nainitang totoo. Caya cun minsan ay nagcacasaquit nang *garrotillo*, *ética*, ó *cólico*: cun minsan namamaga ang atay at ang tiyan, ó sungmusu-

ca, ó hindi maibi, at parating bibilingbiling sa hihigan, na di macatahan. Ang nagcaca-saquit nang gayon, cucunang agad nang maraming dugo, saca babañosan sa tubig na malacoco. Susumpitin ang maysaquit nang tubig na malacoco na may caonting *gatas*; paiinoming parati nang tubig na malacoco rin, na ang sa icalimang bahagui ay *gatas*; cun ualang *gatas*, paiinumin nang bilin sa número 2; lalag-yan naman nang manga basahang babad sa tubig na mainit-init sa liig, sa dibdib at sa tiyan.

6. Cun minsan ang tauo i, inaabot nang ulan sa daan, at ang mabuting gauin niya pagdating sa bahay, ay magbihis siya at magigo agad sa malacocong tubig nang houag siyang magcasaquit; at cun lag-yan nang caonting *sabón* ang tubig, lalo pang mabuti. Ito lamang gamot na ito macacauala cun minsan nang *cólico*, ó *sintac* nang tauo pagca nabasá ang caniyang manga paa.

7. Ang isa pang iquinasasama nang catauan nang tauo, i, ang pag-inom nang alac. Ang tauong totoong ungmimom nang alac, maraling tumanda; cun minsan hinihica, ó namamaga ang dibdib at nagcacasaquit nang bagaybagay na saquit, na maliuag mauala, sapagca hindi

matablan nang gamot ang caniyang payat na catauan.

8. Nacasasama naman sa catauan nang tauo ang pagcain nang bunga nang cahoy na hindi pa hinog na totoo.

9. Mayroong isa pa manding masama, na marahil canin nang tagarito sa Filipinas, yaong bagang itinitinda, na ang pangala, i, suman, empanada, oocan, calamay, madhoya, ó tinapay na hindi alza, na paraparang nacasisira sa siemura; at saca nanhibila nang lagnat, manga bicat, at sarisaring sibol sa catauan nang tauo.

CAPÍTULO 2.

Ang manga dahilang iquinalalaqui nang manga saquit nang tauo.

10. Ang salang pag-gamot sa maysaquit, yaon ang totoong iquinalalaqui nang caniyang saquit: cun minsan pini-pilit mapauisan ang maysaquit; at ang lahat na bagay na mainit guinagaua, at ipinaiinom doon, sapagea ang isip nang maraming tauo, i, ang pagpauis ay naca-uauala sa lahat na saquit. Datapoua, i, mayroong manga saquit, na hindi bagay doon

ang paus, sapagca hinahacot nang paus ang pinacatubig na calahoc nang dugo, at caya ang dugo i, lumalapot, natutuyo,t, umiinit. Caya nga yata hindi bagay sa nalagnat ang *triaca*, ang *alac*, at ang lahat na nacacapagpapaus sa tauo.

11. Ang manga maysaquit tinatabingnan, quincumutan, linilibutan nang maraming tauo, sinasarhan naman ang lahat na pinto,t, dungauan; itong lahat na gauang ito,i, nacacahirap sa maysaquit, at nacacalubha sa caniya; na ang ualang saquit ma,i, hindi macacapagtiis noon. Caya masamang gauin yaong manga gauang yaon, lalo na cun ang idinaraying nang maysaquit ay ang init, at cun naquiquita namang tuyo ang caniyang balat, ang manga labi, ang dila, at ang lalamuhan at saca mapula ang ihi, at cun ang ibig niyang totoo ay ang manga bagay na malamig.

12. Ang ipinacacain sa maysaquit, ay isa namang nacasasama sa caniya. Ang isip nang nag-aalaga sa maysaquit na yaon ay mamamatay, cundi pacanin nang manga bagay na magaling; caya hinibigyan nang masarap na sabao, itlog, broas, carne, at nang iba pa, na paraparang ma-

sama sa maysaquit, at caya na-aalamang masama, ay eun minsa,i, lungmalaqui ang lagnat pagca cain noon: ó siya,i, sungmu-suca, nag-iilaguin, nasisira ang bait, at linalabsan nang mancha, para nang pinaiinom mandin nang lason. Caya gayo,i, sapagca anomang isilid sa siemura nang tauo na may dumi sa loob, nabubuloc pagdaca at nacasasama bagcus sa caniya. Cailangang linisin muna ang siemura, at painomin ang nalalagnat nang manga bagay na nacacatunao nang manga malalagquit na dumi doon. *Uala isamang nalalagnat na tauo na namatay dahil sa gutom:* at alin mang nalalagnat, di man pacanin nang anoman sa loob nang ilang lingo, hindi ma-aano, houag lamang maual-an siya nang tubig.

Caya pacatalastasing maigui nang manggagamot, na yaong maysaquit na marumi ang dila, na nananab-ang nang pagcain, at mapait ang bibig; ang dungmo-roal, ang parating mabaho ang bininga, pati nang ini-iilaguin, ito anaquing gani-tong maysaquit ay hindi sucat big-yan nang *carne, sabao, itlog, triaca*, at nang iba pang manga maiinit: at hindi mangyayaring macuha yaong duming malagquit

sa sicmura, cundi painumin nang maraming totoong tubig na nacacatunao noon. At nang maalaman cun anong ipaiinom doon, ay basahin dito sa libro ang manga bilin doon sa sariling capitulo nang saquit na yaon.

13. Catungculan namang maalaman nang nag-aalaga sa maysaquit, na masamang purgahin siya ó pasucahin pagca bagong nagecasaquit: cun minsan ang pasuca sa manga saquit na iba,t, iba nacacasira,t, nacacahirap sa *sicmura*, sa *baga* at sa *atay*, at nagdadala nang ibang masama. Ang purga nacacasama,t, nacacagulo sa lahat na bituca, na yaon ang iquinamamatay nang tauo. At nang maalaman cun cailan bagay sa maysaquit ang purga at ang pasuca, hanapin ang pangalan nang saquit dito sa libro sa caniyang capitulo at doon sasabihin ang gagauin.

Nota. Dahil sa casam-an nang paggamot sa manga maysaquit dito sa Filipinas, ang maraming tagalog ay idinaraying nilang may matigas sa canilang tiyan; at bagaman hindi nacacamatay yaong saquit na yao,i, cun minsan nacagugulo sa manga catungculan nang sicmura,t, bituca. Itong saquit na ito,i, maliuag gamutin; magaling doon ang

suero número 17, ang píldoras número 18, pati nang sa 57; maigui rin ang manga gu-lay at ang manga *saguing* etc. na nacaga-galing-galing cun malaon.

CAPÍTULO 3.

Ang gagauin nang tauo, capag nararam-daman, na siya,i, magcacaquit na.

14 Caya mahahalata nang tauo na malapit na siyang magcacaquit, cun hindi siya maliesi, ó masipag na para nang dati; cun nananab-ang nang pagcain; cun masaquit-saquit ang siemura; cun madaling mapagod, ó cun mabig-at ang caniyang ulo, ó cun mahaba ang tulog, datapoua,t, hindi mahimbing; cun siya,i, ga namamanglao, at masaquit nang caunti ang dibdib; cun inurungan nang paus, ó cun madali siyang pausan; cun hindi husay ang pagtiboc nang pulso, ó cun siya,i, guiniguinao na parati. Cun gayon ang manga nararamdam nang may catauan, malapit na siyang magcacaquit.

15. Pagca ganoon ang damdam, ang gagauin niya,i, houag titiquim siya nang carne, sabao, ó itlog; ó alac; houag siyang

magsasaquit gumaua: inomín niya ang bilin sa número 1 ó 2, ga dalaua ó tatlong botella carami maghapon: cun aayao siya doo,i, uminom nang tubig na malacuco na huhulugan nang caunting *suca*. Cun ualang *suca*, ang dalauang botellang tubig na malacuco ay doonan nang caunting asin, at yaon ang inomín. Cun baga mayroong *pulot* ay mabuting lag-yan ang tubig nang tatlo ó apat na cuchara noon. Magaling naman ang tubig na pinagbabaran nang *bulaclac* nang *alagao*; na-aari pati ang *suerong* malinao. Saca siya,i, magsumpit nang tubig na malacuco, ó nang bilin sa número 5. Cun gayon ang gaua nang tauo cun sungmasama ang damdam, magpatuloy man ang caniyang pagcacasaquit, caalamalam hindi siya lulubha.

CAPÍTULO 4.

Ang mahusay na gaua sa may manġa malalaquing saquit.

16. Touing sasabihin dito sa librong ito, na ang maysaquit *ilalagay sa husay*, gagauin ang lahat na nauutos dito tungcol sa cacani,t, iinumín noon, at sa isusumpit

sa caniya; at caya tambing sinasabi co dito nang houag cong uliting parati doon sa casaysayan nang baw,t, isang saquit.

17. Cun ang tauo,i, maysaquit na, at ang init at ang lagnat ay totoong naramdaman na, ang mahusay na susundin ay ganito. Houag lilibutin nang tauong marami ang maysaquit, at masama ang ingay at ang init doon sa tinatahanan niya. Cailangan namang mahanginañ ang silid; datapoua,t, houag ilagay ang maysaquit doon sa dinaraanang nang hangin; touing ihi, ó mag-iilaguin, itatapon agad ang dumi; cun baga pacacain ang maysaquit, ang ipacain doo,i, ang tinapay na dinurog sa tubig na marami; ang tubig na may tinapay, pacuculo in sa apoy hangan sa matunao ang tinapay, saca sasalain, at siya lamang ang iinomia niya. Cun ualang tinapay, na-aari ang *linugao* at ang basabasa. Masama ang harina nang trigo, sapagca hindi pa luto sa apoy.

18. Mapacacain naman ang maysaquit nang manga bungang hinog nang cahoy, di man lutuin; datapoua,t, ang hilao pa hindi sucat ipacain sa tauo, cundi pacalutuin muna sa tubig. Caya ang *saguing* ang manga *ates*, ang *albay*, ang *duhat*

ang *sapinit*, ang *dalandan*, at ang iba pang bungang hinog na hinog nang cahoy, ay macacain nang maysaquit, sapagca macaguinhaua sa caniya yaon.

19. Ang maysaquit painumin nang malimit nang alia man doon sa sinabi co na sa párrafo 15.

20. Cun hindi nananabing macadala-
lauh arao-arao aag maysaquit, ay cailangang sumpiting minsan man lamang touin arao, nang bilin sa número 5; at yaon din ang gagauin cun hindi marami ang inaihi, ó cun mapula ang ihi, ó cun tila nahuhunghang ang maysaquit, ó cun malaquing totoo ang lagnat, at masaquit ang ulo,t, bay-auang, ó cun ibig sumucang parati. Ang minsang sumpitin ang tauo ay magaling pa sa inomín niya ang apat na gayon tubig; caya sucat pagpilitang gauin sa maysaquit itong ganitong pagsumpit, palibhasa,i, nacacaguinhaua sa caniya; houag lamang gauin cun pinapauisan. Sa librong ito ay sasabihin co, cun anong magaling isumpit sa bauh,t, isang saquit.

21. Cun бага nacacacaya ang maysaquit, magaling ang siya,i, bumangon sa hihigang maminsanminsán, sapagca ito,i, nacacabauas nang saquit nang ulo, at ang

lagnat ay ungmooti, at ang isa pa roo,i, madaling umihi, pag nagbangon ang tauo.

22 Arao-arao papalitan ang damit nang hihigan, at ang sa maysaquit, datapoua,i, houag ihahalili roon ang hindi toyong-toyo.

CAPÍTULO 5.

Ang gagawin nang maysaquit na magaling-galing na.

23 Cun ang tauo i, nacalalo na sa panganib nang saquit at maigui-igui na, itong manga bilin dito ang susundin, maca siya,i, umuling magcasaquit. Houag cumain siya nang marami, sapagca hindi macacayan nang caniyang siemura. Ang caniyang cacanin ay ang isang bagay lamang, at houag ang sarisari. Houag siyang iinom nang maraming tubig, sapagca hindi lalacas ang caniyang siemura, at cun minsan nacacapamaga sa paa yaong pag-inom nang marami; saca ang maysaquit na magaling-galing na, ay bagay sa caniya ang siya,i, lumacad na parati ó sumacay sa cabayo. Cacaonti lamang ang caniyang cacanin cun gab-i. Cun бага namamaga

ang caniyang paa, houag alomanahin yaon, at mauauala pag siya,i, lumacad, at gumaling na totoo. Cun hindi nananabi minsan man lamang touing icalauang arao cailangang sumpitin, at lalo pa cun sungmasaquit ang ulo, at mainit ang caniyang pagcaramdam.

24. Cun baga magaling galing man ang maysaquit, hindi pa siya lumalacas, cundi parating mahina, at ang siemura ay gulo, at maminsanminsang nalalagnat na, iinumina niya maghapon ang bilin sa número 14, timbang tatlong bahagui. Houag naman siyang magsasaoli sa datihang gaua, hangan hindi pa siya malacas na totoo.

CAPÍTULO 6.

Ang saquit na Pulmoniang totoo, na ang baga sa loob nang dibdib nang tauo,i, ang masaquit, at yaon din cun minsan ang pinangagalingan nang ética.

25. Pinangangalang Pulmoniang totoo yaong saquit na yaon, na ang baga sa loob nang dibdib nang tauo, siya ang namamaga, na anaqui may sisibol doon Palibhasa,i, hindi maquita ang naroroon sa loob

nang catauan nang tauo, caya lamang nahahalata na mayroong saquit sa baga nang tauo, sapagca cun minsan naguiguinao ang maysaquit, at parating balisa na hindi mandin macatahan; saca ang humahalili sa guinao na yao,i, ang init, na may calahoc na siya,i, pinangingilabutan nang guinao; ang pulso,i, matulin, malacas, puno, matigas, at husay, cun hindi malalaqui ang saquit; cun malaqui ang saquit, ang pulso,i, munti malambot at gulo; dumaraying ang may catauan, na masaquit saquit ang isang cabilang dibdib; cun minsan ang uica niya, na anaqui mayroong siyang mabigat sa ibabao nang puso; cun minsan ang boong cataua,i, masaquit, at lalo pa ang bay-auang; hindi lumagay ang maysaquit cundi tihaya at bihirangbihira doon sa nagcacasaquit nang gayong saquit, ang nacacatahan nang pataguild; nag-uubo ang may catauan cun minsan, na ualang inilulura; cun minsan dungmarahac na may dugong casama; mabigat ang caniyang ulo; nasisira cun minsan ang bait; ang muc-ha,i, namumula at cun minsan hindi, bagcus nag-iiba sa dati, na cun gayo,i, mapanganib ang buhay nang maysaquit; ang manga labi, ang dila, ang ngalangala, psti nang balat ay tuyo; mainit

ang hininga; ang inaihi niya ay caunti at mapula cun bago, cun malauo,i, marami at hindi lubhang mapula, at mayroong latac; nauuhao ang maysaquit at cun minsan ibig niyang sumuce; datapoua,t, hindi sucat big-yan nang pasuca, at mamamatay cun pasucabin. Touing gab-i lungmalaqui ang init at ang pag-uubo na ualang nacucuha. Ang ilinulura ay may dugong caunting casama, na sa icapitong arao nauuuala. Cun minsan ang sequit nang baga,i, ungmaabot hangan sa lalamunan, na hindi macalun-oc ang maysaquit, at caya ang isip niya,i, mayroon siyang *garrotillo*.

. 26. Cun ang saquit ay malaquing totoo, ay hindi macahinga ang maysaquit cundi locloc; ang pulso,i, totoong unti at maralas; nangingitim ang much-a, pati nang dila; tungmitingin ang maysaquit sa magcabicabila; hindi mapalagay; sira ang bait; ang isang cabilang camay cun minsa,i, patay na di maiquibo; linalabasan nang manchang murado sa dibdib at liig cun siya,i, lungmulubha, at namamatay tuloy.

27. Cun ang gayong saquit ay bigla,t, malaqui, cun ang pagca guinao ay malauon, at ang maysaquit ay totoong naiinitan pagca nacaraan ang guinao, cun

ang ulo,i, nasisira pagcaraca, cun ang may saquit ay nag-iilaguin nang darag-is, ó pinapauisan nang marami; ó cun totoong tuyo ang balat, ó nag-iiba,t, sungmasama ang hichura nang muc-ha, at hindi dungmarahac, ó cun lungmulura, ay dugo lamang ang lungmalabas, ay nasasapanganib ang maysaquit.

28. Ilalagay agad ang maysaquit sa *husay* (Capítulo 4.) Houag paiinumín nang malamig na totoo; iinumín niya ang bilin sa número 2, ó ang sa número 7, na lalo pang magaling. Susumpiting macadalaua man lamang arao-arao nang bilin sa número 5. Pag nacaraan ang guinao, sasangrahan pagcaraca, na ang dugong cucunin, ay timbang labing dalauang piso, ó labing apat cun ang maysaquit ay bata pa at malacas; itong pagcuha nang dugo siya ang bagay na gamot dito.

29. Cun ang lagay nang maysaquit ay para nang sinabi co sa párrafo 25, yaong pagsasangrang yaon ay macacaguinhauang madali sa caniya; datapoua cun sa loob nang ilang oras ungmooli ang saquit, ay sasangrahang uli ang maysaquit, at cucunan nang timbang labing dalaua ring pisong dugo; ito,i, sucat na ca-

alam-alam; datapoua cun baga sa loob nang sampuonng oras ó calahating arao lungmulubha, ay cunan pa mandin nang dugo. Gayon din, cun baga nang tauaguin ang mé-dico, may ilang arao nang maysaquit ang tauo, at malaqui ang caniyang lagnat, cun mahirap ang paghinga, at hindi dungmárahac, ó cun dumahac ay dugo lamang ang nacucuha, ay sasangrahan din, may sampuonng arao man ang caniyang pagcacasaquit. Doon sa dugong nacucuhasa nagcacasaquit nang *Pulmonía*, mayroong naquiquitang anaqui balat na maputi sa ibabao; cun minsan nama,i, ualang balat na gayon.

30. Cun ang damdam nang maysaquit ay para nang sinabi co sa párrafo 26, ang pagsasangra,i, hindi macacagaling, cundi macasasama sa caniya cun minsan. Caya mapanganib ang caniyang lagay; datapoua ang gagauin doo,i, gayon.

31. Arao-arao babañusan hangan tuhod ang maysaquit nang calahating oras calauon sa tubig na malacuco, at saca cucumutang maigui.

32. Touing icalauang oras iinumina niya ang bilin sa número 8, na siya ang totoong magaling na gamot.

33. Sisipsipin niya ang singao nang

tubig na mainit para nang turo sa número 53. Cun malubha na ang maysaquit, hindi ang siogao nang tubig, cundi ang sa *suca*, siya ang sipsipin nang malauong panahon.

34. Magaling ding lag-yan ang maysaquit sa dibdib at sa liig nang bilin sa número 9.

35. Cun ang lagnat ay totoong laqui paiminum touing oras nang bilin sa número 10, ga isang cuchara carami, na maisasama doon sa datihang ipinaiinòm sa caniya.

36. Cun lungmulubha ang maysaquit, ó cun para nang dati ang caniyang lagay, yaon ding manga sinabi co ngayon, siya ang ituloy gauin doon, at cun baga gumagaling-galing sa icatlo, sa icapat ó sa icalimang arao, at hindi lubhang malaqui ang pag-uubo, cun uala nang maraming dugong calahoc ang inilulura, cun guinhaguinhaua naman ang paghinga, at malinao sa rati ang caniyang ulo, cun ang ihi ay marami nat, hindi na totoong pula; ang gagauin lamang doo,i, *ilalagay sa husay*, at susumpitia ang maysaquit touing hapon. Cun minsan dinaraanang nang malaquing hirap ang maysaquit sa icapat na arao.

37. Ang saquit na *Pulmonia* ay naua-

uala,t, nacucuha sa paglura, at sa pag-ihidito sa ihi nang maysaquit sa dacong ica-pitong arao mayroong naquiquitang latac na marami, na ang color ay maputing itim, at cun minsan nana ang nadoroon. Saca hungmahalili ang pauis na nacagagaling sa maysaquit. Bago gumaling-galing ang maysaquit, dinaraan siya nang hirap na malaqui, na nacatatacot sa nag-aalaga sa caniya. Caya gayon ay ang pinaca camandag nang saquit gungmagala sa catauan; datapoua,t, cun guinagamot nang husay ang maysaquit, hindi maano; at cun siya,i, dumahac, umihit, pauisan, mauuala yaong hirap na yaon. Caya cun daanan noong hirap na malaqui, houag big-yan nang manga *cordial*, *triac*, *castor*, *ruda*, at *macacasama* bagcus doon. Ang gagauin lamang, ay susumpitin ang maysaquit nang bilin sa número 5, at doroonan nang basahang babad sa malacucong tubig sa tiyan, at sa bay-auang; bucod dito ang guinagauang dati doo,i, itutuloy na para nang dati. Masama sa gayong saquit ang pasuca, ang purga, at ang manga bagay na nagpapatulog; sapagca ang guinagamot noong gayo,i, nanguing *éticong* totoo.

38. Cun guinagamot nang husay ang maysaquit sa loob nang manga labing apat na arao gungmagaling-galing na siya, at cun ibig niyang cumain, sundin ang bilin sa capitulo 5; datapoua,t, cun mapait ang bibig, cun mabigat ang ulo, at nana-nab-ang nang pagcain, cailangan siyang purgahin nang bilin sa número 11.

39 Cun minsa,i, binabalingoyngoy ang maysaquit na ito,i, magaling sa caniya; caya houag ampatin ang dugo, at tatahan siyang cusa. Cun minsan naman nag-iilaguin ang maysaquit, na ang lung-malabas ay madilao; datapoua hindi ma-sama ito.

40. Cun biglang nauala,t, tungmahan ang pagdahac, at ang maysaquit ay dina-raanang uli nang hirap at lungmulubha, ay sasangrahang agad sa camay, cun baga hindi siya quinunan na nang maraming dugo. Pasipsipin namang parati nang si-ngaon nang tubig na mainit at suca; at painomin nang bilin sa número 2. Ito ang gagauin sa maysaquit na malacas pa, na hindi pa nalalauong magcasaquit. Da-tapoua cun mahina na at lauon nang may-saquit, at nacunan na nang maraming dugo, houag nang sangrahan, cundi lag-

yan nang parapit sa dalauang binti, at pailinomin nang bilin sa número 12.

41. Cun ang maysaquit ay hindi guinamot nang paanyo, at hindi mauala ang pamamaga nang baga; lungmulubha siya, at sinisibulan nang *baga* doon sa caniyang baga, at itong tungmutubo roo,i, pina-nganganlang *Vómica* sa uicang Castila. Ang gagauin doo,i, ganito:

Ang gagawin sa maysaquit na may sibol doon sa caniyang baga.

42. Caya naquiquilala, na ang nagcacaquit nang *Pulmonía*, may sibol sa caniyang baga, sapagca nacalalo na ang labing apat na arao nang caniyang pagcacaquit, at hindi pa siya dinaraanang nang malacas na paglura, pag-ihí, pag-iilaguin, ó hindi siya pinauisan. Caya hindi pa siya gungmagaling-galing bagcus ang lagnat ay para nang dati; matulin ang pulso, at cun minsan mabina at malambot; datapoua,t, cun minsan nama,i, matigas, at ga nag-aalon-alon; ang paghinga ay mahirap; picaangigilabutan nang guinao na maminsanminsán; gab-i gab-i lung-

malaqui ang lagnat; ang pisngi ay mapula; tuyo ang mangá labi, at nauuhao ang maysaquit. Saca pagca nacapagnana na ang sibol sa baga, sungmasama pa mandin ang damdam nang maysaquit; parati nang nag-uubo, at sa touing cumibo,i, lungmalacas ang ubo; cun minsa,i, nata-tacot siyang humiga nang tihaya, at hindi macatulog; saca cun minsa,i, pinapauisan sa dibdib at sa muc-ha; ang ihi ay mapula-pula na anaqui may bula, ó langis sa ibabao; mapait ang bibig, lungmulubog ang mata, at cun minsa,i, lungmalabo.

43. Cun ang sibol sa loob ungmaabot hangan sa ibabao nang baga, at bucod dito hindi lubhang malalim, cun pumutoc ay nabububo ang nana sa loob nang dibdib sa pag-itan nang baga at tad-yang; itong pagca putoc ay mahirap, cun ang sibol ay malaqui, sapagca biglang lalabas ang maraming nana, at namamatay tambing ang maysaquit. Datapoua,t, cun ang butas nang sibol ay munti nang macaputoc na, at ang maysaquit ay malacas pa, mailulura niya ang nanang lungmalabas, at gungmiguinhaua ang damdam. Cun minsan ang sibol ay hindi pumutoc, bagcus lungmalaqui, at ang boong baga nabubu-

loc at napupuno nang nana; caya mamamatay ang tauo na ualang magaua.

44. Dahil dito, cuu ayon sa sinabi sa itaas sa párrafo 42, nahahalatang mayroong sibol sa baga, cailangang gumaua nang capaanyoan, nang mangyaring pumutoc ang sibol nang magaling na pagputoc, nang houag mamatay ang tauo, at gayon ang gagauin.—Pasisipsipin ang maysaquit, cuu baga malacaslacas pa, nang singao nang tubig na mainit, ayon aa turo sa nómero 53, at ito,i, gagauing parati. Cun ang pagsipsip nang singao na yao,i, inaacala nang nacalambot sa sibol, paiinoming parati ang maysaquit nang maraming totoong tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay* man; maigui rin ang tubig na may calahoc na gatas. Dahilan dito sa pag-iinom nang marami, palibhasa,i, ang sicmura,i, naroonng parating puno, ay malacas lumaban sa *baga*, at hindi pinababayaang mabubo ang nana sa dibdib, cundi pinipilit magpaitaas sa lalamunan, at cun gayo,i, mailulura nang maysaquit. Saca pinapag-uubo ang may catauan nang suca at tubig, na biglang isinsumpfit sa loob nang bibig nang isang sumpit na munti, na cauayan man. Pina-

pag-uuica ang maysaquit, pinasisigao, at pinatataua, haringang pumutoc ang sibol. Bucod dito painumin din touing icalauang oras nang bilin sa número 8, ga isang cu-chara carami. Mabuti ring isacay ang maysaquit sa carreton, datapoua,t, painumin muna nang maraming maraming tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay*, cun tubig na may casamang gatas; at cun minsan itong yagyag na paglacad nang carreton nacacapagpaputoc sa sibol.

Ang gagauin sa maysaquit, pag nacaputoc na ang sibol sa baga.

45. Doon sa oras nang pagputoc nang sibol sa baga, ang maysaquit ay lumulubha na anaqui hindi nacacaramdam. Datapoua,t, cun paamoyin nang suca, ay nasa-saulan cun baga ang pagputoc nang sibol ay hindi masama, ayon sa sinabi co sa itaas sa párrafo 43; sapagca cun masama, ualang magagaua at mamamatay ang maysaquit.

46. Cun paanyo ang pagputoc nang sibol, at hindi namamatay pagcaraca ang maysaquit ang gagauin doo,i, ganito.—Cun ang inilulura nang maysaquit ay totoong malagquit at maganit, touing icalauang oras pairomin

nang bilin sa número 8, ga isang cuchara carami, at cun malaonlaon, painomin naman nang isang taza nang turo sa número 13. Datapoua cun hindi malagquit at maganit ang inilulura, houag gamitin itong manga bilin, cundi ang gatas nang baca, na siya lamang ang caniyang cacaning parati ó cun ibig isama sa caniyang quinacain. Saca ma-caapat maghapong painumin nang bilin sa número 14 na isinasama sa caunting tubig. Ang iinomin niyang parati, ay ang tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay*, ó ang tubig na ang sa icapat na bahagi ay gatas. Saca siya, i, lumacad arao-arao ó sumacay sa cabayong-yagyag.

47. Cun ang maysaquit ay nananabi touingicalaua ó icatlong arao, sucat na yaon; at masama ang sumpitin nang malimit.

48. Cun ang maysaquit ay nilalagnat touing hapon, at ang inilulura ay masama sa dating tingnan, sucat nang mahalata na hindi mababahao ang sugat sa baga, na cun gayon siya, i, maguiguig *éticong* totoo, at mamamatay sa loob nang ilang bouan. Datapoua, i, atohin ang uica co sa itaas sa párrafo 46, at cun baga ang calacasan nang pag-uubo yaon ang di icatulog niya, painumin cun gab-i nang dalaua ó tatlong cu-

chara nang bilin sa número 16, na isasama sa isang basong tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay*.

49. Cun бага tungmatahan ang pagdahac nang may sibol sa бага, pasipsiping agad nang singao nang tubig na mainit ayon sa turo sa número 53; touing oras bibig-yan nang isang cuchara nang turo sa número 8 at bucod dito, i. pa'inumin nang maraming totoo noong bilin sa número 12; at cun siya, i, nacacacaya, ay lumacad ó sumacay sa cabayo. Sasangrahan naman ang ganitong maysaquit cun siya, i, malacas pa; hari ngang magsaoli ang canying pagdahac.

50. Mayroong manga maysaquit na anaquigungmagaling; datapoua, t, ungmuulirín silang magcasaquit; saca gungmagaling uli, bago humalili na naman doon ang pagcacasquit; at mahirap man itong canilang buhay, sila, i, nalalauong di iilang taon, na hindi namamatay. Caya gayon, sapagea ang sibol sa бага hindi totoong nababaho, at yao, i, naguiguing parang fuente. Cun ang ganitong maysaquit ay lauon nang gayon, ualang magauang gamot doon. Datapoua cun bago yaong saquit, ay matatalo nang gatas, at nang pagsacay sa cabayo, pati nang bilin sa número 14.

51. Sa saquit nang *Pulmonia*, at sa nagniguing *ético* dahilan doon, hindi sucat gamitin ang *trementina*, ang manga *bálsamo*, ang *incienso*, ang *almáziga*, ang *mirra*, ang *camanguian*, at ang *bálsamo* nang *azufre*, pati yaong gamot na pina-nganganlang *antiético*, sapagca nacacalubha bagcus sa maysaquit yaong manga bagay na yaon.

52. Cun hindi paanyo ang pagputoc nang sibol sa baga, cundi nabububo ang nana sa loob nang dibdib, hindi mailulura nang maysaquit; bagcus siya, i, mamamatay na ualang pagsala, cundi hiuain sa pagitan nang dalauang tadyang; datapoua, t, cundi siya totoong marunong na médico, houag siyang mangahas gumaua noon.

53. Cun minsan ang ganoong pagsibol nang *baga*, yaon ang iquinabubuloc nang baga nang tauo, at yaon din ang iquinamatay niya.

54. Cun minsan naman hindi tungmutuloy ang pagnanana nang sibol sa baga, cundi naroonng matigas na parati, na anaqui yao, i, isang bucol na hindi nag-iiba. Ang tauong may ganitong saquit, hindi gagaling na hamac, datapoua hindi lubhang nahihirapan siya.

55. Ang bagay sa ganitong lagay ay ang *suero*, ayon sa turo sa número 17, at ang *pildoras* número 18. Ang iinumintoung umaga, i, ang isang basang *suero* at ang manga dalauang puong *pildoras*, hanggan sa apat na puo. Saca parating sisipsipin niya ang singao nang tubig na ma-init número 53.

ANG PULMONÍA NANG APDO.

Nota. 1 Bucod sasaquit na *pulmoníang* totoo na sinaysay sa capítulong ito, mayroong isa pang bagay na *pulmonía* na ang pangalan doo, i, *biliosa ó pulmonía* nang *apdo*, sapagca hindi totoong *pulmonía*, cundi catulad nang lagnat nang *apdo* (Capítulo 20). Ang maysaquit ay dumurual cun minsan, at nag-iilaguin nang tila madilao at mabaho ang inilulura niya; hindi gaya nang inilulura nang nagecacasakit nang *pulmoníang* totoo, cundi madilao sa roon. Ang bibig nang maysaquit ay mapait, hindi pinapaúisan siya, tila mayroong siyang nararamdamang mabigat at masaquit-saquit sa sicmurang palibot. Ang color nang muc-ha ay madilao, at tila nag-iiba. Ang gamot dito ay para nang

sa *lagnat* nang *apdo* (Capítulo 20) Cun baga may catigasan ang pulso, ó may cainitan ang dugo, sinasangrahan ang maysaquit Saca binibig-yan nang bilin sa número 3. Sinusumpit naman ayon sa turo doon din sa capítulo nang *lagnat* sa *buloc* ó *lagnat* nang *apdo*. Pagca naalaman nang totoo na uala nang catigasan ang pulso, cundi malambot na, pinaiinom nang bilin sa número 34. at cun ualang mapagquitaan nito, na-aari ang sa número 35. Ang ibang gagauin dcon ay isa rin nang itinuturo sa capítulo 20, nang *lagnat* nang *apdo*.

ANG PULMONÍA FALSA.

Nota. 2. Mayroong isa pang bagay na *Pulmonía* na hindi totoo, na marahil dumaan sa manga matatanda, ó sa manga bata, ó sa manga tauong mahina, cun bagong nagtatag-arao, na yao,i, dala nang manga malalagquit na cungmacap t sa baga nang may catauan. Ang maysaquit ay nag-uubo muna nang caonti sa loob nang ilang arao, at cun lumacad ay tila masiquip siquip ang caniyang dibdib sa caniyang pagcaramdam; ang muc-ha,i, mapula sa rati; ang ibig

niya ay cumaing parati at matulog, at hindi mahimbing ang caniyang pagtulog; pag nalauong ilang arao, guiniguinao siya; humahalili roon ang init; hindi siya lumagay, at lungmalaqui ang casiquipan nang dibdib. Bucod dito, hindi macatahan sa hihigan ang maysaquit, at mahirap man ang caniyang pagcaramdam, ay gumagala sa loob nang silid; ang pulso ay mahina at madalas; ang ihi cun minsan tila para nang dati; cun minsan, i, mapulapula; ang pag-uubo niya, i, munti, at maliuag dumahac; mamin-sanminsan nasisira ang caniyang bait; hindi macatulog nang mahimbing, at hindi naman naguigusing na totoo; ang nagcacasaquit nang ganitong saquit, cun minsan namamatay nang biglang pagcamatay, lalo pa cun matanda ang may catauan. Cun minsan lungmalaqui ang casiquipan nang dibdib, at ang may cataua, i, hindi macahinga cundi loc-loc; saca nasisira tuloy ang bait; ang pulso ay ungmooti at dungmaralas; at pag nalaulaon, namamatay ang maysaquit. Itong saquit ay masama; at maliuag matapatan ng gamot. Nguni ang lalong mabuti roo, i, pa-inuming parati ang maysaquit nang bilin sa número 26, ó nang sa número 12, na lalagyan nang timbang saicaualong *salitre* sa

baua,t, isang tagayang tubig. Touing icala-
uang oras bibig-yan nang isang taza nang
bilin sa número 8. Saca pararapitan sa ma-
nga binti nang sa número 36 Itong manga
gamot na ito ay hindi macasasama sa may-
saquit, at cun minsan macacagaling. Ang
nagcacasakit nang gayon, cun minsan ay
masamang sangrahan.

*Ang gagawin sa natutuyo ang catauan,
na yao,i, pinanġanġanlang consunción
nang castila.*

Nota 3. Bagaybagay ang pinagmumu-
lan nang pagcatuyo nang catauan nang
tauo, na yao,i, aqing sasaysayin nġayon.
Ang sibol sa *baga*, cun minsan siya ang
pinangagalingan nitong saquit, ayon sa
uica co na sa párrafo 48. Cun minsan gaua
nang *escorbuto*, ó nang *bicat*, ó nang *hica*,
ó nang bulutong ó tiedas. Cun minsan na-
man dala nang mahalay na saquit na na-
mamahay sa catauan, na doon mahahalata,
eun baga nagsusugat, ó namumutoc, ó ma-
cati ang punong catauan.

Gayon din cun ang tauo,i, parating na-
cuculong sa bahay na may sara ang lahat
na dungauan; ó cun malimit gumaua nang

mahalay; ó cun siya,i, natatapat sa singao nang manga tinutunao na tangso; ó cun siya,i, namamanglao, ó parating pagod; ó cun nag-iisip nang manga maliliuag; cun siya,i, parating pinapauisan, ó nag-iilaguin, ó ungmiihi, ó pinapanaogan nang malacas nang sa panahon cun baga babayi; ó cun siya,i, nagpasuso nang malauon, ó cun linalabasan sa punong catauan nang tubig na malapot at maputi, na yao,i, saquit din nang babayi, na pinangangalan *fluor albus*.

Cun siya,i, dating linalabasan nang dugo sa puit, para nang inalmorranas, ó cun pinapauisan sa paa ó sa catauan, ó dating binabalingoyngoy, at saca siya,i, naual-an at inurungan noon manga yaon; ó cun hindi sumago ang fuente, cun baga may fuente, ó cun nabahao ang caniyang sugat na malauon, ó ang caniyang dating galis, buni, ó ang ibang manga bagay na lumilitao sa catauan.

Ang pinalo nang malacas, ó nahulog, ó sinicaran nang hayop ang mayroong naramdamang bucol sa tiyan, ó sa bituca, ang napupuyat, at tuloy ungmiiinom nang maraming alac; ang ungmaabay sa maysaquit, na dahil doon siya,i, nasalina nang

caniyang saquit. Ang parating locloc, at tungo ang ulo, para nang manga sungmulat, manga sastre, zapatero, manga babaying nagdurugtong nang abaca, manga hungmahabi, at ang malauong cumanta ó tumugtog nang flauta. Ang cungmacain naman nang manga mahanghang, ó nang manga maalat ó manga mabango.

Cun minsan naman itong saquit ay minamana, na cun gayo,i, ualang magagauang gamot doon.

Caya cailangang mag-ingat ang tauo, at pagca mayroon siyang naramdamang saquit para nang manga sinabi co sa itaas, ay cailangang siyang magpagamot na madali; maca cun pabayaang ang saquit sa catauan, ang sumunod doon sa gayon ay ang pagcatuyo nang catauan niya.

Ang nagcacasquit nang *consunción* ó ang natutuyo ang catauan ay nag-uubo muna nang ilang bouan calauon. Cun baga siya,i, dungmoroual ó sungmusuca pagca cain ay yaon ang señal na caalam-alam matutuyo ang catauan. Ganoon din cun mainit sa rati ang caniyang pagcaramdam, ó cun siquip ang dibdib, lalo pa cun siya,i, cungmiquibo; cun ang caniyang inilulura ay maalat, ó may calahoc na dugo; cun siya,i, namamanglao,

cun nananab-ang nang pagcain, at nau-uhao; cun ang pulso,i, matulin, malambot at munti (datapoua cun minsan matigas at puno). Ang hungmahalili rito ay ang paglura nang berdeng maputi na may casamang dugo. Ang cataua,i, ungmooti dahil sa lag-nat na ética at dahil sa paus na malaqui, na dungmaraan sa caniya touing umaga at touing gabi. Ungmiihi pa siya nang marami, at nag-iilaguin nang malacas; na yao,i, ang iquinahihina niya. Ang manga palad nang camay totoong init, at ang muc-ha,i, pungmupula pagca cain. Ang caniyang manga daliri ay totoong onti; ang manga cuco ay baluctot na pailalim, at nalalaglag ang buhoc. Saca ang maysaquit ay nanghihinang totoo, lungmalalim ang caniyang mata, hindi macalonoc; namamaga ang paa, at nanlalamig ang manga dulo nang paa,t, camay, at ang sungmosunod doon ang camatayan.

Ang gagauin nang may catauan cun ang caniyang saquit ay bagong-bago pa, ay magbago siya nang lugar, cun baga ang caniyang tinatahanan hindi pinapasucan ó hindi natatapat na magaling sa hangin. Saca siya,i, magpilit sumacay na parati sa cabayo, at houag siyang hihiga na basa ang da-

mit. Ang lahat na caniyang cacanin ay ang manga ualang liuag matunao sa sicmura: caya ang bagay lamang sa caniya ay ang manga gulay at ang gatas. Dito sa lupa nang Filipinas magaling ang gatas nang cabayong babayi. Na-aari naman ang gatas nang babaying tauo, at ang magaling ay doon na sumuso ang maysaquit. Ang gatas nang cabayong babayi iinumun cun mainit pa, na bagong galing sa suso. Ang isang inom ay dalauang taza, na yao,i, gagauing macaipat maghapon, ó macaitlo man lamang. Ang gatas ay doroonan nang ilang sopas na tinapay. Cun ualang gatas nang cabayong babayi na-aari ang sa baca, ó ang sa cambing; datapoua cailangang alisin ang pinacataba noon. Cun ibig nang maysaquit ay masasamahan ang gatas nang caonting canin. Macacain naman nang maysaquit ang manga bunga nang cahoy na totoong hinog para nang manga atis etc. Cun бага naramdamang mabigat sa sicmura ang gatas, ay hulugan nang caonting azucal.

Cun ang maysaquit ay nag-iilaguin dahil sa gatas, ay cumuha ca nang manga paa,t, sipit nang hipon, iyong bayohin at isama mo sa gatas.

Ang guinagaua nang iba hindi ang ga-

tas, cundi ang *suero* noon, siya ang ini-
inom. Caya cun baga nacacayanan ang *suero*
nang siemura nang maysaquit, ay mabuti
inumun niya yaon; houag lamang uminom
siya pagcaraca nang marami hangang hindi
pa bihasa. Datapoua gamitin man nang may-
saquit ang gatas, gamitin man ang *suero*
hindi macagagaling sa caniya cundi ituloy
gauin nang ilang bouan calauon. Maigui
rin dito ang *talaba* na yao,i, hindi lulu-
tuin, cundi pagcaraca,i, cacaning hilao.

Dito sa Filipinas ang natutuyo ang ca-
tauan ay magaling uminom siya nang *tuba*
sa niyog ó sa caong, datapoua houag ang
maasim. Mabuti rin ang siya,i, cumain
nang manga sarisaring matamis na guina-
gaua sa manga trapiche.

Itong manga uica co ngayon ang sucat
gauin nang natutuyo ang catauan, at cun
minsan siya ang nacagagaling sa marami;
datapoua mayroon pang iba na turo ni Bu-
chan, na magagaua mo cun ibig mo, at
cun minamagaling mo, na yaon nga ang
isusunod co rito.

Cun ang saquit nang pagcatuyo nang
catauan ay bago pa, at totoong lacas nang
pag-uubo nang may catauan ay masasan-
grahan siya nang umonti ang caniyang

ubo; at nang houag macahirap sa caniya ang pag-uubo, ay painoming maminsan minsan siya nang isang eucharang gatas nang *dayap* na sasamahan nang isang gayon din polot na lulutuin muna sa mahinang apoy. Ang iinumang parati nang maysaquit ay ang tubig na pinaglagaan nang *manzanilla*; datapoua cun baga siya, i, lungmura nang dugo ay houag painumin noon.

Cun baga ang maysaquit mayroong sibol doon sa caniyang baga, ay basahin mo ang párrafo 42, at ang manga magcasumonod doon.

CAPÍTULO 7.

Ang sintac sa dibdib, na pinanġanġalan nang manġa médicong pleuresia, ó dolor de costado.

56. Ang *pleuresia* ó ang sintac sa dibdib ay catulad nang saquit na *pulmonia* na sinasaysay sa itaas sa capítulong nacalalo. Dito sa *pleuresia*, ang baga nang maysaquit ay namamaga rin para doon sa nagcacasaquit nang *pulmonia*; datapoua, t, itong pamamaga nang baga nang sinisintacan ay sa dacong ibabao, at ang nararamdaman niya ay gayon.

57. Guiniguinao muna ang maysaquit, hungmahalili ang lagnat, ang pag-ubo, ang casiquipan nang dibdib; ang pagsaquit nang ulo, at ang bahag-ya na macahinga ang maysaquit; ang marahil idaing nang pinipleuresia ay ang matigas na saquit nang manga taguiliran nang dibdib sa ilalim nang susó, at ang canang taguiliran ang malimit sumaquit; cun minsan nama,i, alin mang lugar nang dibdib ay sungmasaquit. Bucod dito,i, namumula cun minsan ang pisngi, at ga ibig sumuca ang maysaquit. Cun minsan hindi nararamdaman ang saquit nang dibdib, cundi lungmalo muna ang ilang oras, ó sa icalaua ó sa icatlong arao nang pagcacasquit. Ang pulso nang maysaquit ay matigas; datapoua cun malaquing totoo ang saquit, at mapanganib ang buhay nang tauo, ang pulso ay malambot at munti. Cun minsan ualang lura, at uala ring ubo. Mayroon namang iba, na binabalingoyngoy, na ito,i, nacaguinhaua sa may catauan. Datapoua cun minsan ang tumutulung dugo ay buloc, na yaon ang pinacatanda na malapit nang mamatay ang tauo. Cun minsan tila mamamatay na ang maysaquit, at bagcus siya na ang paggaling niya.

58. Ang gamot sa *pinipleuresia* ó sinisintacan ay para nang pag-gamot sa *pinupulmonia*. Caya sasangrahan ang may-saquit pagcaraca; at cun hindi siya gungmagaling, ó gumaling ma,i, ungmooli rin ang saquit na malaqui, sasangrahan pa mandin; datapoua cun hindi malubha ang tauo, ó cun hindi totoong lacas ang pag-sintac, at ang maysaquit nacacalura, ay hindi cailangan sangrahang uli, cundi parapitan lamang sa manga binti ó doon sa lugar na masaquit.

59. Saca ang ibang gagauin doon ay naituro co na doon sa itaas sa *párrafo* 31 hangang sa *párrafo* 40 Sa lahat na bagay, ang totoong sucat igamot dito ay ang bilin sa número 8; at pagca bagong nag-casaquit ang tauo, ay tatapalang agad nang bilin sa número 9; at cun hindi pa nauuuala ang sintac, parapitan doon sa masaquit. Gayon din ang pag-gamot sa manga babaying sinisintacan; at may panahon man, masasangrahan din.

60. Cun munti ang sintac, ay marahil mauala pag sinangrahang minsan'ang may-saquit, at pag pinainom nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*; itong tubig ay dinoroonan nang caonting *pulot*.

61. Ang saquit nang pleuresía ay nauuala sa paglura, ó sa pag-ihí, ó sa pagpauis, para nang pulmonía; cun minsan naman sinisibulan ang maysaquit nang *baga* sa loob, ó tinutuboan nang bucol na matigas doon din sa loob, ó cun minsan nama,i, nabubuloc ang caniyang *baga*, para nang sinabi co na sa capítulo nang pulmonía.

62. Ang nagcacasaquit nang gayon hindi sucat big-yan nang *tríaca*, *cordial*, *castol*, *ruda*, at nang mangá bagay na nacacapagpauis.

63. Ang tauong ungmíinom nang tubig na malamig, capagca siya,i, totoong nainitan, ay marahil magcasaquit nang pleuresía ó sintac; at mayroon cun minsang tauo, na pagcainom mandin, namamatay.

Nota. Bucod dito sa saquit na sintac na sinaysay co ngayon, mayroong isa pang bagay na sintac nang *apdo* ó *biliosa*, na yao,i, isa rin nang pulmonía nang *apdo* ó *biliosa*, na sinaysay co sa *nota 1*, nang párrafo 55, na pati nang pag-gamot ay isa rin. Caya susundin ang lahat na turo doon din sa *notang* yaon.

CAPÍTULO 8.

*Ang saquit na ang pangala,i, garrotillo,
at ang ibang manga saquit sa
lalamunan nang tauo.*

64. Marami ang saquit nang lalamunan nang tauo. Ang malimit dumaan doo,i, ang pamamaga niyong manga casangcang pang nadoroon, na siya ang tinatauag na *garrotillo*, na camuc-ha rin nang saquit na *pulmonia*; ibang casangcapan lamang ang nasasaquitan.

65. Cun ang lalamunan ang masaquit, ay bahag-ya na macalunoc ang tauo nang anoman. Ang tubig at ang lauay lalong maliuag lunuquin. Guiniguinao ang may-saquit; nalalagnat siya nang malaqui, masaquit ang ulo, at ang ihi ay mapula. Data-poua cun ang namamaga ay ang naroon malapit sa dinaraan nang hininga nang tauo, ang paghinga ay mahirap, hindi tahimic ang maysaquit, at tila nahuhung-hang; ungmaabot cun minsan ang saquit hangan sa baga, at namamatay ang tauo. Cun namamaga yaong labat na yaon, sampun nang cutil pati nang puno nang

dila, at ang ibang manga casangcapang naroon sa piling noon, ang may catauan ay totoong cahabaghabag; namamaga ang boong muc-ha; hindi siya macalunoc; ang paghinga ay maliuag; lungmalabas ang dila, ang pulso ay maralas at mahinangmahina, at cun minsan lungmilibang; at ang maysaquit unigmaabot lamang hangan sa icatlong arao, at namamatay. Ang pinangagalingan nitong saquit ay ang pagurong nang paus, ang paglacad sa lupa cun bagong nacaulan at mainit ang arao; ang pagtapat sa hanging malamig, ang pagbasa, ó ang pag-uiuica ó pagcacanta nang malauon, ang pagtulog na basa ang damit, ó ang pag-inom nang malamig na tubig, cun bagong galing sa init ang may catauan.

66. Ang saquit ay ungmalis cun minsan sa loob at napapasalabas; cun gayo,i, magaling-galing ang pagcaramdam nang maysaquit. Datapoua cun sa utac, ó sa baga mapatungo,i, mahirap at mapanganib ang may catauan.

67. Ang pag-gamot sa nagcacasaquit nang gayon, ay para nang guinagaua sa pulmonía. Ang maysaquit *ilalagay sa husay* (capítulo 4), at cun baga mahirap na totoo ang caniyang lagay para nang sabi sa itaas

sa párrafo 65, cailangang sangrahang macapat ó macalima sa loob nang ilang oras; painuming parati nang bilin sa número 2, at número 4. Datapoua sapagca sa ganitong saquit ay hindi sumagui cun minsan sa lalamunan ang ipinaiinom, caya cailangang sumpitin touing icatlong oras ang maysaquit nang bilin sa número 5; at macaitlo maghapon ibababad ang caniyang mangapaa sa mainit na tubig ga calahating oras calauon. Saca tapalan ang liig niya nang bilin sa número 9.

68. Maigui ring carlitan muna sa liig ang maysaquit, na totoong malubha na, nguni houag lalaliman ang carlit, bago tacluban nang ventosa roon. Pinapagmumog naman siya nang bilin sa número 19; at pinasisipsip nang singao nang tubig na mainit na macaanim maghapon.

69. Cun ang cutil at ang dalauang tila bucol na capiling noon, yaon lamang ang masaquit, at namamaga, ay cailangan ding sangrahan ang maysaquit, lalo pa cun ang pulso ay matigas at 'puno; ito,i, gagauin agad, maca cun pabayaan yaong pamamagang yao,i, mapatungo ang saquit sa *baga*: at cun minsa,i, uuling sasangrahan cun cailangan pa.

70. Cun munti ang saquit, magpaanyo lamang ang may catauan, at maghusay sa caniyang pagcain, sa pag-inom, at sa pag-gaua, ay hindi cailangang sangrahan. Datapoua,i, magaling na lalo ang sangrahan, at painumin nang bilin sa número 2. Saca bañusan hangan tuhod ang maysaquit cun umaga, at sumpiting minsan cun hapon. Tatapalan naman ang caniyang liig nang bilin sa número 9. Saca pinapagmumug nang aquiring turo sa número 19, at macaanim maghapong pasipsipin nang singao nang mainit na tubig ayon sa bilin sa número 53.

71. Cun baga hindi maalam magmumog ang maysaquit, ang caniyang ipagmumumog pinatatama nang sumpit na munti, na cauayan man, doon sa caniyang lalamunan; itong ganitong pagsumpit ay totoong buti, at cun minsan siya ang iquina-pagpapalabas nang maraming malalagquit na cungmacapit sa ilalim nang lalamunan, at siya rin ang iquinaguiguinhaua nang maysaquit. Datapoua,i, itong pagsumpit na ganito ay lilimitan.

72. Cun ang saquit nang lalamunan ay natatalo niyong manga gamot na yaon, sa icatlong arao ó sa icaapat hangang sa

icalima, ay gumagaling na ang maysaquit; at cun talang sisibol doon, sa icaualong arao malaqui ang caniyang pag-galing.

73. Cun minsan cun guinagamot ang maysaquit, ay umuunti ang lagnat at ang ibang manga hirap; datapoua, t, ang lalamunan ay para nang dating masaquit. Ang gagauin doo, i, itutuloy ang pagmumumog, at ang pagsipsip nang singao nang mainit na tubig número 53; saca cun mayroong marunong na médico ipahiua sa caniya yaong dalauang bucol ó *agallas* na masaquit, na naroon sa piling nang cutil, at gagaling ang may catauan pagca linabasan nang caunting dugo yaong manga bucol na yaon.

74. Cun hindi paanyo ang pag-gamot sa maysaquit, cun minsan tinutubuan nang sibol doon sa lalamunan, na cailangang hiuain, cundi pumutoc siyang cusa sa icalima ó sa icaanim na arao. Ang sibol ay maquiquitang magaling nang mata, pagca pinanganga ang maysaquit; caya bago hiuain, ay maghahanda ang médico nang isang lanceta, na durugtungang magaling sa dulo nang patpat na munti; saca tinatacpan nang damit, houag lamang ang dulong matulis, at yaon ang ihihua roon sa sibol, na naquitang naroroong maputi at malambot doon

sa masaquit na lugar. Cun nahia na ang sibol ay napupuno nang nana ang bibig, at caya ang maysaquit ay magmumog nang bilin sa número 19 Cun minsan ang sibol ay dalaua.

75 Cun minsan hindi lamang mayroong nana roon sa sibol na naquiquit, cundi sa ibang lugar nang lalamunan na hindi na-aalaman; caya ang maysaquit anaqui magaling na, at ang lagnat ay munti at nacacatulogsiya, t, nacacalunoc; datapoua, t, hindi nauuuala ang saquit nang bibig; pinangingilabutan siya nang guinao, ang dila, i, bungmibigat at cungmacapal sa caniyang damdam. Mayroon namang manga butil na maputi sa manga ngidogid at sa loob nang pisngi, pati sa manga labi, at masama ang lasa nang bibig.

76 Ang gagauin nang maysaquit pagcagayon, ay ang malacuecong tubig na may calahoc na gatas, ay siya ang ipagmumog niya. Saca sipsipin niya ang singao nang mainit na tubig, at doonan ang caniyang liig nang bilin sa número 9 Saca ipausisa niya sa médico ang quinadoroonan nang sibol, at ipahia sa caniya. Magaling namang sumpitin sa lalamunan nang tubig na malacuco, upan din pumutoc ang sibol, cun

mag-ubo ang may catauan. Itong pagputoc nitong sibol hindi nacacaano sa maysaquit, at uala acong naringig na namatay dahil doon.

77. Ang nagcacasaquit nang ganitong saquit, cun minsan dinaraanang nang pagca ibig sumuca, gaua nang manga malalagquit na lura na naniniquit sa lalamunan; caya tandaan ito nang mangagamot, na houag big-yan nang pasuca ang maysaquit at masama sa caniya yaon.

Nota. Bucod sa saquit na garrotillo na sinasaysay co sa capitulong ito, i, mayroong isa pang bagay na pagsaquit nang lalamunan nang tauo, na cug minsan nacamamatay sa marami. Ang pangalan doo, i, *mal de garganta ulcerado, ó garrotillong may sugat.* Ang nagcacasaquit nang gayong saquit, ay bihira ang di binubucalan sa catauan nang manga butil na mumunti, na sa loob nang ilang arao natutuyo at nalalaglag na parang calisquis. Sa loob nang lalamunan mayroong namang manga sugat, at mapait ang bibig. Ang gamot doo, i, catulad-tulad nang gamot sa *lagnat* nang *apdo* capitulo 20; nguni hindi sucat sangrabang hamac ang maysaquit. Ang pasuca número 25, ó ang sa número 35, ay totoong buti

doon, cun uala nang lagnat ang maysaquit. Ang purga, ay hindi magaling doon. Ang parapit sa binti ay totoong bagay sa saquit na ito. Gayon din mabuti rito ang paginom nang maraming tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, at ang pagmumog nang bilin sa número 19. Magaling naman sa maysaquit na malubha ang bilin sa número 80, na yao,i, turo ni Buchan.

Ang gamot sa bucol, na ang pangalan nang tagalog doo,i, bayiqui, ó bayicqui.

78 Cun minsan namamaga yaong dalauang *glándulas*, ó bucol na naroon sa piling nang tayngat, sihang; cun minsan yaong dalaua namang hinihipo sa ilalim nang guitna nang sihang, na *glándulas din yaon*, at parapara nang sila ang pinangagalingan nang lauay nang tauo; itong saquit na ito ay nauauala pagca pinahiran nang tayom, na tinunao sa caunting suca. Datapoua cun ang boong liig ay lungmalaqui, na maralas dumaan itong saquit sa manga babayi sa provincia nang Batangan, ay basahin mo ang párrafo 261 at ang 262, at sundin ang manga turo doon.

CAPÍTULO 9.

Ang romadizo na pinanganganlan nang tagalog na sipon.

79. Ang sipon ay catulad nang saquit na pulmonía, pleuresía, t, garrotillo, munti lamang ang saquit; cun sinisipon ang tauo, ay namamaga rin nang caunti ang *baga* sa loob nang dibdib, ó ang ibang manga casangcapang naroroon sa ilong, sa noo, ó sa pisngi.

80. Ang sipon hindi sucat hamaquing pabayaan, at cun minsan nacahihila nang manga saquit na malaqui sa dibdib, ó sa ibang lugar nang catauan nang tauo.

81. Ang pinagmumulan nang sipon ay ang pag-urong nang paus nang catauan at ang cainitan nang dugo.

82. Ang calaunan nang saquit na sipon ay bagay-bagay. Ang sipon nang ulo, hindi lubhang nalalauon; datapoua ang sa dibdib ay malauon sa roon. Cun nalalauon ang sipon ay masama, sapagea dahilan sa calacasan nang pag-uubo, nagcacaramdam ang boong catauan, at napapasaulo ang dugo. Ang isa pang casam-an noon ay ang di icatulog

nang tauo, na caya nanghibina siya; bucod dito ang may sipon ay marahil aayao cumain, at yaon ang isa pa manding nacagugulo sa catungculan nang siemura. Dahilan doon sa pag-uubo; ay nahihirapan namang totoo at ga negagambol ang baga nang tauo, at napupuno nang napupuno nang sarisaring pinacataibng catauan na doon napapatungo, at lungmalapot, at saca nacacahirap pa sa paghinga. Dahil doon naman nalalagnat ang tauo nang lagnat na munti na hindinauauala.

83 Ang gamot sa sipon ay para nang sa *pulmonia*, *pleuresia* ó *garrotillo*. Caya cun ang sipon ay malaqui, lalo pa cun ang maysaquit ay marugo at malaqui ang caniyang ubo, pati nang saquit nang ulo, ay cailangang sangrahan sa camay, nang madaling gumaling. Saca painumin nang bilin sa número 1, 2, ó 4. Magaling din bañosan bago humiga ang maysaquit sa tubig na mainit-init hangang tubod; pati nang pagsumpit ay bagay rin sa saquit na ito, cun hindi manabi touing arao, ó cun ca-caunti ang inaiihi nang may sipon. Sa cata-gang uica; cun ang maysaquit *ilagay sa husay* (capítulo 4) pagdaca, i, gumagaling.

84. Datapoua cun munti ang sipon, di man gamutin ang tauo, ay gumagaling

siya; houag lamang cumaing ilang arao, nang *carne, itlog, baboy, sabao, at alac*. Ang cacanin lamang ay ang tinapay, ó canin, ang manga gulay, ang manga bungang hinog nang cahoy at tubig; ang cacanin cun gabi ay caonti, at ang caniyang iinumina, ay ang tubig na pinaglagaan nang palay ó cebada, at cun aayao noo, i, ang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang alagao, na ang sa icapat na bahagui ay gatas. Ang baños nang tubig na mainit-init sa paa; at ang bilin sa número 20, ay nacacapagpatulog sa maysaquit.

85. Cun minsan ang maysaquit ualang lagnat cundi nag-uubo lamang at hindi macatulog; ang gagauin dito ay cun gabi bañusan nang tubig na mainit-init, at cun lauon nang nacacain ang maysaquit big-yan siya nang isang pildorang *estoraque* (camanguian), ó nang caunting *triacca* at caunting tubig na pinagbabaran nang bulaclac nang alagao; ito lamang ay nacacagaling na tambing sa maysaquit, pagca lauon nang guinamot nang husay, at hindi pa gungmagaling; datapoua cun bago pa ang saquit, hindi sucat gauin ito, at masama. Mabuti rin bigyang maminsan-minsan ang maysaquit nang isang cucharang pulot na hinulugan nang

caunting suca, nang lumambot ang pag-uubo; at cun hindi rin ungmunti ang pag-uubo doonan nang isang tapal na sahing sa pag-itan nang dalauang balicat, ayon sa turo sa párrafo 498. Ito, i, aral ni Buchan.

86. Sa saquit na sipon, ay bagay ang pagsipsip nang singao nang tubig na mainit ni pinagbabaran nang bulaclac nang alagao ayon sa turo sa número 53; mai-gui rin ang *regaliza* (saga) cun ngangaing parati ang dahon.

87. Ang tauong sinisipon, na hindi nagbabauas nang caniyang pagcain, at ang ungminom lamang nang mainit na tubig, ay guinugulo niya ang siemura; ang pag-uubo ay hindi mauaualang hamac cun gayon, at siya, i, ooui sa calagayan si daysay co sa párrafo 82. Ang pag-inom nang anomang bagay na alac ay nacacasama doon sa sipon; at cun minsan ang sipon na talagang mauuuala na, ay dahilan sa pag-inom nang alac bagcus lungmalaqui.

88. Cun ang tauong sinisipon ay totoong nanhina na, at hindi mangyaring mauuala ang caniyang sipon iinomin niya arao-arao ang bilin sa número 14; ang timbang ay cahati ó isang saicapat na isinasama sa caunting alac. At cun nahahalata, na ang saquit ay

napapatungo sa baga, dahil sapagca ang pag-uubo ay lungmalaqui nang lungmalaqui, at ga siquip ang dibdib pati nang paghinga, ay doonan ang maysaquit nang parapit sa manga binti número 36.

89. Hindi magaling sa saquit na ito ang tumahan ang maysaquit sa bahay na mainit at siquip, sapagca ang pagtahan sa ganoong lugar ay para nang pag-inom nang alac. Saca pagnacalabas sa silid, at salang mahanginan, siya, i, sinisipon pa mandin. Mayroon namang tauo, na dahil sa calacasan nang pag-uubo pungmuputoc ang manga ugat mumi munti nang mata at tila nanhibicola ang bubong nang mata. Ang mabuti roo, i, basaing parati yaong hinola nang tubig na sinucan, para nang guinagaua sa párrafo 272.

90. Yaong manga tauong madaling sipunin ay caya malacas dumopoc athumina ang canilang catauan, sapagca totoong nag-iingat sila sa hangin, at ang ibig nila ay ang tumahan doon sa may sara ang lahat; bago, i, ang canilang sucat gauin, ay lumabas at manaog sa lupa, at uminom nang malamig na tubig: at capag namihasa na sila sa ganitong gaua, ay lungmalacas at gungmagaling ang pagcaramdam.

CAPÍTULO 10.

Ang saquit nang ngipin at bag-ang, pati nang sa cabiac nang ulo ó muc-ha sa uicang castila,i, jaqueca, sampon nang es-corbuto na yao,i, pagdurogo nang ngipin nang tauo.

91. Tatlong bagay ang pinangagalingan nang pagsaquit nang ngipin at bagang. Ang isa,i, ang bucboc nang ngipin. Ang ic laua,i, ang pamamaga niyong litid na munti, na naroon sa pinacaugat nang manga ngipin; ó cun minsan ang pamamaga naman niyong pinaca balat na matigas, na nasasapao sa manga ngipin sa ilalim nang ngidngid, at caya pati nang ngidngid cun minsan sungmasaquit. Ang icatlong dahilan nang pagsaquit nang ngipin ay ang isang pinacataib na malamig na napap tungo doon, na nangagaling sa catauan.

92. Cun ang dahilan nang saquit nang ngipin ay ang bucboc, at cun nahahanginan na ang pinaca litid nang ngipin, sapagca sinira,t, quicain nang bucboc, ay ang hangin, ang pagcain, ang pag-inom, ang init, at ang pag-gaua, itong lahat na ba-

gay ay paraparang nacalalaqui nang saquit nang ngipin. Caya cun malaquing totoo ang nacain na nang bucboç, cundi ipabunot sa marunong, sasaquit nang sasaquit lamang ang ngipin, babaho ang hininga, mabubuloc ang ngidngid, at ang ibang ngipin ay maramayan, pati nang sihang cun minsan ay bubuebuquin din. Datapoua cun hindi tootong sira ang ngipin, houag bubunutin cundi magbabad ca nang camunting *pimienta*, *canela* at *clavo* sa calahating tazang tubig na malacuco, at dito sa tubig na ito,i, basain mo ang camunting bulac, na idoroon mo sa binubucboç na ngipin. Maigui pa sa rito ang maglulon ca nang caunting papel, na ganga tingting nang ualis; sindihan mo ang dulo at pag naguing baga na,i, iyong patamain sa butas nang bucboç, at mauuala ang saquit; bago sindihan ang papel ay isinasaosao muna sa langis. Itong gamot hindi masaquit. Ang gaua nang ibang manga tauo, ay ang canilang muc-ha pina-pahiran nang pulot, at gungmagaling sila.

93. Datapoua cun baga caya sungmasaquit ang ngipin sapagca ang litid na munti nang ngipin ay namamaga, hindi macucuha ang saquit, cundi sangrahan ang may ca-tauan, at caalam-alam yaon ang icagagaling

niya. Pagea sangra, ay magmumog ang maysaquit nang tubig na pinaglagaan nang cebada ó palay, ó cun hindi ibig niya yaon, ay ang tubig na may calahoc na gatas yaon ang ipagmumog niya; saca tapalan ang caniyang pisnging masaquit na ang bilin sa número 9 Caya naalaman, na ang litid nang ngipin, ó ang pinacabalat na matigas na naroon sa ilalim nang ngidogid siya ang nagdarala nang pagsaquit nang ngipin, sapagea cun ang may cataua, i, naiinitan, yaon ang pagsaquit nang ngipin; cun minsan linalagnat ang may catauan nang malaqui; ang pulso, i, malacas at puno; mapula ang mucha, ang bibig ay mainit; ang saquit nang ulo ay malaquing totoo; namamaga ang ngidogid, at cun minsan sinisibulan nang bucol na munti; pati nang pisngi ay namamagarin. Caya sinabi co, na bagay dito ang pagsasangra, at lalo pa cun ang maysaquit ay lumulubha, gaua nang pag-inom nang *alac*, ó *café* etc. At cun hindi sangrahan, anong mang gauin doon, ay hindi macagagalingsa caniya. Bucod dito touing gab-i ualang liban, babañosan ang maysaquit nang tubig na malacuco hangan tuhod, at painumina nang bilin sa número 20, timbang sa icaualo; houag namang big-yan nang carne at

alac, lalo pa cun *gab-i*. Ang *opio*, ang *triaca*, at ang *pildoras* nan *estoraque* (camanguiang) ay masama dito, cun ang dahilan nang saquit nang ngipin ay ang litid na nasasailalim noon.

94 Cun ang dahilan nang saquit nang ngipin ay ang pinacasingao ó pinacataib nang catauan na unngmaanod at napaparoon sa ngipin, hindi lubhang malaqui ang saquit. Ang pulso, i, hindi lubhang malacas, hindi puno, at hindi matulio; hindi lubhang malaqui ang cainitan nang bibig, at ualang pamamagang malaqui. Cun gayon, ay pupurghin ang maysaquit nang bilin sa número 21, na yaon ang madaling macauala nang manga maliliuag na saquit nang ngipin. Saca magagamot cun ibig nang may catauan nang bilin sa número 22, at malaqui rin ang cabagsican nitong gamot. Ang parapit sa batoc, sa licoran nang tainga, ó sa ibang lugar nang catauan ay maigui rin. Pagca pinurga ang maysaquit, ay mabibig-yan nang pildoras nang *estoraque* (camanguiang.)

95. Cun minsan ang dahilan nang saquit nang ngipin ay ang cahinaan nang siemura; ang bagay dito ay ang polvos sa número 14.

96. Cun ang saquit nang ngipin ay casama nang ibang saquit, pagca gamuti, t,

mauala itong isa, ay macucuha tuloy pati nang sa ngiping saquit. Mayroon namang pagsaquit nang cabiac na uŀo, 6 cabiac na muc-ha, na yao,i, tinatauag na *jaqueca* nang castila, at dala nang manga marurumi na tungmatahan sa siemura; at ang bagay dito, ay ang purga número 21; saca ang dita número 14, pag pinurga na ang maysaquit.

Ang escorbuto

Nota. Mayroon namang ilang saquit na ang pangalan nang castila doo,i, *escorbuto* na yao,i, pagdurugo nang ngipin. Itong saquit na ito,i, totoong sama cun hindi pagcagamuting agad. Ang nararamdaman nang nagecасаquit nang gayon ay ang manga ganito. Ang catauan niya,i, mabigat na too, na dahil doon ay aayao siyang cumibo. Ang manga casucasuan nang manga buto ay lungmalagutoc, cun lungmalacad ang may catauan. Ang hininga mabaho, pati nang bibig cung lungmalaqui na ang saquit. Sacac ang manga ngipin ay ungmuga, at ang manga ngidngid ay linalabasan nang dugo. Bucod dito ang manga ngipin ay tila nangingilo at ga gungmagaspang. Ang manga paa cun minsan namamaga; cun minsan

ga natutuyo. Ang balat nang muc-ha ay namumutla, at cun malauon ay ungmiiitim-itim. Cun ang saquit ay lungmaqui pa mandin, ay nangabubuloc ang manga ngipin; ang maysaquit ay linalabsan nang dugó sa iba,t, ibang lugar nang catauan; ang caniyang manga paa, pati nang ibang manga casangcapan nang catauan ay linalabsan nang mancha, na iba,t, iba ang color; saca nagsusugat nang masamang pagcasugat ang catauan niya, lalo pa ang manga hita; at pagca malubha na ang maysaquit, ay nalalagnat nang lagnat na *ética*, at ang iquina-mamatay niya ay ang pag-iilaguin, ó ang pamamaga nang caniyang catauan ó ang pasmo, ó ang desmayo, ó ang pagcabuloc nang caniyang bituca.

Ang gamot sa saquit na ito,i, gayon. Ang maysaquit gagaua nang paraang mangyaring sumaya ang caniyang loob. Caya magaling sa caniya ang paglacad na parati, at ang pagdalao na parati sa manga caquilala, nang malibang ang caniyang loob. Mabuti namang pumambo nang malimit sa malamig na tubig. Houag siyang tatahan doon sa manga mababang lugar, na hindi nahahanginang maigui. Ganoon din masama sa gayong saquit ang manga bahay na si-

quip, ó ang pagtahan sa piling nang manga laua ó nang manga tubig na tahan. Ang pagdurugo nang ngipin mauauala, pagca nguyain nang maysaquit nang malimit ang dahong sariua at hilao nang *mostaza*. Houag siyang cacain nang manga ma-aalat, sapagca yao,i, masama sa saquit na yaon. Ang carne at ang isda pag hindi sariua,i, masama rin. Ang magaling canin niyang parati ay itong manga ganito. Ang dalandan, ang dayap, ang taingan daga, ang sampaloc, ang coles, na ito,i, totoong buti sa caniya; ang *mostaza* ay magaling namang gulayin niya. Ang damong pinangangalang *paco*, cun doonan nang suca, ay totoong buti sa caniya; *datapoua* hilao cun cacain. Ang talbos nang *malungay*, ang *onti*, at ang colasiman ay totoong buti namang canin nang nagcacasaquit nang *escorbuto*. Ang caniyang lahat na cacain ay mabuti lag-yan nang suca. Ang manga bunga nang cahoy, para nang *papaya*, *ates*, *manga*, *saguing*, *sapinit*, *lanzones* etc. ay bagay sa saquit na ito. Masama sa iniis-corbuto ang pag-inom nang tubig na malacuco bageus ang maigui roon ay ang malamig na tubig.

Datapoua ang maiguing-maigui sa saquit na ito,i, ang pag-inom ó ang pagsipsip

touing umaga nang catas nang dalaua ó tatlong dayap na ualang calahoc. Ito, i, gagauin nang mahabang panahon; nguni touing icatlong arao magaling namang itahan, nang houag macasama sa siemura yaong maasim.

CAPÍTULO 11.

Ang Apoplejía, na ang tauag nang tagalog sa nagcacasaquit nang gayon, ay himatayin.

Nota. Pinanganganlan din nang tagalog na *himatayin* ang nagcacasaquit nang *epilepsia*, párrafo 409, pati nang dinaraanang malaquing *desmayo* párrafo 439. Caya calangang bacayan ang señal nitong mangasakit. •

97. Naalaman nang lahat na tauo, at naquiquilala nila ang *apoplejía*, yaon bagang calagayan nang tauo, na pagcaraca, i, nauualan nang damdam, at biadi macaquibo, at yaon dinang pinanganganlan nang tagalog na panhihimatay. Ang pinagmumul-an nitong saquit, ang malaquing galit ó toua; ang pag-iisip nang maliuag ó pagtingin nang maliuag; ang pagtingin nang malauon nang pataguilid; ang pagcain nang marami, i, ma-

sarap; ang pagpambo nang malauon sa ma-
init na tubig; ang palo ó sugat sa ulo; ang
paggauang parati nang mahalay; ang ma-
higpit na tali sa liig, ang pag-aamoy nang
masamang singao ó amoy, ó cun ang may
catauan inurungan nang pauis, galis ó buni
ó nang saquit sa bouan bouan cun бага
babayi; ó cun siya,i, inarauan.

98. Mayroong tauo na parating nanhihi-
matay, at magaling ang caniyang damdam
pati catauan; ito,i, apoplegía rin; datapoua
monti; ang dugo ay biglang ungmacc-yat
sa ulo, at hungmihina pagcaraca ang may-
saquit; datapoua nacacaalam tauo rin nang
caunti. Magaling dito sa ganitong *apoplegía*
ang pagsasangra at ang sumpit; at nang
houag umuli ang saquit, susundin ang itu-
turo co sa párrafo 104. Ang totoong galing
dito ay ang polvos sa número 24; cun gayon
ay umuli man ang saquit, ay malalauon.

99. Ang totoong *apoplegía* ay dalauang
bagay. Ang isa,i, dala nang dugo; cun ang
dugo ay marami, mabigat, mataba,t, mainit;
caya marahil dumaan itong ganitong pang-
hihimatay sa manga tauong malalacas ang
catauan at matataba. Ang icalauang bagay
na *apoplegía*, ay dala nang dugong matubig,
na caya dinaraanang noon ang hindi lubhang

malacas na tauo na may sarisaring bagay na calahoc sa caniyang dugo.

100. Ang panghihimatay na dala nang cainitan nang dugo, cun minsan ay nacamatay na tambing sa tauo, cun malaquing totoo ang saquit; cun hindi lubhang malaqui ang saquit, ang pulso ay malacas, puno at mataas, at ang caniyang muc-ha ay mapula, at namamaga; ang liig ay namamaga rin; ang paghinga ay mahirap at ga maingay; ang may catauan ay hindi nacacaalam tauo, napapaihi, at napapailaguin at cun minsan dungmuroal. Ang gagauin doon, ay gayon.

101. Houag tatacpan ang ulo nang maysaquit; pati nang catauan ay houag cumutan nang macapal na damit, bubucsan ang mangga pinto,t, dungauan nang silid; cun mayroong bigquis ó tali sa catauan nang maysaquit, cacalagui,t, palulubayin; bibigquisan lamang nang mahipit sa ibabao nang tuhod; ipalulocloc ang maysaquit sa bango na ang paa ay lauit, at ang ulo,i, mataas; sasangrahan at cucunan nang timbang labindalauang pisong dugo sa paa, ó sa camay, at cun бага malacas tumaliris ang dugo, ooling sangrahan hangang sa macaitlo, ó macapat sa loob nang apat na oras, cun бага inaacalang macacayanan nang maysaquit; susumpitin

naman nang tubig napinaglagaan nang culutan na may casamang lana, ó langis na bago nang niyog, ga apat na cuchara, at isa pang cucharang asin; ito, i, gagauin touing icatlong oras. Cun mapapainom ang maysaquit, ay painumin nang maraming tubig na dinnoonan nang timbang sa icaualong *sabitre* sa isang vaso. Pag tila nasasaulan na ang maysaquit, ay painumin nang bilin sa número 23, ó nang *cremor* timbang isang salapi ó piso, at saca big-yan nang maraming *suero* nang gatas. Houag paamoyin ang maysaquit nang anomang amoy na matapang. Houag quibuin, hipui, t, tauaguin ang maysaquit, at masamang totoo sa caniya yaon. Pag yari na itong lahat, cun baga hindi nauulian; cundi lungmulubha ay uala nang magauaroon.

102. Pagca gumaling na ang maysaquit, nacacaalam tauo na siya; datapoua cun minsan ang isang camay ó ang paa, ó ang cabiac na muc-ha ay ga namamatay, pati nang dila, na dahil doo, i, hindi mauauatasan ang caniyang uica. Itong pinacabacas nang apoplegía ay nauauala cun malauon, purgahin lamang maminsan minsan ang maysaquit, at houag pacanin nang marami. Anomang gamot na mainit, ay masama roon; ang pa-

suca i, nacamamatay sa inaapoplegía; caya hindi sucat ibigay sa nagecacasquit nang gayon; at ibig mang sumuca siya, hindi sucat big-yan nang mainit na tubig man, at macacasama rin sa caniya.

103. Doon sa icalauang bagay na apoplegía na sinaysay co sa parrafo 99, na ang uica co,i, dala nang dugong matubig, na may bagaybagay na casama, ay gayon ang pag-gamot. Ang maysaquit sasangrahang miminsan lamang, cun ang pulso,i, mayroong catigasang munti; at cun malambot ang pulso, at hindi puno, houag sangrahan ang maysaquit. Saca ipalocloc sa bangeo na ang paa nang maysaquit ay lauit. Pupurgahin nang polvos número 21; susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan, na dinoroonan nang asin maramirami at *jabón*, ga isang itlog na munti caramí, at *hojas de sen pa* (*cangcong ó acapulco*); ito,i, gagauing macalaua maghapon, at yaon ay totoong buting gamot. Sa icatlong arao pupurgahing uli, nang purgang mahina hina at pararapitan sa dalauang binti. Cun бага pinapauisan ang maysaquit, paiinumina nang anomang bagay na nacacapagpapauis; itong pagpapauis doon, ay itutuloy na mahabang panahon, hangan sa siyam na arao, sa ha-

limbaua; at cun minsan itong pagpauis ay macacauala nan manga bacas nang *apoplegia*. Ang nagcacasaguit nitong icalauang bagay na apoplegia na sinaysay co ngayon hindi lubhang nahihirapan nang paghinga. Ang pulso, i, hindi lubhang matigas; cun minsan sungmusuca ang maysaguit, at ang muc-ha, i, hindi mapula, para doon sa isang bagay na apoplegia.

104. Nang houag umuling dumaan ang saguit na apoplegia ó panbihimatay, calangang maghusay ang maysaguit sa caniyang catauan. Ang lahat na bagay na apoplegia ay maliuag dumaang uli, cun hindi malacas cumain ang maysaguit, at lalo pa cun hindi cumain cun hapon. Saca siya, i, mag-ingat sa *alac*, sa *café*, sa manga silid na mainit, pati sa arao; mabuti ahitin ang ulo, at basaing parati nang malamig na tubig; houag siyang cacain nang maraming carne, at cun cacain nang carne ay sisiu lamang; bagay sa caniya ang manga gulay, at ang manga bungang hinog nang cahoy; lumacad siyang parati; houag paha-habain ang tulog; at macaitlo touing lingo iinumun niya ang bilin sa número 24 cun umaga. Touing iinumun, ay saicapat ang timbang; at macaitlo sa santaong arao siya, i,

magpurga nang bilin sa número 23. Datapoua sa dinaraan nang icalauang bagay na *apoplegia*, ang bagay na purga sa caniya ay ang bilin sa número 21. Magaling naman sa nanghihimatay ang fuente. Cun baga gumaling man ang maysaquit, siya, i, ga naliliyo, ó dungmarami ang caniyang dugo, ó quiniquisig siya sa manga catauan niya, ang gagauin agad, ay magsangra siya at maghusay sa caniyang pagcain, nang houag magcasaquit uli nang malaqui.

CAPÍTULO 12.

Ang gagauin sa nagcacasaquit dahil sa inarauan; sa uicang castila, i, insolación.

105. Cun ang arao ay mainit, ang manga cahoy, ang manga bato, pati nang tangso ó bacal man, na nalalagay sa arauan, ay totoong ungmiiinit, na cun minsan hindi mahipo nang camay. Gayon din ang tauo cun siya, i, inarauan nang malauon, at lalo pa cun ang ulo ang tinamaan nang arao, nagcacasaquit cun minsan nang malaquing saquit na pinanganganlang *insolación*.

106. Ang tauong inarauan nang ma-

lauon, ay hindi matiis niya ang saquit nang ulo; ang balat ay mainit at tuyo; ang mata ay tuyo rin, at namumula. Cun minsan hindi macamulat, at hindi macatingin sa maliuanag; mayroong hindi macatulog; mayroong hilim na parati, at touing maguiguising ay ga nagu'guitla. Ang caniyang lagnat ay malaqui; aayao siyang big-yan nang anomang gamot; hapay ang loob niya at cun minsan nauuhao, cun minsan hindi. Mayroong tauo, na dahil sa siya,i, inarauan maghapon, ay namamatay; at ang inasal nang mamamatay, ay para nang inasal nang quinacagat nang asong bangao. Cun ang tauo,i, nacacatulog sa arauan, ay lalo pang masama; at cun lasing ay lalo pa man din. Mayroon namang iba, na dahilan sa pagca inarauan, ang mata,i, sinisingauan ó naguiguing lirain, ó ga naguguló ang canilang pagtingin, ó cun minsan anaqui mayroon silang naquiquitang lungmilipad na parati sa canilang harap. Ang lungmalagay sa arauan, at nalalauon doon, ay cun minsan dinaraanang panghihimatay, *apoplegia*; cun minsan ang lalamunan ang masaquiti na yao,i, parang *angina* ó *garrottillo*; ó cun minsan namamaos, ó namamaga ang liig. Ang apoy nacacasama rin sa tauo

cung nalalauon siya sa tapat, at isa rin nang arao.

107. Ang gamot sa inarauan ay ang pagsasangra; saca ang manga bagay na malamig gagamitin doon sa ipinairom, sa ibinabaños, at sa isinusumpit sa maysaquit. Ang pagsasangra ay cailangang totoo, at cun hindi pa nauauala-uala ang hirap nang maysaquit, uuling sasangrahan Ang isusunod sa pagsasangra ay ang baños sa tubig na malahininga lamang, at housg sa ma-init. Ang pagbabaños ay paparatihing gagauin, sapagca totoong iguisa saquit na ito. Datapoua cun ang maysaquit ay malubha, ang boong catauan ay babañosan; saca susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan. Paiinumín nang *limonada*, ó cun ualang *dayap*, ang tubig na may *sucang caunti* ay maigui rin; ang suerong malinao nang gatas, na sinasamahan nang caunting *suca* ay lalo pang mabuti; itong lahat na painom ay malamig cun inumin. Ang noo, ang quibotquibotan, ó ang boong ulo, i, lalag-yan nang basahang babad sa tubig na malamig. Ang bilin sa número 32 magaling ding inumin touing umaga, bago cumain nang anoman ang maysaquit.

108. Cun ang saquit ay malaquing to-

too, at hindi nagcacasiya itong manga gamot, sinabi co ngayon, ay cailangang pambohan, ó ibabad ang maysaquit sa tubig na malamig, pati nang ulo ay bubusan naman nang malamig na tubig; datapoua bago pam-buhan ay sasangrahan muna ang maysaquit.

CAPÍTULO 13.

Ang Reuma, na ang pangalan nang tagalog doo,i, balingtamad, na ang masaquit ay ang manġa casucasuan nang manġa catauan nang tauo.

109. Ang saquit na balingtamad, ó reuma, ay may lagnat na casama; cun minsan ualag lagnat. Cun mayroong lagnat, nangangaligquig muna ang maysaquit; hungmahalili ang lagnat na malagui, at ang saquit nang ulo; mainit ang pegcaramdam, at ang pulso,i, matigas; sa icalaua, ó sa icatlong arao, mayroong sungmasaquit na casucasuan na di maiquilos yaong casangcapang nasasactan, na namumula cun minsan at namamaga. Ang tuhod ang marahil sumaquit, at cun minsan ang dalaua,i, nagsasabay. Cun ang saquit ay talagang mananatili sa catauan, ay ungmunti ang lagnat. Cun min-

san lungmilipat ang saquit sa ibang lugar. Ungmaalis sa bulalo nang tuhod sa halimbaua, at napaparoon sa paa, at ungmaacyat sa singit; ungmaalis dito at napaparoon sa bayauang, ó sa balicat caya ó sa sico, sa batoc ó sa galang-galangan nang camay; cun minsan ang maraming casucasuan, cun minsan ang lahat ay sungmasaquit, na totoong cahabaghabag ang lagay nang maysaquit; maghapo, t, magdamag ay tili, at salang hipuin, ay sungmisigao. Ang totoong lauong saquit ay ang sa bayauang, ang sa batoc, at sa balisacang.

110. Cun ang saquit ay nananatili sa balat nang ulo, sa bubong nang mata, ó sa ngipin ay totoong nahihirapan ang maysaquit; at lalo pang mahirap at mapanganib cun napapasalob ang saquit. Cun ungmaacyat sa ulo, ay nagbabalais ang maysaquit; at cun sa sicmura, ó sa bituca mapatungo, ó sa baga, siya, i, mamamatay caalam-alam.

111. Mayroon namang nagcacasaquit na binalingtamad, na di nalalagnat nang malaqui; at capag sungmasaquit na ang mangcaucasuan, nauauala ang pagcalagnat.

112. Cun ang saquit ay nalalauon sa isang casucasuan, hindi na maiquilos cailan man yaong casangcapang nasaquitan.

113. Ang dahilan nang saquit na balingtamad ay ang pag-inom nang alac na marami, ang pag-urong nang pauis, ó pinacataib nang catauan, ang paglacad cun gab-i, ang hanging malamig na may casamang ulan, at ang calaputan nang dugong mainit. At cun hindi paual-in muna itong calaputan, ó cainitan nang dugo, hindi lilitao uli ang pauis. Cun minsan itong saquit ay casama nang escorbuto ó nang pangiqui.

114. Cun naquiquilala nang magaling ang saquit, susumpitin muna ang may catauan nang bilin sa número 5, at pag lungmalo ang isang oras at ang maysaquit ay marugo, ay sasangrahan sa camay, at cucunan nang timbang labing dalauang pisong dugo; ang maysaquit *ilalagay sa husay* (capítulo 4); paiinumín naman nang bilin sa número 2, ó cun hindi minamagaling nang maysaquit ito, ay iinumín niya ang malinao na *suero* na may pulot na calahoc, at siya ang totoong buti sa saquit na ito; pati sa pagsumpit doon, na-aari ang *suero*.

115. Cun бага sangrahan man ang maysaquit, hindi pa gungmiguinhaua ang caniyang damdam, ay cailangan sangrahang uli sa loob nang ilang oras; at cun minsan

hindi pa magcasiya ang macalauang sangrahan.

116. Arao-arao susumpitin, at cun hindi marami ang iniilaguin niya, uuling gagauing macalaua maghapon, lalo pa cun masyaquit ang ulo; datapoua cun baga hindi maquibo, at hindi masumpit ang masyaquit, painumin nang *suero* arao-arao, at saca cun umaga at cun hapon painumin naman nang bilin sa número 24, timbang saicapat ang isang inom. Ang manga hinog na bunga nang cahoy macacain nang masyaquit.

117. Pag nauala na ang lagnat at malambot na ang pulso, ay pupurgahin ang masyaquit nang bilin sa número 23; at cun siya, i, nanabing macalima ó macaanim, caalam-alam yaon ang pag-guinhaua nang dandam niya; saca cun malauonlauon ay pinupurga uli.

118. Cun baga malaquing lubha ang saquit nang casucasuan, ang masyaquit ay cuculubin sa singao nang tubig na mainit na ualang calahoc, at ang casangcapang masyaquit ay itatapat sa singao nang tubig. Magaling tapalang parati nang bilin sa número 9. Ang pagpambo sa malacucong tubig ó ang baños man lamang hangang tuhod, ay macaguiguinhaua rin sa masyaquit, pag

sinangrahan at sinumpit ayon sa sinabi co na sa itaas. Datapoua cun pambohan muna ang maysaquit, bago sangrahan, ó purgahin, ay lulubha siyang bagcus.

119. Cun gab-i ang saquit ay malaqui; datapoua malaqui man, hindi sucat big-yan nang anomang bagay na patulog ang maysaquit, at masama bagcus sa caniya

120. Ang saquit na balingtamad nauauala sa pag-iilaguin ó sa pag-ihing nang ibing malabo,t, malapot na may latac na tila madilao, ó sa pagpauis. Marahil dumaan ang pagpauis sa catapusan nitong saquit; at cun gayo i, magaling painumin ang maysaquit nang tubig na pinaglagaan nang bu-laclac nang *alagao* nang mapauisan pa mandin.

121. Cun minsan naman cun mauala na ang saquit na balingtamad, ay nagcaca-lintog ang manga paa na cun malauo,i, naguing sugat; itong sugat hindi sucat gamutin agad, at uuli ang saquit; ang pag-purgang maminsan-minsan, at ang pag-iingat sa pagcain marami, ay nacauauala roon sa manga sugat na yaon.

122. Cun minsan ang maysaquit, ay sinisibulan nang baga, ó ibang bagay na sibol doon sa lugar na masaquit, ó dapit

doon. Caya cun mayroong naquiquitang sibol, ay gagamuting agad nang médico. Mayroon namang maysaquit na guinagalis at yaon ang pag-galing niya.

123. Ang saquit na balingtamad hindi lungmalalo sa labing apat na arao; datapoua mauala man ang saquit, cun minsan namamaga pa, ó nangingimay ang casucasuan. At nang mauala itong pamamaga, ó cahinaan nang casangcapang nasactan, ay cucuscusin touing umaga at touing hapon nang isang basahang tuyo; lalacad ang maysaquit at susundin niya ang lahat na bilin sa capítulo 5, tungcol sa maysaquit na gungmagaling-galing na.

124. Mayroong namang binabalingtamad na tauo na hindi marugo, may sari-saring calahoc lamang, ó malapot caya ang dugo noon. Ang ganitong tauo; lagnatin man nang malaqui, hindi cailangang sangrahan; ang bagay dito,i, ang purga, at saca ang mangá parapit. Ang polvos número 25, ay maigui rin; datapoua cun bagamatigas ang pulso nang maysaquit, masama sa caniya ang parapit.

*Ang saquit na binabalingtamad na
malauon.*

125. Pinanganganlang balingtamad na lauon ang ungmuuli sa tauo at nauauala, at saca ungmuuli rin, na parati ganoong nauauala,t, sungmisipot; ualang casamang lagnat, hindi maraming casucasuan ang sungmasaquit; cun minsan hindi namumula; at hindi namamaga ang masaquit na cataan; datapoua cun minsan namamaga,t, namumula. Ang saquit na balingtamad na sinaysay co sa itaas, ay marahil dumaan sa manga tauong matataba,t, malalacas; datapoua itong isang saquit ay dungmaraan sa manga mahihinang tauo at sa manga babaying masasactin.

126. Itong isang bagay na saquit na balingtamad, cun hindi guinamot nang panyo, ay nalalauon nang mahabang panahon at di iilang taon cun minsan; lalo pa cun namamahay sa ulo, sa bayuang ó sa balacang, ó sa hita, na yaon ang tinuturang *ceática*. Cun minsan lungmalagay ang saquit sa isang cabila lamang nang ulo, ó sa sihang, sa isang daliri, sa bayugo nang tuhod, sa isang tadyang, ó cun minsan sa

isang suso, na ang isip nang may catauan na yao,i, *canero*. Cun sa baga mapatungo, ang maysaquit ay nag-ubong parati at tootong lungmulubha; cun sa siemura, ó sa bituca manatili, ay ang maysaquit anaqui may *cólico*; at cun sa pantog nang ihi paroon ang saquit, ay ang acala nang may catauan ay mayroon siyang bato roon.

127. Ang pag-gamot dito sa ganitong saquit na balingtamad, ay iba-iba nang caunti sa pag gamot doon sa isang bagay na saquit na sinaysay co sa itaas. Cun malacas ang maysaquit, at malaqui naman ang saquit niya, ay sasangrahan, at paiinomin siyang parati nang bilin sa número 26, at ito,i, gagauing limang arao. Pag pina-inom na nitong gamot, ay pupurgahin nang bilin sa número 21.

128. Cun baga ang saquit hindi pa nauuala, bibig-yan ang maysaquit nang píldoras número 18; at paiinumina nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*. Pagca guinaua na itong lahat na gamot at ang maysaquit ay ualang lagnat, cun husay naman ang caniyang siemura, at ugali ang caniyang pananabi, at cun hindi rin namamaga ang casangcapang masaquit, at hindi mainit, ó ga tuyo ang

catauan nang maysaquit, ay mabibig-yan siya bago humiga nang polvos número 25 sa isang tagayang tubig na hinulugan nang caunting *triaca*, ga ualong butil na maiz carami; at caalam-alam gagaling na, lalo pa cun tapalan, ó cumutan ang casangcapanang masaquit nang isang basahang babad sa tubig na turo sa número 27.

129 Sa lahat na bagay na saquit na balingtamad, ang *ceática* na sinaysay sa itaas sa párrafo 126, yaon ang totoong lungmalaban sa manga gamot. Datapoua magaling lag-yan nang parapit ang masaquit na casangcapan, at lalo pang magaling sa parapit ang tacluban nang pito ó ualong ventosa; at ito,i, paparatihing gagauin. Ang isang *lienzo encerado*, sa macatoid, ang isang caputol na damit na isinaosao sa pagquit na tunao ay maigui ring itapal na parati doon; ó tapalan caya nang dahon nang *papaya*, ó nang dahon nang *linḡansina* (tangantangan). Gayon din ang apog na bagong yari at ang pulutpocquiota ay minamasa capoua at itinatapal. Ang isang *fuelle* sa ilalim nang hita ay maigui rin. Datapoua cun hindi mangyaring mauala yaong saquit na yaon, ay pasuin ang casangcapanang masaquit; houag

lamang ang ulo, cun naroroon na ulo ang saquit.

130. Magaling sa saquit na ito ang pagpambo sa mainit na tubig na bungmubucal sa lupa para nang sa bayang pina-nganganlang *Los Baños*; datapoua pupurgahin muna ang maysaquit, bago pumambo siya doon. Ang pagpambo sa malamig na tubig pag magaling na ang maysaquit ay sucatgauin nang malimit, nang houag umuli ang saquit na balingtamad. Mabuting totoo naman, ang cuscusin touing umaga nang isang basahang tuyo ang boong catauan, lalo pa ang casangcapang masaquit. Sa panahong tag-guinao ay magaling gumamit ang maysaquit nang damit nang balahibo nang tupa na pasasayerin sa laman; na-aari rin ang damit na tinina nang azul. Ang pag-inom nang mahabang arao nang tubig na pinagbabaran nang *trifolio fibrino*, (pangasvit) ay magaling na totoo sa saquit na balingtamad; at cun бага ang balingtamad ay casama nang escorbuto ang mabuti rco,i, magbabad sa calahating botellang tubig ó alac sa misa nang timbang isang salaping *quina (dita)* at timbang cahating *ruibarbo*, at touing arao iinumina nang maysaquit ang isang calahating tazang mahiguit.

131. Masama dito sa ganitong saquit ang agwardiente, at ang ibang manga maiinit na bagay, pati nang manga unguentong may tabá. Mayroon namang tauong binabalingtamad, na gamutin man nang paanyo, ay hindi gungmagaling, bagcus lungmulubha; itong ganitong maysaquit ay magaling pa sa caniya ang houag gamutin, lalo pa cun matanda.

CAPÍTULO 14.

Ang saquit na pinanġanġanlang piyo, sa uicang castilá,i, gota.

132. Ang saquit na ang pangala,i, piyo ay marahil mamahay sa paa; ang damdam nang maysaquit ay siya,i, dinaraan, ó binubusan nang malamig na tubig sa caniyang paa; cun minsan ang damdam niya,i, anaqui linalagari, ó binabatac, ó pinapaso ang manga daliri nang paa. Mayroon namang tauo, na pinipiyo sa camay ó sa ibang lugar nang catauan. Ang nagcacasauquit nang ganito ay ang matamaring cumibo, ang malacas cumain, ang nag-iisip nang manga maliliuag, ang napupuyat, ang namamanglao, at ang inurungan

nang pauis, galis, ó nang saquit sa bouan bouan cun baga babayi.

133. Ualang maalamang gamot sa *gota* ó *piyo*; at masama namang gamutin, sa pagca mauala man yaong saquit na yao,i, mamamatay caalam-alam nang biglang pag-camatay ang may catauan, ayon sa uica ni Buchan. Caya ang sasabihin co lamang ngayon, ay ang magaling gauin sa maysaquit na inuurungan nang piyo.

134. Cun yaong pinipiyong tauo,i, nauala,t, inurungan noong saquit na yaon, at dahilan doon sa pag-urong nang saquit, siya,i, dinaraanang nang *apoplegia* (panhihimatay), ó garrotillo, ó hinihica siya, ó nahihilim, ó masaquit ang siemura, ó nagcacasquit nang iba, ang gagauin agad ay ang isusunod na ituturo co ngayon.

135. Babañusang parati ang maysaquit sa tubig na mainit hangang tuhod; cucuscusin nang tuyong damit ang caniyang paa. Saca sasangrahan dito rin sa paa. Lag-yan nang parapit número 36, at cun malubha ang maysaquit, ay lalac-han ang parapit. Ang paa siya ang pararapitan, cun baga ang maysaquit datihang pinipiyo sa paa, ó sa camay, ó sa ibang lugar nang catauan. Datapoua cun mahirap na ang maysaquit,

at mapanganib ang caniyang buhay, doon pagdaca pararapitang malapit sa masaquit na casangcapan, sa itaas nang camay sa halimbaua, ó sa ibabao nang sico. Pag magaling na ang damdam nang maysaquit at ang saquit na piyo ay nararamdaman din doon sa rati, hindi na mapanganib ang maysaquit; at hangan siya, i, malubha pa, at hindi nagsasaoli ang saquit doon sa datihan, *ilalagay siya sa husay* (capítulo 4), at paiinumín nang tubig na pinagbabaran nang bulaclac nang alagao, na dinoroonan nang salitre, timbang sa icaualo maghapon; saca babalutin nang damit na tinina nang azul yaong lugar na yaon, na ibig paroonan nang piyo, at macaitlo maghapon paiinumín ang maysaquit nang *triacang* itinuturo sa número 42, na tutunauin sa tubig nang *alagao* na sinabi co cangina.

CAPÍTULO 15.

Ang gagawin sa quinagat nang asong bang-ao, na ang tauag nang castila, sa ganoong saquit ay mal de rabia.

136. Ang aso pati nang pusa ay nababang-ao ó nauulol di man cagatin nang

ibang hayop na ulol. Ang nababang-ao na aso, ay quinatatacutan nang capoua aso, at sa malayo man ay ungmilag doon, sapagca pinaquiquiramdaman nila ang caniyang saquit. Cun ang aso, i, nababang-ao na, ay hindi ungmaabot sa icapat na arao, at namamatay siyang cusa.

137. Cun mayroong tauong quinagat nang pusa ó nang asong ulol, ang sugat ay nababahao, para nang ibang manga sugat. Caya ang manga tagalog na ualang isip, sila, i, nararayaan nang manga médicong hunghang na canilang tinatauag; at sa canilang acala ay uala na silang saquit, sapagca ang sugat ay nabahao na Datapoua aco, i, nacaquita na nang labing limang may-saquit sa isang bayan lamang na quinagat nang asong bang-ao; at nangamatay rin, baga man nangabahao ang canilang manga sugat, at sinangrahan nang manga médico at sinipsip pa, t, vinentosahan ang canilang manga sugat. Ang sugat na gaua nang pusa ó nang asong ulol, ay nababahao nga cun minsan siyang cusa, di man gamutin; datapoua pag nacaraan ang tatlong lingo, ó ang isang boua, t, calahati, ó tatlo cayang bouan, ay nararamdaman nang may catauan na masaquit-saquit yaong lugar nang sugat

na nabahao. Saca hungmalili dito ang pamamaga nang pilat nang sugat; namumula tuloy at pungmuputoc, at linalabasan nang tila tubig na mabaho, at ga mapulapula. Ang maysaquit ay namamanglao at ga natatamlay; naguiguitla siya, at pinangingilabutan nang guinao ang boong catauan; ga quinacapus siya nang paghinga at balisang parati; masaquit ang manga bituca; ang pulso, i, mahina, t, gulo; ang pagtulog ay hindi mahimbing, bageus parating nauiguising at natatacot; ang pananabi ay sala rin; parating pinapauisan siya nang malamig, na munti ang pauis at sumandaling oras lamang calauon; cun minsan masaquit ang lalamunan. Ito ang manga unang nararamdaman nang quinagat nang asong bang-ao.

138. Ang sungmusunod dito, i, itong iba pa; ang maysaquit ay nauuhao na totoo, at nahihirapan cun ungmynom, datapoua cun malauo, i, aayao na siyang uminom, at touing ilalapit sa caniya ang tubig, ó cun naquiquita niya, ó nariringig man ang pangalang *tubig* ay nasisindac ang caniyang boong catauan. Ang manga hirap at ang manga saquit niya ay hindi masaysay. Ang pagtingin niya ay titig, at ga mabagsic;

anopá,t, catacot-tacot panoorin ang caniyang lagay.

139. Bagaybagay ang gamot na ang uica nang manga tauo,i, maigui rito; datapoua ang gamot na totoong-totoo doo,i, ang *mercurio*, ó *azogue*. Caya ang pagsangra sa maysaquit, ang ventosa, ang pagsipsip nang sugat, at ang sungay nang usa na sinunog, na inilalagay roon, ay hindi naniniya cun minsan; at mayroon ding namamatay na maysaquit na guinamot noon. Caya ang gagauin nang quinagat nang pusa ó nang asong bang-ao, siya,i, magsusugo sa Mainila (cun sa ibang bayang may botica) nang isa catauo, at ipacucuha niya doon sa botica ang bilin sa número 28. Ito ang totoong gamot, at ang lalong magaling na lunassa quinagat ng asong ulol. Caya mabuti disin, cun sa lahat na bayan mayroon magamit na gayong gamot, doon man lamang sa bahay ng tauong mayaman, ó sa tinda nang manga mercader; ang halaga niyong gamot na yaon ay isang salapi ó piso. Datapoua cun bibili ang manga mercader sa botica, ay magaling bumili sila nang *mercurio* lamang na ualang calahoc, sapagca ang *mantica*, i, ungmaanta, at ang isa pa,i, cun gagamitin na, ay ualang liuag samahan nang *mantica*

ayon sa turo sa número 28 doon sa nota.

140. Ang gagauin nga sa tauong quinagat nang pusa ó nang asong bang-ao ay gayon. Pagcaraca mag-iinit ca nang tubig na dinoonan nang caunting asin. Ang sugat ay huhugasan at lilinising magaling na magaling nitong tubig na malacuco na dinoonan nang asin, nang macuha ang lauay nang asong nacacagat. Saca cuscu-sing palibot ang manga tabi nang sugat, hangang sa tatlong daliri calayo doon sa sugat, nang timbang saicapat nang unguentong tinuran co cangina, na bilin sa número 28; at ito, i, gagauing minsan arao-arao. Ang sugat ay gagamutin at baba-hauin para nang ibang manga sugat; data-poua maigui ring pabayaang munang magnacnac nang malauon. Tungcol sa husay nang maysaquit, cailanganang houagsiyang cumain nang maraming carne; saca magingat sa alac, sa manga mahanghang at sa manga mainit; at nang lumaqui ang cabagsican nang mercurio, susumpitin ang maysaquit touing arao, at babañosan arao-arao sa malacucong-tubig hangang tuhod. Ang caniyang iinumang parati ang bilin sa número 2. Maraming totoong tauo, ani Tissot, ang guinamot co nang gayon na quinagat

nang asong ulol, at hindi sila naano. Caya yaon ang cailangang pagpilitang gauin nang tauong ibig masiguro ang caniyang bnhay. Caya quincuscos ang manga tabi nang sugat nang unguento nang *mercurio*, ay nang lumura ang maysaquit nang manga labing limang arao, ó tatlong lingo.

141. Datapoua bago gamutin nang gayon ang maysaquit, cun mayroon siyang dugong marami at mataba, at magaling na totooang caniyang catauan, pagcahinugasan na ang sugat nang tubig na may asin, ay cailangang sangrahan, ó ipacagat sa anim na linta ang caniyang camay; ó tanducan, ó tacluban nang ventosa, at cunan nang dugó na manga apat ó limang piso ang timbang. Datapoua cun yayat ang maysaquit, ay houag cunan nang dugo. Sacaisusunod doon ang pagcuscos nang mangatabi nang sugat, at ang ibang manga biling co sa itaas sa párrafong sinundan nito, hangang sa icalabing dalaua ó icalabing limang arao. Ang maysaquit na guinagamot nang *mercurio*, ay hindi sucat yumapac sa basá; at totoong sama yaon. Gayon din cailangang magingat siya sa hamog at sa ulan; houag lumacad siya sa lupa cun gab-i, ó cun madaling arao, at paraparang masama yaon. Ang manga ba-

baying may panahon cun quinagat nang *asong* bang-ao, ay gagamutin din para nang iba; houag lamang damihan ang ipinapahid sa caniya, at houag namang pahiran arao-arao cun hindi cailangan. Masama namang sangrahan.

142. Nguni,t, cun ang tauong quinagat nang pusa ó nang *asong* bang-ao na hindi guinamot nang paanyo, ay sungmasama na ang caniyang pagcaramdam, at mahirap na ang caniyang lagay, ang gagauing madaling-madali doo,i, gayon. Sasangrahan, ó cucunan nang maraming dugo, at ito,i, uuling gagauing macalaua ó macaitlo ó macapat, cun baga cailangan. Cun baga mapambohan ang maysaquit nang malacucong tubig ay pambohan agad nang macalaua maghapon. Sumpiting macalaua, ó macaitlo maghapon nang bilin sa número 5. Cuscusin ang manga tabi nang sugat na macalaua maghapon nang unguento nang *mercurio*, para nang utos sa párrafo 140. Yaong casangcapang quinagat nang pusa ó nang aso, lalahiran nang langis ó lana man, at babalutin nang basahang babad din sa langis; macualo maghapon, paiinumín nang tubig na pinaglagaan nang alagao; at macualo rin palulunuquin ang maysaquit nang isang

pelotilla nang turo sa número 31. At cun бага ibig niyang sumuca, painumin nang bilin sa número 35. Ang maysaquit na guinamot nang gayon, cun бага nalauot, hindi pa gunḡmagaling na tatoo, bagcus naroon mahina,t, hapay ang caniyang loob ay painumin nang bilin sa número 14, timbang tatlong bahagui maghapon.

Cun sa iyong bahay mayroon cang ingat na *mercurio* ay siya na yaon, at hindi cailangang magsugo ca nang tauo sa botica. Ang timbang pisong *mercurio* ay doonan mo nang timbang tatlong salaping *manticang* sariua nang bakoy, at timbang isang salaping *sebo* nang *baca* ó *tupa*; saca bayuhin itong tatlong bagay, hangang hindi na maquita ang *azogue*, sa isang bayohang bacal ó tangso, ó sa lusong man, ó sa tagayan man, at pagca bayo na,i, yaon ang unguentong ipapahid mo sa sugat para nang turo co sa itaas, párrafo 140.

Nota. Ang uica nang isang médicong marunong, na si Roux ang ngalan, na capilitang pasuin ang sugat na guinagaua nang aso ó nang pusang ol-ol. Caya pagca hinugasan ang sugat nang tubig na may asin, ay doonan nang caonting bulac ó laman nang bunga nang boboy, at papagningasin,

na yao, i, gagauing maminsan-minsan. Saca gauin mo naman ang turo ni Tissot tungcol sa *mercurio*; at houag mong bahauin ang sugat cundi malauon.

Ang gagauin sa quinagat nang asong ol-ol cun ualang mercurio ó azogue.

143 Datapoua cun ualang *mercurio*, at maliuag namang magpacuhacasa botica, ang gagauin sa quinagat nang asong bang-ao, ay gayon. Pagcaraca huhugasa, t, lilinisin ang sugat nang maysaquit nang tubig na malacu co na dinoonan nang asin, ng macuha ang lauay nang asong nacacagat. Saca painumin tuloy ang maysaquit nang *lana ó langis sa castila, ó langis nang niyog* na mabaho man, ga calahating taza carami, hangan sa siya, i, sumuca; at cun hindi sungmusuca ay big-yan pa hangan sumuca. Itong pag-inom nang langis, hindi sucat pabayaan, at siya ang cauna-unahang gamot dito. Saca cun ibig at pungmapayag ang maysaquit, ang sugat ay pasuin nang caunting bulac, ó nang laman nang bunga nang boboy. Cun aayao ang maysaquit na pasuin ang sugat niya, i, papagsugatin nang isang *lanceta ó campit ó dulo* nang gunting man, mangyaring mag-

dugó lamang, at doonan ang sugát nang caputol na *sunḡay* nang *usa* na sinunog, at iuan doon hangan sa siyang cusang malaglag. Ang pagsusunog noong *sunḡay* nang *usa*, ay hindi maliuag; basahin mo ang número 30.

144. Ang sinabi co ngayon sa párrafong natalicdan ay magcacasiya na cun minsang igamot sa quinagat nang asong ol-ol; datapoua nang lalo pang maseguro ang buhay nang maysaquit, ay mabuting gauin ang sasabihin co ngayon. Touing icalauang arao susumpitin ang maysaquit; arao-arao papambohan nang tubig na malamig, at palulunuqing maghapon nang dalauang pelotilla nang bilin sa número 31. Ang pagpambo itutuloy hangang sa tatlong puo ó apat na puong arao, at cun hindi minamagaling nang maysaquit ang malamig na tubig pambohan sa tubig na malacuco. Ang tauong guinagamot nitong manga bilin sa dalauang párrafong magcasunod, cun minsan ay hindi mamamatay di mang gamutin nang mercurio. Datapoua, t, lalong magaling at seguro sa lahat ang mercurio.

CAPÍTULO 16.

**ANG GAMOT SA QUINAGAT NANG MANGA
HAYOP NA MAY CAMANDAG.**

*Gamot sa quinagat nang pocquiotan, laiuan,
potacti, amboboyog, lamoc, ó langao na
may camandag.*

145. Cun mayroong quinagat na tauo, niyong manga hayop na yaon, ang gagauin ay gayon. Bunutin muna ó sunquitin nang carayom ang panuca nang hayop na cungmagat; saca basaing parati yaong lugar na mesaquit nang basahang babad sa tubig lamang, ó sa tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*; ó tapalan nang tinapay na minasa sa *gatas* at *pulot*; bañosan ang maysaquit hangan tuhod nang tubig na malacuco; houag pacanin nang marami cun gab-i; painumin siya nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*. Ang lana ó langis nang niyog ó ang langis sa castila, cun ilahid agad sa lugar na quinagtan nang hayop, ay nacauauala nang pamamaga, pati nang pagsaquit. Datapoua cun minsan hindi cailangang gumaua nang

anoman, doon sa quinagat niyong manga hayop na yaon, at ang saquit siyang cusang nauauala. Cun бага maraming hayop ang nacacagat, ay sangrahan, ó cunan nang dugó ang may catauan.

Gamot sa quinagat nang ahas.

146. Ang magaling gauin sa quinagat nang ahas, ay cadlitan ang sugat, pag binigquisan muna sa ibabao nang quinagtan na casangcapan, saca tinatacluban nang ventosa, ó ipinasisipsip sa ibang tauo. Ang sugat ay lahiran nang *lanġis* na mainit-init ó lana man, at ang maysaquit ay painumin din nang langis hangan sa siya,i, sumuca. Sacá humanap ca nang buto nang *mostaza* at isang bigquis nang damo na ang pangala,i, *colearia* (Taquip susó ó taquip cuhol) at bauang, itong tatlong bagay babayuhin: saca pigain, at ang gatá ipaiinom sa maysaquit, at caalam-alam gagaling. Cun ualang buto nang *mostaza*, ang dahon ay na-aari.

147. Cun hindi pa gungmagaling ang maysaquit, mag-init ca nang caunting tubig na hinulugan nang caputol na *pepita* sa *catbalonga*, at pag mapait na ang tubig, ay ipainom mo sa maysaquit, at ang lugar na

quinagta,i, cadlitan muna nang magdugo, bago tacluban nang caputol na *pepita* rin, na linauayan muna. Pag cumapit ang *pepita* doon sa sugat, ay bayaan doon hanggan sa siyang cusang malaglag. Itong gamot na ito,i, totoong buti. Cun ualang *pepita*, ay lag-yan nang caputol na sungay nang usa na sinunog, número 30.

148. Cun ualang *pepita*, ó sungay nang usa, ó langis man, ang dumi nang tauo na-aari rin; caya ang timbang cahati, ó tatlong bahagui, ó isang salapi noon ay iyong tunaur sa tubig, ó sa alac, at ipainom sa maysaquit; itong gamot na ito,i, nacagaling sa marami. Maigui ring ipanguya sa maysaquit ang isang sangá nang *macabuhay* na mapait hangang malasahan niya ang pait.

149. Ang pinanganganlang *agua de luz*, ay yaon ang mabagsic sa lahat na gamot. Caya cun mayroong quinagat nang ahas, paiinumín nang tubig na dinoonan nang lima ó anim na capatac na *agua de luz*; na ito ay gagauing macapat sa isang oras, ayon sa calubhaan nang maysaquit; cungungmagaling-galing na siya,i, dinadalanngan ang pag-inom; at arao-arao paiinumín din nang caunti, pati nang lugar na qui-

nagtan ay lalahiran nang ilang capatac noon ding *agua de luz*. Datapoua cun pina-inom na ang maysaquit nang maraming *agua de luz*, at hindi rin gungmagaling, ang boong catauan niya ay pahiran nang langis, bago painumin nang *agua de luz*. Ang *agua de luz* cailangang bilhin sa botica.

150. Bucod doon sa manga bagay na sinabi co ngayon na magaling igamot sa tinuca nang ahas, mayroon namang iba, na magagaua rin sa maysaquit nang madaling gumaling. Caya pagca yari na yaong manga bilin sa párrafo 146, 147, 148, mabuting painumin ang maysaquit nang tubig na may gata nang dayap ó nang tubig na sinucaan. Maigui rin (pag nahuhugasan na nang tubig, ó alac ang sugat) pasuin yaon ding sugat nang isang tabaco, ó nang laman nang bunga nang boboy.

Gamot sa quinagat nang atangatang sa uicang castila, i, alacrán.

151. Ang pag-gamot sa quinagat nang atangatang ay para nang guinagaua sa quinagat nang ahas; bubunutin muna lamang ó susunquitin nang carayon ang pinaca-

panuca nang hayop, cun бага nababaon sa laman; saca ang manga turo sa párrafo 146, sa 147 at sa 148, susunding gagauin sa maysaquit.

Gamot sa quinagat nang gagamba.

152. Cun mayroong quinagat nang gagamba ang gagauin doo, i, gayon. Bumayo ca nang *bauang* at *triacá*, at itapal mo sa lugar nang quinagtan nang hayop. Ang totoong galing dito, i, patacan yaon ding lugar nang dagta nang *hawili ó as-is ó tibig*, na macalaua ó macaitlo. Datapoua cun бага mayroong tauong nacalunoc nang gagamba casama nang ibang quinain, cailangang pasucahin nang langis. Ang guinagaua sa quinagat nang ahas, yaon din ang maigui rito: caya cun бага hindi nacagaling ang dagta nang *hawili*, at ang tapal na *bauang* at *triacá*, susundi, t, gagauin ang manga bilin sa párrafo 146, sa 147, at sa 148. Ang magaling sa lahat ay ang *pepita sa catbalogan*, ayon sa sinabi co sa párrafo 147; ito, i, totoong daling nacaguinuhau sa maysaquit.

Gamot sa quinagat nang buaya ó pating.

153. Cun mayroong tauong quinagat nang buaya ó pating, ang gagauin doon ay hugasa, t, linising magui ang sugat nang alac na malacuco. Doonan nang asin ang sugat lag-yan nang caputol na sungay nang usa na sinunog número 30; at pag bumutao ang sungay, gamuting para nang guinagaua sa ibang sugat.

Gamot sa natibo nang pagui, lupò sombilang, canduli, ó ibang bagay na isda na ang tinic ay may camandag.

154. Ang gamot sa natibo nang manga isdang yaon ay ang gata nang dayap, na ipinapatac sa masaquit, pag binunot muna ang tinic. Cun ualang dayap, ay naari ang dagta nang dahon nang *camote*, ó ang maasim ang *dalandan*, ó ang *suha*, ang *colobot*, ó *lucban man*. Magaling din ang tapal nang manga *chileng* binayo na may casamang *suca*. Gayon ding maigui rito ang bunga nang *pepinillo* de S. Gregorio (pacupis, salagsalag, tabuboc, halahala, pocotpocot) na pinanga-

nganlan naman nang manga castila na *colóquintida*; ang bunga nitong damong ito ay binabayo at itinatapal; at ang maysaquit pinaiinom nang caunti noon, ga anim ó pitong butil na palay ang timbang, nang siya,i, sumuca, ayon sa bilin sa *nota* nang número 34. Cun hindi mauala ang pamamaga nang quinagtang lugar, ay maiguing tapalan nang dahon nang *dapdap* na ma-init init. Cun ang tinic ay hindi mabunot, ay gamutin ang maysaquit para nang turo sa párrafo 285.

Gamot sa quinagat nang cocac, isa bagang hayop na catulad nang palaca.

155. Ang cocac ay ualang ngipin, datapoua ang pinacangidngid noon ay matigas; caya cun mayroon quinagat noong ó cun mayroong nacacain nang *cocac*, ang gagauin doo,i, para nang bilin sa itaas sa quinagat nang gagamba, párrafo 152; ó gamutin para nang quinagat nang ahas, cun hindi siya gungmagaling. Aco,i, nacaquita nang isang tagalog, na munti nang namatay dahilan sa pagcain nang cocac.

Gamot sa quinagat nang olupihan, ó olahipan, na ang panḡalan nang castila doo,i, ciento piés.

156. Nang maualang madali nang pag-saquit ang lugar na quinagtan nang olupihan, ay loloopin nang tatal nang *molanin* na sinunog; saca tapalan nang *chile* at bauang na binayo. Maigui ring tapalan nang dahon nang tabacong mura, na binayo rin. Nguni totoong buti sa saquit na ito, ang *pepita* sa Catbalogan, ayon sa turo sa párrafo 147.

Gamot sa natilas na tauo, pati sa naligas.

157. Mayroong isang ood na ang pangala,i, *tilas* sa uicang tagalog, at sa uicang bisaya,i, *basul*; yaong hayop na yaon ay hindi nangangagat; datapoua,i, salang mapasayad sa balat nang tauo,i, cungmacapit at nababaon sa laman ang balahibo noong hayop na yaon. Ang gamot sa natilas, ay ang *draconcio* (panaquilon); quinacayod ang laman nang pinacacatauan nitong damong ito, at itinatapal sa masa-

quit; at totoong daling lungmalabas ang manga balahibo nang hayop, at nababahao ang sugat na malauot, may nana man. Cun ualang *panaquilon*, ay alin mang bagay sa sasabihin co ngayon, ay ma-aari. Ang dahon nang *nami* ay nacacabunot naman nang balahibo nang *tilas*. Ang sa *papa-yang* dahon, na maputi at malanta na ay maigui rin. Magaling doon sa masaquit, ang pahiran nang pagquit na uinisican nang langis, at nang pinalambot sa apoy, at saca paraanin nang mariin doon sa masaquit ang ilang buhoc nang babayi, na hinahauacan sa dalauang camay, at mada-dala tuloy nang buhoc ang manga balahibo nang *tilas*.

Nota. Ang tauong dungmaraan sa ilalim nang cahoy na pinanganganlang *ligas*, cun бага siya, i, nahuhulugan nang hamog na nangagaling doon, ay sinisibulan ang may catauan nang manga butil na masaquit, at ang gamot doo, i, cuscusia nang caputol na bunga nang salagsalag ó pacupis (pepinillo de san Gregorio.)

Gamot sa pinasucan sa tayingã nang antipalo, cun otto.

158. Ang hayop na p nanganganlang

antipalo, ay catulad nang olopihan, munti lamang doon, at marami ang paa. Itong hayop na ito, i, sungmusoot sa tayinga nang tauo. Ang pinanganganlan nang tagalog na *otdo* ay catulad nang bulati, munti lamang ang catauan, mabilog, malandas na totoo, maquintabang balat, at gamariquit, tingnan. Ang *otdo* ay hindi rin nangangagat sungmosoot lamang sa tayinga nang tauo. Caya cun mayroong tauong sinuutan sa tayinga nang *otdo*, ó *antipalo*, bumayo ca nang caonting isdang tuyo, ó bagoong, at idoon mo sa tayinga, at lalabas ang hayop. Cun ibig mong patayin ang *antipalo* sa loob nang tayinga, ay bumayo ca nang isang bigquis na lcoloco, (*albahaca silvestre*) lag-yan mo nang caunting tubig; saca pigain, at ang gata, i, idoon mo sa tayinga, at mamamatay ang hayop.

159. Cun minsan ang tauo, i, pinapasucan sa tayinga nang manga hayop na munti; at ang mabuti sa lahat doo, i, pahigain nang pataguilid ang may catauan, at sidlan nang tubig ang tayinga, at pagcaraca lalabas ang hayop.

CAPÍTULO 17.

*Ang bulutong na ang tauag nang castila
doo,i, viruelas.*

160. Bago lagnatin ang tauong bubulutungin siya,i, ga namamanglao muna; madaling pausan siya, at nananab-ang nang pageain. Ang muc-ha,i, ga nag-iiba, pati nang mata,i, macuyad; saca naghahalihalili ang pagdaan nang init at nang guinao sa may catauan. Sungmusunod dito ang isang malaquing guinao, at tuloy hungmahalili sa guinao ang isang malaquing lagnat, na may casamang saquit nang ulo,t, bay-auang. Ang maysaquit ay sumusuca naman, ó ibig sumuca. Nahahatang darami ang bulutong, cun maquintab ang mata nang maysaquit, cun siya,i, sungmusucang parati, at ang bay-auang ay masaquit na totoo; cun nagbabalisa, at parating bibiling-biling ang maysaquit; ó cun бага бата, cun hilim na parati, cun ang bulutong ay lungmilitao sa icatlong arao, ó sa icalaua caya; sapagca cun maagang lumitao ang bulutong ay lalo pang mapanganib ang maysaquit.

161. Ang lagnat nang bubulutungin ay iilang oras lamang ang calac-han; saca ungmunti ang lagnat at pinapauisan nang malaqui. Sa catapusan nang lagnat, sa icatlo ó icapat na arao ay lungmilitao ang bulutong na casabay nang paus na sungmusunod sa lagnat. Ang unang sinisibulan nang bulutong ay ang muc-ha, saca ang camay; sungmusunod ang bias nang camay, ang liig at ang ibabao nang dibdib. Pagca ganito ang lagay nang maysaquit, at talagang hindi siya lulubha,t, bubulutungin nang marami,t, masamang bulutong, ang lagnat ay ungmunti ó hindi lamang nauauala; saca dungmarami ang bulutong, at sungmisibol sa licuran at sa pig-yi, sa tiyan, sa hita,t, sa manga paa; cun minsan maraming totoong bulutong ang sungmisibol sa talampacan. Ito,i, mahirap sa maysaquit; sapagca dahilan sa cacapalan nang balat noong lugar na yaon ay maliuag sumibol na madali. Ganoon ang inaasal nang bulutong na magaan.

162. Dahilan sa pagsibol nang manga bulutong ang balat nang catauan ay nauunat at namamantal. Ang unang namamaga ay ang muc-ha, pati nang liig; at dahilan sa pamamagang yao,i, nagsasara ang mata cun

minsan. Saca sungmusunod na namamaga ang camay; hungmahalili ang paa; at gayon din ang ibang manga casangcapan.

163. Cun ang bulutong ay marami, ang maysaquit ay lalagnating uli, cun malapit nang magnana ang bulutong. Ang pagnana nang bulutong ay sa icasiam na arao hangan sa icalabingtatlo. Doon nauuhao at nahihirapan ang maysaquit, at hindi siya matutong lumagay; at cun malaqui ang saquit hindi macatulog siya, at tila nahuhung- hang; cun minsan ay hilim, at mapanganib ang caniyang buhay. Ang pulso, i, totoong dalas pagca gayon; datapoua cun nauauala na ang pamamaga nang muc-ha at nang liig, ay hindi na lubhang mapanganib ang buhay nang maysaquit.

164. Ang isa pa namang marahil du- maan sa binubulutong ay ang pagsaquit nang lalamunan; ang isip nang nag-aalaga sa maysaquit, na ang lalamunan ay sinisibulan din nang bulutong; datapoua ang dahilang totoo nang pagsaquit nang lalamunan, ay ang pamamaga nang manga casangcapan nang catauan, ang cainitan nang dugo, at ang calaquihan nang lagnat, sapagca sa la- lamunan ualang sungmisibol na bulutong; caya cun hindi marami ang bulutong, at

hindi rin malaqui ang lagnat, ay hindi sungmasaquit ang lalamunan. Cun malaqui itong pagsaquit ng lalamunan, ay parating lungmulura ang maysaquit na hindi siya macapagpabinga. Ito, i, nacacahirap sa caniya, lalo pa cun napapacros nang calulura ang manga labi, ang manga loob nang pisngi, ang dila, at ang ngalangala; datapoua mahirap man itong paglura, ay totoong nacacagaan sa saquit.

165. Ang manga sangol ay sinusubaan cun sila, i, sisibulan nang manga bulutong, datapoua, i, hindi sucat alumanahin yaon; alintana masamang subaan, cun baga nacaurong ang pagsibol nang bulutong, ó cun magnanana na. Cun minsan naman binalingoyngoy ang binubulutong bata ma, t, matanda man; at ito, i, magaling na totoo sa maysaquit.

166. Ang nalalagnat na, dahil sapagca siya, i, bubulutungin, ay hindi sucat painumin nang manga maiinit na nacapagpapa-pauis; caya ang alac, ang triaca, ang mainit na silid at ang maraming damit ay nacacalubha sa maysaquit. Maraming lacsang tauo ang namatay dahilan doon sa mangaganoon.

167. Cun dabilan sa lagnat nahahalata na, na bubulutungin ang tauo, pagcaraca, i,

ang saquit *ilalagay sa husay* (capítulo 4); at touing umaga, t, hapon ay babañusan nang malacucong tubig hangang tuhod. Dahil dito sa pagbabaños na ito, ay dungmadalang ang bulutong sa ulo. Ang pagsumpit ay isa pang nacauauala nang pagsaquit nang ulo, caya ang maysaquit susumpitin arao-arao at cun munti áng lagnat, at hindi talaga siyang bubulutungin nang marami, ang baños, ang pagsumpit, at ang husay sa capítulo 4, ay mageasiya na. Saca mabibig-yan ang maysaquit nang alin man doon sa bilin sa manga número 1, 2 ó 4, cun siya, i, matanda; datapoua cun sangol ang maysaquit, at hindi nalalagnat, bibig-yan nang gatas na dinoonan nang tubig; na pinagbabaran nang alagao; itong tubig ay calahati nang gatas. Datapoua cun hindi pungmapayag ang bataroon, ay samahan lamang nang tubig. Sa manga matatanda, i, ang manga bunga nang cahoy na luto sa tubig at ang tinapay ay magaling din, cun naiibig nila. Datapoua masama roon ang carne, ang sabao, ang itlog at ang alac. Mapapainom namang; parati ang maysaquit nang suero número 50 ó nang gatas nang baca na inalsan muna nang pinacataba. Cun hindi malaqui ang saquit, itong manga bagay na sinabi co

ngayon ay siya na; datapoua pag natutuyoyuyo na ang mangá bulutong, cailangang purgahin ang maysaquit nang bilin sa número 11: at pag nacaraan nang anim na arao, siya,i, capupurgahin pa noon ding purgang yaon. Pag napurga nang minsan ang maysaquit, ay macacacain na siya nang manga gulay at tinapay.

168. Datapoua iba ang gagauin pagca malaqui ang saquit nang bubulutungin. Sapagca cun ang lagnat ay malaqui, at matigas ang pulso, at masaquit na totoo ang ulo, pati nang bay-auang, ay cailangang sangrahan ang maysaquit sa camay. Saca pag nacalalo ang dalauang oras ay susumpitin: at cun hindi ungmunti ang lagnat, at lalo pa cun matigas ang pulso, at ang maysaquit ay naghihilim, ó tila nasisira ang bait, ay cailangan sangrahang minsan pa, ó macalaua man, sa manga unang dalauang arao, cun hindi nauauala ang malaquing cahirapan nang lagnat. Gayon din, cun ganoon ang lagay nang maysaquit, ay susumpiting macaitlo, ó macapat maghapon, at babañosan sa paa hangan tuhod na macalaua maghapon din. Saca inalis ang maysaquit doon sa quinahihig-an, at pinalulucloc sa luclucan sa isang silid na maaliualas,

hangan sa siya,i, macapagtiis doon. Ualang ibang ipaiinom sa caniya cundi ang bilin sa número 2 ó 4; at cun hindi rin ungmunti ang lagnat, touing oras ay paiinum nang isang cuchara nang bilin sa número 10. Pag nacasibol na ang bulutong palibhasa,i, doon hindi na malaqui ang lagnat, houag gauin sa maysaquit itong lahat na sinabi co ngayon, cundi ang inacala lamang na macacasiya sa caniyang calagayan; at cun totoong naual-an nang lagnat ang maysaquit, ang gagauin lamang sa caniya,i, ang manga bilin sa párrafo 167 na sinundan nito.

169. Cun magnana na ang bulutong, cun minsan lalagnatin uli ang maysaquit; at ang gagauin doon ganito. Ang isusumpit sa caniya ay ang *suero*, *pulot*, *lanñis*, at *asin*; cun ualang suero, ay na-aari ang tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay*. Macaitlo cun umaga paiinum nang tatlong tsza nang bilin sa número 32. Cun бага malaqui ang lagnat nang maysaquit, ay paiinum touing oras nang isang cuchara nang bilin sa número 10, ó damidamihan cun бага cailangan. Ang maysaquit ay inalis sa hihigan, at inililipat sa silid na maliualas, at arao at gab-i doon pinalulucloc

sa luclucan, bucas ang dungauan (cun arao) hangan umunti ang lagnat. Itong ganitong gaua ay totoong igui sa maysaquit at di man matulog siya, i, ay hindi naman ma-aano, baquit macacasama bagcussa caniya ang pagtulog; at ang isa pang hindi icatutulog niya, ay ang malimit na paglura, na masamang tumahan at mauala. At nang siya, i, lumura nang maguinha ay susumpitin parati sa loob nang bibig nang tubig na may casamang pulot, nang isang sumpit na munti, na cauayan man. Gayon ding mabuting sumpitin ang maysaquit sa ilong nang malinisan, at nang macahinga siya nang maloualhati. Cun бага malaqui pamamaga nang muc-ha at nang liig, ay doonan ang maysaquit sa talampacan nang tapal na itinuro sa número 9; at cun hindi nagecasiya ito, ay lag-yan sa talampacan din nang parapit número 36, at mauauala ang pamamaga nang muc-ha, t, liig.

170. Cung malaqui ang saquit nang binubulutong, ang manga mata, i, nagsasara; at ang bagay roo, i, ang gatas na tinubigan na ibabasa roong parati; maigui rin cun minsan ang basain nang tubig na pinagbaran nang *casubha*, ó bulaclac nang alagao. Nang houag sibulan sa mata ang maysaquit

nang mangá cun anoano, ay mag-ingat siya sa pagcain nang marami, pati sa carne at alac; cun gayon pag nauala ang bulutong, ay hindi siya sisibulan nang anoman sa mata.

171. Cun ang bulutong ay maputi na, t, punonang nana, ay malaquing galingsa maysaquit ang hiuain nang dulo nang gunting ó carayom man isa nang isa, at palabasin ang nana. Cayaguinagaua ito, i, nang houag macamatay sa maysaquit ang malaquing pamamaga nang boong catauan niya; saca dahil doon sa paghiuang yao, i, lungmalabas ang pinaca camandag nang manga sungmi-bol na bulutong, na palibhasa, i, hindi pinalalauong pinatatahan sa laman nang tauo, ay hindi lungmalalim ang mangá hucay nang bulutong, at hindi nasisira ang hichura nang muc-ha; bucod dito ang balat ay lungmulubay; nauauala ang pagcati, at ang pamamantal nang muc-ha, t, liig. Ang paghiua nang bulutong ay ualang liuag, at hindi nararamdaman man nang may catauan. Cayacun hihiuain ang bulutong, ay maghahanda ca nang gunting na matulis ang dulo, ó carayom man, at isang basahang malinis, at saca tubig na malacuco; at pagcaramami na ang nahiuang bulutong, ang na-

nang tungmutulo ay pinapahira,t, inaalis nang basahang babad sa malacucong tubig; saca inuutas hinihua ang ibang manga bulutong para nang guinaua sa una. Sa loob nang ilang oras ang manga bulutong ay napupuno uli nang nana, cailangang hiuaing uli; cun minsan hangang sa macaanim hinihua. Itong gauang ito,i, nacauauala nang malaquing panganib nang buhay nang binubulutong, sapagea inaalis ang pamamaga pati nang nana.

172. Masamang totoo sa saquit na ito ang *triacá*, ang *láudano*, ang *jarabe de adormideras*, ang *jarabe nang carabu*, ang *pildoras nang estoraque* (camanguian) ang sa *cinoglosa*; ano pa,t, ang lahat na naca-capagpatulog, ay masama sa saquit na yaon.

173. Cun бага ang bulutong ay ungu-muurong sa loob nang macasibol na, ay mahirap ang lagay nang maysaquit; caya ang gagauin doo,i, houag big-yan nang manga mainit, ó yaong manga bagay na ipapauis; painumin lamang nang marami nang turo sa número 12, at parapitan sa manga binti nang bilin sa número 36. Cun minsan ay umuuling sungmisibol ang manga bulutong, pag sinangrahan ang may-saquit.

174. Itong saquit na bulutong ay mahirap; caya ang aayao magcasaquit nang gayon, siya,i, magpatanim nang bulutong *vacuna* sa caniyang catauan. Datapoua cun siya,i, magpapatanim nang bulutong, ay cailangang totoo ang siya,i, humanap at pumili nang magaling na bulutong, doon бага sa tauong yaon na hindi pa binubulutong; at ang isa pa,i, cailangang hintin ang carampatang panahon nang pagca hinog nang bulutong, na yao,i, ang icasiyam na arao na boo. Pagca hinog na ang bulutong, na cucunan ó pangagalingan nang nanang itatanim sa ibang tauo, ang magtatanim nang bulutong ay maghahanda nang isang lancetang matulis ang dulo. Itong dulo nang lanceta,i, ibabad, ó isasaosao doon sa nana nang bulutong na hinog; pagca napasaosao doon ang dulong yao,i, pagcaraca ito ring dulong may dalang nana, siya ang icacadlit ó itudtudloc sa ibig tamnan nang bulutong, doon sa ibabao nang caniyang sico, sa bias бага. Itong tudloc ay tatlo sa balang isang camay, at ang pag-itan nang manga tudloc ay isang daliring mahiguit. Pag nacasibol na itong bulutong ay pagmamasdang magaling, cun yao,i, bulutong na totoo, ó hindi;

at cun hindi totoong bulutong, ay calangang magpatanim uli ang may catauan.

175. Cun panahong tag-bulutong, ang aayao bulutungin houag cumain nang marami, lalo pa cun gab-i; saca pipili nang magaling na cacanin, at houag siyang tumiquim nang manga anc-ano. Ang manga gulay ay lulutoing magaling. Houag cumain nang bunga nang cahoy, cun hindi hinog na totoo. Mag-ingat siya sa manga *calamay*, *suman*, *empanada*, etc. at pauang masama. Itong ganitong asal ay caya naquiquilalang nacagagaling sa manga sangol, sapagea cun gayo,i, hindi namamaga ó lungmalaqui ang canilang tiyan. Ang canilang muc-ha ay masaya, guising ang canilang loob, at hindi sila macuyad. Magaling din sa manga bata sa panahong tag-bulutong, ang sila,i, pambohan, ó bañusan man lamang sa tubig na malacuco cun gab-i. At saca painuming parati nang suero, cun baga ang bata,i, hindi yayat ó masasactin; at cun yayat hindi sucat big-yan nang suero. Cun gayon ang gaua nang tauo,i, bulutungin man siya, ó ang caniyang manga anac ay calamalam hindi lalaqui ang saquit.

CAPITULO 18.

*Ang saquit na ticdas sa provincia nang
Batanġan ay toco, na ang tauag nang
castila doo,i, sarampión.*

176. Bago ticdasin ó tocoin ang tauo ay nag-uubo siya muna nang ilang arao; itong pag-uubo ay ualang casemang lura. Saca ang tutucoin ay natatamlay at dina-raanan nang init at guinao na halihalili; ang saquit nang ulo ay malaqui, cun matanda ang tauo; cun bata,i, naghihilim; totoong saquit nang lalamunan; namamaga ang bubong nang mata; hindi macatingin sa liuanag ang maysaquit; ang mata,i, lungmuluha, at ang lungmalabas ay mahapdi. Mayroon namang iba, na malimit bumahing, at sa ilong may lungmalabas na catulad nang sa mata. Lungmalaqui tuloy ang init at ang lagnat; ang maysaquit ay nag-uubo; cun minsan ibig sumuca; sungmasaquit ang bay-auang; nag-iilaguin siya cun minsan nang malimit; ang ibang maysaquit ay pinapauisan; ang dila,i, maputi, at cun minsa,i, nauuhao ang may catauan.

177. Sa icapat ó icalimang arao, at

cun minsan sa icatlo, ang muc-ha,i, linalabasan nang maraming totoong anaqui manchang mapupula, na ang cahalimbaua,i, pinagcagtan nang pulgas. Ang boong muc-ha ay namamaga naman tuloy; cun minsan ay nagsasara ang mata. Tungmutuloy ang pag-sibol nang toco sa dibdib, sa licod, sa manga camay, sa hita at sa paa. Ang sa dibdib at ang sa licod ay marami. Cun minsan, ang tinitidas ay binabalingoyngoy, at nauauala tuloy ang saquit nang caniyang ulo, pati nang sa mata,t, lalamunan. Sa icatlo, ó icapat na arao nang macasibol ang toco, ay hindi na totoong mapula yaong manga pinacabutil, at nangatuyo-tuyo na, at nanga-lalaglag na, pati nang balat nang catauan ay natutuyo rin, at nahuhulog, at iba ang hungmahalili doon. Sa icasiyam ó icalabing isang arao ay hindi na naquiquila ang tidad at malinis na ang balat nang catauaa.

178. Datapoua mauala man itong manga bacas nang tidad, hindi pa gungmagaling ang maysaquit; alintana cun siya,i, dinaanan nang malacas na pag-iilaguin, ó pagsuca, ó cun siya,i, pinauisan nang malacqui, sapagca cun gayon ay nauauala ang lahat na caniyang saquit. Datapoua cun hindi nacuha sa manga ganoong paraan ang

camandag nang saquit, at ang tinicdas hindi guinamot nang paanyo, ayon sa sasabihin sa párrafo 179, ang saquit ay sa baga napapatungo; at cun ganoon magsasaoli ang pag-uubo, ang lagnat at ang di lumagay ang maysaquit. Itong pag-uubong ito, i, totoong nalalauon, at malacas lumaban sa manga gamot. Datapoua pagca guinagamot pagcaraca nang husay na pag-gamot ang tauong tiniticdas, ó tinotoco, ay hindi mahirap ang catapusan nang saquit, at ualang natitirang bacas na masama. Ang pag-gamot doo, i, ganito.

179. Cun baga malaqui ang lagnat, at ang pulso ay matigas, at malaqui ang casiquipan nang dibdib, cailangang sangrahang minsan ó macalaua ang titedasin. Sinusumpit, at binabañusan sa mainitinit na tubig naman hangan tuhod, para nang guinagua sa bubulutongin ayon sa turosa párrafo 168 nang capítulong nacalalo. Saca binibig-yan nang bilin sa número 2 ó 4, na inumin niyang parati; ó cun aayao noo, i, ang tubig na pinagbabaran nang bulaclac nang alagao, na ang sa icalimang bahagui ay gatas. Pinasisipsip ang maysaquit nang singao nang mainit na tubig, na yaon ang totoong bagay doon, nang mabauasan ang saquit nang lalamunan at ang pag-uubo,

pati nang pagsiquip nang dibdib. Pagca hindi na totoong mapula ang manga pina-cabutil nang catauan (na yao,i, sa icatlo ó sa icapat na arao nang macasibol) ay pinu-purga ang maysaquit nang bilin sa número 23. *Saca inilalagay sa husay*, at pagca lumalo ang dalauang arao nang pagpupurga sa caniya, ay gagauin doon ang ugaling guinagaua sa maysaquit na magaling-galing na, sa capítulo 5. Cun baga sa paglitao nang tictas ó toco, ang maysaquit ay dinaraan nang hirap na malaqui, ay gagamutin para nang turo doon sa párrafo 168, na siya rin ang guinagaua sa binubulutong.

180. Cun hindi guinamot nang gayon ang tinitictas, siya,i, dinaraan cun minsan nang sinabi co sa párrafo 178, at cun gayon ay gagamutin para nang turo sa párrafo 179, na sinusundan nito; houag lamang sangrahan cun hindi malaqui ang saquit. Ang manga sangol na matataba man, cun baga masama ang canilang color, hindi rin sucat sangrahan. Datapoua paiinum nang bilin sa número 8, at pararapitan sa manga binti. Ang tauong tinitictas ay calangang mag-ingat sa hangin.

181. Cun minsan dahilan sapagca

uinaual-ang halaga ang pag-uubo na ugaling sumunod sa toco ó ticias, na hindi guinamot nang husay, ay linalagnat ang maysaquit nang lagnat na hindi mangyaring mauala; at caya gayon ay mayroong sungmisibol sa baga. Maraming bata ang namamatay dahilan doon; at bago mamatay dinaraanang nang pag-iiilaguing masama,t, totoong baho. Pagca gayon, ay gagauin ang manga turo sa parrafo 46, yaon lamang tatlong bagay na sinabi roon, sa macatouid ang polvos número 14, ang gatas, at ang pagsacay ó ang paglacad. Datapoua sapagca ang manga sangol ay aayao uminom noong polvos na yaon, ay gatas lamang ang ipaiinom sa canila, at houag big-yan nang ibang bagay na cacanin.

182 Mayroon namang tauo, na pagca tinicias na hindi mangyaring mauala sa caniya ang pag-uubong malaqui, na ualang inilulura, at saca ang dibdib, pati catauan ay totoong init; nauuhao siya naman, at tuyong tuyo ang balat, sampon nang dila. Sa ganitong lagay nang maysaquit bagay ang baños hangan tuhod nang tubig na malacuco; ang pag-inom nang gatas na tinutubigan, at ang pagsipsip nang singaq nang mainit na tubig número 53. Cun hin-

di pa mandin natatalo nitong manga ganito ang caniyang saquit at may ubo pa, ay sangrahan agad sa camay ang maysaquit, at cun hindi gauin ito, cun minsan ay lulubha.

Nota. Sa Provincia nang Batangan pinanganganlang ticdas ang isang saquit na catulad nang bolutong, na yao,i, siyang cusang nauauala.

CAPÍTULO 19.

Ang lagnat na malaqui na ualang hibas, na pinanganganlang LAGNAT NA MANINGAS na yao,i, isang bagay na tabardillong dala nang cainita,t, cabagsican nang dugo.

183. Itong saquit na ito ay isang bagay na *tabardillo*, na dala nang *cabagsica,t, cainitan* nang dugo. Caya naquiquilala, na yaon ay dala nang dugo, sapagca ang pulso ay *matigas* at puno, na lalo sa ibang manga saquit. Ang init nang *cataua,i, malaquing malaqui*; nauuhao ang maysaquit; ang mata, ang ilong, ang manga labi, ang dila, at ang lalamunan, ay tuyong tuyo. Ang saquit nang ulo ay malaquing totoo,

at pag lungmalaqui ang lagnat cun hapon, cun minsan tila nasisira ang bait nang maysaquit. Ang paghinga ay mahirap hirap; may ubong caunti; na ualang nacucuha, at hindi naman masaquit ang dibdib. Ang maysaquit hindi manabi; ang ihi ay caunti, mapula, at ang damdam nang may catauan ay mainit cun umihi; ga nanginginig ang catauan, at lalo pa cun natutulog; cacaunti ang caniyang tulog, datapoua cun tingnan anaqui siya,i, ga naghihilim na parati, ó ga nalilibang ang caniyang loob, na dahil dito,i, hindi namamasdan niya ang guinagaua nang manga tauo sa caniyang piling; bahag-ya na pinapauisan siya nang caonsic; datapoua ang caramihan nagcacasaquit nang gayon, ay ang balat nang canilang cataua,i, tuyong tuyo. Itong manga tanda nang saquit na ito, ay catungculan nang manga médicong pagmasdan nilang maigui, nang houag magcasala ang pag-gamot sa manga caua auang maysaquit; cailangan namang usisain, at pacatalastasin nila ang pinanganganlang pulsong *matigas*, na pagca gayon, ay cailangang sangrahan ang maysaquit Atsapagca ang lahat na bagay na lagnat ay mayroong caniyang manga tanda, caya bago gamu-

tin ang maysaquit ay cailangang tingnan muna, at tanungin nang lahat na caniyang nararamdaman, ó cun ano caya ang pinagmul-an nang caniyang saquit; at nang maalaman nang mangagamot ang caniyang itatanong sa maysaquit, ay basahin niya ang capítulo 90; at ang manga aral na nauocol sa pulso, ay hahanapin niya doon sa capítulo 89.

184. Ang pinangagalingan nitong saquit na lagnat na *maninġas* ay ang calaquihan nang pag-gaua, ang init nang arao, ang pagcapuyat, ang pag-inom nang alac na marami, ang pagcain nang manga bagay na mainit, ang casam-an nang panahon, cun parati bagang maalis-is at lauon nang hindi ungmulan, at ang paghiga sa lupang basa.

185. Arg maysaquit *ilalagay agad sa husay* (capítulo 4): houag siyang pacanin, cundimacalauamaghapon; at cun malubha, i, houag pacanin minsan man.

186. Sasangrahan ang maysaquit minsan ó macalaua, ó macaitlo man, hangang lumambot ang pulso; sa unang pagsasangra ay cucunan nang maraming dugo; sa loob nang apat na oras ay inuuling sina-sangrahan; cun minsan ay hindi magcasiya

ang macaitlo sangrahan ang maysaquit; cun бага ang pulso ay lungmalambot sa unang pagcuha nang dugo,i, itinatahan ang pagsasangra; datapoua cun бага ungmuling tungmitigas ang pulso, ay itinutuloy ang pagsasangra.

187. Macalaua, ó macaitlo maghapon ay susumpitin ang maysaquit nang bilin sa número 5. Saca babañusan sa tubig na malacuco hangan tuhod cun umaga at cun hapon, at doon din sa tubig na yao,i, ibabad pati nang caniyang camay. Sa dibdib at sa tiyang ay lalag-yan nang basahang babad sa tubig na malacuco rin. Ang ipaiinom na parati sa maysaquit ay ang bilin sa número 7. At cun malaqui pa ang lagnat niya nang masangrahan na ay paiinumintouing oras nang isang cuchara nang bilin sa número 10, hangan umunti ang lagnat; at pagca munti na ang lagnat, ay houag limitan itong pagpapainom sa caniya nang bilin sa número 10; at, siya na ang minsang painumin noon, touing icatlong oras, ó macaualo sa isang arao.

188 Cun binabalingoyngoy ang maysaquit, ay maigui sa caniya yaon. Cun nauuala na ang malaquing catigasan nang pulso, at hindi na lubhang malaqui ang saquit

nang ulo, at marami rami na ang ibi niya, at ga mayumiyumi na ang dila, ay magaling-galing na ang lagay nang may catauan. Saca doon sa dacong icasiyam na arao nang caniyang pagcacasquit hangan sa icalabing apat ay denaraan siya cun magcaminsan nang hirap na ilang oras calauon, at saca siya, i, nag-ilaguin ó ungmihhi nang marami, ó pinagpapauisan nang malaqui; ang bibig at ang ilong mula roon, ay hindi na totoong tuyo; nauauala naman ang uhao, at ang maysaquit ay malacas-lacas na at nacacatulog.

189. Pagca gayon ang lagay nang maysaquit ay painumin nang bilin sa número 23, at ilalagay sa husay ang maysaquit na magaling-galing na capítulo 5. Saca pag nacalalo ang ualo ó sampuon arao, ay pupur-gahing uli noon ding bilin sa número 23.

190. Mahahalatang hindi gagaling ang maysaquit cun ang pulso, i, hungmihina, t, hindi lungmalambot; cun hindi lungmilinao ang ulo; at cun mahirap sa rati ang paghinga; cun ang ilong, ang mata at ang bibig ay tuyo pa mandin sa rati, at ang voces ay nag-iiba. Lalo pang mapanganib ang maysaquit, cun nasisira ang bait, at balisang parati, cun tungmitingin sa mag-

cabicabila, at ang tiyan ay namamaga. At cun hindi itahanang caniyang manga camay; cundi anaqui parating mayroon siyang hinahanap, ay malapit nang mamatay cun gayon.

CAPITULO 20.

Ang lagnat na malaqui na dala nang apdo na pinanġanġanlan nang castilang calentura pútrida ó lagnat na buloc, na yaon naman ang icalauang bagay na tabardillo.

191. Ang lagnat na *maninġas* na sinaysay co sa capítulong natalicedan ay dala nang cainitan nang dugo; datapoua ang sarsaysayin co ngayo,i, dala nang manga sarisaring bagay na tungmataha,t, nabubuloc sa siemura, sa manga bituca, ó sa ibang lugar sa loob nang catauan. Itong *lagnat na ito,i*; tinatauag nang castilang *lagnat na buloc ó lagnat nang apdo*.

192. Bago lagnatin ang tauo nang gayong lagnat ay nanab-ang muna siya nang pagcain nang ilang arao; hindi mahimbing ang pagtulog; ang bay-auang pati nang tuhod, ay sungmasaquit; mapait ang bibig cun umaga; mabigat ang ulo, at cun minsa,i,

masaquit na totoo: ang may cataua,i, natatamalay. Pagca nalauon nang gayon nang ilang arao, ay guiniguinao muna ang maysaquit; hungmahalili dito ang isang init na salabsab. Ang pulso cun guiniguinao ang maysaquit ay munti at matulin; datapoua pagca nalagnat na, ay lungmalaqui, at cun minsan tugmitigas din; datapoua sa ganitong saquit ay hindi lubhang matigas para doon sa lagnat na maningas, alintana cun nagcacasama-samaitong dalauang bagay na lagnat, at cun minsa,i, magcasama nga: Ang saquit nang ulo ay hindi matiis nang laqui; bucod dito ang maysaquit ay nauuhao; ibig niyang sumuca; at cun minsan ay sungmusuca; ang bibig ay mapait, at caunti ang inaihi niya. Cun umaga ang lagnat ay ungmunti, at ang pulso ay magalinggaling; at di man mahirap na totoo doon ang damdam nang maysaquit siya,i, totoototong anaqui pagod Ang dila,i, maputi,t, marumi, pati nang ngipin; at ang hininga,i, mabaho. Mayroong maysaquit na pinapauisan, mayroong hindi; at pauisan man ay hindi rin gungmagaling; arao-arao lungmalaqui ang lagnat, at sa balang oras; cun minsan naman malimit ang paglaqui at ang pag-unti nang lagnat sa loob nang isang

arao; at ang cahulugan noong gayo,i, haba ang saquit. Mayroong ibang maysaquit na sinisintacan sa dibdib, at ang inilulura niya ay madilao.

193. Cun itong lagnat na *buloc* ay pinabayaang hindi guinamot, ó cun masama ang pag-gamot, ó cun ang gamot ay natatalo noong lagnat na yaon, ay lungmalaqui ó hungmahaba ang lagnat na ualang hibas. Namamaga ang tiyan; nasisira ang bait nang maysaquit; ang pulso,i, golo, munti at matulin, hindi nacacaalam tauo ang maysaquit, parati siyang nag-uuiica, at doon din sa quinahihig-an ay napapailaguin; ayao siyang tumanggap nang anomang gamot. Cun minsan ay linalabasan nang manchang mumunti sa liig, sa licod at dibdib, na ang color ay moradong itim. Anomang lumabas sa caniyang cataua,i, mabahong totoo. Cun minsan ay ga cungmiquinal ang caniyang catauan, at marahil ang muc-ha; tihaya ang paghiga niya; at siya,i, ungmusos na patungo sa paahan nang hihigan; parati ga mayroon siyang dinarampot nang camay. Ang pulso,i, bahagya na nararamdaman, at totoong unti at matulin, na hindi mabilang ang manga pagtiboc; nagbabalisa ang maysaquit, may-

roong paus na masama sa dibdib, at namamatay tuloy.

194. Datapoua cun hindi lubhang malaqui ang saquit, ó cun maigui ang paggamot doon, ay ang maysaquit nananatili sa lagay na yaon na sinaysay co sa párrafo 192; hindi siya lungmulubha, at hindi rin dinaraanang nang manga sinabi co sa párrafo 193, na linaluan nito, bagcus ungmuunti ang lagnat at ang saquit nang ulo; ang pag-iilaguin ay malacas sa rati, at nacacaguinhaua sa caniya, at gayon din ang pag-ihí; nacacatulogtulog na ang maysaquit; ang dila,i, lungmilinis, at magaling-galing na ang pagcaramdam nang may catauan.

195. Cun hindi malaqui ang saquit, sa loob nang ilang arao, ay magaling na ang may catauan. Cun malaqui ang saquit, ó masama ang paggamot, ay namamatay ang tauo sa icasiyam na arao, ó sa icalabing ualo, ó icadalauang puo; at cun minsan naman naghalihalili ang paglubha at ang pag-galing galing, at namamatay ang maysaquit sa dacong icapat na puong arao. Mayroon namang ibang maysaquit na mapanganib na parati, nacalalo man ang anim na lingo, datapoua ito,i, gaua nang paggamot, sapagca ang ugaling catapusan

nitong lagnat na *buloc* ay sa icalabing apat hangan sa icatlong puong arao.

196. Ang gagauin sa ganitong saquit, ay ang idirito cong isusulat ngayon. Ang maysaquit *ilalagay agad sa husay* (capítulo 4); at husay man ang caniyang ugaling pananabi, ó nag-iilaguin man siyang cusa nang malacas-lacas, ay susumpitin arao-arao na ualang liban. Ang caniyang iinumung parati ay ang limonada número 33, ó ang bilin sa número 3. Na-aari naman ang tubig na dinoroonan nang azucar at suca. Cun бага ang pulso, i, malacas at matigas, at bucod dito cun ang maysaquit ay malacas naman, ay masasangrahan hangang macalaua, at lalo pa cun siya, i, nainitan ayon sa sabi co sa parrafo 184. Datapoua cun hindi matigas ang pulso, ay hindi sucat sangrahan, at macacasama sa caniya yaon. Paga ang maysaquit pinaiinom na parati sa loob nang dalauang arao nitong manga turo co ngayon; cun бага ang bibig ay mapait pa, at ibig niyang sumuca, ay paiinum nang bilin sa número 34. Itong polvos na ito, i, hindi sucat inuming minsanan, at totoong tapang yaong pasucang yaon. Pag ang maysaquit ay sungmusuca na, ay paiinum agad nang maraming mala-

cucong tubig nang houag siyang mahi-
rapan niyong pagsucang yaon. Datapoua
cun hindi mangyaring maquita nang mé-
dico itong bilin sa número 34, painumin
ang maysaquit nang biling sa número 35
na siya ang totoong bagay sa tagalog dito
sa saquit na ito; ang iguio isinasama sa
isang tazang tubig na malacuco, na min-
sanang inumin; at pagcasuca na nang
maysaquit, ay binibig-yan parati nang
tubig na malacuco, nang siya i, macasuca
nang maloualhati. Itong manga pasuca
ay hindi sucat ibigay sa maysaquit, cun
matigas ang pulso, ó cun hindi ungm-
unti unti ang lagnat, ó cun yayat na
totoo ang maysaquit. At nang maalaman
nang mangagamot, cun cailan mapapasuca
ang maysaquit, ó cun cailan hindi sucat
pasucahin, basahin niya muna ang capítulo
88, nang houag magecunpapaano ang cani-
yang pag-gamot sa tauo. Cun minsan ma-
bibig-yan pagcaraca nang pasuca ang may-
saquit, cun totoong mapait ang caniyang
bibig, at cun ibig niyang sumucang parati
nang macuha agad sa siemura yaong ma-
nga maruruming bagay na naroroon. Cun
tumahan na ang pagsuca, ay bibig-yan uli
ang maysaquit nang bilin sa número 3, ó

nang limonada, 6 nang tubig na sinucaan na may azucar din para nang uica co cangina dito rin sa párrafong ito. Houag bibigyan nang sabao ang maysaquit, at masama. Saca itutuloy ang pag-gamot doon para nang sa manga unang arao; at touing umaaga ay paiinumín ang maysaquit nang bilin sa número 32 ó nang sa icapat na bahagui lamang nang bilin sa número 35, cun бага maliug hanapin ang sa número 32; datapoua cun malaqui ang lagnat, ay lalong magaling ang sa número 32. Itong purga, caya itinutuloy guinagaua arao-arao, sapagca ang dahilan noon *lagnat* na *buloc*, ay ang nangarorrong marumi sa siemurat, bituca, na cailangang palabasin. Cun бага hindi rin nauauala ang calaquihan nang lagnat, ang tiyan ay namamaga nang caonti, at hindi ungmiihi nang marami ang maysaquit, touing icalauang oras ay paiinumín nang isang cuchara nang bilin sa número 10; at cun malaqui ang saquit ay oras-oras paiinumín. Itong gamot na ito, i, nagpapababang madali nang lagnat. Data-poua cun hindi pa mandin ungmuunti ang lagnat, cun masaquit ang ulo at malinao ó hindi lumagay ang maysaquit, ay para-rapitan siya sa manga binti ayon sa turo

sa número 36, at pabayaan doon nang malauon ang parapit; at cun ang lagnat ay malaquing totoo, ay houag pacanin nang anoman ang maysaquit. Cun baga hindi sucat painumin nang pasuca ang maysaquit, ay big-yan cun umaga nang bilin sa número 24, timbang tatlong bahagui, na uubusin sa tatlong inom, na ang pag-itan nang isa, t, isa, ay isang oras. Quinabucasan nang umaga ay gayon din ang ipaiinom sa caniya. Pagca magaling-galing na ang maysaquit, ay mayroong oras na hindi na siya nalalagnat ay itinutuloy ang bilin sa número 3, at touing arao pinaiinom nang bilin sa número 24 timbang cahati ang isang inom. Ito, i, nacacauala nang masamang bacas nang saquit. Cun magaling na sarati ang maysaquit, at pinurga na siya at malinis ang dila, datapoua nalalagnat pa siya minsan arao-arao nang ilang oras lamang calauon, ay paiinum agad pag umunti ang lagnat, nang timbang isang salapi nang bilin sa número 14, sa apat na inom, na yao, i, itutuloy gagauin nang ilang arao. Cun ang maysaquit hindi na nalalagnat ay houag siyang cacaing mahabang arao nang *carne ó isda*, dahil sapagca hindi macacayanan pa nang caniyang siemura; at saca siya, i, magpilit lumacad.

CAPÍTULO 21.

Ang lagnat na sucab, na ang tauag nang castila doo,i, maligna, na siya naman ang icatlong bagay na tabardillo.

197. Ang lagnat na *sucab*, caya ganoon ang pangalan, ay sapagca malaqui ang panganib nang maysaquit, at saca cuntinguan, ay anaqui munti ang caniyang saquit.

198. Caya naquiquilala itong lagnat na masama, sapagca ang maysaquit ay pagcarraca,i, mahina at malata na, gaua nang malaquing pagcabuloc nang manga bagay na iquinahuhusay nang cagalingan nang catauan nang tauo.

199. Ang pagcain nang carne ó isdang buloc, ang pagcain naman nang maraming carne, ang hindi pagcain nang manga gulay, ó bunga nang cahoy, ó nang manga masim, ang pagtahan sa piling nang manga laua, cun ang tubig ay tahan, ang pagtahan sa bahay na siquip, na may maraming tauo, ang caruc-haan, ang capanglauan at ang casam-an nang panahon, ay yaon ang pinagmumul-an nitong saquit, ó *lagnat na sucab*.

200. Ang nalalagnat nitong masamang lagnat pagdaca,i, nanghibinang totoo, doon man sa manga unang arao nang caniyang pagcacasasquit, na hindi maisipan ang dahilan nang caniyang biglang panghibina; pati loob niya,i, hapay, na hindi inaanomana niya yaon man caniyang saquit. Ang muc-ha,i, totoong daling nag-iiba, at ang mata,i, lalo pa, naghahalihalili ang init at ang guinao; cun minsan ay masaquit ang ulo at bay-auang, at cun minsa,i, hindi; cun bagong nagcacasasquit ang tauo,i, cun minsan naliliyo, na ito,i, masama. Hindi siya nacacatulog nang mahimbing, at cun minsan tila naghibilim; ga sira-sira ang bait nang maysasquit, at anaqui nangangarap ó nag-uuiucang parati, at ang caniyang pag-uuiuca ay anas. Naquiquilala sa muc-ha nang maysasquit na siya,i, ga naguiguiela, at ga nalilibang ang caniyang loob; mayroong namang iba na ang canilang daying, ay mayroon silang mabig-at sa dibdib, ó anaqui siquip ang canilang puso; ang muc-ha, ang camay, at ang paa cungmiquinal cun minsan ó ga nanglulucso ang laman; mayroong iba, na hindi macapag-uica, hindi macaringig, at hindi macaquita. Ang voces ay nag-iiba ó nauauala. Cun minsan mayroong

masaquit sa tiyan, at ito,i, masama, at calamalam ang bituca,i, nabubuloc. Ang dila cun minsan ay magaling, cun minsa,i, madilao na maitim. Ang tiyan cun minsan ay malambot; cun minsan nauunat. Ang pulso,i, mahina,t, madalas sa rati. Ang balat ay linalabasan nang manga manchang tila morado, lalo pa sa liig, sa manga balicat at sa licod; cun minsan ang mancha ay ananqui pasa, na gaua nang palo. Ang ihi hindi luto, at cun minsan ang color noon, ay maputi. Ang inailaguin nang maysaquit ay totoong baho at tila maitim-itim, na ito,i, masamang totoo, cun hindi rin gungmiguinhaua ang maysaquit niyong pag-iilaguining yaon. Cun minsan ang color noon, ay susugat, na ang color ay morado. Cun minsan naman binubuculan ang singit, ang quiliquili, ó ang dacong tayinga. Ang maysaquit ay nanghihina pa mandin; ang bait niya,i, nagugulo; tihayá ang caniyang lagay; at namamatay na may paus na malacqui. Cun minsan ang iquinamatay niya,i, ang siya,i, binabalingoyngoy nang malacas. Dito sa lagnat na ito,i, touing hapon mayroong paglaqui, para nang-sa ibang lagnat.

201. Ang pagcamatay nang manga nagcacasaquit nitong ganitong lagnat na *sucab*,

ay sa icapito, ó icaualong arao, datapoua lalo pang marami ang namamatay, na nacalalalo sa lima ó anim na lingo. Caya gayon, sapagca iba at iba ang calacasa, t, cabagsican nang saquit Mayroon cun minsang tauo, na sa manga unang arao nang caniyang pacacasaquit, bahag-ya na naniniuala ang may catauan na siya, i, maysaquit.

202 Suceat umasa ang maysaquit na siya, i, gagaling, pagca ang caniyang pulso ay lungmalacas sa rati, cun ang loob ay tungmatapang-tapang, at ang color nang ihi ay nagsasauli na sa ugali; cun ang ulo ay malinao-linao, cun may paus na mainit, na hindi nacacahirap sa caniya, ó cun nauauala ang pamamaga nang tiyan, at bucod dito ang pulso hindi na madalas tumiboc. Ang nagcacasaquit nang gayo, i, malauon bago lumacas na para nang dati.

203 Dito sa saquit na ito, ay cailangang totoo ang magaling na hangin. Caya nga doon sa quinadoroonang silid nang maysaquit ay cailangang magsunog na maminan-minsan nang *suca*, at ang isang dongauang parating bucas. Anomang ipainom ó ipacacain sa maysaquit ay lalahucan nang maasim. Ang maysaquit ay mapapainom nang tubig na linag-yan nang gata nang

acedera (*tayingang daga ó alibambang*); ang linugao ay doroonan nang ilang capatac nang gata nang *dayap*; ang bunga nang *sapinit* na hinog, ang *dayap*, at ang *dalandan*, ay macacain nang maysaquit. Ang damit nang hihigan touing icalauang arao ay papaltan nang ibang damit na malinis at tuyo.

204. Sa nangagcacasait nang gantong saquit ay bihirang-bihira ang cailangang sangrahan. Gayon din ang pagsumpit, ay hindi rin cailangan sa saquit na ito; bageus macacasama cun minsan. Ang iinumina parati nang maysaquit ay ang tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay*, na ang anim na vaso ay dinoroonan nang timbang cahati nang bilin sa número 10. Na-aari namang ipainom na parati sa maysaquit cun ualang iba ang limonada. Saca painumin nang bilin sa número 35; ito, i, cailangang totoo na gauin agad, cun bagong nagcacasait ang tauo; datapoua cun hindi guinauang tambing, at ang maysaquit ay malacas-lacas pa, at bucod dito ang pulso, i, hindi matigas, ay mapapainom pa noong pasucang yaon, nacalalo man ang dalauang puong arao nang caniyang pagcacasait. Marahil cailangang ipainom sa

maysaquit hindi miminsan lamang cundi ma-
quiilan ang saicapat na bahagui noon ding
bilin sa número 35; at saca cun dahil sa
pag-inom noong pasucang yaon, ay nacuha
na ang caramihang bagay na marumi na
iquinalalagnat niya, ay paiinumiu touing
icatlong arao, ó cun minsan arao-arao nang
bilin sa número 38. Itong gamot na ito, i,
nacacapagpalabas nang manga maruruming
bagay na nangabuloc sa loob nang catauan,
pati nang bulati na marahil sumipot sa
saquit na ito, ay yaon cun minsan ang da-
hilan nang manga inaasal nang maysaquit.
Cun baga ang balat nang maysaquit ay
tuyo dahilan sa calimitan nang pag-ila-
guin, ang ipaiinom doon hindi ruibarbo,
cundi ang bilin sa número 39. timbang
saicaualong mabiguit Ang gamot sa nú-
mero 38 at 39 (ang cailangan nang may-
saquit doon sa dalaua) iniinom cun umaga,
at pag nacalalo ang dalauang oras, paiinu-
min ang maysaquit nang bilin sa número
40, na ito, i, gagauin touing icatlong oras,
bago gauin namang uli cun umaga yaon
ding bilin sa número 38 ó 39; saca itutu-
loy gagauin pa ang sa número 40, hangan
sa gumaling-galing ang maysaquit Cun ang
maysaquit ay mahinang-mahina, ang bilin

sa número 40 samahan nang bilin sa número 41. Magaling ding p̄inum̄in mamin-san-minsan ang maysaquit nang alac sa Misa. Cun malacas ang pag-iilaguin nang maysaquit ang isang pelotilla nang bilin sa número 41, ay samahang minsang ó macalaua maghapon nang *triacá*, ga tatlong butil nang maiz carami. Cun baga hindi rin lungmalacas ang maysaquit, cundi tila hindi nacacaramdam, ay capilitang doonan nang parapit sa manga binti ó sa batoc número 36; pag natuyo ang manga parapit, ay pinapaltan nang ibang bago. Ang manga parapit iniuan doon nang mahabang arao.

205. Cun ang maysaquit ay magaling-galing na, sapagca mayroong oras na siya, i, hinihibasan na nang lagnat, agad-agad ay p̄inum̄in doon sa oras na yaon nang bilin sa número 14, timbang cahati ó isang salapi; quinabucasan ay babacayan din ang oras nang pagca uala nang lagnat, at capap̄inum̄in pa noon ding bilin sa número 14. Saca itinutuloy rin sa ilang arao; datapoua ang iinum̄in lamang nang maysaquit ay timbang cahati. Cun hindi na nalalagnat ang maysaquit, ay *ilalagay siya sa husay nang manḡa maysaquit na magaling*

galing na, capítulo 5; at cundi siya lumacas, ay pacacainin nangtimbang cahati nang bilin sa número 42; at cun lauon nang nacacain ang maysaquit, ay pacacainin uli noon ding bilin sa número 42, timbang cahati rin. Datapoua lalo pang magaling sa bilin sa número 42 ang bilin sa número 14, na iinumina niya cun umaga, timbang saicapat ó cahati.

206. Ang nalalagnat nang ganitong lagnat, cun minsan ay dinoroonan sa noo nang manga sisiu, calapati, ó ibang hayop na biniaç, sapagca ang isip nang manga mangagamot, na nacucuha at nadadala niyong manga hayop na yaon ang pinacamandag nang saquit; datapoua masamang gauin ito, sapagca nacacahirap at nacacalubha bagcus sa maysaquit.

Nota. Cun minsan itong lagnat na *sucab* sungmasama sa bulutong, sa tigdas, pati sa ibang manga saquit; cun gayo, i, panganib na buhay nang maysaquit.



CAPÍTULO 22.

Ang saquit na pangiqui, na nagmamacalauang arao na pinanganganalan nang castilang tercianas; at ang nagmamacaitlong arao na pinanganganalan nang castilang cuartanas.

207. Itong saquit na pangiqui ay marahil dumaan doon sa manga baybay nang dagat, ó ilog na malaqui, ó doon sa may manga tubig na tahan na hindi ungmaanod. Cun minsan itong saquit ay dala nang pagcain nang bunga nang cahoy na hindi pa hinog, ó dala nang lamig nang gab i

208. Bagaybagay ang pangiqui. Mayroong maysaquit na nangingiqui arao-arao, na ang lagnat sa isang arao ay malaqui, at ang sa quinabucasan ay munti-munti; ang tauag nang castila dito, i. *terciana doble*, mayroong nangingiquing touing icalauang arao; na yaon ang pinanganganalan nang castila *tercianas*; mayroon namang ibang pangiqui na ang pagdaa, i. touing icatlong arao, na ang pag-itan ay dalauang arao, na cun turan nang castila ay *cuartanas*. Mayroong iba, na sungmisipot touing icalimang

arao, ó sa icapito; datapoua bihirang-bihira naman yaon gayon.

209. Ang lalagnatin nitong lagnat na ganito, ay natatamlay muna, hungmibicab, at saca nangingiqui. Namumutla ang mangga dulo nang camay at paa: ibig niyang sumuca ó sungmusuca'nga cun minsan. Ang pulso ay madalas, mahinat, munti. Malaqui ang pagcauhao nang lalagnatin. Pagca nacaraan ang isa, ó dalauang oras, ó tatlo, ó apat caya, ang guinao ay sinusundan nang lagnat na malaqui. Ang boong cataua i, naiinitan; lungmalacas, at lungmalaqui naman totoo pati at nauuhao pa mandin ang maysaquit; ang ulo niya ay masaquit na totoo pati nang caniyang mangga catauan, Pagca yaong lagnat na yao,i, nalauong ga apat, ó lima, ó anim na oras, ang maysaquit ay pinapauisan tuloy sa boong catauan, gungmagaling ang pagcaramdam niya, nacacatulog siya, at pagcaguising ay uala nang lagnat, napapagod siya lamang. Ang ihi nang maysaquit sa catapusan nang lagnat, ay mapulapula, na nagcacalatac na tila ladrillong binayo; cun minsan ang ihi anaqui mayroong bula sa ibabao, ó balat na manipis.

210. Ang pag-u.i nang lagnat sa ica-

lawa, ó sa icatlong arao, cun minsan ay hindi doon sa datihang oras cundi maaga sa roon ó huli caya

211. Mayroong isa pang cailangang tandaan nang mangá mangagamot, na mayroong pangiqui na sa mangá unang arao, tila hindi pang qui, cundi anaqui ang lagnat na pinangangalang *buloc*, na sinaysay co na sa capítulo 20, at cun malauong ilang arao, yaong lagnat na tila *buloc*, ay ungmuli sa pangiqui, na ang pagdaan ay touing icatlong arao, at ang pag-itan isang arao. Ang gayong lagnat ay mangyayaring gamutin para nang lagnat na *buloc*; datapoua sa párrafo 218 isusulat co ang totoong bagay na gamot sa lagnat na ito.

212. Ang nangingiqui na nagmamacaitlong arao (na dalauang arao ang pag-tan) ay malacas lumaban sa mangá gamot sa roon sa nagmamacalauang arao ang pagcailagnat.

213. Ang nangingiqui hindi ma-aano, cun macailan lamang lagnatin; datapoua cun nalauon ang pangiqui, ay totoong sama; at hungmihina ang catauan, nagugulo ang siemura, at cun minsan yaon ang pinagmulan nang *ictericia*, *hidropesia*, *hica*, ó nang lagnat na lauon.

214. Ang gamot sa nangingiqui ay ang pinanganganlang *quina*, na yao,i, balat nang cahoy. Dito sa Filipinas na-aari ang balat nang *dita*, sapagca isa rin ang cabagsican nito,t, noon, baga man hindi quina ang dita. Basahin mo ang número 14 sa dacong catapusan nitong libro.

215 Cun hindi malaqui ang pangiqui, at hindi rin totoong nahihirapan ang maysaquit at siya,i, nacacacain, at nacacatulog, ang gagauin doo,i, ilalagay lamang sa husay nang maysaquit na magaling-galing capitulo 5, at siya na yaon.

216 Nguni cun baga nalagnat na ang maysaquit nang macaanim ó macapito, at ungmuli rin ang lagnat, at hindi siyang cusang nauauala, ay magaling sa lahat ang pasuca sa bilin sa número 35, at saca quinabucasan ay painumin nang bilin sa número 14, na caniyang uubusin, bago abutin naag oras nang caniyang pagcalagnat. Ang catapusang bahagui nang *dita* ay iinuming dalauang oras lamang, bago sumipot ang lagnat. Pagca ininom nang maysaquit ang quina (*dita*) ay lagnatin man siya di man lagnatin, ay painuming ubi nang ganuong caraming *dita* sa arao na pag-itan nang lagnat; at yaon ang totoong icauauala

nang lagnat. Saca itinutuloy ang pag-inom nang *dita* sa anim na arao, ga calahati lamang ang timbang nang sinabi co nga-yon; at ito,i, caniyang iinumina doon sa mang-a oras na yaon na na-aalamang siya,i, malalagnat disin.

217. Cun ang lagnat ay malaquing tooo pati nang saquit nang ulo; cun ang muc-ha,i, mapula, at ang pulso,i, matigas at puno, at bucod dito nag-uubo ang maysaquit, ó cun ang pulso ay matigas din nang mauauala ang lagnat, at ang dila,i, tuyo, ay cailangang sangrahan ang maysaquit, at paiinumina nang marami noong bilin sa número 3 Pagca guinamot nang gayon ang maysaquit, ay coui siya caalam-alam sa calagayang sinabi co sa itaas sa párrafo 215 Saca paiinumina (sa isang arao cun lumiban ang lagnat) nang timbang tatlong bahagui ó isang salapi nang bilin sa número 24, na timbang saicapat ang isang inom. Saca pinababayaang lagnatin ang maysaquit nang maquiilan; at cundi siyang cusang mauauala ang lagnat ay big-yan nang *dita* para nang turo sa párrafo 216. Cun baga lumiban man ang lagnat, ang maysaquit ay nananab-ang nang pagcain, at hindi macatulog nang mahimbing ó

sungmasaquit ang bay-auang, ó ang tuhod bago painumin nang *dita* ay pupurgahin muna nang bilin sa número 21 ó 23.

218. Doon sa parrafo 211 ang uica co, na cun minsan ang lagnat na pangiqui sa manga unang arao ay hindi naquiquilala na yao,i, pangiqui cundi tila catulad nang lagnat nang *apdo* ó *buloc*, nasaysay na sa capitulo 20. Ang gamot dito ay iba-ibang lamang nang caunti sa guinagaua doon sa lagnat na *buloc*. Ang maysaquit ay painumin nang marami nang turo sa número 3; at cun siya,i, nalagnat nang dalaua ó tatlong arao cun bago nahahalatang marami ang siemura dahil sapagca ibig niyang sumucang parati, ó siya,i, sungmusuca nga, ó mapait na totoo ang bibig, ay big-yan nang bilin sa número 34 ó 35; at cun hindi rin nauauala yaong capaitan nang bibig, at ang pagca ibig niyang sumuca, ay purgahing maquiilan nang bilin sa número 24 ó número 21 man, cun malacas ang may catauan. Saca binibig-yan nang *dita* para nang turo sa parrafo 216. Itong pag-gamot na ito,i, sucat na roon; datapoua magaling din, pag nacaraan ang ualong arao, di man linagnat ang tauo, ang painumin siya nang *dita* timbang tatlong

bahagui arao-arao, na itutuloy hangang lumalo ang ualong arao; at cun ang lagnat ay nagmamacaitlong arao, ay lalo pang cailangang gauin ito.

219. Cun ang maysaquit ay nagpamula na nang pag-inom nang *dita*, ay hindi sucat purgahin, at uuli ang lagnat.

220. Sa lagnat na pangiqui na nagmamacaitlong arao, ay hindi bagay ang pag-sasangra. Dalauang oras bago lagnatin ang maysaquit, ay paiinumang maminsan minsan (ga macapat sa isang oras) nang isang tazang tubig na pinaglagaan nang bulac-lac nang *alagao*, na dinoonan nang caunting pulot, at palacarin tuloy sa bahay ang maysaquit. Cun gayon, pati pangiqui, pati lagnat, ay hindi lubhang malaqui. Yaon ding painom ay gagamitin nang maysaquit hangan macalalo ang guinao nang pangiqui; at cun nalalagnat na ay yaon din ang caniyang iinumang cun ibig, ó cun aayao siya noon, ang sa número 2 ay magaling inumin niya. Pagca nacaraan ang lagnat, ay pinapahiran nang damit ang paus nang maysaquit.

221. Cun minsan ang *quina* (gayon din ang *dita*) ay nacacapagpailaguin sa maysaquit; at cun ganoon ay hindi macaca-

uala nang lagnat. Caya ang mabuti dito ay purgabin muna ang maysaquit nang timbang saicapat na *ruibarbo*, ó nang *cañafistula* número 81, bago big-yang uli nang *dita*.

222. Mayroon pang ibang manga bagay na maigagamot sa lagnat na pangiqui. Datapoua ang maiguing totoo sa lahat ay ang naituro co na dito sa capí ulong ito. Uica naman ni P. Clain na ang pag-inom nang isang tagayang tubig na pinaglagaan nang ugat nang *apasotis* sa oras nang pagsipot nang guinao nang pangiqui, at saca cun magcumot tuloy ang maysaquit ay nacacauala nang pangiqui, cun gauing macalaua ó macaitlo. Magaling pa sa rito ang isang gamot na itinuro at ipinahayag nang hari sa España sa caniyang mangnga vasallos, na yao,i gayon. Ang timbang isang salaping *café* (*café*) na isasangag muna sa apoy bago bayuhin nang maliliit, ilalaga sa dalauang tazang tubig hangan sa maiga at matira lamang ang calahati. Sacasasalain, at ang tubig na pinaglagaan noong *café* ay huhulugan nang gata nang dayap, yaon bagang macucuha sa tatlo ó apat na dayap Hahaluin capoua at ipainom sa maysaquit cun umaga bago cumain Mayroong isa pang gamot na totoong buti na

yao,i, gayon. Ang anim ó ualong bulaclac nang isang cahoy na munti na pinanganlan sa Mainila *rosas caballero* at sa Batangan *flores* ay hulugan mo nang dalauang tagayang tubig na mainit na totoo; doonan pa nang azucar; at ang maysaquit ay pinaiinom nang isa nang isang taza noon dalauang oras bago lagnatin, at galing siya; datapoua mainit cun inumin.

223. Yaong manga tauo, na lauong panahon ó ilang bouang nangingiqui na sila, at hindi guinamot nang paanyo, ay big-yan pagdacang minsan nang bilin sa número 34, ó sa 35, at saca painumin nang sa número 38 sa dalaua ó tatlong arao. Pagca yari na ito, ay painumin nang *dita* para nang turo sa parrafo 216.

224. Cailangang maalaman nang manga mangagamot na cun minsan mayroong tauo, na hindi man siya lagnatin ay dinaraan din nang pagsaquit nang alin mang casangcapan nang catauan, na itong pagsaquit na ito ay hindi sungmasala sa caugaliang oras, cundi ang pag-uli ay husay, sa macatouid touing icalauang arao, ó arao-arao para nang saquit na pangiqui. Ang gamot na totoo sa ganoong saquit ay yaon ding *dita* párrafo 216.

Nota. Bucod dito sa manga bagay na lagnat na ito na sinaysay co sa manga capitulo 19, 20, 21 at sa 22, ay mayroong isa pang bagay na lagnat na tinatawag; *lagnat na daua*; sapagca ang maysaquit ay sinisibulan nang maraming butil na catulad nang daua; itong ganitong lagnat ay aqing sasaysayin sa capitulo 59.

CAPITULO 23

Ang saquit na pinananglang erisipela, na cun turan nang tagalog ay culebra.

225. Ang saquit na *erisipela*, ó *culebra* ay cun minsan munting saquit lamang, na lungmilitao sa balat nang catauan nang tauo, at milimit sa muc-ba, ó sa paa. Ungmuunat ang balat, at namumula; at cun idinidiin nang daliri, ay nauauala ang pamumula. Ang damdam nang maysaquit, na yaong lugar na sinisibulan nang *culebra* ay mainit na totoo, na yaon ang di icatulog niya; ang saquit ay lungmalaqui sa dalaua ó tatlong arao pa. Saca hindi nag-iiba hangang sa lumalo ang isa ó dalauang arao; ungmunti tuloy at may nalalaglag sa balat na masaquit na tila calisquis, at nauauala ang saquit.

226. Nguoi cun minsan ang saquit ay malaqui pa sa sinabi co ngayon. Ang may cataua,i, gu niguinao muna nang malaqui; sungmusunod sa guinao ang isang malaquing init at ang saquit nang ulo, at hanggang di lumitao aog *culebra*, ay parating ibig sumuca ang maysaquit. Pagca sibol nang *culebra* na yao,i, sa icalaua ó sa icatlong arao, ay ungmunti ang lagnat at hindi na ibig sumuca ang maysaquit. Datapoua hindi nauaualang parati nang lagnat na munti, at nanab-ang siya nang pagcain, hangang di tumahan ang paglaqui nang *culebra*. Cun ang muc-ha,i sinisibulan noon, ay sungmasaquit ang ulo, namamaga ang bubong nang mata, ang mata,i, piquit, at hindi mapalagay ang maysaquit. Cun minsan ang saquit ay ungmaalis sa isang pisngi, at lumilipat sa cablang pisngi, at napapacalat sa noo, sa liig at sa batoc; cun gayon ay malalauon ang saquit. Cun malaqui ang saquit, ay parating mayroong lagnat; sira ang bait nang maysaquit, at cun hindi paanyo ang pag-gamot doo,i, namamatay cun minsan, lalo pa cun matanda ang may catauan. Ang pagsibol nang *culebra* sa liig, cun minsan ay pinagmumul-an nang garrotillo; cun sa paa sumibol ang

boong paa ay namamaga pati nang hita. Cun malaqui ang sungmisibol na *culebra*, yaong casangcapang masaquit ay sinisibulan nang tila lintog, ó pantog na munti, na puno nang tubig na malinao, na ang camuc-ha ay napasog yaong lugar na yaon, at ang tauag nang taga og d to,i, *culebrang tubig*. Itong manga lintog ay nangatatutuyo at nangalalaglag na parang calisquis; cun minsan yaong pinacatubig na nasisilid sa lintog, ay malagquit, na dahil doo,i, nagcacalangib na macapal ang casangcapang nasactan. Ang calauonan nang *culebra* ay ualo, sangpuo, ó labingdalauang arao; at cun nauauala na ay pinapauisan nang malaqui ang maysaquit; itong pagpauis ay hindi dungmaraan cundi sa catapusan nang saquit.

227. Ang *culebra* ay marahil magbago nang lugar. Cun sa utac nang ulo ó sa dibdib mapatungo ay namamatay agad ang maysaquit; at cun sa liig maparoon, ay garrotillo ang icamatatay niya.

228. Ang pinacabutil ó lintog nang saquit na *culebra*, ay bihirang nagnanana, at cun baga magnana ay maguiguing sugat.

229. Ang dahilan nitong saquit ay ang apdo, na napapasama sa dugo, na hindi

lungmalabas na para nang dati sa pagpauis nang tauo.

230 Cun ang saquit ay munti, para nang sinaysay co sa párrafo 225, ilalagay lamang *sa husay* (capítulo 4) ang maysaquit, at painoming parati nang tubig na marami na pinaglaan nang bulaclac nang *alagao*, na dinoonan, nang timbang isang salaping *salitre* sa iinuming maghapo, t, magdamag. Houag pacanin siya nang carne ó itlog; masama ang alac doon; ang manga gulay at ang manga hinog na bunga nang cahoy ay macacain niya. Ito, i, magaling gauin sa-pagca nag-iilaguin ang maysaquit nang malimit-limit, dungmarami ang ihi, at ang pagtaib nang catauan. Ang lugar n masaquit ay mabuting pasuin nang ilang paso nang caunting papel sangley na linulon, ó nang laman nang bunga nang boboy. Ito, i, gamot tagalog.

231. Datapoua cun malaquing saquit yaon, cun malaqui naman ang lagnat, at ang pulso, i, malacas at matigas, ay cailangang sangrahan nang caunti ang maysaquit, at cun hindi rin ungmunti ang lagnat ay sasangrahang minsan pa, ó macalaua caya. Saca ilalagay *sa husay* capítulo 4; at sinusumpit na parati hangang bumaba ang

lagnat; pinainom naman nang bilin sa número 3, at pag munti na ang lagnat ay pinu-purga ang quinuculebra nang bilin sa número 23, ó binibig-yan touing umaga nang ilang inom na bilin sa número 24. Itong pag-purga ay totoong cailangan sa quinuculebra, nang mangyaring macuha ang *apdo*, na ungmiiinit at naiipon sa catauan. Cun humaba ang saquit, at ang may catauan ay nananabang nang pagcaia, at ang bibig ay mapait, ay cailangang painumin nang alin man doon sa dalauang painom na itinuturo sa número 34 ó 35, cun baga munti na ang lagnat; sapagca itong manga pasuca, i, lalo pang maigui sa purga doon sagayong lagay nang maysaquit. Datapoua cun ang culebra ay nadoroon sa ulo, ay magaling pa sa pasuca ang purga. Bagay rin dito ang bañusang macalaua arao-arao hangang tuhod nang malahiningang tubig, cun ang saquit ay tungmatahan sa ulo; at cun mahirap ang calagayan nang maysaquit, ay totoong buti lag-yan nang parapit sa talampacan número 36. Cun baga nang mapurga ó mapasuca na ang quinuculebra, ay hindi rin ungmuunti ang lagnat ay painumin touing icalauang oras ó malimit sa rito, nang isang cuchara nang bilin sa número 10. Cun talagang mauuuala na ang sa-

quit na culebra, sapagca, t. pinapauisan na ang may catuan, ay bibig-yan nang tubig na may *salitre*, na pinagbabaran nang bulaclac nang *alagao* para nang turo co sa párrafo 230, na sinundan nito at ituloy itong paginom sa ilang arao, nang siya, i, mapauisan pa mandin.

232. Yaong lugar nang catuan nang maysaquit, na sisibulan nang culebra, ay budburan nang *harinang* isinangag sa cauali ó palioc; maigui pa sa harina yaong tila bulac nang bunga nang boboy na siya ang itinataquip doon; cun muntí ang saquit ay siya na yaon Datapoua cun malaqui ang saquit, ang isang basahang babad sa malacucong tubig, na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*; ay yaon ang totoong daling *nacacaguinhaua* sa maysaquit. Magaling ding budburan nang color na mapula, na guinagamit nang manga pintor; datapoua ang lalong madali sa lahat, ay tudluquin nang carayom yaon manga lintog ó butil nang *culebra* sa dacong ilalim nang butil, at ang tubig na lungmalabas, ay pahiran nang isang tuyong damit. Ang manga tapal na may taba ay hindi sucat gamitin dito sa saquit na ito.

233. Cun ang culebra, ay ungmurong

at pungmapasoc sa loob nang ulo, ó sa lalamunan, ó sa baga, ó sa loob nang ca-tauan nang tauo, ay cailangang sangrahan ang maysaquit; saca lalag-yan nang parapit sa manga binti número 36; at parating pa-iinumina nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, na dinoonan nang caonting *salitre* para nang turo sa pá-rafo 230.

CAPITULO 24.

Ang saquit na galis na pinangangalang sarna nang castila.

234. Dito sa lupa nang Filipinas ay naquiquilala nang lahat na tauo ang galis. Ang pinangagalingan nitong saquit na ito ay ang pagcain nang manga cun ano-ano, ang pagcain namang parati nang manga ma-aalat, pati nang bunga nang cahoy na hindi cahinugan, at ang malibag na damit. Mayroon namang tauo, na caya guinagalis, ay siya,i, nalalinan noon.

235. Ang gamot sa guinagalis ay gayon. Houag pacanin nang manga ma-aalat at maasim, pati nang may taba, ó nang manga maiinit para nang *pimienta, chile,*

clavo, luya, etc. Painumin arao-arao nang tubig na pinaglagaan nang bilin sa número 26, ga tatlong taza carami maghapon. Sa icapat ó icalimang arao ay purgahin nang bilin sa número 21. Pag nacalalo ang pitong arao, ay pupurgahin uli, at bago pacanin ang maysaquit cun umaga, at bago siya humiga nang gab-i ay papahiran nang unguentong bilin sa número 52 ang lugar na sinisibulan nang galis. Touing icatlo ó icaapat na arao ay pinapahirang uli hangang sa macaapat; at caalamalam pagca yari na ito ay mauauala ang galis; datapoua cun baga ungmuli ay capupurgahin pa ang guinagalis noon ding bilin sa número 21, bago ituloy ang pagpapahid sa manga galis na para nang dati. Ang damit nang maysaquit ay cailangang paltang parati nang ibang malinis. Magaling sa saquit na ito ang pagpambo ó paililigong parati sa manga ilog, at uminom nang café arao-arao.

236. Cun baga caya guinagalis ang tauo ay gaua nang siya,i, nalalinan noong saquit na yaon, at ang galis ay bagong-bago pa, ay hindi cailangang purgahin muna. Datapoua cun lauon nang panahong pinabayaan hindi guinamot ang galis ay gaga-

mutin para nang sabi co sa itaas sa párrafo 235, na sinusundan nito.

237 Cun ualang mantica, ó cun ualang *sal amoniaco* at dahil doon hindi mo magaua ang unguentong bilin sa número 52, na-aari ang turo sa número 44. Tandaang magaling nang manga mangagamot na itong saquit na galis ay hindi sucat gamutin pagcaraca cundi unahin ang purga, at saca isunod doon ang ibang sinabi co sa párrafo 235

CAPÍTULO 25.

Ang saquit na buni sa uicang castila
empeines ó herpes.

238. Ang tauong binubuni, cun ibig niyang mauala ang caniyang saquit ay humambo siya muna arao-arao; saca siya, i, uminom touing arao nang *cremor* número 24 timbang saicapat na isasama sa tubig na pinaglagaan nang *chicoria* (dilang usa); ó cun ang buni ay masama, t, malacas lumban sa gamot ang iinumun ay ang bilin sa número 71. Ito, i, gagauin nang labingdalauang arao calauon. Sacang maysaquit ay magsangra at magpurga nang bilin sa nú-

mero 21. Quinabucasan bago siya cumain, ó bago humiga, ay pahiran ang ibang manga buni nang ungiëntong bilin sa número 45 ó 52. Dito sa saquit na ito,i, masama ang malibag na damit, at ang di pagpambo nang malimit-limit. Hindi sucat pahirang minsanan anglahat na buni; at masama sa may catauan ang biglang mauala ang caniyang saquit; caya mabuting pabayaang lumalo muna ang ualong arao man lamang; at magpurga uli ang binubuni. Yaong buning masama ang color, na lungmalaban sa gamot, ay maigui cayurin muna nang isang caputol na pingang basag, ó nang isang cuchillo, bago cuscusin nang bauang at aguio, na cucunin sa bubungan nang cusina; ito,i, gamot na marahil gauin nang tagalog, at totoong buti.

CAPÍTULO 26.

Ang gamot, sa mancha sa muc-ha at sa manja pilat.

239. Mayroong tauong nilalabasan nang manga mancha sa muc-ha, di man siya nagcacasaquit, at nang mauala yao,i, basain ang muc-ha na maquiilan maghapon nang *sucang* matapang, na pinaglagaan nang ugat

nang *calabasang* puti. Magaling namang lahiran nang gata nang salagsalag ó *pacupis* (pepinillo de San Gregorio) na binabayo muna,t, pinipiga; at ang gata ay sinasamahan nang caonting *pulot* Itong gata nang salagsalag ó *pacupis* na may calahoc na pulot ay siya rin ang iguinagamot sa manga pilat, nang houag magbalangan ang color nang catauan. Ito,i, turo ni Clain. Datapoua,t, ang dahilan nang manga mancha sa muc-ha ó sa catauan ay saquit na nama-mahay sa loob.

CAPITULO 27.

Ang gagawin sa sinisibulan nang anomang bagay na sibol.

240. Bagaybagay ang sungmisibol na masama sa catauan nang tauo, sa macatouid; ang *pigsa*, ang *baga*, ang *tiboc*, ang *taguihauat*, ang *cancero*, at ang iba pa na may canicaniyang pangalan. Cun inaacalang may sisibol sa catauan, agad agad ay pacacactan sa linta yaong lugar na masakit na namamaga na, ó palibot doon sa talagang sisibulan. Cun ualang linta, ay na-aari ang cadlitan muna bago tanducan,

ó tacluban nang ventosa, na ito,i, hindi gagauing miminsan lamang, cundi maquilian. Pagca gayon ang gaua, yaong talagang sisibol ay hindi na tungmutuloy cun minsan, at tumuloy man, ay gungmagaan ang saquit dahilan sa pagcuha nang dugo. Pag nacunan nang dugo ang maysaquit, at inaacalang masama ang sisibol, ay pupurgabin cun marumi ang dila nang bilin sa número 21, at susumpitin arao-arao na ualang liban nang bilin sa número 5. Bucod dito ay houag ipatiquim sa maysaquit ang sabao, ang alac, ang manga mahanghang, ang carne, ang itlog, ang isda at ang baboy. Ang caniyang cacanin lamang ay ang tinapay na durog, na isinama sa tubig na mainit, ó linugao cun ibig niya. Ang caniyang iinumang parati ay ang bilin sa número 2. Cun ang sibol ay nacaputoc na, ay itinutuloy ring guinagawa itong lahat na turo co ngayon, pati nang pagcuha nang dugo na gagauin doong palibot sa sibol. Saca guinagamot ang sibol para nang sasabihin co sa párrafong isusunod co dito. Cun minsan ay cailangang sangrahan ang talagang sisibulan nang anomang masama, at lalo pa cun nalalagnat ang may catauan, ó cun hindi siya patuluguin noong

masaquit, ó cun malaquing totoo ang pama-maga noong lugar na sinisibulan. Datapoua cun minsan ang manga linta na idinoroong palibot sa sibol ay siya na. Cun nacaputoc ang sibol, ay houag nang sangrahan ang maysaquit.

Ang gamot sa pigsa, sa uicang castila,i, divieso.

241. Ang pigsa,i, sibol na matigas na mapula pula, masaquit at mainit na may-roong ugat na isa, at ga catulad nang isang bungang munti nang piña.

242. Ang pigsa cun iisa lamang ay hindi lubhang macahihirap sa tauo, at cun minsan siyang cusang nauauala pag nacaputoc. Datapoua cun mahirap ang damdam nang pinipigsa, ó cun ang pigsa,i, marami susundin muna ang bilin doon sa párrafo 240; at nang lumambot ang pigsa, ay tatapalan nang tinapay na nginuya, ó nang tinapay na dinurog na minasa sa caunting gatas nang anomang hayop. Cun ualang tinapay, ay matatapalan ang pigsa nang pataning binayo. Pag nacaputoc na ang pigsa, at ang pinacaugat ay nacuha na, ay nauauala ang saquit; datapoua cun baga may natitira pang matigas doon sa

sinisibulan nang pigsa, ay tapalang uli nang tinapay na dinurog, na pinataca, t, minasa sa gatas. Ito rin ang gamot sa sibol, na cun tauaguin nang tagalog ay *pigsang daga*.

Ang gamot sa taguihauat, na cun turan nang castila ay carbunco.

243. Ang taguihauat ay isang bagay na sibol na matigas, mapula pula, mainit, mahapdi at masaquit, na may ugat din para nang pigsa; datapoua ang taguihauat may-roon sa ibabao na tila langib, at ang pigsa, i. ualang gayon.

244 Ang gagauin sa sinisibulan nang taguihauat ay ang turo sa párrafo 240. Saca cun macaputoc, ay tapalan nang isang cabiac na lasonang inihao sa apoy, na mainit cun itapal. Ang uica naman ni Rivera, na ang totoong galing sa sibol na yao, i, ang *palaca* sa ilog, yaon bagang palacang tungmatahan sa tubig na ungmaanod; saca pinipisa ang ulo, at pinapatay, bago biacquín at itapal sa sibol; touing icalauang oras ay pinapaltan nang ibang palacang bago; at sa loob nang isang arao ay gungmagaling ang maysaquit, at ang ugat nang

sibol ay madadala tuloy nang palaca. At cun mayroon pang natitirang ugat ay mag-ihao ca nang isa ó dalauang palaca sa horno ó sa palioc; saca bayuhin mo at itapal sa sibol, at mababahao.

Nota. Cun minsan pinanganganlan din nang tagalog na taguihauat ang *cancro* na sasaysain co ngayon.

Ang gamot sa escirro at sa cancro, na cun sumibol sa suso nang babayi ay tinatawag nang castilang zaratán; pati nang gagawin sa nasisira ang caniyang ilong.

245. Ang escirro ay isang bagay na bucol, na matigas, na hindi rin masaquit, na casing color at casing init nang ibang balat, na anaqui hindi carugtong nang ibang laman, cundi tila nabubucod; datapoua cun quibuin nang camay, hindi ungmuga para nang manga *lobanillo*. Ang escirro cun minsan ay sungmasama cun malauon, at naguiguing *cancro*. Caya naquiquilalang maguiguing *cancro* na ang escirro, sapagca ungmiiit at cungmacati ang lugar na quinadoroonan nang bucol, na dahil doo,i, ibig camutin nang maysaquit. Ang bucol ay lungmalaqui, at nagbabago nang hichura,

at bucod doon ay sungmasaquit na mamin-
san minsan, at cun malauon ay parati na.
Ang manga ugat na nadoroong palibot sa
escirro ay namamaga at nangingitim. Cun
malapit nang magsugat ang cancro, ay la-
long masaquit; at cun nacapagsugat na ang
lumalabas doo,i, totoong baho; ang sugat
ay gumagapang at cun minsan mayroong
ugat na na-aabot at lungmalabas ang dugo.
Ang marahil sibulan noon ay ang manga
matabang tauo, at ang manga dalagang
matanda Cun minsan dala nang capanglauan
ó nang pagca galit nang may catauan, ó nang
pagcain nang maraming bauang ó manga
bagay na maliuag matunao sa siemura.

246. Ang gamot sa *escirro*, ay gayon.
Gagauin pagcaraca ang manga bilin sa pár-
rafo 240; datapoua cun minsan ay masamang
cunan nang dugo; at cun baga hindi na-
uauala ang pamamaga, ay tapalan nang bi-
lin sa número 60. Ang maysaquit ay ma-
buti palon-oquin arao-arao nang bilin sa
número 57. Cun ang *escirro* ay sungmamá
at naging *cancro* na, magsugat man di
man magsugat, ay yaon din ang gagauin,
sa macatouid ang tapal número 60, at ang
bilin sa número 57. Ang sibol sa suso nang
babayi na ang pangala,i, *zaratán* ay gaga-

mutin para nang turo sa párrafo 489.

Nota 1. Ang tagalog na tauo ay marahil sibulan sa licod nang isang bagay na sibol na ang pangalan nila doo,i, *canero ó grano maldito*. Sa aquing acala yaon ay hindi totoong canero; at ang gamot doo,i, ang bilin sa párrafo 240. Nacabubunot sa gayong sibol (ani P. Clain) ang pinacatalbos nang *maguei* (maguí) na babayuhin, muna nang magui bago itapal. Magaling din sa gayong sugat (ani P. Santa María ang dahon nang *tan̄antan̄an ó lin̄angsina* (higuerilla del infierno) na babayuhin muna bago itapal sa sibol. Paga nacaputoc na ang sibol ay hinuhugasan at linilinisang ang sugat nang gata nang *lantin*. Ang uica nang iba, na totoong magaling na gamot sa gayong sibol ang ugat nang *calaboa*, na binabayo muna,t, pinapatacang sabay nang caunting langis nang niyog at siya ang itinatapal doon.

Nota 2. Pag nagsusugat at nasisira ang ilong nang tauo, cun minsan gagaling siya pag ininom nang mahabang panahon ang bilin sa número 57. Data-poua,t, magpupurga naman siya nang malimit-limit bilin sa número 21.

Ang gamot sa tiboc, na cun turan nang castilani, panadizo, ó panarizo.

247. Ang tinatauag nang tagalog na tiboc ay sungmisibol sa manga dulo nang daliri, at totoong sungmasaquit. Itong ganitong sibol ay hiadi sucat hamaquing pabayaan, sapagca cun minsan ay nabubuloc at nasisira pati nang buto nang daliri, cundi gamutin pagcaraca. Cun minsan ay namamaga ang boong camay hangang itaas.

248. Ang gagauin sa sinisibulan nang gayon, ay ang manga bilin sa párrafo 240. Cun malaqui ang lagnat pati nang pamamaga nang camay, ay sangrahan ang may-saquit minsan ó maquiilan, ayon sa calaquihan nang caniyang saquit; at sapagca itong sibol ay masama, ay cailangang ibabad nang ibabad na pagcaraca sa tubig na mainit (houag sa malacuco lamang) ang daliring sungmasaquit; at pagca guinaua itong pagbababad na ito sa unang arao nang pagsaquit nang daliri, ay cun minsan hindi na tungmutloy ang sibol cundi nauuala. Gayon din mabuti itapat na parati ang casangcapang masaquit sa singao nang

cungmuculong tubig Magaling ding tapalan nang bulaclac nang *camantigui* na babayuhin muna na may caunting *asin*. Datapoua cun hindi guinamot na tambing nang gayon, at tungmutuloy ang sibol, ay babasaing parati ang daliri nang *gatas* na pinaglagaan nang bulaclac nang culutan, ó tapalan nang tinapay na durog na linahucan nang *gatas*; ang totoong buti doon naman ay ang *levadura* nang trigo, nang madaling magnana ang sibol. Nguni itong manga ganitong tapal ay hindi dapat ilagay, cundi maualauala muna ang pamamaga nang sibol, at cun talagang magnanana na.

249. Cun inaacalang may nana na ang sibol, ay hiuain pagcaraca, at houag palauonin doon ang nana; saca guinagamot ang daliri nang unguentong bilin sa número 66. Cun minsan ang manga casangcapang sinisibulan nang tiboc, ay linalabasan nang laman, na lungmalaqui,t, lungmalabis sa rati; at itong labis na laman ay maualala cun budburan mo nang caunting *tauas* na sinunog. Cun бага nabubuloc ang buto ang daliriong sinibulan nang tiboc, ay maiguing hiuain ang laman nang maraming hua sa lugar na naquiquilalang nabubuloc, at basaing parati nang tubig na pinaglagaan nang

dita (quina) na sinasamahan nang *espíritu de azufre*, na bibilhin sa Maynila, na yaon din ang turo sa número 10, na ualang calahoc anoman; ang maysaquit ay paimin din nang *dita* número 14, timbang saicapat touing icalauang oras. Cun hindi rin nauuuala ang pagcabuloc nang daliri, ay ipaputol sa maruonong ang casangcapang nasasactan, pag naquiquitang tungmahan na ang pagcabuloc, at hindi na lungmalaqui, sapagca masamang putulin hangang may nabubuloc pa.

Ang gamot sa baga, na cun turan nang castila, i, apostema.

250. Ang pinanganganlang *baga* nang tagalog ay isang sibol na mapula pula cun bago, masaquit, mainit at ga tungmitiboc. Ang butas cun pumutoc ay isa, cun minsan; cun minsan ay marami.

251. Ang gagauin agad sa sinisibulan nang *baga*, ay ang lahat na bilin sa párafo 240. Saca gagauin ang manga turo sa número 248, na yaon din ang iguinagamot sa tiboc.

252. Datapoua cun ang sibol, ay nagnanana na, ay hindi cailangang tapalan

nang manga dahon nang manga damo, cundi ang magaling doo,i, hiuain agad ayon sa sasabihin co ngayon sa párrafong isusunod dito.

253. Cun ang baga,i, may nana, na caya naalamang may nana, sapagca cun hipuin ang sibol, ay ga nag-aalon-alon ang nana sa ilalim, at gungmagala doon sa loob, at hindi masaquit na para nang dati ang sibol, cun ganoon ang gagauin, ay hihiuain ang sibol sa dacong ilalim nang macaanod ang nana; at houag tumahan doon; datapoua cun minsan ay siyang cusang pumuputoc pag natapalan nang manga bilin sa itaas sa párrafo 248. Pag nacaputoc na ang sibol, ay masamang palabasing minsanan ang maraming totoong nana, at ang maysaquit ay manghihinang totoo, maliliyo, at mamamatay tuloy cun minsan. Ang calaquihan nang hiua,i, ibinabagay sa calaquihan nang baga, at masama naman ang totoong unting biua-maca magtago sa ilalim ang nana, at mababahao ang sibol, na hindi maiguing pagcabahao, at cun gayon ay isa pang cailangang hiuain, cun malauon-lauon.

254. Ang butas nang sibol, ay dorconan nang *micha* nang hilas, na gayon ang pag-gaua. Ang isang caputol na munti nang

lienzong luma ay naninitnit, at ang pinag-nitnitan ay guinagauang parang cigarillong munti, na yao,i, ang tinuturang *micha*; ang *micha*,i, ibinababad sa *pulot poquiotan*, ó cun ualang pulot, na sa pula nang itlog; bago isoot sa butas nang sibol. Ang ibabao nang sibol ay tapalan nang isang *lienzong* malaqui pa sa sibol, na may dalaua ó tatlong suson. Ang sibol ay minsan lamang gamutin arao-arao, at touing gagamutin ay papaltan ang *micha* nang ibang bago, at susumpitin ang butas nang sibol nang tubig na pinag-lagaan nang dahon nang *hagonoy*, at *macabuhay*; ang isusumpit sa sibol ay sumpit na cauayan, cun ualang iba. Cun baga may roon pang naquiquitang matigas doon sa baga, na hindi pa lungmalambot, ay tapalan nang manga nacacalambot, na yao,i, ang gatas at ang iba, na itinuro co sa pá-rafo 248

255. Cun malinis na at munti ang butas nang sibol, ay bahau,t, papagcalangibin tuloy nang hilas nang lienzo na idoroon sa butas.

256. Maalaman nang manga mangagamot, na buced dito sa manga itinuro co ngayon ay mayroon pang ibang manga bagay na maigagamot sa saquit na ito; at ang

magaling sa lahat ay ang unguento nang *hagunoy*, ó ang sa *lantin* (llantén) para nang turo sa número 62. Cun ang sa *lantin* ang gagauin ay pinipili ang may malapad na dahon, at limang litid, na doon naquiquita sa tangcay pag nalagot. Alin man doon sa dalauang unguentong yaon, ay nagagamit sa sinisibulan nang baga, na mula sa bagong pagsibol hangang sa mabahao. Datapoua lalong mabuti sa manga unguentong ito ang sundin ang manga itinuro co dito sa capítulong ito.

357. Cun ang baga i, nadoroon sa loob nang catauan doon sa pinanganganlang *baga*, ay gagauin ang manga bilin sa capítulo 6 nitong librong ito.

CAPITULO 28.

Ang gamot sa bicat sa uicang castila, i, lamparónes ó escrófulas.

258. Ang pinanganganlang *bicat* ay sungmisibol sa liig ó sa quiliquili; cun minsan hindi doon lamang, cundi sa dibdib at sa lahat na casucasuan nang catauan nang tauo. Cun minsan namamaga ang isang labi nang bibig at ang ilog. Itong manga bucol

na pinangganganlang *bicat*, ay matigas, hindi mainit, hindi masaquit, at tila louag doon sa quinadoroonan, sapagca cun ugain ng daliri ay ga sungmusunod. Cun ang bini-bicat ay bata, ay hindi maliuag gamutin; datapoua cun matanda ay malauon bago mauala ang *bicat*.

259. Ang gamot sa may *bicat* ay gayon; ang maysaquit ay pupurgahin macalaua touing bouan ng bilin sa número 21. Datapoua cun minsan nacacasama ang purga. Papambo siyang parati sa tubig na hindi totoong lamig, at houag doon sa mga ilog na may malalim na lunas, na dahil doo,i, hindi inaarauan ang tubig. Cacain siyang parati nang *dalandang* hinog; lalacad siya arao-arao, ó sasacaysa cabayo; houag cumain siya nang marami cun gab-i. Cun babayi ang maysaquit, ay houag magsaquit humabi, ó manahi, ó magdugtong nang *abaca*, at totoong sama yaon. Houag namang cumain ang maysaquit nang isda, at masama sa ganitong saquit. Cun siya,i, malapit sa dagat ay uminom touing umaga nang isang vasong tubig sa dagat din, na yao,i, isang pinacapurga; at cun malayo siya sa dagat, ang tubig na dinoonan nang asin ay na-aari. Houag siyang cacain nang manga cun ano-

ano. Magaling naman sa saquit na *bicat* ang pag-inom nang tubig na cun bumucal sa lupa ay mainit na, para nang sa bayan nang *Los Baños*. Magaling naman ang pagpambo doon sa tubig na yaon.

260. Ang ganitong pag-aalaga sa catauan cun minsan ay macacauala cun malauon ng bicat; datapoua bihirang nangyayari yaon. Ang ibang manga bagay na nabibilin sa ibang manga libro, ay hindi nacacauala noong saquit na yaon. Cun bayuhin mo ang damo na pinanganganlang *malatinta* ó *tintatintahan* ó *tinatinaan* at itapal sa bicat, ay mauauala. Yaong damong yaon ay guinagamit sa pag-gaua nang *alac* sa *bigas*, nang tumapang ang *levadura*. Ang tapal ay papaltang macalaua arac-arao. Ito, i, turo ni P. Santa María. Datapoua cun ang may-saquit hindi gungmagaling, ay magpagamot siya sa marunong na médico.

Ang gamot sa lungmalaqui ang liig, na ang tauag nang castila sa gayong saquit ay papera.

261. Sa provincia nang Batangan doon sa manga bayang malayo sa dagat, ay malimit itong saquit, nang pamamaga nang

liig, at marahil dumaan itong saquit sa manga babayi. Itong saquit ay hindi maliuag gamutin cun bago; datapoua cun lauon ay hindi na maari.

262. Ang gagauin nang may ganitong saquit ay houag siyang cumain nang marami cun gab-i; houag pumambo sa ilog na ang manga lunas ay malalim; at ang manga ganoong tubig, sapagea hindi inaarauan ay malamig, at cun sana sa bunga nang cahoy, ay manga hilao. Datapoua cun ualangibang mapambohan ay macacapambo rin doon ang tauo, houag lamang tumahan doon nang malauong; sapagea ang pagtahan nang malauon sa manga gayong tubig ay yaon ang pinagmulan nang pamamaga nang liig. Ang tubig nang manga ilog na hindi inaarauan ay masama namang inumin; datapoua cun ualang ibang maigban, at capilitang iinumina ang sa gayong ilog, ay mabyuti doonan ang tubig nang caunting asin ga calahating taza carami sa isang tapayan. Bucod d.to ang liig ay tatapalan nang dahon nang *tabaco* at *macabuhay*, na babayuhin muna; itong tapal, ay hindi inaalis sa liig, cundi parating naroon arao at gab-i; macafaua lamang maghapon inaalis, nang mapahiran ang pauis; saca isi-

nasaoli at dinoroonan nang bigquis na hindi louag hindi maigting. Cun bago ang saquit, ay caalam-alam mauauala pagca gauin yaon. Ang maysaquit ay papambo arao-arao, ó macalaua man lamang touing lingo. Datapoua cun yaong gamot na yao,i, hindi nacauauala nang saquit, pag guinaua sa dalaua ó tatlong bouan, ay pahiran ang liig touing icapat na srao nang caunting unguento nang *mercurio* ayon sa turo sa número 28. Saca tatacapan ang liig nang isang bigquis na hindi louag hindi maigting. Cun baga naglilintog, ó sinisingauan ang lugar na pinapahiran, itinatahan muna ang pagpapahid nang *mercurio*. Saca pumambo nang malimit ang maysaquit, at pagca nauala na yaong manga lintog, ay magpahid siya uli para nang dati Ang liig na lungmalaqui, at ang manga bucol na sungmisibol doon ay masamang hipoi,t, lamasin nang camay, at lungmalaqui pa mandin. Mayroong isa pang pamamaga nang liig sa taguiliran, na ang tauag doo,i, *bayiqui*; ang gamot doo,i, naituro co na sa párrafo 78.

Ang gamot sa manga bucol na malambot na hindi masaquit, na tinuturang lobanillos nang castila.

263. Bucod doon sa manga bucol na sinabi co sa manga párrafong natalicdan, ay mayroong isa pang bagay na hindi matigas para nang manga *bicat*, at hindi rin masaquit, na ang pangalan nang castila doo,i, *lobanillos*. Nagsisisibol sa ulo, sa manga camay, sa tuhod, at sa ibang manga lugar nang catauan.

264 Ang gamot dito,i, gayon: ang isang malapad na tinga ay itapal doon nang mahabang panahon. Magaling din ang unguento nang hagnoy ó lantin na bilin sa número 62 Nguni itong manga ganitong bucol hindi nacacaano, at cun minsan masamang gamutin.

Ang gamot sa butlig ó culugo sa uicang castila,i, berrugas; at ang gamot sa bosouang, na ang tauag nang castila doo,i, clavos.

265. Maraming bagay ang naigagamot sa butlig at sa bosouang. Ang lalong ma-

galing ay cayurin muna nang sundang ang culugo ó ang busouang, at tapalan nang ungüentong bilin sa número 66, na arao arao papalitan nang ibang bago. Cun baga matatalian ang butlig, ay maigui talian sa puno nang isang buhoc ó sutla nang matuyo at malaglag.

CAPITULO 29.

Ang gamot sa sinisingāuan ang bibig, na ang tauag nang tagalog doo,i, laso ó tola, ó daputac, sa uicang castila,i, aftas.

266. Ang pinanganganlang *aftas*, ay singao nang bibig, na marahil dumaan sa manga sangol; at ang tauag nang tagalog sa nagecacaquit nang gayon ay *dinarapulac*, ó *linalaso* ó *tinutula*. Yaong saquit na yao,i, manga butil na mumunti, mapuputi, ó ga madilao dilao, na naguiguing sugat na mabibilog, na sungmisibol sa loob nang bibig, sa lalamunan at sa ilalim nang lalamunan; cun minsan naman ay tungmutuloy at ungmaabot hangang sa *baga*, at sa manga *bituca* Dinaraan naman cun minsan noong saquit na yaon ang manga matatandang tauo.

267. Itong singao sa bibig cun minsan di man gamutin, ay nauauala; data-poua cun minsan ay nalalagnat, napupuyat at nananab-ang nang pagcain ang nagcacaquit nang gayon. Ang margá sangol ay sungmisigao, at aayo sumuso dahil sila, i. nasasactan nang gatas cun dungmaraan sa bibig.

268. Cun бага malaqui ang lagnat, pati nang pagsaquit nang bibig, at mahirap ang paglon-oc ay sasangrahan sa camay ang maysaquit. Ang ipacacain doo, i. ang linugao. Paiinumín naman nang malimit nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, na dinoonan nang cauntin *salitre*, ga timbang saicapat sa sampuonng tazang tubig Macapat maghapon, ay paiinumín nang bilin sa número 61, timbang calahating saicaulo ang isang inom, na isasama sa isang cuchara noon ding tubig na pinaglagaan nang alagao. Touing icatlong arao ay pupurgahin ang maysaquit cun matanda nang bilin sa número 58; ó cun aayao siya noon, ay ang sa número 63 siya ang ipupurga sa caniya. Bucod dito ang manga sugat ay babasaing maminsan-minsan nang isang caputol na lienzong ibinabad sa gata nang *siempreviva*, ang

lienzo ay tinatalian sa dulo nang patpat. Magaling dito sa saquit na ito (ani P. Santa María) ang tubig ó dagta na tungmutulo sa ouay na pinanganganlang *tabula*, na yaon ang ibabasa doon sa manga sugat ó sa singao nang bibig nang manga bata, at bihira ang hindi gungmagaling. Cun minsan ang iquinapagcacasaquit nang manga sangol nang gayong saquit ay ang gatas nang nagpapasuso doon. Caya cailangang usisain cun yaon cayang nagpapasuso ay guinagalis, ó binubuni, ó cun mabaho ang hininga, ó cun masama ang damdam nang caniyang sicmura; at uala man siyang saquit ay mabuti painumin nang bilin sa número 2, ó nang tubig na dinoonan nang caunting *suca* ó gata nang dayap; ó nang manga cajelada ó limonada número 33.

269 Cun бага hindi sangol cundi matanda na ang sinisingauan sa bibig, ang pag-gamot doo,i, para nang pag-gamot sa manga sangol, na itinuro co sa párrafo 268 na sinundan nito. Datapoua ang ipupurga doon ay ang bilin sa número 23, at ang ipagmumumog ay ang bilin sa número 19.

270. Cun tila maitim yaong sungmisingao sa bibig, at yao,i, casama nang ibang saquit, ó lagnat na malaqui, lalo na

cun mahirap ang pacaramdan nang may saquit na parating nagsisin-oc, at dungmo-roal, at hindi lumagay, ay painaumin arao-arao nang timbang saicapat ó cahati nang bilin sa número 14; at ang caniyang ipagmumumog ay ang turo sa número 76. At pag nauala na ang singao sa bibig, cun ang maysaquit hindi nag-ilaguin nang malacas ay purgahin nang bilin sa número 23, at painumin naman nang bilin sa número 12, ó sa número 13, at ito rin ang caniyang ipagmumumog. Cun totoong hindi macalonne ang maysaquit dahilan sa singao nang bibig, ay ang gatas na tinutubigan ay isama sa ibinabaños, at sa isinusumpit sa caniya.

CAPÍTULO 30

Ang gagawin sa nahulog sa mataas ó sa pinalo, ó sa naipit, ó sa nahulog sa cabayo ó sinicaran.

371 Ang mangá pasa sa catauan gaua nang pagcahulog sa cabayo o sa mataas na lugar, ó dahil sapagca ang may catauan ay pinalo, ó naipit, ay yaong dugong nadoroon sa casangcapang nasactan, na nabobobot, napapacalat sa ilalim, sapagca

napupunit ang pinaca alulod, ó ugat na dinaraanang parati nang dugo, at yaon cun minsan ang biglang pagcamatay nang may catauan. Caya marami ang biglang nangatay dahilan sa sila,i, sinapoc sa sicmura na yao,i, ang iquinaputoc nang *pali* sa loob.

272 Ang magaling sa manga^a pása ay ang manga basahang babad sa *suca*, na dinoroonan nang dalauang gayong tubig na malacuco, cun baga matsapang ang *suca*. Cun mayroong sugat, ay hindi bagay doon ang *suca*, cundi ang dahon nang *pandacaqui*, na babayuhin munang maigui bago itapal doon. Magaling pa sa *pandacaqui* ang dahon nang *hagunoy* sa binayo. Na-aari naman ang sa número 68. Masama sa ganoong saquit ang *alac*, ang aguardiente at ang manga tapal na dinoroonan nang taba, sapagca yaong manga yaon ay nacacalapot sa dugo. Ang maysaquit ay paiinumang agad nang bilin sa número 1, na yao,i, magaling pa sa *sapang*, at sa ibang datihan ipina-iinom nang mangagamot sa ganoong saquit; datapoua cailangang lahucan nang *salitre*, timbang saicapat sa apat na taza. Itong ganitong painom ay itinutuloy hangang sa gumaling ang maysaquit. Ang manga pasa ay hindi sucat hiuain, sapagca cun gauin ang

manga turo sa itaas, ay siyang cusang mauauala. Ang maigui namang gauin nang tauong masipag mag-alaga sa caniyang catauan ay gayon. Cun siya, i, pinalo, ó tinamaan nang bato, ó nahulugan nang anomang mabig-at, ó sinicaran nang cabayo, at uala siyang magamit na gamot doon sa oras na yaon, pagcaraca siya, i, umihi ang caniyang ihing mainit ay ibabasa nang ibabasa sa lugar na nasactan; at cun minsan pati saquit ay mauauala, pagca guinau ang tambing yaon

273 Datapoua cun mahirap ang lagay nang maysaquit sapagca siya, i, pinalo nang malacas ó malalim ang quinahulugan, at malaqui ang tagupac, ó malaquing bato ang tungmama sa caniyang catauan, ó sinicaran nang hayop nang malacas at dahil doon ay hindi nacaalam tauo pagcaraca, ó siya, i, nalauon lauong tila patay, ó linabasan nang dugo sa *ilong*, ó sa *tainga*, ang gagauin doon, ay sangrahang madali; ang maysaquit ay masamang quibui, t, ugain, at mabububopa mandin ang dugo, at cun mabig-at ang caniyang ulo, ó siquip ang dibdib, ó cun namamaga ang tiyan, ang cahulugan noon ay may nabubong dugo sa ulo sa dibdib ó sa tiyan. Cun totoong cailangan ang pag-sasangra, nang magyaring cunan nang ma-

raming dugo; saca gagauin ang manga bilin sa párrafo 272 na sinundan nito; bucod dito magaling sumpitin arao-arao ang bilin sa número 5 ó 6. Cun saquit ay nadoroon sa dibdib, ó sa tiyan, ó sa bay-auang, ó sa ibang lugar na masama, ay houag pacanin ang maysaquit nang anoman, cundi pa inu-ming parati nang tubig na pinaglagaan nang *palay*, ó linugao lamang. Ang boong ca-tauan nang maysaquit ay mabuti doonan ng damit na babad sa tubig na sinucuan; at cun baga ang saquit ay nadoroon sa ulo, ay houag basain nang suca, cundi nang *alac* sa misa na tinubigan. Pag nacaraan ang ilang arao, ay magaling purgahin ang maysaquit nang bilin sa número 11, ó 23, ó 32, ó 49. Cun minsan ang maysaquit ay magaling-galing sa manga unang arao nang masangrahan. Saca cun nacalalo ang ilang arao, ay sung-masama uli ang pagcaramdam, at ang pulso, i, tungmitigas; cun gayo i, cailangang sangra-hang uli. Cun ang nasacian ay tauong ma-tanda na, cun siya, i, malacas pa, at marugo, ay cailangang sangrahan, nang macunan ng ga timbang tatlo, ó apat na pisong dugo. Ang ipaiinom doo i, ang bilin sa párrafo 272. Cun ualang marunong sumangra, ay ipacagat sa linta ang piling nang lugar na

nasactan. Itong pagcuha nang dugo ay to-
toong capilitang gauin agad dito sa saquit
na ito; at pagca nacunan na nang dugo ang
maysaquit, ay caalam-alam totoong daling
guminhaua ang caniyang pagcaramdam. Ma-
raming tauo ang sinibulan sa loob nang ca-
tauan, at nangamatay nang biglang pagca
matay dahil sa pinabayaan ang saquit, at
hindi tambing guinamot.

CAPÍTULO 31.

*Ang gamot sa masaquit ang camay ó
paa, dahil sa narapilos ang may catauan
ó cun nagecasala ang caniyang pagdam-
pot nang anomán, na ang tauag nang
castila doo,i, re jación ó recaldura; at ang
gamot naman sa may lungmingsad na
buto: ang tauag nang castila doo,i, d s
locación ó luxación.*

Nota. Cun minsan dahil sa narapilos
ang tauo, ó dahil sa siya i, nahulog, ó
binatac ang caniyang paa ó camay, ay
sungmasaquit yaong manga casangcapang
yaon; at caya gayon, sapagca napacaba-
nat ó napacaunat ang litid. Cun minsan
namamaga naman ang casangcapang nasac-

tan. Ang gamot doon ay gayon Ibababad pagdaca ang paa ó camay na nasactan sa malamig na tubig. Saca cumuha ca nang dalauang puti nang itlog (houag ang pula) at ihulog mo sa pingan ó planchang *estaño*. Ngayon ang isang caputol na *tauas* iyong icuscos nang icuscos sa pingang *estaño* na may puti nang itlog; pagca malapot ra ang puti nang itlog; ay yari na ang unguento. Maglatag ca nang caunti noon sa isang damit, at itapal mo sa masaquit, na yao,i, gagauin mong macalaua maghapon. Itong mabuting gamot ay turo ni Rzier. Hindi ma-aari ang pingang tinga, cundi ang *estaño* yaon bagang inabihinang sa *hojas de lata*. Caya magaling ang maghanda ca nang isang plancha noon, at itago mo sa bahay.

274. Ang manga dulo nang buto nang tauo ay mabilog ó masubong na sungmu-soot, at pungmipihit sa hucay na mabilog din at malucong; at cun ang mabilog na dulo nang buto, ay ungmaalis doon sa hucay na dating quinasosootan, ang pangalan sa ganoon ay lungmingsad ang buto. Cun gayon ay cailangang isaoli agad ang buto doon sa caniyang lugar, sapagca cun pinabayaan nang malauong panahon ay

hindi na maisaoli, at ang hucay na talagang pipihitan noon, ay nagcacalaman, at caya hindi na maaring sumoot doon.

275 Pag nasaoli na ang buto sa caniyang lugar, ay cailangang tapalang parati ang casangcapang nasactan cun namamaga pa nang damit na babad sa tubig at *suca*; at pagca nauala na ang pamamaga ay samahan nang caunting *aguardiente*. Saca bibigquisang maigui, at houag quiquibuin nang mahabang panahon. Na-aari rin ang *puti* nang *itlog* at ang inciensong binayo na hinahalo capoua, at itinatapal sa masaquit.

276. Bago isauli ang buto sa caniyang lugar cun baga lauon nang lungmilingsad, ay namamaga yaong casangcapang nasactan, ay sasangrahan ang maysaquit bago tapalan nang *tinapay* na durog at *suca*, na ito,i, gagauing ilang arao, bago atuhin ang pagsasauli nang buto sa caniyang lugar. Ang pag-gaua nito,i, hindi lubhang maliuag, babayi man ang umato. Binabatac lamang nang dalaua catauo ang dalauang casangcapang pagtatamaan, at saca ang isang tauo ay caniyang pinatatama ang dulo nang buto sa caniyang susuutan; cun minsan ay hindi cailangan ang tatlo catauo,

at na-aari ang isa, cun maalam alam humipot, tumingin. Cun bago hindi lamang lungmilingsad ang buto cundi nabali pa, ay gagamutin muna ang pagcalingsad, bago gamutin ang pagcabali. Ang gaua nang tagalog sa ganitong saquit ay ipinahihilot sa marunong ang casangcapang lungmingsad; datapoua maliuag gumaling sa ganoong paraan, cun yao,i, lungmingsad na totoo.

Ang gagawin cun lungmingsad ang sihang.

277. Ang maysaquit ay pinalulucloc sa sahig nang bahay, at ang gungmagamot sa caniya,i, lungmalagay na tindig sa licod nang maysaquit; ipinapasoc sa bibig nang maysaquit sa ibabao nang bag-ang ang dalauang hinlalaqui nang camay, at ang ibang manga daliri inilalagay sa ilalim ng sihang; pagca gayon na ang taya nang dalauang camay nang gungmagamot, ay idiniriin ang sihang na pailalim, at sa dacong licod ng maysaquit, hangan sa sungmoot sa lugar niya. Saca tapalan nang turo sa párafo 275.

Ang gagawin sa lungmilingsad ang cayang liig.

278. Cung lungmingsad ang liig nang

tauo, ay mamamatay pagcaraca, cundi gamuting madali; caya ang gagauin doo,i, pahihigain nang patihaya sa sahig, at ang mangagamot ay lulucloc doon din sa sahig sa ulunar nang maysaquit; saca hahauacan nang caniyang dalauang camay ang ulo nang maysaquit, at pagcaraca caniyang babataquin, at pipihitin nang caunti nang mangyaring tumama sa datihang quinasu-suutan. Saca tapalan nang bilin sa párrafo 275

Ang gagauin cun lungmingsad sa dacong quiliquili ang isang bias nang camay,

279. Cun minsan ang isang bias nang camay, yaon bagang buto na nangagaling sa balicat na patuloy sa sico, ay ungmalis doon sa dating quinadoroonan. Ang gagauin cun gayon, ay tatalian ang camay sa ibabao nang sico, at bihilahin nang dalaua catauo ang magcabilang dulo nang tali; ang maysaquit ay pinalulucloc sa lupa, ó sa sahig nang bahay. Sacang gagamot doo,i, cucuha nang isang servilleta, ó paño man; na pararaanin sa ilalim nang camay nang maysaquit, at ang dalauang dulo nang paño ay bubuhulan. Ang gagamot sa may-

saquit, ay isusuot ang caniyang ulo hangan liig sa loob nang paño, at cun hungmihila yaong dalaua catauo, ang mangagamot ay itinataas na magpilit ang caniyang ulo; at cun gayo,i, madadala niya tuloy paitaas ang camay nang maysaquit, at saca itinutulac niya nang camay ang dulo nang butong lungmingsad, at pinatatama sa caniyang hucaysa dacong balicat. Cun ang maysaquit ay bata ó babaying mahina, ang isa catauo lamang ay macacapagpaanyo nang butong lungmingsad; hinihila lamang nang caniyang isang camay yaong butong sala, at ipina-aanyo tuloy noong isang camay. Magaling naman (ani D. Martín Martínez) palucluquin ang maysaquit sa isang luclucang mababa, parang latoc sa halimbaua; pag-gayon na ang taya nang maysaquit, ay tatalian sa ibabao nang *sico* nang isang malapad at matibay na tali yaong caniyang camay na sala sa isang baytang nang isang hagdan; saca inaalis ang luclucan, at pag pinatalon ang catauan nang maysaquit, ay magsasaoli ang buto sa caniyang lugar. Saca tatapalan nang bilin sa párrafo 275.

Ang gagawin pag lungmingsad ang camay sa sico, ó sa galang-galanġan, ó ang mangā daliri nang camay, ó cun lungmingsad ang paa doon sa tuhod.

280. Cun ang camay ay lungmilingsad at unigmaalis doon sa caniyang quinasootan sa sico ó sa galang-galanġan, ó cun lungmilingsad ang paa doon sa tuhod, ó cun nagcacasala ang manga daliri nang paa ó camay, ang guinagaua doon, ay hinihila lamang, bago patamain sa lugar ang butong nagcasala; saca tinatapalan nang bilin sa párrafo 275

Ang gagawin cun lungmingsad ang buto nang hita.

381. Cung ang buto nang hita ay lungmilingsad sa dacong pig-yi at ang paglabas nang buto ay sa licod nang may catauan, ay ungmiieli ang paa, at hungmaharap nang caunti sa loob; datapoua cun ang paglingsad nang buto ay sa harap, ang paa ay hungmahaba, ang tuhod ay cungmiquiling, at ang paa ay hungmaharap sa dacong labas.

282. Cun ang buto nang hita,i, lung-mingsad sa licod nang may catauan, ay cailangang parapain ang maysaquit, at talian ang hita sa dacong ibabao nang tuhod nang isang malapad at matibay na tali. Saca hihilahin ang mangatauon gcatulong sa magcabilang dulo nang tali, at ang mangagamot ay caniyang patatamain ang dulo nang buto sa caniyang lugar. Datapoua cun baga ang paglingsad nang buto nang hita ay sa harap nang may catauan, ay pahigain nang patihaya ang maysaquit, saca hihilahin nang malacas ang buto at isasaoli sa caniyang totoong quinalalag-yan. Saca tapalan nang bilin sa párrafo 275

CAPITULO 32

Ang gagauin sa tauo na may butong nabali, at sa nabasag ang ulo.

282. Cun mayroong tauong nabalian nang buto, cun baga may pagcalingsad din ang buto, ay itong paglingsad ang gagamutin muna, para nang turo sa capítulo 31, bago gamutin ang pagcabali nang buto; at ang gagauin nga sa nabalian, ay gayon. Ang maysaquit ay ilagay sa *husay* (capítulo

4); datapoua cun siya,i, bihasang cumain nang marami, ay mapacacain din nang caunti. Bucod dito ay cailangang sangrahan ang maysaquit, at inuuling guinagaua quinabucasan ang pagsasangra, cun baga malaqui ang lagnat. Ang nabalian nang malaquing buto ay pinahihiga muna nang dalauang lingo lamang. Saca macababangon na siya; datapoua caniyang dahandahanin ang pagbangon. Ang casangcapang nabalian ay hindi sucat ilagay nang patouid cundi balubaluctot nang caunti. Magaling naman ang may lubid na natatali sa bubungan nang silid nang maysaquit sa caniyang tapat, nang siya,i, cumapit sa lubid cun ibig cumibo. Ang catreng quinabihigan nang maysaquit ay binutasan nang houag bumangon cun mananabi.

284. Ang butong nabali ay hinuhusay, at ipina-sanyo nang isang marunong humipo at tinutouid na magaling Saca doroonan ng dalauang caputol na balat na cordobán man, ang isa sa ilalim at yaong isa sa ibabao, na ibinababad muna sa tubig nang lumambot, bago talian nang labingdalua ó labing-ualong panaling maicli, na paraparang may caniya nang buhol. Sa ilalim nang balat ay linalag-yan ang casangcapang nasactan nang damit na babad sa tubig na sinucaan, at

saca babasain ding parati nang mahabang panahon noon ding tubig na sinucaan yaon ding damit na yaon, hangan sa gumaling ang maysaquit. Cun gumaling na ang maysaquit at ang buto,i, naghinang na, cun baga hindi rin nauauala ang pagsaquit nang buto,i, tapalan nang inciensong binayo na lalahocan nang puti nang itlog. Cun baga tadyang ang nabali, ang pag-gamot doo,i, para nang sa ibaang manga butong nababali; houag lamang pahigain ang maysaquit; at cun ang ulo ang nabasag at ualang sugat, ay gayon din ang pag-gamot, houag lamang basain nang suca, cundi nang alac sa misa na tinubigan; basahin mo at sundin ang turo sa párrafo 273 Ang gaura nang tagalog pagca mayroong butong nabalian, ay ipinahihilot sa marunong, datapoua yao,i, totoong sama, sapagca ang butong talagang maghihinang na, nababali uli bagcus pag quinquibo.

CAPITULO 33.

Ang gamot sa natinic, ó nasubol ó sa tinamaan nang pana, ó nabaril.

285. Ang gagauin sa natinic, ó nasubol, ó sa tinamaan nang pana, ó sa tauong

nabaryl ay gayon. Bubunutin pagcaraca, at habanguin sa catauan ang tinic, ó ang tatal, ó ang pana, ó ang bala na nababaon sa laman. Pag nabunot na yaon, ay tapalan ang casangcapang nasactan nang basahang babad sa malacucong tubig. Datapoua cun malalim ang pagcabaon nang tinic ó pana sa laman, at hindi mabunot, ó mabunot man ang iba ay mayrcon pang natitira doon, ay mabuting hiuain nang caunti, cun baga hindi pa totoong namamaga ang casangcapang nasactan, sapagca cun malaqui ang pamamaga ay masamang hiuain; at ang gagauin cun hindi mahiua, ay tatapat na parati sa singao nang mainit na tubig ang lugar na nasactan, saca tapalan nang tinapay na durog na may casamang *gatas* at langis na bago nang niyog ó lana man; cun ualang tinapay at gatas, ay na-aari ang ugat nang *dilao* at ang langis nang niyog na babayuhin capoua, bago itapal doon. Cun ualang *dilao*, ay magagamit ang *romero*. Datapoua cun yaong lugar na napasucan nang tinic ó tatal ay nagnanana, cailangang hiuaing madali at saca gamuting para nang turo sa manga párrafo 253 at 254. Cun baga bala ang nacasugat ay gagauin ito ring manga turo sa párrafong ito. Cun baga ang nacasugat ay panang may

camandag, ay painumin ang maysaquit na madali nang pasuca nang *salag salag*, ó *pacupis* (*pepinillo de san Gregorio*) número 34 ó 35; ó pacanin nang bauang; ó cun ualang iba ay na-aaring ipainom doon ang dumi nang tauo, na isasama sa caunting tubig, nang sumuca. Saca hihiuain ang sugat; bubunutin ang pana cun nadoroon, at huhugasan ang sugat nang tubig na may asin, at tacluban nang ventosa Mabuti basahin mo ang capítulo 35.

CAPITULO 34.

Ang gamot sa napaso nang baga ó pólvora, ó sa nabanlian nang anomang mainit.

286. Cun hindi malaquing lugar nang catauan ang napaso, at hindi naglintóg, sucat na roon ang tapalan nang damit na babad sa malamig na tubig; yao, i, gagauing parati Cun mayroong dagta nang aroma, (goma de aroma) ay lahucan nang pula nang itlog, at ilahid doon nang houag maglintog. Ang madali at ang ualang liuag sa lahat na gamot, maglintog man ang laman, ay ito. Ang isang itlóg nang manuc ay hinahalong maigui sa pingan; sinasamahan

nang dalauang cucharang langis na bago nang niyog ó lana man; hinahalo pang magaling capoua, at itinatapal. Nguni ang magaling sa lahat na gamot ay ang langis nang *cacao*, na gayon ang pag-gaua. Ang isang gawang na cacao, iyong isangag, bago diediquin mo nang maliit. Saca ihulog mo sa palioc na may tubig, at ilagay mo sa mahinang apoy. Hahaluin mong parati nang patpat ang cacao, at yaong langis na lungmulutang sa ibabao nang tubig, iyong ipunin nang isang pacpac nang manoc at ihulog mo sa taza. Ilapit mo sa apoy ang taza nang maiga ang tubig na casama nang langis, at pag naiga na ang langis na natitira ay itago mo sa garrafa. Itong langis nang cacao siya ang mabuting ilahid sa lugar na napasó, ó nabanlian nang anomang mainit na tubig. Magaling din ang bumayo ca nang *uling* nang langca, at doonan mo nang *lana* bago itapal, at mauuuala pati pilat. Cun baga pólvora ang nacapaso, ay mabuti lahiran ang napasó nang dugo nang manoc na munti, at saca tacpan nang damit; ang gatas nang babayi ay maigui ring ibasa doong parati; ganoon din ang maputing *gabi* cun calusin, at samahan nang *lana*, at itapal sa masaquit, ay

nacaguighaua sa may catauan. Na-aari namang tapalan nang camatis na hiniua, na pinapaltang maminsan-minsan, nang mahanginan ang lugar na masaquit. Ang isa pang totoong buting itaquip sa gayong sugat, ay yaong tila bulac nang bunga nang boboi.

287. Datapoua cun ang lugar na napaso ay malaqui, at ang pamamaga ay totoong laqui naman, ang cailangang gauin (ari Tissot) ay sangrahan ang maysaquit. minsan ó maquiilan yaon sa caniyang calagayan.

288. Ang maysaquit ay ilagay sa *husay* (capítulo 4). Houag ipaiinom sa caniya cundi ang bilin sa número 2 at 4; bucod dito ay susumpitin arao-arao.

CAPITULO 53.

Ang gamot sa tauong naguitguitan ó nagalusan, at sa nasugatan, pati sa nahina ó sa tinaga nang ibang tauo.

Nota. Ang mabuti sa nagalusang tauo, i, ang laman nang bunga nang boboy yaon bagang tila bulac, na itataquip na magaling doon sa lugar na masaquit. Maigui

rin ang abo nang papel sangley sa sinu-
nog. Gayon din ang gamot sa nagasgasan
ó naguitguitan nang lubid ó nang ibang
bagay, na yao,i, *rozadura* cun-tauaguin
nang castila.

289. Cun mayroong tauong sinugatan,
ó tinaga ó inulos nang sundang, ó cun si-
ya,i, nahiua, cun бага ang sugat ay munti
at hindi lubhang maraming dugo ang lung-
malabas, ay maghanda cang madali nang
hilas nang lienzong luma, at ilatag mo sa
sugat at houag mông idiriing lubha. Saca
sa ibabao nang hilas ay doonan mo nang
isang caputol na lienzong babad sa lana, ó
langis na bago nang niyog, bigquisan mo
nang hindi louag at hindi maigting, at
houag mong quiquibuin yaon sa isang arao
at isang gab-i. Saca cun tatatapin ang su-
gat, ay aalisin ang hilas na hindi totoong
naniniquit doon, sapagca ang hilas na to-
toong cungmacapit sa sugat, ay hindi cai-
langang ugcain; doonan lamang nang iba
pang bago at sucat. Ito lamang gauang
itong itinuro co ngayon ay nacababahao sa
maraming sugat, at hindi nagnanana; at
cun бага nagnanana, ay tapalan nang
caunting ungentong madilao número 46.
Cun бага ang sugat ay totoong unti, ay

siya na roon ang anlalaua; nguni cun malalim ang sugat at munti ang butas ay cailangang lac-han nang caunti ang butas bago gamutin. .

290. Cun ang sugat ay malaqui, caalamalam mamamaga muna, bago magnacnac; ang maysaquit ay lalagnatin, at cun minsan ay tila masisirasira ang bait. Ang magaling gauin pagca gayon ang lagay nang nasugatan, ay ang hilas muna ang itapal sa sugat, at sa ibabao lag-yan nang tinapay na durog na dinoroonan nang gatas at caunting *lana* nang houag maniquit ang tinapay, at yao,i, ang ilalagay sa ibabao nang hilas bago bigquisan para nang dati; na-aari naman ang tinapay lamang at ang tubig na ualang iba, datapouâ cailangang paltan macaepat maghapon.

291. Bucod dito ang may sugat, cun nalalagnat ay sasangrahan, cun baga hindi linabasan nang maraming dugo ang sugat; saca ilagay sa *husay* (capítulo 4), at susumpitin touing arao na ualang liban. Ang isa namang cailangan sa ganoong maysaquit na ang sugat ay malaqui, ó cun nadoroon sa masamang lugar (sa d b d i b baga, sa tiyan, ó sa bay-auang,) ay houag pacanin nang anoman, cundi tubig na pinaglagaan nang

palay ó basabasa; gayon din totoong sama sa nasugatan ang pag-gaua nang mahalay, at caalamalam mamamatay.

292 Cun baga ang sugat ay nadoroon sa ulo, ay hindi magaling doon ang langis, ó *lana*. cundi ang hilas muna, at saca ang isang tapal ng *betonicang* binayo (cabling), ó cun ualang cabling, ay ibabad sa mainit na *alac* sa misa ang lienzong idoroon sa ibabao nang hilas; saca sundin ang bilin sa párrafo 291.

293 Cun mayroong naputol na ugat na malaqui, at malacas lumahoy ang dugo, ay maigui roon ang *agárico de roble* número 67; at sapagea dito sa Filipinas ualang *agárico*, ay na-aari ang *colatcolat* número 67, yaon bagang tila cabuting matigas na sungmisibol sa manga cahoy, sa *alibangbang* baga; ang unang balat nang *colatcolat* ay itinatapon, ang ibang natitira ay babayuhin, ó bubugbuguin nang cahoy nang lumambot, at yaon ang itinatapal sa sugat; saca doon sa ibabao nang maraming hilas, at isang lienzo, at bibigquisan tuloy. Cua hindi rin ungmaampat ang dugo, at ang sugat ay nadoroon sa camay ó paa, ay cailangang bigquisan ang casangcapang nasactan sa itaas nang sugat nang isang bigquis na ang

lapad ay tatlong daliri man lamang, na pinipitpit nang isang caputol na cahoy nang umigting; houag lamang pacalulubhain, at maca mabuloc ang laman; maminsan-minsan ay lolouagan ang bigquis.

294 Cun baga ang sugat ay nadoroon sa tiyan at hindi lungmalabas ang bituca ay gagamutin ang may catauan para nang turo sa capitulong ito; datapoua cun malalim ang sugat at ang bituca ay lungmalabas, uusisaing maigui cun nabutas ang bituca, at cun baga nabutas, na caya na-aalaman sapegca linalabasan nang dumi doon din sa butas, ay houag anomanahin cun munti ang sugat; datapoua cun malaqui, ay tatahiin nang sang pouong hilog *abaca* na pinagquitan nang houag lumabas ang dumi, at ang dulo nang itinahing *abaca*, ay pababayaang lumauit sa labas nang tiyan nang mahala cun malauon, at pegca siyang cusang sumunod sa camay nang humihila. Bucod dito ang bituca ay cajlangang hugasan muna at linisin nang alac na pinaglaagan nang romero, bago ipasoc uli sa tiyan nang marahan-dahan; sacatinatahi patinang sugat nang tiyan para nang sinabi cong una, at pagca yari na yaon, ay guinagamot ang sugat para nang turo sa capitulong ito.

295. Yaong manga paraan nang paggamot sa manga sugat na sinaysay co sa capítulong ito ay sucat na sa anomang sugat; datapoua mayroon pang ibang manga bagay na magaling ding maalaman ng mga mangagamot, maca cailangang gamitin nila cun ualang iba. Ang romerong nginoya, ay mabuti doon sa sugat; ang manga dahon nang *hagonoy* ay totoong buting bayuhin munang maigui, at patacan nang caonting *lana*, 6 bagong langis nang niyog; saca balutin sa dahon nang saguing; at ibaon sa mainit na abo, bago itapal sa sugat at tuloy gagaling, cun gauin mong macalaua, malaqui man ang sugat. Maigui rin ang ugat nang *baliti* na babayuhin bago itapal. Ang isa pa manding magaling, ay gayon; ang isang caputol na cahoy nang *molauin* ay iyong lagariin, at ang quinain nang lagari iyong ibudbud doon sa sugat. Ang tuyong tai nang cabayo ay maigui rin sa sugat, pag hindi malaqui.

CAPÍTULO 36.

Ang gamot sa sugat na lauon, na hindi mabahao.

296 Ang mga sugat na lauon ay hindi

sucat bahauin pagcaraca, ani Tissot, sapagca marami ang namamatay nang biglang pagcamatay dahil dcon. Ang manga sugat na lauon ay gaua cun minsan nang palo, ó nang bucol ó sibol na hindi guinamot ng paanyo. Cun minsan naman dala ng *escorbuto* ó dala nang pagcabuloc nang catauan. Cun ang escorbuto ó ang ibang dahilan ang pinagmul-an ng sugat na lauon ay cailangang alisin muna yaong isang saquit bago gamutin ang sugat. Ang pagbahao noong manga sugat na yaon ay hindi lubhang maliuag; datapoua houag bauahin pagcaraca nang mangagamot, cundi paraanin muna sa ibang lugar nang catauan nang maysaquit yaong masamang lungmalabas na parati sa sugat. Caya ang unang gagauin sa tauong may saquit na lauon, ay purgahin touing icalauang lingo nang bilin sa número 21; itong ganitong purga ay itutuloy nang malauon, at pag pinurga nang macaitlo man lamang ang maysaquit, ay gamutin na ang sugat para ng sasabihin co ngayon sa mga párrafong isusunod dito. Ang lungmalabas sa manga sugat ay hindi nana, cundi añaqui tubig na maputi-puti, malabnao-labnao, at totoong baho na cun mapasayad sa ibang mga laman, ay nagpapalintog cun min-

san. Pag nabahao na ang sugat, ay itinutuloy ang pagpurga sa may catauan na maminsan-minsan. Yaong tauong may sugat na ibig madaling gumaling, ay cailangan ang houag siyang cumain nang manga maalat, ó manga mahanghang, ó mainit ó maraming carne, at houag tumiquim siya nang isda at alac. Cun ang sugat ay nadoroon sa paa, ay masama sa may catauan ang lumacad na parati, ang magpahangin ang yumapac sa basá, at ang mahanginan ang caniyang sugat. Ang isa pang magaling na totoo sa may sugat na lauon, ay lag-yan nang fuente sa paa, ó camay bago bahauin ang sugat.

297. Cun minsan ang manga tabi nang sugat ay totoong tigas na cailangang hiuain muna, bago gamutin; datapoua cun hindi matigas ang manga tabi nang sugat ay tapalan pagdaca nang bilin sa número 69, at sa ibabao lag-yan nang ilang lienzong babad sa turo sa número 70 na macaitlong papaltan touing arao; at sa número 69 ay macalaua lamang. Datapoua cun minsan ay hindi cailangan itong ganitong gamot sapagca maraming sugat na lauon ay nababahao cun pahigain ang maysaquit, at latagan nang hilas ang sugat, at doonan pa sa ibabao nang hilas nang isang tapal na tinapay na durog,

bulacnac nang alagao at tubig. Bucod dito touing guinagamot, ay cailangang linisin ang sugat at hugasang maigui nang tubig na malacuco na pinaglagaan nang caunting romero, ó nang dahon nang macabuhay ó lingangsina ó hagnoy; ito,i, gagauin bago tapalan.

298. Cun hindi mo ibig gamitin ang bilin sa número 69, at sa número 70, ay naari ang manga sasabihin co ngayon sa manga párrafong isusunod co dito, na yao,i, pauang aral ni P. Clain.

299. Ang manga sugat na ang manga tabi ay matigas, ay mabuti tapalan nang apog na sinubhan; saca linisin at hugasan nang tubig na pinaglagaan nang romero, ó rosas, bago doonan uli nang apog. Ito,i, paparatihing gagauin. Ang laman na lungmalabis sa manga tabi, cun budburan nang polvos nang puno nang *coles* na sinunog, ay mauuuala cun minsan. Itong dalauang gamot tila hindi magaling.

300 Doon sa manga masasamang sugat nalungmalapadatlungmalaqui; ay maiguing itapal ang dahon nang *lanting* na binayo. Nang mamatay ang manga ood sa manga sugat, ay bumayo ca nang *payangpayang*, samahan mo nang apog at dahon sariua nang

tabaco na pauang binabayo bago itapal. Totoong galing naman sa manga gayong sugat ang hugasang parati nang tubig na pinaglagaan nang hagnoy, bago tapalan ng dahon din nang hagnoy na binayo. Ang dahon nang tangantangan ó lingangsina ay totoong galing sa gayong sugat; inilalaga muna ang dahon, at yaon ang ihuhugas na parati sa sugat, bago tapalan noon ding dahong binayo. Ang pinanganganlang *macabuhay*, pag inilaga rin ang dahon, at ang tubig ay ihugas na parati sa sugat, at saca tapalan noong ding dahong binayo, ay na nacagagaling naman.

301. Cun baga nagsusugat ang punong catauan nang lalaqui ó babayi, ay guinagamot muna ang may catauan para nang turo sa párrafo 296. bago lahiran ang manga sugat nang *apdo* nang bacang lalaqui. Maigui ring tapalan nang dahon nang culit na babayuhin muna. Ito, i, turo ni P. Clain. Nguni cun bago yaong manga sugat ay dala nang pag-gaua nang mahalay ay cailangang tumanong sa marunong, nang siya, i, gamutin nang unguento nang mercurio nú m. 28.

CAPÍTULO 37.

Ang gamot sa linulustusan, na ang tauag nang castila sa ganoong saquit ay hernia ó quebradura.

302. Mayroong tauo, na pagca panganao sa caniya ay linulustusan na; datapoua ang caramihan ay caya linulustusan, ay gaua nang pagsigao noong bata pa sila, ó dahil sa pag-uubo ó sa pagsuca. Cun matanda na ang tauo, ang pagbuhat nang manga mabibigat ay yaon ang ugaling pinangagalingan nang saquit na yaon. Ang lalaqui ay marabil lustusan sa babayi.

303. Itong saquit ay bagay-bagay; datapoua ang aquin lamang sasaysayin dito ay ang pagpanaog ó ang pagluslus nang bituca sa pinaca supot nang bayag nang lalaqui, ó sa ilalim nang-punong catauan nang babayi. Cun ang bituca, ó ang linoob nang catauan ay tungmatalon, atnaparoroon sa manga lugar na yaon; ang tauag sa nagcacasaquit nang gayon ay *linulustusan*.

304. Sa alin mang tauong linulustusan, bata man matanda man, ang pag-gamot ay iisa rin. Datapoua ang manga bata ay ma-

daling gamutin, at bihira ang hindi gungmagaling, alagaan lamang nang tali, ó bigquis yaong lugar na pinaroroonan nang bituca. Yaong tali ó bigquis na inilalagay doon, ay mayroong sadhiyang pagcatabas, na hindi maliuag isipin nang alin mang marunong dunong, sapagca ibinabagay sa lugar na quinadoroonan nang saquit. Ang bigquis ay mayroong apat na dulo; ang dalauang nangagaling sa licod, ay binubuhulan sa ilalim nang pusod; at ang dalauang dulo nang tali na nagmumula sa harap ay ipinapatungo sa bay-auang, at doon tinatalian. Búcod dito sa guitna nang taling yao,i, mayroong isang tila unang munti ó dalaua caya, na taga pagdiin nang bituca nang houag macalabas uli. Datapoua bago ilagay ang tali doon, ay cailangang pacausisaing maigui, cun mayroon pang natitirang bituca sa labas, at cun baga hindi napasoot ang lahat sa loob, ay masamang doonan nang tali ang maysaquit. Cun minsan ay hindi maipasoc ang bituca, sapagca ang saquit ay lauon na, at maraming bituca ang lungmalabas. Cun gayon ay cailangang igaua ng capanyoan ang maysaquit at lag-yan din nang tali na ualang unan.

305. Nang mapasauli ang bituca nang

batang linuluslusan, ay pinahihiga muna nang patihaya; dinoroonan nang damit sa ilalim nang pig-yi, nang tumaas. Paga yari nito, i, cun baga hindi pungmapasoc na cusa ang bituca, ay tinutulungan nang camay na marahan dahan; bago lag-yan nang taling itinuro sa párrafo 304; hindi magcasiya ang isang tali lamang; cailangan ang dalaua; at bago ilagay ang ipapalit sa maruming pinapaltan, ay cailangang tingnan cun nadoroon caya sa loob ang lahat na bituca. Cun ibig mo, ay matatapalan ang bata nang *lingangsina* na idinadarang muna sa apoy nang madaling gumaling, saca dinoroonan nang tali Cun baga matandang tauo ang linuluslusan, cun bago pa ang saquit, ay hindi ria maliuag mauala; datapoua cun lauon, ay hindi na ma-aari. Ang gagauin doon ay gayon: pinahihiga ang maysaquit nang patihaya, pinatataas ang tuhod nang sumayad ang talampacan nang paa doon sa hihig-an. Saca ipinapasoc sa loob ang bitucang lungmalabas; itong pagpasoc nang bituca cun minsa, i, ualang liuag; cun minsan ay hindi sungmusunod, cundi marunonghumipo ang mangagamotsapaga cailangang iriin nang camay na catulong ang manga daliri, at pinipilit pumasoc sa

loob ang manga bituca. Datapoua cun mahirap ang calagayan nang maysaquit, at hindi sungmusunod ang bituca, ay cailangang sangrahan muna ang may catauan. Saca susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan na linalahucan nang isang cucharang mantica at calahating cucharang asin; pagca sinumpit ang maysaquit, ay tatapalan muna nang malauon-lauong oras, nang manga basahang babad sa tubig na mainit, bago atuhin ang pagsasauli nang manga bituca.

306. Cun minsan ang bituca ay pungmapasoc na cusa, pag tinapalang ilang arao ang maysaquit nang dahon nang tabacong sariua na ibinababad sa mainit na alac. Magaling naman ang dumi nang baca, na pinatutuyo tuyo muna sa cauali, at sabay pinapatacang parati nang caunting langis, bago itapal sa masaquit. Cun hindi rin pungmapasoc ang bituca, ay sumpitin nang malauon ang maysaquit nang usoc nang tabaco para nang turo sa parrafo 457, at siya ang lalong matapang na gamot doon.

CAPITULO 38

Ang gagawin sa lungmalabas ang tumbong, at sa babaying lungmalabas ang punong catauan.

307. Cun mayroong tauo, na lungmalabas ang caniyang tumbong ó pouit, ay pinararapa muna at pinatataas ang pig-yi; saca ang mangagamot ay babasain nang lana ang caniyang manga daliri, at ang tumbong ay caniyang ipapasoc sa loob na marahan dahan; pagca napasaoli na sa loob, ay tapalan nang basahang babad sa tubig na pinaglagaan nang balat nang *granada*, ó *duhat* ó *camachiles*, bago talian nang isang tali na may apat na dulo. Cun aayao ca ncong ganoong paraan, ay tapalan ang pouit nang incienso, sahing at polvos nang sinunog na sungay nang usa, at papasoc ang tumbong Maigui rin ang mag-ihao ca sa apoy nang isang dahon ó palapa nang (maguimaguei) at pag malamig na, itapal mo roon, gagaling ang maysaquit. Cun minsan ang paglabas nang tumbong ay dala nang pag-iilaguin, na siya ang totoong cailangang gamutin.

308. Cun lungmalabas ang punong catauan nang babayi, ay pahihigain nang tihaya. Dinoroonan nang damit sa ilalim nang pig-yi nang tumaas; binabasang parati nang mainit-init na alac ang caniyang punong catauan; saca ipinapasoc nang camay sa loob na marahan dahan, bago doonan nang tali na may apat na dulo. Magaling naman ang pinacadahon ng magui (maguei) na inihao muna; baga itapal doon para ng turo sa párrafo 307 na sinundan nito.

CAPITULO 39

Ang gagawin cun macati ang punong catauan nang lalaqui ó nang babayi, pati sa lalaqui, cun ungmurong ang caniyang punong catauan, at sa namamaga ang bayag ó ungmiihi nang nana.

309. Cun mayroong lalaqui na ungmurong ang caniyang punong catauan, ay painumin noong picatubig, na nangagaling sa saguing na pinanganganlang *botohan* bago bumunga. Na-aari rin ang tubig sa saguing na pinanganganlang *abaca*. Gayon din ang ugat nang pandacaquing itim, cun cayurin muna, at inumin ang

quinayod sa caunting alac sa misa ó tubig, ay magaling din. Cun ang punong catauan nang lalaqui ó nang babayi ay mabuting basain nang basain nang tubig na pinagbabaran nang caputol na sangá nang *macabuhay* na mapait, at cun hindi nauuala ang saquit ay mabuti lon-oquin nang may catauan ang píldoras ó pelletillas nang talamponay ayon sa turo sa número 57.

Nota. Cun mayroong lalaquing ungmihing nang nana ó cun namamaga ang bayag, ang mabuti doo,i, painuming parati nang tubig na pinaglagaan nang colotan. Magaling din ang magsumpit siya nang malimit, at magpurga nang bilin sa número 23, na yao,i, gagauin touing lingo. Saca iinumina siya ang bilin sa número 22, hangan sa siya,i, gumaling. Cun bəga caya ungmihing nang nana ang maysaquit dahil sa siya,i, mayroong bato sa pantog ay magaling uminom siya nang *café* touing umaga; at sundin ang manga turo sa capítulo 46. Ang pagcati nang punong catauan pati nang pag-ihi nang nana, ay dala cun minsan ng pag-gaua nang mahalay. Cun gayon ay cailangang tumanong sa marunong, nang gamutin ang may catauan ng paanyo, at nang pahiran ang caniyang paa nang ung-

güento nang mercurio número 28, ayon sa uica co sa párrafo 301.

CAPITULO 40.

Ang gagauin sa manġa batang ipinanġanġanac na ualang butas ang puit, ó may sara ang tainġa ó ang punong catauan, ó cun mayroong pinacatali sa ilalim nang dila.

310. Cun mayroong batang ipinanganac at ualang butas ang pouit, ay bubutasang marahan dahan nang isang lance-tang matilos. Gayon din ang gagauin cun hindi macaihi ang bata, lalaqtí ma,t, babayi man, dahil sapagca ualang butas. Ang batang babayi na may sara ang caniyang punong catauan, ay binubutasan din nang lanceta, bago sóotan doon sa lugar na yaon nang isang caputol na tingang mabilog at maicli, na may dalauang pinacatayinga, nang matalian sa bayuang nang bata; at houag aalisin muna hangang di mabahao ang sugat at nang houag madaiti uli ang mga tabi nang butas. Cun baga may sara ó nagdaraiti ang dalauang pinacalabi nang punong catauan nang batang

babayi, ay hinihiua rin ng lancetang matalim mula sa itaas hangang ilalim, bago doonan nang caputol na tingang mabilog na may butas na patuloy sa guitna, at saca tinalian sa bayauang para nang uica co nang una. Cun ang tayinga,i, mayroon isang tila balat na nacatataquip doo,i, binubutasan din nang lanceta, houag lamang palalimin ang paghiua.

Ang manga bata, na hindi macapag-uica nang malinao, sapagca doon sa ilalim nang dila mayroong isang pinacatali, pagca gayon ay guinugupit ang tali ng gunting na munti. Datapoua houag puputulin ang mga ugat na malalaqui, na nadoroon sa piling. Cun malacas lumahoy ang dugo, ay pinapagmumumog ang bata nang tubig na sinucaan na dinoroonan nang ilang butil na salitre, na cailangan ihanda muna. Maigui ring basain ang lugar na linalabasan nang dugo nang caonting aguardiente, na ang sa icatlong bahagui ay suca. Maminsan-minsan ay pararaanang ng isang daliri ang ilalim nang dila nang houag magcapit uli yaong mga guinupit. Itong lahat ay pauang aral ni D. Martín Martínez.

CAPÍTULO 41.

Ang gagawin sa quiniquilmos na ang tauag nang castila sa gayong saquit ay almorranas; na yao,i, pamamaga nang puit nang tauo.

311. Doon sa pouit nang tauo, may-roonganaquibucolbucolnamumunti, nacun minsan ay namamaga doon sa loob, na hindi naquiquita cundi sa oras nang pananabi. Cun namamaga nga yaong manga casangcapan nang pouit nang tauo, ang pangalan sa nagcacasaquit nang gayon, ay *quilmosin*. Cun minsan naman mayroong lungmalabas na dugo na yao,i, touing bouan ó touing icatlong lingo; itong paglabas nang dugo doon ay magaling sa may catauan, at hindi sucat paual-in; sapagca hindi maca-aano sa caniya. Ang lalaqui marahil quilmosin sa babayi

312. Ang pinagmumul-an nitong saquit na ito ay ang maraming dugo, ang pama-manglao, ang malaquing pagtaba nang may catauan, ang pagsacay na parati sa cabayo, at ang pagliban nang ugaling pananabi, ó cun ang inaiilaguin nang may catauan ay matigas. Ang manga babaying buntis ay marahil daanan nitong ganitong saquit.

313. Cun namamaga lamang ang pouit, at ualang dugong lungmabas, at ang may cataua, i, madilao dilao ang caniyang muc-ha, at sala ang pananabi niya, ay gagamutin para nang turo sa párrafo 437. Datapoua cun ang saquit ay malaqui-laqui, at marugo ang may catauan, ay cailangang sangrahan; paiinumín nang bilin sa número 1 ó 2; paiinumín din nang bilin sa número 20, na macaapat maghapon, susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan lamang; at houag damihan ang isusumpit. Ang pouit na namamaga ay tatapalang parati nang biling sa número 9, ó nang sa número 65. Magaling ding tapalang parati ang pouit na namamaga ng bulac na babad sa gata nang *niyog*. Ang dahon nang *romero*, cun ilaga muna sa alac sa misa at itapal doong mainit, ay nacasguighinhaua rin sa maysaquit. Mabuti ring tapalan nang dahon nang *talampunay*.

314. Sinabi co na sa párrafo 311, na cun minsan ang pouit ay linalabasan nang dugo, na cundi marami, ay hindi macacaano sa maysaquit. Datapoua cun napapacarami ang dugo, ó totoong limit nang paglabas, ay surdin ang turo sa párrafo 316.

CAPITULO 42.

Ang gagawin sa binabalinḡoyḡoy.

315. Mayroong tauong linalabasan ng dugo sa ilong na yaon ang pinanganganlang *binabalinḡoyḡoy*, at cun hindi maraming dugo ang lungmalabas ay mabuting pabayaan; datapoua cun minsan pag talāgang tatahanan ang paglabas ng dugo, ay dinaraanang nang pagcalio ang maysaquit, at ang magaling doon cun gayon, ay ang suca na ipa-aamoy sa caniya; cun minsan naman ang maysaquit ay lungmulubha pa mandin; ang dugo,i, hindi tungmatahan nang paglabas; ang pulso,i, ay tila nanginginig, namamatay ang color nang muc-ha at labi, at ibig sumuca ang maysaquit. Pagca gayon ay cailangang ampatin ang dugo, para nang sasabihin co ngayon sa párrafong isusunod dito.

316. Ang maysaquit ay doroonan nang maigting (mahigpit) na tali sa bias nang camay, sa ibabao nang sico, pati sa paa sa ibabao nang tuhod. Babañusan nang malauon ang paa at ang camay nang tubig na malacuco, sapagca ang tubig na ma-

lacuco ay nagpapalouag sa mangā dina-
raanan nang dugo, at palibhasa,i, lungmo-
louag ay malaquing lugar ang mapapaa-
ronan ng dugo sa paa at sa camay. Cun
ang tubig ay malamig ay masama, at mag-
sisiquip bagcus ang mangā ugat na dina-
raanan nang dugo. Cun mainit ang tubig
ay masama rin, sapagca yao,i, nacacapagpa-
lacad nang matulin sa dugo; caya bagay
doon ang malacuco. Pag naampat na ang
dugo ay palolouaguin ng caunti ang mga
tali houag lamang minsanan, ó alisin na
ang isa, at bayaan doon ang iba hangan di
macaraan ang isa ó dalauang oras. Cun
mayroong *salitre* ay ang isang dampot nang
dalauang daliri at ang isang cucharang
suca, ay isama sa isang tazang tubig, at
ipaiinom sa binabalingoyngoy; ito,i, gagauin
touing calahating oras. Bihirang maysaquit
ang hindi gungmaling, ani Buchan, pagca
ibabad, ó basain nang basain nang mala-
mig na tubig ang caniyang punong catauan.
Magaling naman ang isang sigarrong hilas;
itong pinaca cigarro ay ibabad mo sa aguar-
diente na ang sa icatlong bahagui ay *suca*,
at isoot mo sa ilong ng maysaquit, at paa-
butin mong magaling sa itaas. Totoong igui
dito naman ang matigas na colatcolat, ó

yaong tila cabuti número 67, na sungmi-sibol sa alibangbang, ó sa palsahingín ó sa ibang cahoy; ang unang balat sa ibabao ay inaalis nang sundang; ang icalaua,i, quinacayod, at ang pinaca cigaroong hilas, ay pinagugulong doon sa pinagcayoran nang colatcolat, nang maniquit sa hilas, at saca isinosoot sa ilong; at houag ogcain doon maampat man ang dugo, cundi pabayan doon; at siyang cusang malalaglag, pag nacalalo ang ilang arao. Ang binabalingoyngoy ay hindi sucat quibuin ang caniyang catauan, at cun siya,i, malimit magcasaquit nang gayon, masamang cumain ng marami cun gab-i; hindi sucat uminom nang *alac*, ó cumain nang manga mahahanghang ó mainit. Bagay sa caniya ang pag-inom nang malimit nang bilin sa número 2, ó nang timbang sa icaualong *salitre* touing hapon. Masama namang tacpan nang damit ang caniyang ulo, at cun siya,i, nahihiga masama ang mababang unan.

CAPÍTULO 43.

Ang gamot sa lungmulura nang dugo.

317. Cun ang dugong inilulura nang

may catauan nangagaling sa baga, ang color nang dugo ay mapulang mariquit, at may bula cun minsan; tila may sungmisintac sa loob nang dibdib, ang paghinga ay mahirap hirap, at cun minsan may ubo pa. Cun maraming dugo ang inilulura nang may-saquit ay cailangang gamutin agad.

318 Itong paglura nang dugo, cun minsan ay dala nang caramihang dugo nang may catauan, ó sapagca mahina, ó sala caya ang ibang casangcapan nang dibdib. Ang pagtacho nang matulin, ang pag-inom nang alac, ang paghabi, ang pagsigao ó ang pagcacanta, ay parapara cun minsan yaon ang pinangagalingan noong saquit nayaon. Gayon din ang pag-urong nang panahon sa manga babayi, ó ang pagtahan sa totoong init, ó ang lauong pag-uubo, cun minsan ay sinusundan nang paglura nang dugo.

319. Ang gagauinsa nsgcacasaquit nang gayon ay untian ang caniyang cain; houag painumin nang alac: painuming parati nang bilin sa número 2; bagay sa maysaquit ang pagcain nang bunga nang sampaloc, ó nang ibang manga bungang hinog nang cahoy. Cun maraming dugo ang inilulura nang may-saquit ay cailangan doonan nang tali sa ilalim nang tuhod at sa ibabao nang manga

sico. Ang isa pang totoong galing dito ay bañusan nang malacucong tubig hangan tuhod. Magaling din ang painumin ang maysaquit, na macalaua maghapon, nang isang tagayang tubig na hinulugan nang dalauang cucharang jarabe nang *suca* ó nang *verdogas* (olas man) Datapoua cun baga ang maysaquit ay mataba at magaling ang catauan, ó cun totoong init nang caniyang pagcaramdam, ó nalalagnat caya, ay sasangrahan muna minsan ó maquiilan sa camay, bago gauin ang ibang manga turo co sa párrafong ito. Ang lungmulura nang dugo, i, masamang humiga; masama naman sa caniya ang pagsigao, atang siya, i, cumibo. Bucod dito hangan hindi gumaling na totoo, ay masama sa caniya ang paghabi, ang pananahi, at ang pagdurugtong nang abacá.

Nota Ang lungmulura nang dugo, ay magaling uminom nang catauan nang *pacpac lauin* na ilalaga sa tubig ga isang dacot carami. Yaong damo ay sungmisibol sa catauan nang *cauong*. Itong gamot totoong buti.

CAPITULO 44.

Ang gamot sa sungmusuca nang dugo.

320. Ang pagsuca nang dugo ay masamang saquit, sapagca bucod doon sa dugong isinusuca, ay mayroong ibang dugo, na napahulog sa manga bituca, at yaon ang iquinapag-iilaguin nang may catauan nang masamang pag-iilaguin.

321. Ang gagauin sa ganitong saquit, ay ang manga tali sa paa't, camay, at ang baños sa malacucong tubig hangan tuhod. Sacasumpiting paratiang may catauan. Ang caniyang cacanin ay caunti; ang tubig na malamig ay totoong bagay doon, at lalo pa cun lahucan nang *suca*, ó nang caunting *espíritu de azufre*, na bilin sa número 10. Pag napatahan ang dugo, ay cailangang purgahin maminsan-minsan ang maysaquit nang purgang mahina, para nang turo sa número 32. Cun babayi ang sungmusuca ng dugo dahilansainurungan nang panahon, ay sangrahan muna, bago gauin ang ibang manga bilin co dito sa párrafong ito.

CAPITULO 45.

Ang gagawin sa ungmiihi nang dugo.

322. Cun ang inaihi nang tauo, ay tunay na dugo, at cun patuloy na hindi mahirap ihi, ay yaong dugong yaon, ay sa manga *bato*, nangagaling. Datapoua cun ang dugo ay caunti, maitim-itim at masaquit ihi, at saca mainit at masama ang pagcaramdam nang may catauan sa tiyan, ay yaong dugong lungmalabas ay nangagaling sapantog. Ang pag-ihing nang dugo cun minsan ay dala nang pag-urong nang panahon sa manga babayi, ó gaua nang pagsacay sa cabayo, ó sa pagcahulog sa mataas, ó sa pagbuhat nang mabig-at, ó sapagea mayroong bato sa pantog, ó cun minsan gaua naman nang manga purgang matapang ó manga parapit caya. Datapoua mayroong pag-ihing dugo, nayao, i, dala nang caramihang dugo nang may catauan, na cun hindi maraming totoo ang inaihing dugo, ay hindi masama yaon sa caniya; cun minsan doon sa dugong inaihi mayroong casamang nana.

323. Ang gamot sa saquit na ito ay gayon. Cun бага matabang totoo ang may

catauan, ay sasangrahan, susumpitin nang malimit, at pupurgahin nang manga mahihinang purga, para nang *maná*, *ruibarbo*, *crémor tártaro*: ó cun uala yaon, ang sa número 32 ay magaling din. Cun ang maysaquit ay nanlalatang totoo nang caihi nang dugo, ay painuming macaitlo maghapon ng bilin sa número 40

324 Cun ang pag-ihí nang dugo ay casama nang bulutong ó nang manga lagnat na malaqui, ang lagnat ó ang bulutong ay guinagamot muna para nang turo sa manga capítulong nacaraan, at ang pag-ihí nang dugo ay siyang cusang mauauala.

325. Cun ang dugo, i, may casamang nana, at nahahalatang maysugat doon samanga bato ó sa pantog, ang maigui roon ay maglaga sa isang tagayang tubig nang dahon nang saga (oruzuz) at ugat nang colotan; doonan yaong tubig nang timbang cahatinggoma (dagta) nang dalandan ó goma nang *lucban*, at nang timbang isang saicapat na *salitre*, at ang maysaquit ay painuming maminsan-minsan nang isang taza noong tubig nayaon. Maigui roon namanang suero nang gatas, cun hindi pa maasim; nguni,t, iinumín nang malauong panahon.

CAPITULO 46.

Ang gamot sa mayroong bato sa pantog, pati sa tauong binabalisaosao, ó sa mahirap umihi.

326 Caya nahah latang may bato sa pantog ang may catauan, sapagca cun umihi, ay sungmasaquit ang dinaraanang nang ihi, na patuloy ang pagsaquit hangan sa dulo nang punong catauan. Ang isa pa roon ay macati yaong casangcapang yaon, na dahil doo, i, parating quinacamot, at pinipisil nang may catauan; ang pos-on ay mabigat, at cun malaqui ang batong nadoroon sa loob, ay bahag-ya na macaihi ang maysaquit, at cun umihi ay patac patac.

327. Ang bagay dito sa binabalisaosao ay ang pagsasangra sa may saquit, lalo pa cun ang saquit ay bago, at mataba ang may catauan; gayon din mabuti pacapitan sa lintang pouitan nang maysaquit. Saca susumpitin nang malimit; babasaing parati ang bayuang at ang punong catauan nang tubig na malacuco, ó nang tubig na pinaglagaan nang culutan, ó nang tubig na ang sa icatlong bahagui ay gatas. Ang iinumang parati

nang maysaquit ay ang tubig na pinaglagaan nang timbang tatlong pisong catauan nang maiz na sariua ó tuyo man sa apat na botellang tubig hangan sa maiga ang isang botella. Gayon din ang tubig na pinaglagaan nang *hagunoiy* ay totoong buti, ó ang tubig na pinaglagaan nang talbos nang *cahel*. Mabuti rin ang pag-inom touing umaga nang café, ayon sa turo ni Linneo Maigui rin ang tubig na pinaglagaan nang ugat at dahon nang *salay ó tanglad*.

328. Sa ungmiihi nang buhangin ó bato, magaling naman ang tubig nang apog na bago sa cabebe número 79; hinahalo ang apog at ang tubig, at pag malinao na ay isinasaling marahan dahan sa ibang sisidlan, ay yaong tubig na yaon ang iinumang parati nang maysaquit, ga pito ó ualong taza sa isang arao. Mabuti rin ang maputing *sabón castila* timbang piso arao-arao, na tinutunao muna sa tubig na inaiinit sa apoy; pag tunao na ang sabon at malamig na ang tubig, ay uubusin nang maysaquit sa isang arao yaong lahat na tubig na pinagtunauan nang sabón. Cun hindi matiis nang caniyang *sicmura* ang ganoong caraming sabón, ay houag uminom pagcaraca nang marami hangang hindi namimihasa pa. Cun ualang

bato sa pantog cundi binabalisaosao lamang, ó mahirap umihi ang maysaquit, ay gagauin lamang ang labat na bilin sa párrafo 327. Ang isa pang gamot na totoong galing ay gayon. Ang timbang tatlong bahagui, ó ang timbang piso caya nang ugat nang damong pinanganganlang *sansaosansauan* (at sa Batangan calacalamayan) ay ilalaga sa dalauang botellang tubig, at cun mayroong *sal amoniaco* dinoroonan nang timbang isang butil na palay noon. Cun ualang sal amoniaco ay bayaan. Pagca laga nang malauon-lauon at malamig na ay sasalain, at ang maysaquit ay binibig-yang macaapat maghapon nang isang taza. Itong damo,i, quilala nang manga bata, sapagca ang dahon ay canilang pinipiro sa tubig; at ang gatas noon ay lungmalapot sa arauan parang calamay. Ang catauan noon ay ganga tingting nang ualis, at namumulupot sa cahoy. Ang bulaclac ay totoong unti at ualang color. Ang ibang puno ay bungmubunga, at ang iba,i, hindi. Cua mahinog ang bunga ay mapula, at mayroong isang boto sa loob. Marahil maquita sa manga *bayabasan*. Itong gamot ay magaling pati sa ungmiihi nang nana; houag lamang lag-yan nang sal amoniaco. Magaling namang totoo sa qui-

nagat nang ahas, pati sa masiquip ang dibdib, nang siya,i, lumura nang maloualhati.

CAPITULO 47.

*Ang gamot sa ungmihing parati di mar
cusa nang caniyang loob.*

329. Ang manga sangol, ang manga matatanda, at ang manga babaying buntis, lalo pa ang nahirapan sa panganganac, ay marahil daanan nitong ganitong saquit. Cun бага nagcacasaquit ang tauo nang ganoon, sapagca nagambol, at lungmubay ang dina-raanan nang ihi ay ualang magauang gamot doon.

330. Datapoua cun ang inaihi nang maysaquit ay marami pa sa caniyang iniinom, cun ang ihi ay catulad ng iniinom, at mainit ang pagcaramdam nang may catauan, at nalalagnat-lagnat nang caonti, ay mabuti purgahin nang bilin sa número 11, ó sa número 38 Magaling din cun minsan ang painumin ang maysaquit nang tubig nang *apog sa cabebe* número 79 na pinagbabaran nang balat nang *camachiles*, ó balat nang bayabas, ayon sa turo ni Buchan. Maigui rito naman ang *dita* número 14, timbang

tatlong bahagui arao-arao, na isinasama sa *alac*, at ipainom sa maysaquit. Magaling sa caniya ang pagcain nang yuro, hipon at manga talaba.

CAPÍTULO 48.

Ang gamot sa hindi nananabi.

331. Masama sa saquit na ito ang paglocloc na parati, ang pagdaramit nang marami, ang pagtahan sa hihig-an ang malauon, at ang pag-iisip na parati nang manga maliliuag.

332. Ang hindi manabi para nang dati, ay magaling cumain nang lutong bunga nang cahoy; bagay naman sa caniya ang *mantica*, ang *pulot*, ang *azúcar*, ang *suero*, at ang gatas; cun itong manga bagay na ito ay hindi macauala noong saquit na yao,i, magalinguminom ang maysaquit nang caunting *ruibarbo*, na macaitlo touing lingo. Maigui roon naman ang tubig na dinoonan nang gata nang *cahel*, na ualang *azúcar*, na yao,i, sa umaga'ng umaga,i, iinumina; magaling din ang pagcain nang *cahel* cun umaga. Ang tubig na pinaglagaan nang ugat nang *hagunoy* ay mabuti naman doon sa hindi

manabi. Cun ang maysquit nahihirapan nang pananabi dahil sa matigas ang dumi ay magaling sumpitin nang tubig na pinag-lagaan nang *lantin* (llantén) timbang piso.

CAPÍTULO 49.

Ang gamot sa sinisingaun, ó sa namumula ang mata.

333 Ang pinagmumul-an nitong saquit na ito ay ang hanging malamig na casama nang ulan, ang pagbasa, ang pagtingin nang malauon sa maputi, ang pagcapuyat, ang pagsulat, ang pananahi, ang pagdurugtong nang *abacá* cun gab-i, ang biglang pag-urong nang pauis, ang pag-inom nang *alac* na marami, ang mahabang pag-ulan, ang calimitan nang pag-gaua nang mahalay, at ang pagtahan sa manga mababang lupa. Cun minsan ay sungmusunod yaong saquit sa bulutong at sa ticdas.

334 Ang nagcacasaquit nang gayon ay hindi macatingin sa liuanag; ang mata ay masaquit na totoo at namumula; ang pulso ay madalas at matigas, at cun minsan nalalagnat ang may catauan.

335. Ang maysaquit ilalagay sa husay nang maysaquit na magaling-galing nasa ca-

pítulo 5. Cailangan namang sangrahan, lalo pa cun magaling ang catauan ó cun mayroong maraming dugo; cun ualang maraming dugo, ay cailangang purgahin nang bilin sa número 24, ó sa número 32. Ang iinumín niyang parati ay ang turo sa número 1 ó 2 Maigui ring bañusan nang malacuecong tubig hangan tuhod, at cun mahirap ang pagcaramdam niya ay ahitin ang ulo touing lingo. Cun hindi rin nauuuala ang saquit nang mata, ay lag-yan ang maysaquit nang parapit número 36 sa batoc ó sa licod nang tayinga, at paba-yaang sumago nang ilang lingo. Cun ang saquit nang mata ay malaqui, ay tapalan cun gabi nang tinapay na durog at *gatas* na pinatacan nang caunting lana, at cun umaga,i, hugasan ng *gatas* na malacuecong tinubigan. Pagca nauuala na ang saquit, cun minsan ang mata ay hindi pa gungmagaling na totoo; cun gayo,i, maigui hugasan cun umaga at cun gabi nang tubig na sinucaan. Ang tauong malimit magcasaquit nang gayon, ay mabuti magfuenta sa isa ó sa dalauang camay. Ang isa pang gamot nang taga África sa manga sarisaring saquit nang mata, ay tinatapalan cun gabi nang atay na hilao nang sisiu.

CAPITULO 50.

Ang gamot sa may colaba, ó sa may bilig sa mata.

336. Cun mayroong tauong may colaba ó bilig sa mata, ang isang capiraso na *azúcar piedra* ay bayuhin mo nang maliit, at ibudbod mo sa matang maminsan-minsan; ó bumunot ca nang paepae ó plumang mura nang sisiu na maputi, at ang dugong nadoroon sa dulo nang pluma ay iyong pigain at ilahid sa colaba nang mata. Mai-gui rin patacan ang mata nang dagta nang dahon nang *pandacaqui*. Ang gata nang aligbangon ay mabuti naman deon. Itong láhat ay aral ni P. Clain; datapoua hindi co na-aalaman cun macagagaling yaon. Dapat atohing gauin ang pildoras número 57; ó cun ibig mo ay basain ang mata nang alac sa misang pinagbabaran ng catauat, dahon nang *argémone*, yaon bagang damong itinuturo co sa párrafo 338.

CAPÍTULO 51.

Ang gamot sa hindi macaquita, magaling man ang caniyang mata, na ang tauag nang castila doo,i, gota serena.

337. Mayrcong tauo, na cun tingnan ang caniyang mata, ay anaqui para nang mata nang ibang tauo, datapoua,i, hindi siya nacacaquita; cun baga caya hindi siya macaquita, ay sapagca nalubay, ó ga namatay ang cabagsican nang litid nang mata, ay ualang magauang gamot doon. Datapoua cun dala nang masamang singao nang catauan, ay cailangang sangrahan muna ang may catauan cun maraming dugo siya, ó cun bata pa. Bucod dito ay palonoquin ang maysaquit arao-arao nang dalaua ó tatlong píldoras ó pelletilla na bilin sa número 43; saca doonan nang parapit número 36 sa batoc ó sa licod nang tayinga, na pababayaang sumago doon nang malauong panahon, at cun minsan macacaquita na ang maysaquit.

CAPÍTULO 52.

Ang gamot sa may sugat sa suloc nang mata, ó sa liran.

338. Ang gagauin sa may sugat sa suloc nang mata ay ang manga turo sa capítulo 49 Ang sugat nang mata ay mainguing lahiran nang tubig na pinagtunauan nang laman nang bunga nang *aroma* na linahucan nang caunting asin. Mabuti rindoon ang sucang pinagbabaran nang caputol na tanso, para nang manga cuartang malinis. Magui ring lahiran nang dagta nang *argémone* na yao,i, damong sungmisibol sa manga patio nang simbahan nang Maalat pati sa Tondo; ang bulaclac noon ay malaquit, madilao; ang catauan pati nang bunga sampon nang dahon ay matinic; ang dagta noon ay madilao. Ito,i, turo ni Linneo.



CAPITULO 53.

Ang gamot sa masaquit ang tayinga.

339. Cun baga masaquit ang tayinga, ay mabuti patacan nang gata nang *lasona*, na may calahoc na gatas nang babayi; mabuti rin ang gata nang *calabasa*. Cun baga caya lamang sungmasaquit ang tayinga, sapagca nalamigan, ay magluto ca ng isang *daga sa alac*, hangan sa matunao, salain mo yaong alac, at maminsan-minsan mong patacan ang tayingang masaquit noong ding alac na mainit-init, at mauauala ang saquit.

340. Cun namamaga ang tayinga ay maglaga ca ng balat nang granada sa ibi nang tauo na may ilang arao na ang ibi, at yao,i, ibasa mo sa tayinga at mamamatay ang manga ood, cun baga mayroon; cun ibig mo ang gata nang *romerong* binayo ay isa rin. Itong lahat ay uica ni Clain. Datapoua mayroong isa pang gamot na tootong buti, na yao,i, gayon. Magihao ca sa apoy nang isa ó dalauang dahon nang *sorosoro* na ang tauag sa Maynila doo,i, *lengua de perro*, at ang gata noon iyong isoot sa tayinga nang isang paepac na

munti nang sisiu. Yaon ay gagauin mong macalaua ó macaitlo maghapon.

341. Cun hindi macaringig ang may catauan ay magaling doon sa tayinga ang gata nang *coles* na may casamang *alac* sa misa. Maigui rin sootan ang tayinga nang caunting bulac na ibinabad sa alac na pinagtunauan nang ga dalauang butil na *almizcle*; bucod dito ang ulo ay tatacpan nang paño, at masamang mahanginan. Ang uica ni P. Santa Maria, ay totoong galing sa masaquit na tayinga ang patacan nang *taba* nang buaya, at cun minsan mauuuala ang pagca bingi. Na-aari rin ang *taba* nang baboy. Mabuti doon naman sa hindi macaringig ang gata nang *yerbabuena*. Ang uica nang iba, ay magaling din ang gata nang *ruda*.

Nota. Cun minsan ang tayinga caya masaquit; ay may *erisipela* (culebra) sa loob. Cun gayon ay gagamutin para nang turo sa capítulo 23.

CAPÍTULO 54.

Ang gamot sa inuurunjan nang pauis, galis, buni, ó cun nauuuala ang talagang bubucol, ó sisibol sa catauan; at hindi tungmutuloy.

342. Ang tauong binubuni, ó pinapauisan ó guinagalis na dati, na biglang nauuual-an noong manga saquit na yaon, ó cun baga siya,i, binubulutong ó tiniticdas, ó quinuculebra, ó cun tinutubuan nang anomang masama, at hindi tungmulo, cundi lungmulubog at napailalim, cun minsan siya,i, maguiguiging *ético*, ó hihicain, ó daraanan caya nang hindi macahinga, ó nang ibang saquit na masama. Cun ang may catauan ay naghihirap dahil sapagca nauuala yaong pinaca singao nang catauan; ay mabuti ang siya,i, magdamit nang maramirami ó magbalabal. Saca uminom siya nang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, na dinoroonan nang caunting *nitro*, ó *salitre*, at macalaua maghapon caniyang cacanin ang timbang cahati nang bilin sa número 42; bucod dito ay magpupurga siyang parati. Cucuscusin nang

tuyong damit ang caniyang manga paa hangang tuhod, at babañusan naman cun umaga at cun gab-i nang malacucong tubig. Ang caniyang iinumang parati ay ang bilin sa número 71 ó ang sa 75. Houag siyang cumain, cundi gatas nang *baca*, ó cambing, ó *calabao*. Cun malubha ang maysaquit ay parapitan sa batoc, ó sa guitna nang daluang balicat, ó sa manga bias nang manga camay, ó sa manga paa; saan man doon ay na-aari; cun бага galis ang lungmubog ay maigui igaua nang capaanyoan ang maysaquit, nang mangyaring siya,i, malalinan uli nang galis.

CAPITULO 55.

Ang gamot sa namamaga ang boong catauan na ang tauag nang castila doo,i, hidropesía.

343. Cun namamaga ang boong catauan nang tauo, ó hindi man ang boong catauan, cun hinihipo nang camay ang laman ay malata at malamig; at cun idiniriin nang daliri, ay bungmabaon sa laman ang daliri, at nagecacahucay doon, na hindi

nauauala pagcaraca; caya gayon ay sapagca ang pinaca tubig na dating calahoc nang dugo, ay bungmubucod at napapatahan sa ilalim nang balat nang catauan.

344. Ang unang namamaga ay ang paa at hita, at hungmahalili ang boong catauan; sa bay-auang mayroong isang tila bucol; ang balat ay ga maquintab, namumutla, at lungmalamig, at hindi lubhang nacacaramdam; ang paghinga ay mahirap, at lalo pa cun gab-i, ó cun bagong nacacain; ang maysaquit nag-uubo; hindi pina-pauisan; ang pulso ay munti, malalim, madalas at gulo; ang ibi ay hindi luto, at hindi rin marami; ang inailaguin ay hindi rin luto, at may dugo pa cun minsan; ang maysaquit ay mahina; nauuhao na parati, at hindi macacain; ang dila cun minsan; ay tuyo. Cun malalauon-lauon, ay nalalagnat dahilan sa tubig na nabubuloc sa manga laman, at pagca gayon ang caniyang hini-nga ang lauay at ang ibi ay mabaho. Maraming dahilan ang iquinapagcacasaquit nang tauo noong gayong saquit, Cun minsan yaong saquit ay minamana; cun minsan dala nang pag-inom nang alac na matapang, ó dala nang pagpupurga ó pagsasangra nang totoong limit, ó nang pag-inom nang

tubig na malamig pag ang tauo,i, nainitan, ó galing sa malaquing gaua; cun minsan dala nang pagtahan sa mababang lugar ó nang pagcain nang manga ualang sustancia. Nagcacasaquit din nang ganitong saquit ang matamaring cumibo, ang hinica, ang nangiqui, ang nag-ilaguin nang malacas, at ang inurungan nang galis, buni, ó nang sa bouan bouan cun baga babayi. Caya ang pag-gamot doo,i, maliuag; datapoua cun minsan ay gagaling ang maysaquit cun talaga siyang gagaling capag sundin niya ang manga ituturo co ngayon.

345. Ang maysaquit ay tatahan sa lugar na mainit at sa ualang maraming ilog ó laua. Cun hindi na-aari sa caniya yaon ay maglagay siya nang bagahan doon sa silid na tinatahanan niya ó magbago muna nang bayan; mag-ingat siya sa calamigan nang gab-i, ang caniyang cacanin ay tinapay na matigas ó ihao sa baga; ang *carne* at ang *isda* na caniyang cacanin ay ihao rin sa baga, at maigui sucaan, ó doonan nang gata nang dayap. Ang maysaquit ay hindi sucat uminom nang tubig, magmumog siya lamang ó iinom nang caunti; magaling din ang *alac* sa misa na hindi maitim, na pinagbabaran nang ajenjos. Ma-

buti rin, ani Buchan, ang pag-inom cun umaga,t, cun gab-i nang isang cucharang bot-o nang *mostaza* na hindi bayo na ihuhulog sa isang tazang tubig na pinagla-gaan nang *luya*. Bucod dito ang maysaquit ay lalacad na parati, ó sasacay sa cabayo, maigui ring cuscusing parati ang caniyang catauan nang basahang tuyo at mainit; ang damit na gagamitin nang maysaquit ay ang tinina nang azul, na pasasayaring maigui sa catauan, at masama ang louag.

346 Touing umaga painumin ang maysaquit nang isang cuchara nang bilin sa número 72. Itong gamot na ito,i, itinutuloy hangang mauala ang pamamaga nang catauan. Ang ungmiiinom noon ay ungmiihi nang marami, at yaon ang naca-cauala nang pamamaga. Cun hindi ungmiihi nang marami ang maysaquit, painumin man noong turo co ngayon, ay damidamihan yaon ding painom na bilin sa número 72; at cun бага ungmuunti-unti na ang pamamaga, ay bigquisang maigui ang catauan, at painumin ang maysaquit nang timbang dalauang piso nang bilin sa número 74, isang oras bago cumain, cun tanghali at cun gab-i. Itong dalauang gamot na ito; ang bilin бага sa número 72,

at sa 74, ay itinutuloy, hangang sa gumaling ang maysaquit.

347. Ang manga purga at manga papauis ay nacacagaling din sa nagcacasaquit noong saquit na yaon. Datapoua sapagca cun minsan nacacasama bagcus, caya magaling sa lahat ang manga itinuro co sa manga párrafo 345 at sa 346. Maigui rin (ani Buchan) carlitan ang paa nang maysaquit hangan sa binti, houag lamang palaliman ang carlit, bago basain nang alac, ó aguardiente ang lugar na quinarlitan.

348. Mayroong isa pang pamamaga nang catauan, na hungmahalili sa lagnat na pangiqui na lauon; at ang bagay doon, ay yaon ding manga sinabi co sa párrafo 345 at sa 346. Cun ang paa lamang ang namamaga susundin ang manga turo sa párrafo 352 at 353

Nota. Uica nang isang marunong na tauo, na si D. Mariano Lagasca ang ngalan, na sa saquit na pamamaga nang boong catauan, pati sa pamamaga nang tiyan (bilbil), at sa pamamaga nang manga paa, na totoong galing nang *lanq̄is sa castila*, ó *aceite de olivas* ayon sa hatol nang maraming mabantog na médico. Binabasa nang

langis àng camay, at linalahiran nang ma-
lauon lauon ang boong catauan nang may-
saquit, na yao,i, gagauing macalaua ó ma-
caitlo arao-arao. Cun ang tiyan ang na-
mamaga,i, siya lamang ang linalahiran; at
cun ang paa lamang ang namamaga, ay
gayon din siya lamang ang lálamasin
nang langis, at ang lacad nang camay ay
paitaas. Itong gamot ay nacagaling sa ma-
rami; lalo pa cun ang saquit hindi pa na-
lalauon. Hindi co ma-aalaman cun ang *langis*
sa *niyog* ó ang sa *linga* ó ang sa *lingansina*
ay macacagaling naman Datapoua cun may-
roong sungmisibol na anomang bagay sa
paang namamaga,i, houag lahiran nang
langis.

CAPITULO 56.

*Ang gamot sa namamaga ang tiyan, na
yaon ang pinanġanġanlang
belbel ó berbén.*

349 Cun minsan mayroong naiipong
tubig sa tiyan nang tauo, na yaon ang
dahilang iquinapamamaga noon, at ang
pangalan sa saquit na yao,i, *bilbil*. Ang
tubig ay gungmagala at nagbabago nang
lugar, cun ang may catauan ay nagbabago

naman nang lagay; ang pulso ay munti, madalas at matigas tigas; caunti ang inaiihi nang maysaquit; nauuhao siyang parati, yungmayayat, at ang paghinga ay mahirap; ang maysaquit ay nanhihina pa mandin cun malauon, nag-uubo siya, at may lagnat na caunti. Ang pinagmumul-an nitong saquit ay yaong manga sinabi co sa párrafo 344.

350. Cun ang saquit ay bago pa, cun minsang gagaling ang may catauan, painumin lamang nang biling sa número 8, ó sa número 72, ayon sa turo co sa párrafo 346. Cun hindi rin ungmunti ang pamamaga nang tiyan, pag nacacaraan ang ilang arao, at hindi ungmiihi nang marami ang maysaquit, ay painumin nang bilin sa número 71, at touing arao bago cumain cun umaga, ay painumin din nang timbang saicapat nang bilin sa número 24; cun gab-i bago humiga ay painumin uli noon ding painom sa número 24. Cun nacalalo ang isang anim na arao, ay bibig-yan nang purgang turo sa número 73. Datapoua cun ang maysaquit ay hindi gungmagaling-galing, ang ipupurga doo,i, ang sa número 21; cun nacaraan ang anim na arao, ay capupurgahing uli; susundin naman

ang lahat na sinabi co sa párrafo 345. Cun baga nacalabas na ang manga tubig sa tiyan, at nauala ang pamamaga, ay painumin arao-arao ang maysaquit nang alac na itinuro co sa número 74, ga isang taza carami, nang lumacas ang siemura, at ang manga bituca.

351. Cun hindi rin nauauala ang pamamaga nang tiyañ, ay tutudluquin nang carayom nang isang marunong na médico, ga apat na daliri sa ilalim nang pusod, at houag sa guitna, cundi sa dacong taguiliran. Yaong carayom na yao,i, mayroong sadiyang sootan, na ang magcabila ay butas, at casabay rin nang carayom, cun ibaon sa laman. Cun inaalis ang carayom, ay natitira doon sa tiyan ang pinaca bahay na quinasosootan nang carayom; at palibhasa,i, may butas ang magcabila, ay doon lungmalabas ang tubig parang sa alolod. Ang tubig ay palalabasing minsan, datapoua marahan dahan, nang houag malio ang maysaquit; at nang mapalabas na maigui ang tubig, ay binibigquisan ang tiyan nang manga malalapad na bigquis, na cun bago,i, louag, at cun lungmabas na ang tubig, ay hiphigpitang marahan dahan. Sacapainumin ang maysaquit nang bilin sa número 74,

at susundin ang manga turo sa párrafo 345. Cun бага namamagang uli ang tiyan, ay catudloquin pa nang marunong sa ilalim nang unang tudloc. Basahin mo ang *nota* nang párrafo 348.

CAPITULO 57.

Ang gamot sa namamaga ang manga paa.

352. Ang pamamaga nang paa ay marahil humalili sa lagnat na pangiqui, sa saquit na hica, sa culebra, sa pag-iilaguin nang malacas, sa manga lagnat na ualang hibas, sa cabuntisan, at sa pag-urong nang sa bouan sa manga babayi.

353 Itong pamamaga nang paa, ay nauauala siyang cusa cun malauon, capag nacuha ang totoong saquit na pinangalingan noong pamamagang yaon. Datapoua cun ang may catauan ay lauon nang ualang saquit, at hindi mauala ang pamamaga nang paa, ay maigui ang siya,i, lumacad na parati. Cuscusin ang paa nang isang basahang tuyo,t, mainit, at bigquisan nang damit na maigting-igting. Mabuti rin libutin ang paa nang gaboc na tuyo na mainit init,

na may casamang asin; houag siyang uminom nang maraming tubig; uminom siya ng caunting alac. Cun umaga, t, cun hapon, ay painumin ang maysaquit nang bilin sa número 20, timbang saicaualo, na tutunauin sa isang tazang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*. Cun masamaang siemura, ay painumin arao-arao nang timbang saicapat nang bilin sa número 14; at cun hindi naniniya yao, i, big-yan nang dalaua ó tatlong cuchara maghapon nang turo sa número 8. Basahin mo ang *nota* nang párrafo 348.

354. Mayroong tauo na cailan man ay namamaga ang caniyang paa. Ang gayong maysaquit ay masamang gamutin at caalamalam lulubha.

355 Cun minsan ang manga paang namamaga, ay pungmuputoc cun malauon at nagsusugat, na hindi masama yaon; datapoua sapagca ang ganoong sugat ay malauon bago mabahao, at cun minsa, i, nabubuloc, ang maigui ay taepan nang damit ang paa, nang houag mahanginan; tatapalan naman nang bilin sa número 64. Ang maysaquit ay *ilalagay sa husay* nang maysaquit na magaling-galing na capítulo 5, at houag palacarin. Maminsan minsan ay

pupurgahin nang bilin sa número 21, at arao-arao paiinumín nang bilin sa número 14, timbang saicapat.

CAPÍTULO 58

Ang gamot sa nabiquig ó sa naloogan, nang anomang bagay sa lalamunan, na hindi macatuloy sa ilalim.

356. Cun ang tauo,i, mayroong lino-oc na anomang bagay, na hindi macatuloy sa siemura, cundi napatahan sa lalamunan, ang maigui ay itulac na pailim, cun ang nadoroon ay tinapay, carne, gulay, bunga nang cahoy, ó kotó nang manga bunga. Cun ang nadoroon ay tinic at nasisilip nang mata, ay mabuti hanguin nang sipit na cauayan. Itong sipit ay doroonan nang munting sangcal na tataliang maigui; at pag ang sipit ay pinaabot na sa tinic, ay hihilahin nang camay ang sangcal, nang maipit ang tinic. Totoong buti naman ang isang caudad na tanso, na ang isang dulo ay baluctutin nang caunti parang binuit; yaong isang cabilang dulo ay binabaluctot din nang mahauacang maigui sa camay ang pagca baluctot nang magcabi-

lang dulo ay patatamain capoua sa isang taguiliran, nang maalaman ang calagayan nang cauad cun nadoroon sa lalamunan. Itong ganitong cauad ay ipapasoc sa lalamunan nang palapad at pag nacalalo na sa tinic, ay pipihitin nang caunti nang macuha,t, masungquit yaong nacacahirap sa maysaquit.

357. Cun hindi rin nacucuha yaong nadoroon sa lalamunan nang maysaquit, ay mabuting sumpiting bigla sa lalamunan nang isang sumpit na munti; sapagca cun minsan ay mag-uubo ang may catauan, at lalabas ang nacabibiquig sa caniya. Magui ring painumin ng pasuca número 34, ó número 35; cun baga hindi naniniya yao,i, sumpitin nang usoc nang tabaco párrafo 457. Cun minsan cailangang sangrahan ang maysaquit, lalo pa cun hindi siya macahinga nang maloualhati. Mabuti namang puepuquin nang camay ang licod pagca inato na ang ibang manga paraan at hindi macucuha ang nadoroon sa lalamunan.

358. Cun ang napatahan sa lalamunan ay carayom, paco, manga bot-ong matilos, ó singsing, ó caputol na pingan, ay aatuhin muna ang paghanggo noon, ayon sa turo co

sa párrafo 356 at sa 357, at cun hindi mangyaring macuha, ay itutulac nang palilalim niyong cauad na baluctot, na itinuro co sa párrafo 356, ó pucpuquin nang camay ang licod nang maysaquit.

CAPITULO 59.

Ang lagnat na daua na may casamang pawis na tinuturan nang castilang calentura miliar sudatoria

359. Ang nagcacasaquit nang ganitong saquit, ay nalalagnat cun gab-i, ang camay ay quinig at mainit ang palad; pag-guising nang may catauan ay may pawis na malaqui, at totoo siyang nanghihina; masaquit ang ulo, mahirap ang paghinga, hungmahalinghing, at nauuhao siya; macati ang balat nang catauan; ang caniyang dila ay maputi, ang caniyang pulso ay madalas, puno at matigas; cun babayi ang maysaquit cun minsan inuurungan siya nang gatas. Sa icatlo ó sa icapat na arao ay lungmalaqui ang lagnat; nasisira sira ang bait nang maysaquit, at linalabasar tuloy ang caniyang catauan nang maraming butil na ang camuha ay butil nang *daua*; cun

minsan ang lungmalabas na manga manchang mapula, na anaqui ay *culebra*. Cun malauon na ang saquit, mayroong lungmalabas na manga manchang mapulang mapula, para nang quinagat nang pulgas, cun minsan naman sinisibulan sa liig, sa dibdib, at sa tiyan nang manga butil na puno nang tubig, na yao,i, masama. Ang maysaquit ay namamatay cun minsan sa icapat, ó icalimang arao. Masama sa saquit na ito ang manga bagay na mainit. Ang maysaquit *ilalagay sa husay* (capítulo 4.) Sasangrahang maquiilan hangang umunti ang lagnat at lumambot ang pulso; datapoua, ang uica ni Buchan, na hindi magaling dito ang pagsasangra. Susumpiting macapat arao-arao; touing calahating oras ay paiinumina nang isang vasong *suero*, na huhulugan nang polvos na bilin sa número 24, na timbang isang salapi ang uubusin niya maghapon. Cun magaling-galing na ang maysaquit, at cun ang maysaquit hindi babaying nanganac, ay paiinumina nang bilin sa número 34; at ang turo sa número 32 ay iinumina niya touing arao. Cun бага ang maysaquit ay babaying nanganac, ay pupurgahin nang mahinang purga. Cun gayon ang paggamot sa maysaquit, ay bihira

ang di gungmagaling, Itong saquit na ito ay marahil dumaan sa manga babaying nanganac, gaua nang manga *luya*, manga tubig na mainit, apoy ó alac na guinagamit nang tagalog. Cun minsan sungmusunod sa bulutong, at sa ticias, ó sa manga lagnat. Cun minsan dinaraan nitong saquit ang manga matamaring cumibo, ang mapanglaurin, at ang inuurungan nang galis, buni, pauis, ó nang sa panahon cun бага babayi ang maysaquit.

CAPITULO 60.

Ang manga saquit nang siemura,t, tiyan na doon nauucol ang pinananganlang cólico ahito, at ang iba pa.

360. Bagaybagay ang cólico ó ang saquit nang siemura,t, tiyan, na paraparang sasaysayin co sa manga párrafong isusunod dito. Datapoua sapagea cun minsang hindi maquilala pagcaraca nang hindi marunong na médico cun anong bagay na *cólico* ang tungmama sa maysaquit, caya nga yata, nang houag macamatay sa tauong cauaaua ang manga pag gamot, ay itong tatlong ba-

gay na ituturo co ngayon, ay siya ang maiguing gauin doon, sapagca hindi masama sa anomang bagay na cólico. Susumpitin ang maysaquit na maquiilan arao-arao. Painumin nang maraming tubig na malacuco, ó nang tubig na malacuco rin na pinaglagaan nang bulaclac nang alagao. Doon sa tiyan nang mangá basahang babad sa malacucong tubig. Houag painumin nang *alac ó triaca*, ó nang ibang mangá maiinit. Datapoua capag naquiquilala ang totoong saquit nang may catauan, at cun anong bagay na cólico ang nacacahirap sa caniya, ay gagamutin para nang turo sa mangá párrafong ihahalili dito.

Ang gamot sa saquit na malaqui nang sicmura,t, tian, na may casamang lagnat na malaqui, na yaon ang tinuturan nang castilang cólico inflamatorio.

361. Itong saquit na ito,i, dala nang pamamaga nang sicmura ó nang bituca dahilan sa cainitan nang dugo. Ang tiyan ay sungmasaquit muna nang malaqui, at cun malauon ay lalo pa manding sungmasaquit; ang pulso ay madalas at matigas. Ang maysaquit ay dungmaraying, na ma-

init na totoo ang caniyang tiyan; cun minsan ang inailaguin niya ay malabnao, cun minsan hindi manabi; at cun baga bucod dito siya, i, sungmusuca pa, ay mapanganib ang caniyang buhay. Ang muc-ha, i, pungmupula; ang tiyan ay namamaga, at salang hipoin, ay sungmisigao ang may catauan; bucod dito ay nauuhao na parati. Ang saquit ay unigmaabot cun minsan hangan bayuang; caunti ang inaihi nang maysaquit at cun umihi, ay mainit ang caniyang pagcaramdam. Hindi siya macatulog, cun minsan may pagcasira ang ulo. Cun hindi gamutin agad ang maysaquit, ay hindi lubhang dungmaraying cun malauon, na yao, i, masama. Ang pulso ay hindi catigasan; datapoua, t, madalas sa dati. Namumutla ang maysaquit, at nanlalata; ang boong catauan niya, i, lungmalamig, hindi lamang ang tiyan; saca sinusubaan, at namamatay tuloy. Cun minsan bago mamatay ay nag-iilaguin nang tootong baho dala ng pagca buloc nang manga bituca. Cun ang saquit ay naroroon sa sicmuraanomang caninó inumin ng maysaquit ay isinusuca niya; hindi siya mapalagay; nasisira ang bait, at sa loob nang ilang arao ay namamatay. Itong cólico ay dala cun minsan nang cainitan nang dugo. Caya

marahil magcasaquit nang gayon ang nahirapang totoo nang pag-gaua nang mabig-at na gaua; ang nainitan nang malaqui, ang cungmacain nang manga mainit ó manga bunga nang cahoy na hindi magulang, at ang ungmiinom nang tubang maasim. Cun minsan naman ay dala nang masamang paggamot sa ibang bagay na *cólico*.

362. Ang gamot sa ganitong saquit ay gayon: ang maysaquit ay sasangraha, t, cucunan nang maraming dugo sa camay, cun minsan ay cailangang sangrahan uli sa loob nang dalauang oras. Touing icalauang oras din, mag-ilaguin man ang maysaquit at di man, ay susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan na dinoonan nang *lana* ó langis nang niyog. Painumin nang maraming tubig na malacucon na pinaglagaan nang culutan ó palay. Ang pasuca at ang purgang matapang capoua masamasa caniya. Sa tiyan ay lalag-yan nang manga basahang babad sa malacucong tubig, at pagca tuyo ay doroonan nang iba. Cun hindi nauauala ang pagsaquit nang siemura ó tiyan, ang maysaquit papambohan sa tubig na mainit-init. Ang uica ni Buchan, na totoong buting parapitan ang lugarna masaquit. Pag nauala na ang *cólico*, pati nang lagnat, at naca-

catulog tulog na ang may cataua, i, purgahin nang isang mahinang pamurga, para nang *maná* timbang dalauang piso, na may casamang *sal de Epsom* timbang saicapat, na yaong dalauang bagay ay tutunauin sa isang vasong *suero*. Cun бага mahina ang may-saquit, ay sucat na sa caniya ang *maná lamang*. Cun ualang *maná* ay pumili nang isang mahinang purga doon sa manga bilin sa número 82. Cun бага magaling man ang may catauan, may natitira pang caunting masaquit sa tiyan ó sa sicmura, ay hindi sucat hamaqing pabayaán, at caalamalam ay sisibulan nang bucol sa loob; caya ang gagauin doo, i, itutuloy yaon ding mangaturo cong gamot sa párrafong ito, hangang sa uala nang maramdamanganomanang maysaquit

363 Cun minsan dahil sa pamamaga nang *sicmura ó tiyan*, ay sinisibulan doon ang may catauan nang masama. Caya nahahalatang may sungmisibol sa sicmura ó sa bituca, sapagca parating mayroon doong caunting masaquit; ang may catauan ay nanabang nang pagcain pinagquiquilabutan siya nang guinao nang malimit, at hindi siya lungmalacas. Ang bagay dito ay ang manga painom na itinuro co sa párrafo 362 na sinusundan nito. Cun pungmuputoc ang sibol,

ang maysaquit ay nalilio doon sa oras na yaon, at naramdaman niyang may nauaualang mabigat doon sa loob. Cun ang nana, i, napapabobo sa loob nang bituca, ay lungmalabas na casama ng inailaguin, at ang maysaquit ay dungmoroual na parati; ang maigui doo, i, painumin lamang nang *gatas* na inalsan nang pinaca taba muna, bago samahan ng isang sa icatlong bahaguing tubig; touing icatlong arao, ay sumpitin nang *gatas* na tinubigan, na may casamang pulot na caunti. Cun ganoon ang pag-gamot doon, ay cun minsan mababahao ang sugat nang sibol na nacaputoc sa loob nang bituca. Datapoua cun ang nana nang sibol, ay nabububo sa labas nang bituca, ay maliuag ang paggamot sa maysaquit.

Ang gamot sa icalauang bagay na saquit nang sicmura ó tiyan, na dala nang apdo na tinuturan nang castilang cólico bilioso, ó cólico nang apdo

364 Ang nagcacasaquit nang gayon mahirap man ang caniyang pagcaramdam ay hindi nalalagnat, cun hindi pa nacalalo ang isa ó dalauang arao nang caniyang pagcacasaquit; at lagnatin man ang maysaquit ang

pulso,i, hindi totoong tigas; at hindi rin malacas; ang tiyan ay hindi namamaga, at hindi mainit para nang sa isang cólicong sinaysay co sa párrafo 361; ang ihi ay hindi lubhang mapula; ang maysaquit ay nauuhao, at mapait ang caniyang bibig, cun baga sungmusuca ó nag-iilaguin, ang lungmalabas ay madilao; cun minsan nasisira ang ulo nang maysaquit. Ang masaquit dito ay ang dacong pusod; datapoua ang dacong pusod ay sungmasaquit din doon sa saquit na *misere* sa capítulo 61.

365. Ang gamot dito ay gayon: ang maysaquit ay susumpitin nang malimit ng bilin sa número 5; paiinumín ng maraming tubig na pinaglagaan nang ugat nang *grama* (*hincacauayan* ó *malacauayan*) na dinoonan nang caunting gata nang dayap. Touing oras ay paiinumín nang isang taza nang turo sa número 32, ó cun ualang *sampaloc*, ay na-aari ang timbang saicaualong *crémor*. Maiguiring bañusan ang maysaquit hangang tuhod, at lag-yan sa tiyan nang basahang babad sa malacucong tubig. Cun baga totoong laqui nang saquit nang siemura ó tiyan, at ang pulso ay malacas, at ga mabagting, ay cailangang sangrahan ang maysaquit. Cun hindi nauala ang saquit at hindi nag-iilaguin

nang malacas ang may catauan, бага man pinainom na nang mangasinabi co ngayon, ay magaling big-yan nang caunting *maná* na tutunauin sa malabnao na sabao nang sisiu. Mayroon tauong marahil daanan nitong ganitong *cólico*, at ang bagay sa caniya ay ang bilin sa número 24, na iinumín niyang maminsan minsan touing bouan. Hindi bagay sa caniya ang pagcain ng maraming *carne*. Masama rin ang mangamaiinit, ang manga may taba at ang gatas; ang suero ay mabuti sa caniya.

Ang gamot sa icatlong bagay na saquit nang siemura, ó tiyan, ná ang tauag nang tagalog sa nagcacasaquit noo,i, hinihilaban ó inahito, sa uicang castila ay cólico de indigestión, ó ahito, ó empacho.

366 Cun napacarami ang quinain nang tauo bata ma,t, matanda man, ay sungmasama ang pagcaramdam, at sungmasaquit ang caniyang siemura ó tiyan. Gayon din ang cungmacain arao-arao nang hindi macayanan nang siemura niya, cun malauon ay nagcacasaquit naman nito ring ganitong saquit na *ahito*. Sapagca yaong manga caaonti na hindi natutunao sa siemura touing

arao, ay naiipon nang naiipon doon, na yao,i, ang iquinapagcacaquit nang may catauan sa calaunan. Nacacapagcacaquit naman sa tauo ang pagcaing minsanan nang manga sarisaring bagay na hindi magcaayon para nang *chocolate* at saguing, etc. Dito sa ganitong saquit ay ualang lagnat; ang may catauan ay hindi naiinitan, at hindi nauuhao; ang saquit nang siemura ó tiyan, ay gungmagala; datapoua nalilio ang maysaquit, naiibig niyang sumuca, at cun minsan ay namumutla ang muc-ha.

367. Itong ganitong *cólico* ay hindi maliuag gamutin; painumin lamang ang maysaquit nang maraming totoong malacucong tubig na malalahocan, cun ibig, nang *azúcar ó asin*. Maigui rin ang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*. Datapoua cailangan painumin ang maysaquit nang marami, sapagca cun caunti ang inumin ay nalalauon ang pag-galing. Ang pag-suca at ang pag-iilaguing yao,i, ang nacagagaling sa maysaquit; at cun hindi manabi, ay cailangang sumpitin nang tubig na may *asin*; maigui ring cuscusin ang tiyan nang basahang tuyo, na idinadarang sa apoy. Cun minsan magaling na ang maysaquit; datapoua masama ang lasa nang bibig. Cun ga-

yon, ay painuming maminsan minsan nang bilin sa número 24; maigui rin ang paginom nang maraming malamig na tubig; at ang cailangang totoo naman, ay ang houag cumain ang maysaquit hangang di gumaling. Masama sa ganoong saquit ang *triacá*, ang tubig nang *anis*, ang *enebro*, ó ang *alac*.

368. Cun minsan ay hindi sungmasaquit ang siemura ó ang tiyan, cundi nalilio lamang ang may catauan; pinapauisan nang malamig, dungmuroual na parati at hindi lumalagay sa quinahihig-an. Cun minsan nama,i, biglang nalilio ang maysaquit, at hindi nacacaalam tauo; nagsisince siya; ang caniyang muc-ha,i, nag-iiba; ang pulso ay munti; ang siemura ay nauunat. Datapoua ang maysaquit ay nacacahinga. Dahil dito sa manga tandang ito,i, na-aalaman, na hindi *apoplegía* ó panhihimatay ang caniyang saquit, at lalo pa cun siya,i, dinaraanang noong mga gayon damdam pag bagong nacacain. Cun ganoon ang lagay nang maysaquit, ay namamatay sa leob nang ilang oras. Ang gamot doo,i, sumpitin nang tubig na dinooan nang *asin* at *sabón*, palon ocquin nang maraming tubig na *maalat*; at cun

hindi gungmagaling pa, ang polvos na bilin sa número 34 at tutunauin sa tatlóng tazang tubig, ay pagcaraca ipaiinom doon ang isang taza; at cun hindi sumuca ang maysaquit sa loob ng sa icapat na bahagui nang isang oras, ay ipaubos sa caniya ang isa pang taza, at cun hindi rin sumuca, ibigay doon ang icatlóng taza. Cun ang maysaquit ay sungmuca na, ay yaon ang pag-galing niya.

Ang gamot sa icapat na bagay na saquit nang sicmura ó tiyan na dala nang hanġing nacuculong doon, na yaon ang pinanġanġanlan nang castilang cólico flatulento.

369. Itong ganitong *cólico* ay hindi nag-iisa cun minsan, cundi napapasama doon sa ibang bagay na *cólico*, na aquing sinaysay na sa párrafong natalicdan. Dito sa saquit na ito ay ualang lagnat; ang may catauan ay hindi nauuhao; ang tiyan ay lungmalaqui, datapoua,i, hindi tungmitigas; cun idiniriin ang tiyan, ó hinihilot, ay gungmagala sa loob ang hangin, at lungmalabas sa bibig ó sa ilalim. Itong saquit ay dala nang pagcain nang manga bunga ó manga gulay

na mahangin, para nang *saguing*, patani etc.

370. Cun itong saquit ay casama nang ibang *cólico*, ay ualang sadyang pag-gamot dito, sapagca cun gamutin ang totoong saquit; ay mauauala pati itong isa. Data-poua cun ualang ibang casamang *cólico*, ang gamot doo,i, ganoon. Ang maysaquit ay sinusumpit, at quinucuscos ang caniyang tiyan nang mainit, na damit; magaling namang painumin nang tubig na pinaglagaan nang manzanilla. Cun hindi na masaquit ang tiyan, at ualang lagnat ang may ca-tauan ay mapapaiinom nang caunting *alac* na pinaglagaan nang caunting canela.

Ang gamot sa icalimang bagay na saquit nang siemura ó tiyan, na marahil du-maan sa manja tauong nalamigan. na yao,i, cólico rin.

371. Cun ang tauo ay nalamigan, at pag nacaraan ang ilang oras; ay dinaraan nang pagsaquit nang siemura ó tiyan, lalo pa cun ang paa,i, siya ang tinablan nang lamig. Itong saquit ay marahil du-maan sa tagalog pag siya,i, nainitan ó napagod, at saca nabasa ang caniyang paa. Sa gayong saquit ay masama ang *alac*, at

ang manga purga, ó yaong manga mainit na gamot. Ang magaling doo,i, cuscusin ang manga paa nang mainit na damit na idinadarang sa apoy. Saca maiguing ibabad nang malauon ang manga paa sa malacucong tubig na pinaglagaan nang *manzanilla*, ó bulaclac nang *alagao*. Lalo pang maddaling gagaling ang maysaquit cun siya,i, humiga,t, gumaua nang capaanyoang mangyaring mapauisan ang caniyang paa. Cun malaquing totoo ang caniyang saquit, ang pagsumpit ay bagay sa caniya. Cun hindi rin nauuuala yaong pagsaquit na malaqui, at bucod dito,i, magaling ang catauan nang maysaquit, ay cailangang sangrahan. Ang manga paa niya itatapat na malauon sa singao nang tubig na mainit bago ibabad sa malacucong tubig; at cun hindi pa natatalo ang saquit, ay parapitan ang maysaquit sa manga binti.



CAPITULO 61.

Ang saquit na pinanġanġanlang miserere, ó pasi3n iliaca, na yao,i, pagsasara nang manġa bituca, na dahil doon, ay hindi manabi ang maysaquit, cundi isinusuca niya ang lahat.

372 Ang bituca nang tauo ay ga cung-miquiyao na parati, na ang camuc-ha ay ood 3 ahas; na dahilan dito sa ganitong pagquiyao ang lahat na quinacain ay natutulac sa dacong pouit. Datapoua cun nagcasala 3 nagulo itong pagquiyao nang bituca, ay hindi na mangyaring mapatungo sa pouit ang manġa quinacain, cundi sa bigbig napaparoon. Yaong saquit ay totoong samang saquit, na ang tunay na pangalan doo,i, *miserere 3 pasi3n iliaca*. Yao,i, dungmaraan cun minsan sa lungmilibang ilangarao nang pananabi; datapoua cun minsan ay biglang sumungpong sa tauo yaong saquit, at pagcaraca ang tiyan, 3 ang manġa dacong tabi nang pused ay yaon ang caunauahang sungmasaquit na totoo. Ang may cataua,i, hindi mapalagay; cun minsan mayroong nahhipong matigas na mahaba

doon sa tiyan; ang maysaquit ay dungmu-roualmuna; hungmahalili doon ang pagsuca; cun malauon ay ang lahat isinusuca niya, hindi lamang ang quinacain cundi pati nang iniinom, at bucod doon ay mayroong lungmalabas sa bibig na mabaho pa sa dumi. Ang maysaquit hindi manabi minsan man; ang tiyan niya ay nauunat; hindi ungmiihi, at cun baga ungmiihi, ay malabo, t, mabaho. Ang pulso ay matigas muna; cun malauo i, madalas at munti; ang maysaquit ay nanghihina; nasisira ang bait, at nagsisin-oc; ang boong cataoan niya, i, cungmiquinal, 6 ga nanlulucso ang laman. Ang manga paa, t, camay ay lungmalamig; nauauala ang pulso, pati nang saquit nang tiyan; sampon nang pagsuca, at totoong daling namamatay ang maysaquit.

373. Sapagca malaqui ang panganib nang buhay nang tauo sa saquit na ito, ay cailangang gamutin pagcaraca, capag naquilalang magaling ang saquit; at cun hindi gamuting agad ay mamamatay na ualang sala. Ang pag-gamot nga dito ay para nang sa *cólico inflamatorio*, párrafo 362. Caya cun kagong-bago ang saquit, at malacas pa ang may catauan; ay sasangrahang agad, at cucunan nang ma-

raming dugo. Susumpiting parati nang tubig na pinaglagaan nang *cebada* ó palay, na dinoroonan nang isa ó dalauang tazang *lanġis* nang *niyog* ó *lana* man. Touing icalauang oras, ay painumin nang bilin sa número 48; painumin namang parati nang turo sa número 49, ó cun uala yaon ay na-aari ang tubig na pinaglagaan nang *cebada* (*palay*) ó ang *suero* na linahucan nang pulot. Ang maysaquit ay paliliguan sa malacucong tubig na maquiilan maghapon. Cun hindi rin gungmagaling ang maysaquit ay sumpitin nang usoc nang tabaco para nang turo sa párrafo 457. Ang isang maysaquit, ani Tissot, ay guinamot co ng gayon: sinangrahan co muna (aniya) at pinainom co nang purga; saca ibinabad cong tuloy sa malacucong tubig, at gungmaling. Ang isip nang mangá tauong hindi maalam; na sa saquit na ito ang bituca nang may cataua,i, nagugulo, at nagecabuhol; datapoua hindi totoo yaon. Sapagca ang isang dulo nang bituca ay carugtong nang siemura, at yaong isang dulo ay ang pouit na cungmacapit sa mangá pig-yi, na dahil doo,i, hindi mangyaring magcabuhol.

CAPÍTULO 62.

Ang gamot sa inaanayo, na iyo,i, pag-suca,t, pag-iilaguin nang malacas na tinuturan nang catilang cólera morbo.

374 Ang pangalan nang ibang manga tauo sa saquit na ito,i, *miserere*, nguni hindi ito ang *miserere*, cundi yaong isang saquit na sinaysay co sa capítulo 61, na sinundan nito. Ang inaanayo, ay nagsu-suca,t, nag-iilaguin nang malacas. Ang maysaquit ay natatamlay muna; sungmasaquit nang caunti ang caniyang tiyan; sungmunod dito ang pagsuca, at ang pag-iilaguin. Ang color nang lungmalabas, ay *dilao ó verde, ó maputi caya, ó maitim* cun minsan; saca sungmasaquit na totoo ang tiyan; ang pulso ay tila pulso nang nalalagnat; cun malauo,i, mahina. Mayroong maysaquit na sa loob nang sang oras ay maquisandaang mag-ilaguin; ang muc-ha ay madaling nag-iiba cun malaqui ang saquit. Gayon din cun mapacarami ang pag-iilaguin, ay tila nama-manhid, ó nangangait ó naninigas ang manga paa,t, camay nang maysaquit, na yao,i, isa pang nacacahirap sa caniya. Cun ang

saquit hindi natatalo nang gamot, ay sung-
musunod doon pagcaraca ang pagsisin-oc,
ang pagquinal (convulsión) at ang paglamig
nang manga paa,t, camay, ang maysaquit ay
nalilio, sinusubaan, at napapatid tuloy ang
hininga. Itong saquit ay marahil dumaan
pag nacalampas ang tag-arao, sapagca ung-
miinit at lungmalapot ang *apdo* nang tauo
sa panahong yaon; at lalo pa cun ang may
cataua,i, hindi cungmacain nang manga
bungang hinog nang cahoy, na yaon ang
totoong nacacahusay sa *apdo*. Datapoua,t,
halos pinapansin itong saquit na ito, liban
lamang cun pinararaan nang Panginoong
Dios, na guinagaua niyang hampas sa ma-
nga bayan dahilan sa manga casalanan, na
cun magcagayo,i, pinanganganlang *salot*.

375. Itong saquit ay mahirap mang
gamutin, nguni,t, hindi para nang ibang
manga saquit na sinaysay na sa manga
capítulong nataliedan. Ang caramihan nang
manga namamatay sa saquit ay hindi dahil
sa cabigatan nang saquit, cundi sa capa-
bayaan at caculangan nang pag-gamot nang
paaniyo. Ang cauna-unahang dapat pagpili-
tan nang sino man ang houag magpabaya,
lalo pa cun panahong casalucuyang du-
maraan ang *salot*; capag naramdaman, na

masaquit-saquit ang tiyan at cungmuculog ang manga bituca; cun mabigat ang dinaramdam sa siemura, lalo na cun ga ibig dumual ó nag-iilaguin caya; pagcaramdam nito,i, dapat na siyang mag-ingat sa manga pagcaín at pag-inom, na houag bagang cumain nang cun ano-ano cundi sabao lamang, at ang chá na mainit, na cun mapatacan nang sampuonng patac na *gotas amargas*, ó mahaluan nang isang cucharang *coñac*, *ajenjo aguardiente* ó *anisado*, ay lalo pang mabuti. Bucod dito,i, cun nararamdamang masama ang catauan ay magculong agad, cumutang mabuti,t, culubin ang maysaquit at nang pauisan sana nang mainit na paui; at ito,i, itutuloy na gagauin hangan di gumaa,t, guminhaua ang catauan. Cun itong manga biling ito,i, sunding pagpilitan ay marahil hindi tutuloy ang pagcacasaquit na totoo; at cun tutuloy ma,i, hindi lulubha,t, hindi ica-aonang maysaquit. Bihirang-bihira ang dinadatnang bigla nang calubhaan nang saquit na ito; cun caya binibigla cun minsan nang calubhaan, sa pagca pinabayaan di pansin ang manga unang sumpong nang saquit.

Datapoua,t, cun dahil sa capabayaan cun sa cabiglaan caya, ay sumama ang saquit,

na ang maysaquit ay nagsusuca, t, nag-iilaguin, at marahil pinupulicat at nanglalamig na totoo, na pati nang pauis ay malamig, ang gagauin ay gayon: yaong am nang linugao ga calahating vaso carami ay siyang isusumpit agad sa maysaquit, at cun may *láudano*, ang ualo cun sampuon patac noon ay ihahalo sa isusumpit; cun ang unang sumpit ay hindi napiguil sa loob, dalauang oras man lamang, ay uulitin nang uuliting isusumpit yaon ding am hangan sa mapiguil na malauon ang isang isinumpit, at tumiguil ang pag-iilaguin. Sabay naman nang pagsumpit ay painumin ang maysaquit nang isang taza ó isang mangcoc na chá na mainit, na napatacan din nang anim cun ualong patac na *láudano*; at cun ualang *láudano*, i, haloan ang chá nang isang cucharang *aguardiente*, *anisado*, *coñac*, ó ano mang alac na matapang. Cun nagaua na itong lahat, at hindi dumalangang pagsuca, t, pag-iilaguin, at cun dumalang man, ay sa isang tazang chá, lusauin mo ang asin na isang cucharitang café ó calahating cucharang carami, at siya mong ipagcucharang unti-unti sa maysaquit hangan di tumahan lubos ang pag-iilaguin. Cun tumahan man ang pag-iilaguin, ay sungmusuca rin at dung-

mudual ang maysaquit, ay mabuting parapitan sa ibabao nang sicmura ng sinapismong matapang. Ito na lamang ang manga gamot na gagamitin sa loob nang catauan nang dinatnan nang saquit nang *cólera*; na cun tauaguin nang iba, i, *arriba y abajo*.

Ang manga gamot naman sa labas, na di dapat lisanin cailan man, cahit tila nama-matay na ang maysaquit, at malamig man totoo, at cahit uala nang pulso i, hindi rin dapat lisanin, ay gayon: Cucumutang mabuti ang maysaquit, at sa catauan niyang palibot ay idadaiti ang maraming boteng may tubig na totoong mainit, at cun malamig-lamig na, i, hahalinhan naman nang bagong sinidlan nang tubig na mainit; saca yaong iba noong manga bote ay siyang ihahagod na ididiin sa ibabao nang damit sa ibang manga lugar nang catauan, lalong-lalo na sa licod. Cun ito, i, hindi pa magcasiya, at ang cataua, i, hindi pa pinagsasaolan nang init at nang pulso, at hindi pa pinapauisan nang mainit ang gagauin, ay doon sa gologod, doon baga sa licod mula sa batoc hangang sa bayuang ay tapalan nang sinapismo ga apat na dali calapad, at sa ibabao niyong sinapismo ay ihahagod pa ang isang boteng may tubig na mainit; at cahit ualang sinapismo ay totoong

maigui itong paghagod dito sa licod. At cun hindi rin pinagsasaolan ng pulso, at hindi pinapauisan nang mainit, ang isang cepillo ay ibabad mo sa aguardiente at icuscos sa-nang mahigpit sa boong catauan. Cun ualang cepillo,i, na-aari rin ang isang basahang magaspang; at cun ualang aguardiente ay na-aaring icuscos ang darac man lamang na totoong mainit, at balot sa isang basahan. Itong pagcuscusos ay pagtitiyagaang gauin cahit sa loob nang ilang oras, maghapon ma,t, magdamag, at bihirang-bihira ang di pagsasaolan nang i-rit, at di gagaling.

Ito ring manga gamot na ito,i, icatitiguil nang pulicat; datapous,t, mabuti naman sa pulicat ang daitihan ang laman ng casangcapang pinamumulicatan nang mga pira-song malapad nang oropel sa tindahan, ng bacal man, tangso ma,t, pilac, houag lamang di manipis at malapad, at ng lumapad at dumaiting mabuti sa catauan; na cun saan namumulicat ay doon idadaiti naman ang oropel.

Cun tumahan na ang pagsuca at pag-iilaguin; at mainit na,t, mahusay ang catauan, ay hindi rin dapat magpabaya, lalong-lalo na sa manga pagcain, puspas, basabasa at

sabao ang siyang cacanin niya hangan di gumagaling na totoo.

Marahil pagcaraan na ang calubhaan nang saquit, ay datnan naman ang may-saquit nang di pagcahi; cun gayon ang gagauin ay itapal doon sa pos-on nang isang cataplasma nang harina nang linaza, ó nang galapong man lamang, na mainit-init cun itapal; at cun uala nito,i, lag-yan ang pos-on nang manga basahan babad sa tubig na mainit.

Marahil din datnan ang nagcasaquit nang cólera nang *apoplegia*, nang *lagnat na sucab* at nang iba,t, ibang sugat na sinaysay na sa librong ito, at cun magcagayo,i, ang dapat gauin ay babasahin sa canicaniyang capítulo.

Nota. Ang lahat na sinaysay dito sa número 375, ay turo ang lahat nang marunong na Doctor D. Joaquin Gonzalez; at sa mga guinamot ng paaniyo, ayon sa manga ipinagbilin dito, noong epidemiang nacaraan sa 1882, ay bihirang-bihira ang namatay.

CAPITULO 63.

Ang saquit na pag-iilaguin, cun hindi sungmasamang totoo ang damdam nang may catauan na pinanganganlan nang castilang diarrea.

376. Ang pag-iilaguin na ualang casamang lagnat, ó saquit na malaqui nang tiyan ay pinanganganlan nang castilang *diarrea*. Ang maysaquit ay nananab-ang muna nang pagcain; ang caniyang bay-auang pati nang tuhod, ay idinaraying na mabig-at. Hindi siya nalalagnat at hindi sungmasaquit na totoo ang tiyan. Ang gayong pag-iilaguin ay hindi masama sa may catauan, bagcus cun macalalo na yaong munting hira na yao,i, lungmalacas pa sa dati.

377. Ang gayong pag-iilaguin ay siyang cusang tungmatahan na hindi cailangan ang gamot doon; ang gagauin lamang nang maysaquit, ay houag siyang cumain nang marami; ang *carne*, ang *alac*, at ang itlog ay hindi magaling; ang manga gulay at manga hinog na bunga nang cahoy ay macacain niya; mabuti naman ang siya,i, uminom nang marami rami sa dati.

Ang tubig na pinaglagaan nang *culantrillo* ay maiguing inumin.

378. Cun sa loob nang lima, ó anim na arao, hindi nauuuala ang pag-iilaguin, at ang may cataua, i, nahihina at dinaraan nang malimit na pagca ibig niyang manabi, ay ilalagay siya sa *husay* (capítulo 4). Bucod dito, i, paiinumín nang bilin sa número 35. cun baga marumi ang dila, at masama ang lasa nang bibig, ó cun dungmorual ó nananab-ang nang pagcaia; datapoua cun hindi nararamdaman nang may-saquit yaong manga bagay na yao, i, purgahin lamang nang isang purgang mahina número 82, ó nang *ruibarbo* número 51, cun baga hindi mainit ang tiyan. Cun *ruibarbo* ang ipupurga doo, i, paiinumín touing calahating oras nang isang tazang sabao. Nguni cun ang pag-iilaguin ay nauala na dahil sa pag-inom nang *ruibarbo*, at baga man nauala, i, ungmuuli rin capag nacaraan ang ilang arao, ay caalam-alam mayroong malagquit sa loob, na hindi pa nacucuha; ang gagauin cun gayon ay pupurgahin nang bilin sa número 21, ó noon ding bilin sa número 51, para nang turoco cangina; magaling din ang sa número 23 ó 47. Saca iinumín niya cun umaga sa

dalauang arao ang calahati noon ding bilin sa número 51.

379. Cun minsan ay nalalauo,t, di inanomana nang maysaquit ang pag-iilaguin, na yaong pagpapabayang yao,i, nacacahina sa caniya. Ang gamot doon cun gayon ay ang bilin sa número 35. Saca touing icatlong arao. bibig-van ang maysaquit nang turo sa número 51. Capag pinurga na siya nang macaapat, ay itinatahan na. Cun pinupurga ay houag pacanin nang *carne, isda, ó itlog*, cundi canin lamang, ó tubig na pinaglutuan nang tinapay. Maigui doonan sa siemura nang basahang babad sa *alac* na pinaglagaan nang *romero* at *canela*. Masama sa gayong maysaquit ang siya,i, malamigan lalo pa cun gab-i, sapagca ang saquit ay mag-uuli.

CAPÍTULO 64.

★ *Ang icalauang bagay na pag-iilaguin na may casamang saquit na malaqui sa tiyan na yao,i, disentería cun turan nang castila.*

380. Itong isang bagay na pag-iilaguin ay may casamang saquit nang tiyan.

Ang may cataua,i, parating ibig manabi; at bucod doon, ay masama ang caniyang damdam. Sa inailaguin nang maysaquit ay mayroong dugong casama; nguni cun minsan uala naman.

381. Itong saquit ay dala nang cainitan nang panahon; sapagca ang apdo at ang dugo nang tauo ungmiiinit, at lungmalapot cun tag-alis-is. Magaling din ang damdam nang tauo, hangan di nag-iiba ang cainitan ng panahon, sapagca siya,i, pinapauisan at ang cataua,i, sumisingao na maigui. Caya lamang nagcacasaquit ay cun ungmunti ang cainitan nang panahon; na dahil doo i, marahil dumaan ang saquit nang pag-iilaguin sa bagong ulan, na sungmusunod sa tagarao.

382. Bago magcasaquit nang gayon ang tauo ay guinguinao siya muna; sungmasaquit na totoo ang tiyan; nalilio siya at namumutla. Ang pulso ay munti at husay; sungmusunod ang malimit na pag-iilaguin na bagay-bagay ang color, at mayroong bulati at dugong casama; cun minsan ang tumbong ay lungmalabas pati. Cun baga lungmulubha pa ang maysaquit ay namamagat, nabubuloc ang bituca, at a:g iniilaguin niya ay nana, ó manga maitim

na tubig, at mabaho; saca nagsisin-oc, nasisira ang bait, ang pulso, i, hungmihina, pinapauisan ang maysaquit nang malimit, sinusubaan at namamatay; datapoua cun hindi lulubha ang maysaquit, ay hungmihina-hina ang pag-iilaguin, ang dugo ay nauauala, lungmalacas-lacas ang may catauan at naca-catulog.

383. Ang gamot na totoo sa saquit na ito, ay ang *tártaro emético* número 34; magaling din ang sa 35. Cun hindi nauauala ang pag-iilaguin nang mapainom na ang maysaquit nang turo co ngayon, ay hahaba ang saquit, at ang gagauin doo, gayon. Ang maysaquit ay ilalagay sa *husay* (capítulo 4) at houag pacacatin nang carne, hangan di gumaling na totoo. Ang inumin niya ay ang bilin sa número 3. Capag napainom na siya nang bilin sa número 34, ay quinabucasan painumin nang bilin sa número 51 sa dalauang inom; sa icatlong arao ipainom doon ang bilin sa número 3 lamang; sa icapat na arao inuulit ipinainom doon ang bilin sa número 51; saca ilalagay ang may catauan sa *husay* nang maysaquit na magaling-galing sa capítulo 5.

384. Nguni cun бага noong talagang magcacasaquit ang tauo, linalagnat siya

muna nang malaqui, at ang caniyang pulso ay matigas at puno, at bucod doo,i, malaqui ang saquit nang ulot, bay-auang, at ang tiyan ay nauunat, ay cailangang sangrahan ang maysaquit; susumpitin naman arao-arao nang macaitlo, ó macapat nang bilin sa número 6, ó cun uala yao,i, naari ang gatas na tinubigan. Paiinumina nang marami nang bilin sa número 3. Cun ang pulso,i, malambot na, ang gagauin sa maysaquit ang manga turo sa párrafo 383, na sinundan nito Datapoua cun minsan ay dili cailangang pasucabin ang maysaquit. Cun bago malaqui ang catigasan nang pulso, nang bago siyang magcasaquit, ay mabuti purgabin nang bilin sa número 11, capag sinangrahan na. Ang ruibarbo, na bilin sa número 51, ay houag ibigay doon cundi sa catapusan nang saquit. Maraming maysaquit (ani Tissot) ang guinagamot co, na ualang ibang ibinigay sa canila cundi tubig na malacuco ga isang taza carami, touing sa icapat na bahagui nang isang oras.

385. Cun minsan ang pag-iilaguin ay casama nang *lagnat na buloc*, na sinaysay co sa capítulo 20, at ang gamot doon cun gayo,i, ang pasuca número 34, bago pur-

gahin ang maysaquit nang bilin sa número 23 ó sa 47. Saca painumin naman siyang macalaua ó macaitlo arao-arao nang bilin sa número 24, t mbang saicapat ang isang inom. Totoong galing dito ang sa número 32, cun uala yaong isang turo sa número 24, at iisa rin ang cabagsican nitong daluang bagay. Cun ang saquit ay ungmunti na, ang bilin sa número 51, ay yaon ang ipupurga sa maysaquit.

386. Angnagcacasakitnitongganitong saquit ay nababaynat cun minsan, gaua nang pagcain nang sala, sapagca ang may catauai, nalamigan, ó napagal nang paggaua. Cun gayon ay ilalagay sa *husay* (capítulo 4) ang maysaquit, at vaimuning minsan nang bilin sa número 51.

387. Cun minsan naman ang pag-iilaguin ay casama nang *pangiqui*. Cun gayo,i, pauual-in muna ang pag-iilaguin bago gamutin ang pangiqui, at cun malaqui ang lagnat ay big-yan ang maysaquit nang *quina* (dita) ayon sa turo sa párrafo 216.

388. Sa saquit na pag-iilaguin ay magaling ang pagcain nang manga bungang hinog nang cahoy, ang *manga* бага, ang *saguing*, ang *alpay*, ang *ates*. etc. Caya ang nangangain nang maraming bungang magu-

lang nang cahoy cun tag-arao, maliuag daanan siya nang gayon saquit.

CAPÍTULO 65.

Ang icatlong bagay na pag-iilaguin, na mahirap ang damdam nang may catauan sa sicmura, at pati nang paghingā cun minsā,i, mahirap din, na yao,i, pinanganganlan nang castilang disenteria maligna.

389. Ang nagcacaquit nitong masamang bagay na pag-laguin, ay nanghihina agad; guiniguinao siya cun minsan; ang marahil idinaraying nang manga maysaquit ay ang sicmura, na di man masaquit, ay tila siquip na bahag-ya na sila macahinga; marahil nasisira ang canilang ulo. Ang tiyan cun minsan ay sungmasaquit, cun minsan hindi; ang isinusuca nila ay verde ang color. Ang inailaguin nang may cataua,i, dugong totoo cun minsan; at cun gayo,i, namamatay sa icatlong arao; nguni cun minsan ay iba,t, iba ang color nang inailaguin; ang ihi, ang lauay, ang paus, pati nang hininga ay mabaho. Cun maliuag macalon-oc ang maysaquit ay mapanganib ang caniyang buhay. Cun minsan gagaling

ang maysaquit pag linabasan sa catauan nang manga butil na marami na puno nang tubig. Ang pulso ay munti. Cun natutuyo ang dila at nauunat ang tiyan nang maysaquit, ó cun nalilio, ó nagsisin-oc, ay namamatay na ualang magaua. Datapoua cun baga ungmunti ang cas quipan nang sicmura, at lungmalambot-lambot ang tiyan, ó cun nacacatulog-tulog na ang maysaquit, caalam-alam ay gungmagaling.

390. Ang gamot na bagay sa saquit na ito, i, ang timbang calahating saicualo nang bilin sa número 35, na cailangang gauin agad; at nang tumapang pa yaong gamot na yaon, ay mabuting ihulog yaong bilin sa número 35, sa isang tagayang tubig, na pinaglagaan nang *manzanilla*. Pag nacalalo ang pito ó ualong oras nang macasuca na ang maysaquit, ay pupurghin nang *ruibarbo* número 51, at pagca pinurga na, i, cabibig-yan uli ng caunting *bejuquillo* número 35, ga dalaua, ó tatlong butil na *palay* ang timbang, na ihuhulog sa caunting sabao nang *sisiu*, na linutong casama nang ugat nang *chicoria* (*dilang usa*) at cun malaqui ang cahinaan nang maysaquit, ang tubig na pinaglutuan ng *sisiu*, ay doroonan naman nang balat nang

tinapay. Itong sabao na itinuro co ngayon ay yaon ang iinumina ng maysaquit touing icalauang oras ga calahating taza carami; mabuti ring painuming macaapat arao-arao ng isang cucharang *alac* sa misa, na hindi lubhang matapang. Maiguing-maigui dito ang *dalandan ó cahel* na guinayat munang boo pati nang balat, na ang pag-gayat ay manipis; saca binubudburan nang caunting azúcar, bago busan nang mainit na tubig, na yao,i, ang ipainom sa maysaquit. Ang pagsumpit ay masama sa saquit na ito. Ang isa pang mabuting totoo sa ganitong saquit, ay ang parapit na matapang na turo sa número 36, sa mga binti. Anomang ipainom sa maysaquit ay hindi sucat damihan, at lulubha siya.

391. Cun minsan hindi rin nacagagaling sa maysaquit itong lahat na sinabi cong gamot sa párrafong tinaliedan. Cun gayon ay mabuti ang tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *cahel* na hinulugan nang caunting *quina (dita)*, bago paculuin nang caunting oras calauon sa apoy at salain sa damit na masinsin. Itong tubig na ito ay maisasama sa bilin sa número 35, cun pinainom noon ang maysaquit; datapoua masamang painuming minsanan ng marami.

392. Cun ang pag-iilaguin ay malacas na totoo at ang may catauan nanhihina pag-caraca, ay magaling tapalan sa sicmura, t, tiyan nang basahan babad sa tubig na pinag-lagaan nang dita na dinoroonan nang *triacang* marami

CAPITULO 66

Ang gamot sa hinihica, na ang tauag nang castila sa saquit na yao, i, asma.

393. Itong saquit na *hica*, na cun minsan minamana, ay doon namamahay sa *baga* nang tauo. Ang nagecасаquit nang gayon, ay hindi macahinga nang maloualhati; ang caniyang dibdib ay tila siquip; cungmucumbo ang sicmura, ang tiyan, ang dibdib pati nang balicat. Ang may cataua, i, nauuhao, t, napupuyat, at ang paghinga niya, i, maingay; ang paghiga nang tihaya ay mahirap sa caniya; sungmusunod doon ang init, ang lagnat, at ang pagquinal nang puso; ang ihi ay malinao at hindi husay. Itong saquit ay lungmalaqui pag ang panahon ay malamig at maulan.

394. Ang gagauin sa maysaquit, pag dinaraan nang hirap, ay gayon; paluluc-

luquin sa hihigan; houag tabilan, at houag patahanin sa silid na siquip. Ang manga dongaua,i, bubucsan; masama doon sa tinatahanan nang maysaquit ang apoy; 6 ang siya,i, libutin nang maraming tauo. Saca sangrahang agad, at cun malaqui ang hirap niya, ay uul-ing sasangrahan. Ito lamang pagsasangra, ay macacaguinhaua sa caniya, cun ang pinagmul-an nang saquit ay ang maraming dugo: caya hindi sucat bayaan yaong pagsasangra, dahilan sapagca ang pulso ay mahina, at pag nasangrahan ang may cataua,i, lalacas ang pulso. Bucod dite,i, susumpitin nang bilin sa número 6; at cun hindi nagcacasiya yaon ay gamitin ang sa número 5; nguni houag damihan ang isusumpit doon, cundi caunt lamang at parati, at saca gagauin ang manga ituturo co ngayon.

395. Cun ang maysaquit ay lungmulurang parati at tila maingay ang loob nang dibdib, at may masaquit saquit doon, ang iinumun niya,i, ang bilin sa número 7 ó número 12. Touing oras iinumun niya naman ang isang cuchara nang bilin sa número 77. Cun baga nahahalatang marumi ang sicmura ayon sa aral sa capítulo 88, ay magaling painumin nang pasuca número 34, 6

cun hindi ibig nang maysaquit yaon, ang turo sa número 8, ay na-aari. Maigui, ani P. Clain, ang pagnganga nang caunting tabaco, at lumura muna minsan bago lo-noquin ang ibang lauay, nang macatulog ang may catauan.

396. Cūn ang maysaquit ay nag-uubo at ualang ilinulura; cun pungmupula ang muc-ha, at ang ugat nang catauan ay lung-malaqui, at tila siquip ang caniyang dib-dib, pati nang lalamunan, ay pāiinumín nang bilin sa número 12, capag sinangrahan na. Doon sa oras nang pag-uubo, ay iinumín niya ang isang cuchara nang turo sa número 10, ó nang sa número 17. Bucod dito sisipsipin niya ang singao nang mainit na tubig para nang turo sa número 53, Magaling ding ibabad ang caniyang paa sa malacuecong tubig. Ang manga paa naman ay mabuti cuscusin nang basahang tuyo. Cūn бага nahahalatang *hinihica* ang may catauan dahil sa pag-urong nang ibang saquit para nang *galis*, *buni*, ó *piyo*, ay magaling doon ang parapit número 36 sa binti ó sa talampacan ayon sa aral sa capítulo 54.

397. Pag ang may catauan dinaraan nang saquit na *hica*, ay *ilagay siya sa*

husay capítulo 4, at houag pacanin nang *carne* ó nang anomang bagay na mabig-at sa siemura; cun totoong hirap ang lagay nang maysaquit, ay houag pacanin nang anoman. Magaling ipainom sa caniya ang bilin sa número 1 ó 2.

398. Bucod sa mangá sinabi cong gamot na bagay sa saquit na ito, ay mabuti gauin ang mangá isusunod co dito, nang houag daanan uli nang hirap ang maysaquit. Caya cailangang pacahusayin ang caniyang pagcain at ang pag-inom. Masama sa caniya ang lamig at ang guinao. Cun malimit lumura ang maysaquit, ay isama sa quinacain niya ang timbang sa icaualo nang bilin sa número 14. Touing umaga, i, palolonocquin nang tatlong píldoras número 78; at pagca lon-oc noon, ay painumin tuloy nang dalauang taza nang bilin sa número 12. Mabuti ring purgahing maminsan-minsan nang turo sa número 21. Nguni cun ang maysaquit na hinihica hindi lungmulura, ay cailangang sangrahan capag nararamdamang lungmiliuag ang caniyang paghinga, at saca painuming parati nang isang cuchara nang bilin sa número 10 ó nang *suero* número 17.

CAPITULO 67.

Ang gamot sa nag-iilaguin nang darag-is, na yao,i, pinanġanġanlan nang castilang pujos.

399. Ang pag-iilaguin nang darag-is ay cun minsan dala ang ibang manga bagay na pag iilaguin na sinaysay co sa manga capítulong nataliedan. Cun minsan naman ay dala nang bulati, na nadoroon sa loob nang bituca, ó gaua nang pagsusugat nang pouit, ó sapagca arg may cataua,i, quini-quilmos. Caya pagca nacuha,t, nauala itong manga saquit, ay nauauala pati nang pag-iilaguin nang darag-is. Datapoua cun minsan itong saquit ay ualang casamang iba, at cun gayon ay cailangan sumpitin ang maysaquit arao-arao ng maquiilan nang bilin sa número 5, ó magaling sumpitin nang tubig na pinaglagaan nang *bituca* nang *baca* ó *manoc*. Saca tapalan ang tiyan at ang pouit nang basahang babad sa *gatas*; ó cun ualang *gatas* ang tubig na pinaglagaan nang culutan ó bu-laclac nang *alagao* ay mabuti rin. Ang iinumin ng maysaquit ay ang tubig na pinaglagaan nang isang dacot na *bigas* ó *palay*; at

pupurgahin nang bilin sa número 11 ó sa número 23.

CAPÍTULO 68.

Ang gamot sa nagcasaquit dahil sa siya,i, natacot.

400. Ang manga sangol at ang manga babaying nanganac, ay marahil magcasaquit dahil sa pagcasila,i, natacot. Ang sungmunsod sa tacot, ay ang panginginig nang catauan at ang pagca balisa nang maysaquit, lalo pa cun ang puso at ang baga ay napacapuno nang dugo. Cun minsan nama,i, sinusubaan, at nasisira ang bait. Cun baga ang may catauan inuurungan nang dating pauis dahil sa siya,i, natacot, cun minsa,i, dinaraanang ng malauong pag-iilaguin. Ang manga babaying nanganac ay namamatay cun minsan capag sila,i, natacot.

401. Ang dating ipinaiimon sa natacot ay ang malamig na tubig; datapoua hindi magaling yaon, sapagca lungmalaqui ang saquit. Ang mabuti doo,i, patahanin sa piling nang maysaquitang manga tauong caquilala niyang dati; painumin nang mainit na tubig; ibabad nang isang oras ang caniyang manga

paa hangan tuhod sa malacucong tubig; at maminsan minsan ay cuscusin ang caniya ring paa nang isang tuyong basahan. Cun ang maysaquit ay naghinahon na, at ang balat ay mainit na, ay cucumuta, t, patutulugin; at sapagca maiguing mapausan, ay painumin muna nang ga dalaua ó tatlong cucharang alac sa misa ó nang caunting *triacá*.

402. Cun baga mahirap na totoo ang paghinga nang maysaquit, ay cailangang sangrahan sa camay Itong manga turo co sa dalauang párrafong itong magcasumunod ay yaon ang totoong sucat gauin pati sa nanganac na sinumpong nang tacot, pati sa manga bata.

CAPITULO 69.

Ang gagawin sa dinaraanang nang anomang bagay na convulsión, para nang alferecia, sauan, etc, pati nang gagawin sa babaying sinusubaan.

403. Iba, t, iba ang inaasal nang manga dinaraanang *convulsión*. Cun minsan nanginginig ang boong catauan: cun minsan tila nalulucso ang manga laman, ó cunmiquinal ang muc-ha, ó nangingiui ang bi-

big; ang manga paa,t, camay naninigas; ang bibig ay hindi mabuca, ang camay cun minsa,i, quimquim. Mayroon namang ibang maysaquit na cungmiquisay at parating balisa, na hindi mapalagay; patinang dila cun minsa,i, nacacagat at napuputol. Itong manga sinabi co ngayon, di man ang lahat, ang iba ay marahil maquita doon sa manga maysaquit na *tinatamaan* nang *hanġin*, ó nang *frenesi*, ó sa *sinasauan*, na yaong lahat na saquit ay paraparang *convulsión* din. Ang idirito cong isusulat ngayon sa dalawang párrafong magcasunod, ay mabuting gauin sa anomang bagay na *convulsión*; datapoua ang mabuti ay hanapin sa caniyang párrafo yaong manga saquit na yaon.

404. Ang tauong dinaraanang nang *convulsión*, ay masamang gamutin doon sa oras na yaon nang caniyang paghihirap. Ang gagauin lamang ay alagaan nang ilan catau nang houag masactan. Magaling namang isoot sa caniyang bibig ang isang pinaca cigarróng damit, nang houag macagat ang caniyang dila. Cun baga malaqui ang pama-maga nang liig, at mataba ang may catauan, at ang muc-hā,i, mapula, ay mabuti sangrahan sa camay.

405. Ang maysaquit ay painumin nang

caunting tubig na pinaglagaan nang bu-
laclac nang *alagao*. Ang maigui sa la-
hat ay ang paglalaga nang isang dacot
nang dahon nang *cahel* sa dalauang taga-
yang tubig, at capag naiga na ang cala-
hati, ay inaalís sa apoy, at yao,i, minsa-
nang ipainom sa maysaquit sa umagang-
umaga. Cun hindi macaguinhaua sa ca-
niya yaon, ay atuhin ang dahon nang *sin-
toris* (narangitas,) na ilalaga-rin para
nang guinaua sa dahon nang *cahel*. Cun бага
bata ang dinaraan nang *convulsión*, nang
suba, *sauan*, ó *alferecía*, ay babasahin
mo ang capítulo 86.

*Ang saquit na alferecía, na ang tauag
sa Maynila doo,i, taon.*

406. Ang saquit na pinanganganlang
taon, ay marahil dumaan sa manga lala-
qui, sa manga babayi; marahil namang
dumaan sa manga bata pa sa manga mata-
tanda na: Ang tauag nang castila sa saquit
na ito,i, *alferecía*.

407. Ang may cataua,i, cun biglang
tamaan noong saquit na yaon, ay sungmi-
sigao at naboboual, na pagcaraca hindi siya
nacacaalam tauo. Ang boong catauan niya,

ó ang ibang manga casangcapan lamang nang cataua,i, malacas cuminal; na yao,i, *convulsión*, cun tauaguin nang castila. Ang maysaquit ay pagulong-gulong sa banig; quinig ang caniyang paa,t, camay pati nang ulo. Ang camay ay quimquim, pinupucpoc niya ang caniya ring dibdib at tiyan, at parati siyang napapahampas sa sahig. Ang balat nang ulo, ang boong muc-ha ang quilay pati nang pilic mata ay cungmiquibo; ang mata,i, gayon din; ang buhoc ay naninigas; ang sihang cun minsa,i, bungmababa, hangan sa lungmilingsad. Ang dila ay lungmalaqui at hungmahaba, at cun minsa,i, na-aabot nang ngipin, at napuputol. Ang manga ngipin ay nangangalitngit; ang ulo cun minsa,i, toud, cun minsa,i, papihit pihit sa magcabicabila. Bucod dito,i, hungmahaloyhoy ang may catauan, ó sungmusuca siya, at napapaihi at napapailaguin. Ang manga bituca ay ungmugong; ang lauay ay cungmacayat; ang puso cunmacaba nang malacas, at ang paghinga ay maingay. Ang lahat na ugat ay lungmalaqui, lalo pa ang sa liig, sa dila,t, noo. Ang mucha,i, namamaga, at pungmupula, ó ungmiiitim caya; mayroong lungmalabas na bulang magquit; at capag lungmalabas na ang bula

ay yaon ang pagtahan nang saquit; saca ang may cataua,i, nabihilim, at pag naguising ay hindi na-aalaman niya ang nangyari. Ang pulso,i, madalas, at munti cun bago; saca lungmalacas, at sa catapusan ng hirap, ay madalang at mahina. Itong mga sinabi co ngayon cun minsan ay hindi dumaraan ang lahat sa manga inaalferencia, ó tinataon, cundi ang iba lamang. Ang gamot doo,i, gayon.

408. Ang maysaquit ay ipatitihaya; sa ilalim nang licod at ulo ay lalag-yan nang damit nang tumaastaas; alagaan nang ilang catauo ng houag siyang masactan. Sa bibig ay sosootan nang isang caputol na damit na marami ang suson, nang houag macagat ang dila; boong cataua,i, cucuscusin nang damit na tuyo; mabuti sumpitin nang tubig na dinoonan nang asin; bibigquisan ang manga paa sa ibabao nang tuhod; at ang manga camay sa ibabao nang sico; pamoyin nang manga mabaho, para ng pacpac nang *manoc*, ó balat nang *baça*, ó suca man. Cun ang muc-ha nang maysaquit ay ungmiiitim, ó ga siya,i, quinacaposcapos na nang paghinga, ay cailangang sangrahang minsan ó macalaua sa paa. Bucod dito ay painumin nang tubig na malacuco, na pi-

naglagaan nang dahon nang *cahel*, ó *sintoris* (narangitas) para nang turo co sa párrafo 405. Pag ang maysaquit nasaol-an, ay painumin nang caunting *alac* sa misa cun baga siya,i, mahina, at paamoyin naman nang *suca*. Saca siya,i, tumanong sa marunong na médico, na siya,i, gamutin at nang houag daanan uli noong saquit na masama.

Ang gamot sa sinasauan, na yaong saquit na yao,i, isa rin nang pinanġanġanlan nang castilang epilepsia, ó mal caduco ó mal de corazón. Ang panġalan cun minsan nang tagalog dito,i, suba; ang tauag cun minsan doon nama,i, panhihimatay,
capítulo 11.

409 'Ang mangá batang mahihina (ani Buchan) ay marahil daanan nitong saquit na ito. Nguni sila,i, cun lumaqui ó tumanda, cun minsa,i, gagaling; datapoua pag lumalo sa dalauang pouong taon ang edad nang maysaquit, ay maliuag gumaling. Itong saquit na ito,i, isa pang bagay na convulsión. Cun itong saquit malimit dumaan sa may catauan, at saca hindi malauon cundi madali, ay lalo pang maliuag

gamutin; at cun dungmaraan cun natutulog ang maysaquit, ay masama pa mandin.

410. Ang nageacasaquit nang gayong saquit, ay natatamlay muna,t, nalilio; sung-masaquit ang ulo; ungmugong ang tayinga. Lungmalabo ang pagtingin; malacas ang cabacaba nang puso, ang pagtulog ay hindi mahimbing, at ang paghinga ay mahirap; ang manga bituca ay napupuno nang hangin; ang muc-ha ay pungmuputla, ang manga paa,t, camay nanglalamig. Pag ang may catauan dinaraan nang hirap ay doon sa oras na yaon mayroong lungmalabas na bula sa bibig, napapaihi, at napapailaguin ang maysaquit di man cusa nang caniyang loob; ang manga hinlaqui nang camay ay pungmipihit; ang maysaquit ay hindi nacaalam tauo, at cun nasasaol-an ay uala siyang namamalayang anoman sa lahat na nangyari.

411. Itong saquit na ito,i, dala cun minsan nang gutom, ó nang pag-gauang parati nang mahalay, ó nang pag-inom nang alac na marami, ó dahil sapagca ang maysaquit ay mayroong bulati sa tiyan, ó sinisibulan nang ngipin, ó sapagca siya,i, pinalo sa ulo, ó natacot, ó nahulog sa mataas, ó dahil sa siya,i, sinisibulan nang

bucol sa bungo nang uló, ó nag-iisip nang manga maliliuag ó sapagca biglang sinumpung nang malaquing tacot ó toua ó galit caya; cun minsan naman ay dahil sapagca ang may cataua,i, nalalinan nang bulutong ó tigdas, ó sapagca sala ang pagdaan nang sa panahon, cun бага babayi. Caya maliuag maalaman cun minsan ang dahilang pinangagalingan nitong saquit na ito. Cun minsan minamana yaong saquit.

412. Ang bagay sa sinasauan, ay ang pagtahan sa maaliualas na lugar, na hindi natacpan nang bahay ó cahoy na marami: masama sa caniya ang pag-inom nang *alac*, ang pagcain nang baboy, ó manga bunga ó gulay na may hangin para nang *saguing*, *patani*, etc. masama rin ang siya,i, magalit, ó matacot nang malaqui Houag siyang tumingin sa manga malalim na lupa ó sa manga ilog na matulin ang agos, na yao,i, nacacalio at nacacapagdala uli nang saquit. Ang gagauin doon sa oras nang pagcaca-saquit nang tauo, ay ang turo sa párrafo 404 at sa 405. Mabuti sa saquit na ito capag nasaol-an na ang may catauan ang polvos número 81, na iinumina niya sa isang tazang tubig na malacuco cun umaga, ayon sa turo ni Linneo.

413 Saca cailangang pacausisain ang totoong dahilan nang saquit, at cun nahahalatang nadoroon sa bungo ó sa utac nang ulo, cun marugo ang may catauan, ay cailangang sangrahan pag siya,i, nasaol-an; at cun nagecасаquit dahil sa nauala,t, inurungan siya nang *pavis* ó *galis* ay gagamutin para nang turo sa capítulo 54.

414. Cun ang saquit ay dala nang siya,i, inurungan nang bouan, cun бага babayi, gagauin ang bilin sa capítulo 76, cun бага dahil sa pagsibol nang ngipin, ay cailangan doon ang pagsumpit at ang baños hangan tuhod sa malacuecong tubig; cun hindi pa natatalo ang saquit, ay parapitan ang bata nang bilin sa número 36, sa ibabao nang licod sa pag-itan nang dalauang balicat; basabin mo ang capítulo 84 at 86. Gayon din ang gagauin pag ang tauo,i, sinasauan dahil sa siya,i, bubulutu-*ngin* ó *titicdasin*.

415. Cun бага caya sinasauan ang may catauan sapagca siya,i, mayroong bulati sa tiyan, ay gagamutin para nang turo sa capítulo 85.

416 Cun ang saquit ay dala nang cahinaan nang litid nang may catauan ay

magaling doon ang *quina* (*dita*) at ang bacal número 54.

Ang gagawin sa babaying sinusubaan na yaong saquit na yao,i, pinanġanġanlan nang castilang mal de madre.

417. Itong saquit na ito,i, maliuag matapatan nang gamot. Ang manga babayi malimit daanan nitong hirap na ito, at lalo pa ang manga mahihina. Sarisaring dahilan ang pinangagalingan nang ganitong saquit. Ang manga litid nang catauan, ang sicmura, ang manga bituca, ang dugong may calahoc na masama, ang pag-urong nang sa panahon, ó ang di pagpanaog para nang dati, ó cun minsan naman ang malaquing tacot ó galit, ó ang pagdadalamhati nang may catauan.

418. Bagay-bagay ang inaasal nang manga babaying sinusubaan. Mayroong tila nalilio lamang, ó anaqui natutulog; datapoua ang hininga ay bahag-ya na nararamdaman. Mayroong iba, na ualang tahan ang pagquibo, na hindi mapiguil nang ilang catauo. Bago daanan noong saquit na yaon ang babayi, ay nanglalamig muna cun minsan ang caniyang manga

paa,t, camay, naghihicab siya,t, namamang-lao. Cun minsan naman mayroon siyang nararamdamang matigas sa dacong puson, na ungmaaqui at cun malauon lauon sa itaas sa siemura; na dahil doo,i, sungmusuca siya cun minsan. Saca nagpapatuloy yaong matigas sa lalamunan, at ang maysaquit ay gaquinacapos nang paghinga, ó dungmadalas caya sa dati ang paghinga niya; ang puso,i, cungmacabacaba nang malacas, lungmalabo ang pagtingin, nalilio ang may catauan at hindi macaringig; bucod doon ay cungmi-quinal cun minsan ang manga casangcapan nang catauan.

419. Nang masaol-anang babaying sinu-subaan, ay magaling paamoyin nang manga mabaho gaya nang sunog na pacpac nang manoc, *asafetida (ingo) ó espíritu de cuerno de ciervo*. Ang pagcasangra sa maysaquit ay maigui rin cun siya,i, malacas ó matabang totoo; nguni cun mahina ó maramdamin ang babayi, ó lauon nang panahong siya,i, marahil daanan nang *suba*, ay hindi sucat sangrahan. Magaling namang doonan sa talampacan nang tig-isang bato ó ladri-llong mainit, at cuscusin nang malacas nang mainit na damit ang caniyang paa hangan tuhod, ang camay, sampon nang

tiyan. Datapoua ang mabuti sa lahat ay ibad-
adang caniyang paa hangantuhod sa mainit
na tubig, at lalo pang sucat gauin ito, cun
ang pagdaan nang pagsuba, ay cun malapit
nang panaugan nang bouan ang may catauan
Cun baga ang maysaquit ay ilan nang arao na
hindi nananabi para nang dati, ay maigui
sumpitin nang tubig na pinaglagaan nang
culutan na linag-yan nang caunting *asafé-
tida* (ingo); at pag siya,i, nacacalon-on na,
ay painumin nang dalauang cucharang tubig
na pinagtunauan nang caunting *ingo* rin.
At cun hindi natatalo pa ang saquit, ay
palonoquin ang may catauan nang tubig
na pinaglagaan nang dahon nang *cahel* ó
sintoris para nang turo sa párrafo 405.
Maigui ring painumin nang *café*, na sina-
mahan nang isang cucharang aguardiente,
na yaon ay gagauin pagca inato nang gui-
naua ang ibang manga turo co ngayon, at
hindi rin natatalo ang saquit. Itong manga
bagay na sinabi co ngayon ay gagauin sa
oras nang paghihirap nang babaying sinusu-
baan. Cun baga hindi nasaol-an ang babayi,
cundi namamatay, ay gagauin ang bilin sa
párrafo 460, maca hindi patay na totoo ang
maysaquit. Datapoua nang houag umoli ang
saquit, gagauin ang isusunod co dito ngayon.

420. Pag ang babaying sinusubaan ay nasaol-an na, ay hindi sucat itahan ang pag gamot doon, at ang saquit ay uuli rin caalamalám, cundi alisin ang pinacaugat na pinangagalingan noong hirap na yaon. Caya ang gagauin sa may cataua,i, gayon: Houag pacanin siya ng marami, lalo pa cun gab-i. Ang pagpambo sa malamig na tubig ay totoong buti doon; ang pagtahan nang malauon nasa hihigan ay masama. Ang *bacal* para nang bilin sa número 54, at ang *quina* (dita) número 14, ay totoong galing sa manga mahihinang babayi, ó sa manga siemurain. Cun yaong saquit ay dala nang cainitan nang litid, palonoquin ang babayi nang isa ó dalauang pelotillang *talamponay* na ganga balatong calaqui sa isang cucharang tubig, ayon sa bilin sa número 57, at cun minsan siya,i, macacatu-log. Na-aari namang isama sa sumpit ang isa ó dalauang pelotillang *talamponay*, cun aayao inumin yaon nang babayi. Datapoua cun ang may catauan ay totoong nagsasaquit nang pag-gaua, lalo pa cun hindi tung-matahan nang pananahi, ó paghabi, ó pagdurugtong nang *abacá*, at saca sungmasala siya sa oras nang pagcain, at nagugutom, ay houag siyang umasang gagaling. Cun

hindi mangyaring tumahan nang pag-gaua, ang bagay sa may catauan ay manaog siya sa lupa nang caunting oras cun umaga at cun hapon, at siya i, magtanim nang anomang damo doon, na caniyang aalagaan, at yaon lamang gauang yao i, macacualauala nang caniyang masamang damdam nang catauan.

421. Cun baga marumi ang siemura nang maysaquit, ay cailangang pasucahin nang mahinang pasuca, número 35; at cun hindi manabi para nang dati, ay houag pacanin nang marami; at painumin siyang maminsan-minsan nang caunting *ruibarbo ó maná*, número 82.

Nota. Cun minsan ang babayi, at gayon din ang lalaqui, sinusubaan dahilang sa manga sinasaysay sa capitulo 74. Caya cailangang basahin yaon, pati nang manga párrafong magcasumunod doon.

Ang gamot sa babaying namamanghid ang caniyang paa, ó camay ó ang ibang casangkapan nang catauan, na ang tauag nang castila sa gayong saquit ay calambre histórico.

422 Ang manga babaying maramda-

min ó mahina, ay malimit daanan nang pamamanghid nang paa, ó camay ó nang ibang casangcapan nang catauan, lalo pa cun sila,i, nahihiga. Ang magaling sa gayong saquit ay ang parapit número 36. Cun minsan mauauala rin ang saquit, pag bāñusan arao-arao ang may catauan hangan tuhod sa malacucong tubig. Mayroon namang pamamanghid nang paa, na siyang cusang nauauala capag binigquisan yaong maysaquit na casangcapan. Cun baga yaong saquit na yao,i, dala nang manga maruruming nadoroon sa siemura ó bituca, ay mabuti doon ang *quina* (dita)

Ang gamot sa biglang dinaraanang nang hindi macahingā, ó sa quinacapos nang paghingā, na ang tauag nang castila sa gayong saquit ay sofocación.

423 Tatlong dahilan ang pinagmumulan nitong saquit na ito. Ang isa,i, ang manga litid nang *baga* cun ungmiiinit ó cungmiquinal. Ang icalaua,i, cun mayroong maraming dugo, doon din sa *baga* nang may catauan. Ang icatlo ay ang manga malagquit na tungmatahan sa *baga* rin.

424 Cun ungmiiinit, ó ga nangungu-

rong ang mangā litid nang *baga*, na dahil doo,i, hindi macahinga ang may catauan, ay mauaualang cusa ang caniyang saquit di man siya gamutin, ó cun paamuyin nang mabaho, para nang sinunog na paepac nang *manoc ó ingo*.

425 Cun minsan dinaraanang ang may-saquit nang hindi macahinga dahil sa napacapuno nang dugo ang caniyang *baga*, na caya na-aalaman yaon, ay sapagca ang pagdaan nang saquit ay capag siya,i, nahihirapan nang pag-gaua nang anoman, ó sapagca siya,i, mataba,t, malacas cumain, ó marami ang iniinom na *alac*, at ang pulso doon sa oras nang saquit, ay matigas at malacas, at mapula ang muc-ha. Ang gagauin doon sa gayon, ay sasangrangan sa camay; sumpitin ng malimit at painuming parati nang bilin sa número 1; itong painom ay sasamahan nang *sabitre*, timbang saicapat sa tatlong tagayan. Magaling doon naman ang pagsipsip nang singao nang *suca*, para nang turo sa número 53.

426. Cun *baga* caya hindi macahinga ang maysaquit, ay dahil sa mayroong naninicquit na mangā malalagquit doon sa caniyang *baga*, na caya nahahatang gayon, ay sapagca siya,i, dating masasactin, ó ma-

hina, ó hicain siya, ó nananab-ang ang pagcain, ó ang quinacain niya ay ang manga ualang sustancia, ó siya,i, ungmiiinom na parati nang mainit na tubig, at bucod dito ang caniyang pulso,i, munti malambot, at siya,i, namumutla; ang gagauin doo,i, gayon.

427. Touing calahating oras ay painumin ang maysaquit nang bilin sa número 8, ga isang cuchara carami ang isang inom. Painumin din nang marami nang turo sa número 12 Parapitan sa manga binti nang bilin sa número 36 Ang pagsasangra doon cun minsan ay cailangan, cun ang maysaquit ay mataba niyong hindi pa siya dinaraan nang hindi macahinga, at cun ang pu'so,i, malacas at puno. Magaling namang sumpitin. Cun baga yaong bilin sa número 8 ay uala, ang gagauin ay gayon: Bumayo ca nang isang *lasona* ó dalaua caya sa isang babay-ang hindi tangso; pagcabayo na ay iyong bus-an nang mainit na *suca*, bago salain, at pigain sa sinamay ó lienzo; pagcayari na yao,i, samahan mo nang isang gayon ding *pulot*, at yaon ang ipainom sa maysaquit, ga isang cuchara carami touing calahating oras. Itong gamot ay totoong buti; at ang isa pa,i, ualang liuag gauin.

CAPITULO 70.

Ang saquit na frenesí, na yao,i, saquit nang utac nang ulo nang tauo, na dahil doon ay nasisira ang bait ang maysaquit, na tila bungmabagsic.

428. Itong saquit na ito, ay ang pag-iinit ó ang pamamaga nang *utac* nang ulo nang tauo. at marahil naca^csama nang *manga lagnat na maningās ó buloc ó sucab; datapoua cun minsan ang frenesí* ay ualang casamang saquit na iba. Ang dinaraan nang *frenesí* ay nalalagnat; nasisira ang bait; sungmasama ang loob niya, pati nang pagtingin, na dahil doo,i, anaqui bungmabagsic; ang pulso,i, matigas, mapula ang muc-ha, ang bibig ay tuyo; hindi macatulog siya nang mahimbing; sa ilong mayroong tungmutulong tubig; mayroon namang tungmitiboc nang malacas doon din sa quibot-quibotan at sa liig; ang maysaquit ay hindi nauhao, baga man tuyo ang caniyang dila.

429. Ang pinagmumul-an nitong saquit na ito,i, ang maraming dugo; ó ang dugong malabnao na lubha, na yao,i, dala nang cabataan, ó sapagca inaarauan ang may ca-

tauan, ó ungmiiinom nang *alac*, ó cun macacain siya nang manga mainit, para nang *luya*, pimenta, ó dahil sa siya,ⁱ inuurgan nang panahon, cun baga babayi, ó cun manganac at hindi siya linabsan nang ugaling lungmalabas na dugo sa mga babaying nanganganac, ó dahil sa napuyat ang may catauan, ó totoong nagsaquit siyang gumaua, ó nag-isip nang manga maliuag; ó sapagca namamanglao, ó nasactan siya sa ulo, at tinapalan nang malamig.

430. Ang gamót sa *frenesi* ay gayon: Ang maysaquit ay houag lilibutin ng maraming tauo. Ang ipaiinom sa caniya ay ang bilin sa número 1, ó sa número 10, ó sa número 17. Bucod dito,ⁱ cailangang sangrahan sa camay, at cunan nang maraming dugo, cun malacas ang may catauan; nguni cun mahina na siya, ang totcong buti doo,ⁱ ang pacaptan sa linta ang mga quibotquibotan; ang isa pang nacacaginhauang agad sa maysaquit, ay ang pagbabalingoyngoy; caya cailangang sootan ang ilong ng maysaquit, nang ilang buhoc nang cabayo at guilaogauin, hangan tumulo ang dugo; magaling namang pacapitan sa linta doon sa pouitan. Bucod dito,ⁱ susumpitin, at ang paa,ⁱ babañusan sa malacucong tu-

big at tatapalang parati (ang mga paa rin) nang *tinapay* na durog na binasa nang *gatas*. Ang ulo ay cailangan namang ahitin. Cun ang maysaquit ay inuurungan nang bouan, ó hindi siya dinaraan nang ugaling dungmaraan sa mga nanganganac na babayi, ó biglang naual-an ang maysaquit nang *galis* ó *buni* ó hindi sungmasago ang *fuate* (cun бага may *fuate*), at dahil sa mga ganito,i, nagcasaquit nang *frenesi* ang may catauan, ay cailangang basahin nang mangagamot dito sa librong ito ang cabagayang gagauin doon sa gayong mga saquit, at siya ang susundin agad. Cun ang saquit hindi nauuuala, at hindi rin namamatay ang may catauan, caalamalam boong buhay sira ang caniyang ulo.

CAPÍTULO 71.

Ang gamot sa nacalon-oc nang lason.

431. Cun mayroon tauong nacacain ng anomang bagay na lason, para nang *talamponay* ó *cabuti*, ó bunga nang *tuba*, *camaisa* ó *pepita* ni san Ignacio, ó iba cayang damong masama, ang gagauin doo,i, gayon. Ang maysaquit ay pailinum nang

maraming malacucong *tubig*, na sinamahan nang caunting *asin* ó *azúcar*, at pagcaca,i, pasucahin nang maraming tubig at langis, ó nang bilin sa número 34 ó 35. Pag nacasuca na ang may catauan, saca painomin pa nang maraming tubig na linahucan nang *pulot*, ó *azúcar*; itong tubig na ito,i, lalag-yan din nang maraming suca; bucod dito,i, susumpiting parati ang maysaquit nang gatas na may casamang langis. Cun minsan ang maysaquit ay nahihilim na parati, na dahil doo,i, cailangang parapitan sa paa at camay nang bilin sa número 36, lalo pa cun ang caniyang linon-oc ay ang *opio*, ó ang *talam-punay* na yao,i, catulad nang *opio*; cun gayon ay cailangan namang sangrahan agad ang maysaquit, at gauin doon ang mangaturo sa párrafo 101, gaya nang sa nagcacasaquit nang *apoplejía*. Cun baga caya nagcacasaquit ang tauo,i, dahilan sa siya,i, pinurga ó pinasuca nang purgang matapang ó pasuca ay gagamutin para nang turo sa párrafo 445



CAPÍTULO 72.

Ang saquit na pasmo na yao,i, catulad nang perlesía.

432. Pinanganganlang *pasmo ó perlesía* yaong saquit na *yæon*, na marahil dumaan sa nagtatahan dito sa Filipinas. Yaong saquit capag tumama sa *puso*, ó sa *baga* ay mamamatay ang may catauan; cun sa *sicmura*, sa manga *bituca* ó sa pantog nang *ihí*, ay mapanganib din ang buhay nang tauo; at cun ang *muc-ha* ang napasma, ay masama ring saquit, sapagca yaong *gayo,i*, sa manga *utac* nang ulo nangagaling, at cun ang *muc-ha,i*, lungmalamig at cun *gmu-cupis*, ó cun ang *maysaquit* ay nacacalimotlimot na, ay maliuag mauala yaong saquit. Itong saquit na ito cun minsan sungmusunod naman sa tama nang hangin ó *mal de viento*

433. Yaong casangkapan nang catauan na tinatamaan nang *perlesía ó pasmo* ay hindi nacacaramdam at cun minsan hindi maiquibo. Ang pinagmumul-an nitong saquit, ay iba,t, ibang dahilan. Ang pag-inom nang maraming *alac* hangan nalalasing ang

may catauan, ang manga sugat sa ulo at sa loob nang gulugod, ang hanging malamig cun ungmulan, ang pagliban nang ugaling pag-ihí ó pananabi; ang pagtahang parati na ualang gaua, ang pag-inom nang malimit nang *cha*, ó *café etc.*, ang manga sugat sa litid, ang singao na masama na nangagaling sa lupa, at ang iba pa.

434 Cun бага batang tauo ang nag-cacasaquit noong saquit na *pasmo*, at ang catauan noon ay magaling, at siya, i, mataba, gamutin para nang dinaraan nang *apoplegiang dala nang cainitan nang dugo*, párrafo 101; sa macatouid, sasangrahan, sumpitin, at pupurgahin para nang turo doon.

435. Datapoua ang manga mahihinang tauo, ó ang manga matatanda na, cun dinaraan nitong saquit na *pasmo*, ay houag gamutin nang gayon, cundi para nang isusunod co dito. Cuscusin, ó hilutin nang camay ang casangcapang masaquit nang catauan. Ang parapit número 36, ay maigui rin. Datapoua cun hindi pungmapayag ang may catauan doon, ó cun ang saquit ay nadoroon sa muc-ha, ay hilutin arao-arao yaong masaquit nang *alac* na pinagtunauan nang caunting *ingo*, ayon sa turo

nang P. Clain, at sumpitin tuloy ang maysaquit. Ang pag-inom nang tubig na linag-yan nang polvos nang ugat nang *Malungay*, ay mabuti sa saquit na yaon. Ang ugat ay pinatutuyo muna sa arao ó sa apoy man, bago bayuhin. Ang pasuca número 35 (ani Buchan) ay totoong buti cun nacacayanan nang catauan nang maysaquit at cun ang canyang *pasmo*, ay para nang sinabi co dito rin sa párrafong ito. Cun hindi pumayag ang maysaquit doon sa pasuca nang número 35, ay na-aari ang pasuca nang malacucong tubig na sinamahan nang langis, azúcar at suca. Maigui naman doon ang manga bagay nag nagpapabahin para nang polvos nang *tabaco*, etc. Bucod dito ang maysaquit ay mag-iingat sa *ulan*, sa *hamog*, at sa calamigan nang *panahon*.

Nota. Sa saquit na *pasmo* ang totoong galing na gamot, ay ang talbos ó ang dahon nang *cahel* na ilalaga sa tubig, at itong tubig na ito ay ipaiinom touing umaga sa maysaquit ayon sa turo sa párrafo 405. Magaling din ang pag-inom na maminsan-minsan nang calahating tazang tubig na hinulugan nang calahating cucharang buto nang *mostaza*.

CAPITULO 73.

*Ang saquit na ictericia na iquinapaninilao
nang mata nang tauro.*

436. Itong saquit na ito,i, dala nang *apdo*, na hindi husay na para nang dati, ó cun sungmusucal ang manga dinaraan noon. Sa saquit na *ictericia* ang puti nang mata at ang boong catauan cun minsan ay dungmidilao, pati nang ibi madilao rin, at nacacamanca sa manga damit na maputi. Ang maysaquit ay nananab-ang nang pageain at mapait ang caniyang bibig. Ang iniilaguin niya ay maputi ó maitim, at cun minsa,i, sungmusuca siya naman nang madilao. Ang manga *sangol* capag hindi iniilaguin nila yaong unang duming ugaling ilaguin nang manga batang bagong panganac, ay marahil magcasaquit nitong ganitong saquit. Ang manga babaying buntis ay gayon din. Ang manga dalaga,i, dinaraan naman noon ding saquit na yaon; pati nang quinagat nang ahas ó asong ol-ol.

437. Cun ang saquit nang *ictericia* ay sungmusunod sa pagsintac sa *atay*, ó

sa purga ó pasucang matapang ó sa paglon-oc nang lason, sa pamamanglao, ó sa tacot ó galit na malaqui, ó sa *cólico bilioso* párrafo 364, ang maysaquit ay *ilagay sa husay* nang maysaquit na magaling-galing na capítulo 5, at macaapat maghapon paiinumia nang bilin sa número 20. Susumpitin siya nang malimit nang bilin sa número 5. Ang iinumina niyang parati ay ang turo sa número 1 ó 2; at touing icatlong arao pupurgahin nang bilin sa número 47. Datapoua cun yaong saquit ay sungmusunod sa lagnat na *panñiqui*, ó sa ibang saquit na malaqui, ang may cataua, i, pupurgahin nang malimit nang bilin sa número 47, at paiinumina nang sa número 3. Cun babayi ang nagcacasaquit nang saquit na *ictericia* ú *opilación* dahilan sa hindi husay ang pagpanaog nang sa *bouan*, at hindi siya buntis, ay basahin mo ang capítulo 76, at sundin ang manga turo doon.

438. Cun minsan iba ang punong pinagmumul-an nang *ictericia*; sa macatouid cun sungmusucal ang manga dinaraan nang *apdo* nang tauo. Cun gayo, i, ang atay tungmitigas, ó tila may sungmasaquit doon, lalo pa cun bagong nacacain, ó cun siya, i, napagal nang pag-gaua nang ano-

mang mabig-at na gaua; ang isa pa roon ay hindi maihiga niya ang canang taguiliran; nananab ang siya nang pagcain, at mapait ang bibig. Cun gayon ang *icterecia*, ay maliuag mauala. Nguni ang gagauin sa ganoong maysaquit, ay gayon: Sasangrahang minsan ang maysaquit, ó macalaua, cun siya, i, matabat, marugo. Painumin siya namang parati nang suero número 17. Palolonoquin nang *píldoras* número 18, at painumin naman nang sa número 24. Bucod dito, i, pupurgahin siya nang turo sa número 47. Maigui rin doon ang bilin sa número 71.

CAPÍTULO 74.

Ang gagauin sa tauong sinusubaan na ang pangalan nang castila sa gayong saquit ay desmayo.

439. Ang manga tauong sinusubaan, ó *nadedesmayo*, ay iba, t, iba ang inaasal nila. Mayroong nacacaalam tauo, hindi lamang macapag-uica, na yao, i, marahil dumaan sa manga babayi. Ang pulso doon ay hindi lubhang nag-iiba; ang pangalan nang castila doo, i, *deliquio*. Cun ang may catauan

hindi nacacaramdam at hindi rin nacacalam tauo, at totoong hina nang pulso, ang tauag nang castila doo,i, *síncope*, na yaon ang icalauang pinaca grado nang *desmayo*. Datapoua cun ang maysaquit ay tila bangcay, na malamig ang caniyang catauan, at hindi nararamdaman ang pulso pati nang hininga, ang pangalan doon nang castila ay *asfxia*, na yao,i, ang icatlong grado nang *desmayo*. Ang tauag nang tagalog dito cun minsan ay *panhihimatay*. Ang manga punong pinagmumul-an nang manga *desmayo* ay anim. Ang isa,i, ang dugong marami. Ang icalaua,i, ang cabinaan nang may catauan, na siya ang ugaling dahilan. Ang icatlo,i, ang siemura cun marumi. Ang icapat ang manga litid. Ang icalima ang galit, ó ta-cot, ó ang pamamanglao na malaqui. Ang icanim, ay ang ibang manga saquit, na cun minsan ay magcasama nang *desmayo*.

Ang gagawin sa sinusubaan, ó nadedes-mayo dahil sa siya,i, marugo.

440. Caya nahahalata, na ang maraming dugo ang nagdadala nang *desmayo*, sapagca ang may cataua,i, malacas at mataba. Ang pagtama nang saquit ay pagca

siya,i, nacacain nang manga maiinit, ó nacainom nang *alac*, *aguardiente*, *café*, ó mainit na *chá*; ó sapagca siya,i, inarauan, ó napatahan sa mainit na lugar, ó cun siya,i, nagsaquit gumaua. ó nag-iisip nang maliuag, at bucod doon, ay namumula ó namaman-tal ang caniyang muc-ha. Ito ring manga dahilan ay pinagmumul-an naman nang *pag-quinál* nang catauan nang tauo, na cun minsan sungmusunod. ó cun minsan sinusundan nang suba ó desmayo.

441. Ang gamot sa sinusubaan dahilan doon, ay ang *suca*, na ang calahating bahagui ay *tubig* na malacuco, na ipa-aamoy sa maysaquit; ang noo, ang quibotquibotan, at ang galang-galangan nang camay niya, ay babasain noon ding sucang tinubigan; at painumin siya naman nang dalaua, ó tatlong lag-oc nang *suca* rin, na ang *tubig* ay marami sa calahati. Cun hindi nasasaolan pa ang maysaquit, nang macalalo ang saicapat na bahagui nang isang oras, ay sasangrahan sa camay Pagca sangra na, ay maigui sumpiting minsan, at touing calahating oras paiinumin nang isang tazang *tubig* na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, na sinasamahan nang caunting *azúcar* at *suca*

Nota. Cun babayi ang sinusubaan dahil sa siya,i, marugo, ganito rin ang pag-gamot doon.

Nota Ang bagay sa tauong marahil madesmayo dahil sa siya,i, marugo nang houag umoli ang saquit, ay ang pag-inom cun umaga,t, cun hapon nang bilia sa número 20, pati nang sa número 1; ang pag-cain nang canin, gulay at tubig lamang; at maminsan minsan ang baños hangan tuhod sa tubig na malacuco; bucod dito i, magaling ang siya,i, lumacad na parati at houag habaan ang tulog. Ito i, gagauin niya capag nararamdamang dungmarami uli ang caniyang dugo.

Ang gaganin sa tauong sinusubaan, lalagui ma,t, babayi man, dahil sa cahinaan nang catauan, para nang manġa babaying nanġanġanac, ó dahil sa nahanaan nang gutom, ó nang pagbabalinġoyngoy, ó pag-iilaguin nang malacas, ó dahil sa pinurga ó pinasuca nang matapang na pamurga ó pasuca, ó dahil sa manġa maruming nadcroon sa sicmura.

442. Ang saquit na suba dahil sa cahinaan nang catauan nang tsuo, ay hung

mahalili, ó sungmasabay cun minsan sa pag-iilaguin nang malacas, sa pagbabalingoyngoy, ó sa pagpau's, sa malimit na pag-gaua nang mahalay, sa pagcapuyat, ó sa malauong pananab-ang nang pagcain; sspagca ang manga ganito,i, paraparang totoong nacacahina sa catauan.

443. Ang gagauin sa *nadedesmayo* ó nahanaan dahil sa siya,i, linabasan nang maraming dugo sa ilong, ay equing sinabi na sa capítulo 42; siya ang sundin. Datapoua cun ang dahilan nang saquit na *suba* ay ang ibang manga sinaysay co sa párrafong sinundan nito, ay ganoon ang paraan nang pag-gamot. Ang maysaquit ay quinucumutan; quinucuscosc nang mainit na damit ang boong catauan niya, at cun mayrcong tali sa catauan ay quinacalag; pina-aamoy nang *ruda*, *sambong romero*, ó *yerba buena*; pinalolon-oc nang ilang capatac nang *aguardiente*, ó *alac* na linahucan nang caunting *tubig*. Ang *alac* sa misa na sinamahan nang *azúcur* at *canela*, cun paculain sa apoy, at saca ipainom sa maysaquit, ay totoong galing na cordial doon; lalag-yan naman sa sicmura nang isang damit na babad sa *alac* sa misa na pinaglagaan nang *romero*, ó *sambong*, ó sa ibang damong

mabango. Pagca ang maysaquit ay nacacalon-oc na, ay big-yan nang sabao na hinulugan nang isang pula nang itlog, ó pacanin caya nang isang *sopas* na tinapay, ó broas na babad sa *alac* na binudburan din nang caunting *azúcar* et *canela*.

444. Ang sinusubaan dahil sa siya,i, nasangrahan, ay hindi cailangang gamutin, at mauauala pagcaraca yaon, capag siya,i, humiga, ó cun paamuyin nan *suca*, at painumin nang caunting *suca* rin, na may calahoc na tubig.

445. Cun bago caya sinusubaan ang tauo,i, sapagca siya,i, pinurga, ó pinasuca nang totoong tapang na pamurga, ó pasuca, ay painumin siya nang langis sa castila, ó big-yan nang *azúcar*; maigui rin ang gatas ó ang *tubig* na pinaglagaan nang palay, para nang guinaua sa nacalon-oc nang lason, capítulo 71. Bucod doo,i, susumpitin nang tubig na pinaglagaan nang culutan, na sinamahan nang langis at pula nang itlog nang manoc. Cun bago malubha, ó mahirap ang lagay nang maysaquit, ay mabuti sangrahan. Datapoua cun ang maysaquit hindi nag-iilaguin, cundi sungmusuca lamang, ay lilimitan ang pagsumpit houag lamang lag-yan nang pula nang itlog.

Magaling ding pambohan ang maysaquit sa malacucong tubig. Basahin mo ang párrafo 517.

446. Ang manga babayi marahil subaan ó madesmayo pagca sila, i, nacapanganac, at lalo pa cun binusan nang maraming dugo. Ang gagauin doon ay sundin ang aral sa capítulo 79, at sa capítulo 80, at cun gayon bihirang babayi ang magcacasaquit noong gayong saquit. Maigui ring paamuyin nang *suca*.

447. Ang tauong sinusubaan dahilan sa manga maruruming nadoroon sa caniyang siemura, mabuti paamuyin nang anomang matapang na amoy, at painumin ng tubig na malacuco, na pinaglagaan nang manzanilla ó sambong ó bulaclac nang alagao. Pag nasaol-an ang maysaquit ay big-yan ilang arao cun umaga nang bilin sa número 38

Ang gagauin sa tauong sinusubaan ó nadesmayo dahilan sa mayroong saquit sa caniyang manga litid.

448. Ang saquit na suba dahilan sa pagca mayroong saquit sa manga litid, ay siyang cusang nauauala, capag pinapaypa-

yan ang may catauan at pina-aamoy nang mga mabaho. Mabuti ring atuhing basain ng tubig na malamig na sinucaan ang roo, pati nang quibotquibotan nang maysaquit. Dito rin nauucel ang saquit na marahil dumsan sa manga babayi, na pinanganlan namang *suba* na sinaysay co na sa párrafo 417.

449 Ang *nadedesmayo* dahil sa mayroong saquit sa caniyang litid, ay cailangang lumacad na parati ó magpasial, lalo pa cun umaga. Ang purga, ang pagsasangra, ang mahabang tulog, at ang di pagpnaog sa bahay ay pauang masama sa caniya.

Nota. Cun babayi, ang sinusubaan dahil sa mayroon siyang saquit sa caniyang manga litid ay gagamutin para nang turo doon sa párrafo 419 at sa 420.

Ang gamot sa tauong sinusubaan ó nadedesmayo dahil sa siya,i, natacot, ó namanglao, ó nagalit.

450. Ang nagecасаquit dahil sa siya,i, natacot, ay gagamutin para nang turo co sa capítulo 68.

451. Ang tauong sinumpong ng galit, ó nang pamamanglao, at nadesmayo dahilan

doon, ay pa-amoyin siya nang *suca*, at painumin ng malimit nang *tubig* na malacuco, na pinaglagaan ng balat nang *dalandan* ó *dayap*. Pag nasaol-an ang maysaquit ay painumin nang *limonada* número 33, at sumpitin nang bilin sa número 5. Cun ang maysaquit ay dungmoroual na parati, at mapait ang bibig niya, at yaong manga bagay na yaon ay hindi iuala nang limonada, nang pagsumpit, ay big-yan nang sa número 23 ó nang sa 24. Masama roon ang pasuca.

Nota. Cun babayi ang sinusubaan dahil sa siya,i, natacot, ay gagamutin ayon sa turo sa párrafo 419 at sa 420, ó para nang turo sa párrafo 401.

Ang gaguwin sa lalaqui ó sa babayi cun nagcacasaquit nang malaquing saquit, at tuloy sinusubaan ó nadedesmayo.

452. Ang *desmayo* cun sungmasama sa ibang manga saquit, ay masama. Ang nagcacasaquit nang lagnat na *buloc*, caya siya *nadedesmayo* ó sinusubaan, sapagca marumi ang sicmura, at capag siya,i, nacapag-ilaguin ó nacasuca, ay nauauala ang *desmayo*. Ang nagcacasaquit nang lagnat

na *sucab* cun baga-dinaraanang nang *desmayo* ay masama rin. Ang bagay doon sa oras na yaon ay ang *suca* na ipalolon-oc sa maysaquit, at cun masaol-an ay mabuti painomin nang maraming limonada, número 33.

453. Ang manga desmayong sungmunsod sa pag-iilaguin, ó sa pagsuca nang marami, ó sa paglabas ng maraming dugo ay isa rin nang desmayong dala nang cahinaan nang catauan, na sinaysay co na sa párrafo 442; at sa apat na magcasumod doon.

454. Ang mayroong sibol sa loob nang catauan ay malimit subaan. Ang *suca*, i, maigui roon; datapoua marabil mamatay sa oras na yaon.

455. Ang tauong sinusubaan pagca nacaraan ó ungmunti ang lagnat, ay magaling painumin nang isang cucharang *alac* sa castila na linahocan nang isang gayong tubig. Ang matandang tauo na dinaraanang nang *desmayo* na hindi naalaman ang dahilan, ay masama, at caalamalam mamamatay.

Nota Bucod dito sa manga saquit na suba ó desmayong sinaysay co sa loob nitong boong capítulong ito, i, mayroong isa

pang bagay na pinanganganlan ding *suba* nang tagalog (sa uicang castila, i, epilepsia); ang gamot doon iyong hanapin sa párrafo 409 at sa manga sungmosunod doon.

CAPITULO 75.

Ang manga gagawin sa maysaquit na ualang pulso, at hindi rin hungmihinã, na cun tingnan, anaqui bangcay.

456. Mayroong tauo cun minsan, na cun tingnan ay tila patay, sapagca ang pulso at ang hininga ay nauauala, at hindi rin nacacaramdam. Caya cun mapalibing cun mirsa i, buhay. Ang namamatay nang biglang pagcamatay, na hindi na-aalaman ang dahilan, ang nalunod sa tubig, ang natamaan nang culog, ang babaying sinu-subaan, pati nang namamatay nang biglang pagcamatay nang macapanganac siya, ang nagbicti ó ang binitay, at ang ibapang sasabihin co sa manga párrafong isusunod dito, ay hindi sucat ilibing hangan di maramdamang mabaho baho na ang catauan. Yaong manga caauauang tauong gayon, cun minsan ay nasasaol-an nang buhay, (cun baga hindi totoong patay) capag ma-

sipag at hindi pabaya ang caniyang manga casama sa bahay. Ang manga guinagaua sa manga gayon ay ualang liuag. Itutuloy lamang nang malauong panahon (ga apat, lima, ó anim na oras calauon); at cun hindi rin nasasaol-an nang buhay ang tauo, ay pabayaan na. Alin mang tauo, babayi man, cun marunong dunong magpaanyo ay macacagamot doon sa tila patay. Ang manga gagauin doon ay ituturo co sa manga isusunod ditong párrafo.

Ang gagauin sa nalunod sa tubig, na tila bangcay cun tingnan.

457. Ang tauong nalunod sa tubig, maitim nang totoo, ó namamaga man ang caniyang muc-ha, cun minsan masasaol-an nang buhay, capag ang pagtahan niya sa tubig ay hindi lumalo sa anim ó pitong oras. Sa hindi lubhang nalauon sa tubig ay bihira ang di nasasaolan nang buhay. Ang gagauin doo,i, gayon: Pagca nahan-go na sa tubig ang nalunod na tauo, ay dadalhin sa lugar na tuyo; huhuboan doon nang damit; ipahihiga doon nang pataguilid, at doroonan nang unan sa ilalim nang ulo, cucuscusin ang boong catauan niya nang

malacas nang manga damit na tuyo, na idinadarang sa apoy, upan din masaol-an nang init ang catauan. Cun mayroong *aguardiente ó alac* na matapang sa niyog ay maigui ibabad doon ang manga damit na pangusecs. Mabuti namang ilapit lapit sa apoy ang tila patay cun guinagaua itong manga turo co ngayon. Magaling ding ibaon hangan liig sa buhangin cun baga mainit ang arto. Pagca yari na itong manga sinabi co ngayon, ay cailangang baguhin ang lagay nang catauan nang nalunod, houag lamang ilagay nang patihaya. Saca hihipang parati nang malacas sa ilong ó sa bibig. Ang isang munting caputol na cauyan, ay magagauang panhihip; nguni cun hihipan sa ilong ay cailangang tacpan nang camay yaong cabilang butas nang ilong, pati nang bibig; cun sa bibig hihipan ay tatacpan naman ang ilong. Cayaguinagaua ito,i, nang magpatuloy ang hangin sa baga nang nalunod. Bucod dito ang isa pang totoong cailangang gauin sa tila patay, ay ang pagsumpit nang usoc nang tabaco; ang paraan nang pagsumpit doo,i, ualang liuag. Magpatay capagcaraca nang isang manoc na malaqui, at ang caniyang *buche*, ay linising maigui. Maghanda ca naman nang dalauang

cauayang mumunti, na isosoot doon sa dalauang butas nang *buche* nang manoc. Ang dulo nang isang *cauayan* ay ipapasoc sa pouit nang nalunod; pagcayari na ito, i, omip-ip ca nang tabaco, at ang usoc ay iyong paraanin doon sa *cauayan* patuloy sa pantog ó *buche* nang manoc, na pipisilin mo nang mapatungo sa loob nang catauan nang tauo. Itong ganitong pagsumpit nang usoc nang tabaco ay gagauin nang maha-bang panahon hangan sa masaol-an nang buhay ang tila patay. Cun yaong manga sinabi co ay itinuloy na hangan sa apat, lima, ó anim na oras, at hindi nasasaol-an nang buhay ang tauo, ay maitatahan na ang pag-gamot, at caalamalam patay na totoo ang tauo. Datapoua cun baga siya i, nasasaol-an nang buhay at hungmihinga na, ay maigui palonoquin nang ilang capatac na aguardiente, ó *alac* na matapang na tinubigan, at cun baga nacacasagui na yaon sa lalamunan, ay big-yan pa nang isang cucharang ualang calahoc Itong lahat na itinuro co ngayon ay totoong buti. Ang gaua nang iba doon sa nalunod sa tubig ay canilang ibinibitin nang pataob; datapoua, i, masama yaon at macacamatay bagcus sa nalunod.

Ang gagawin sa tila patay, dahil sa siya,i, natamaan nang lintic, ó inarauan, ó naitan nang apoy, ó nausucan, ó sapagca mayroon siyang inamoy na may amoy na matapang para nang alcanfór, luya, pimienta, almizele etc.

458 **Ang tauong tila patay sapagca natamaan siya nang lintic, ó dahil sa manga sinabi co ngayon, ay huhubdan nang damit, at ipahihiga nang pataguilid na mataas taas ang ulo sa lupa, at lalong magaling sa muthaan. Pagcaraca,i, hihipan sa bibig, ó sa ilong para nang turo sa párrafo 457. Bubusan siyang parati nang maraming bangang tubig na malamig sa boong catauan, lalo pa sa muc-ha,t, dibdib. Cun ualang tubig, ay ilalagay nang parapa ang tila patay doon sa muthaan; at sa tapat nang muc-ha niya, ay maigui ang pag-gaua nang isang hucay na munti, ganga bao calaqui, sapagca mabuti doon sa gayon ang singao nang lupa. Pagca nasaol-an na ang tila patay, ay babasain nang *suca* ang caniyang quibotquibotan, ang mata, pati nang ilong; at palolonoquin siya nang isang cucharang *suca* rin. Saca dinadalang malapit lapit sa**

may apoy, at bubusan pa mandin sa catauan nang malamig na tubig, hangan sa masaol-an siyang totoo. Saca inilalapit lapit pa sa apoy, at pinaiinom nang *sabao* nang *carne*, ó nang caunting *aguardiente*. Cun itong manga sinabi co ngayon ay hindi maniya, ay sumpitin nang usoc nang tabaco para nang turo sa párrafo 457.

Ang gagauin sa tila patay dahil sa masamang sinḡao nang manḡa pusali, ó manḡa libinḡan, ó bilangoang quinadoroonan nang maraming tauo, at sa tila namatay sa panahong tag-salot, ó cun siya,i, linagnat nang lagnat na sucab, ó binulutong.

459. Ang gagauin sa anaqui patay dahil sa manga sinabi co ngayon, ay ang manga turo co sa párrafo 458 na sinundan nito. Datapoua ang tubig na ibubuhos sa catauan nang tauo ay mabuti lahucan nang *suca* cun бага mayroon. Magaling namang pasucahin ang gayong tila patay nang ga dalaua ó tatlong cucharang *ojimiel escilítico* ú *ojimiel* nang *bacong* na sinamahan nang isang cucharang *aguardiente* ó *alac* na matapang. Ang pag-gaua nang

ojimiel ay aqing sasaysayin sa número 8. Yaong manga tauong inuupahan nang paglilinis nang manga pusalian ó manga lugar na mabaho, ay maigui painumin muna nang caunting aguardiente ó alac na matapang nang houag macapagcasaquit sa canila ang singao na masama ng canilang linilinis.

Ang gagawin sa tila namatay dahil sa siya,i, sirumpong nang malaqing galit, ó toua, ó sapagca nabalitaan nang masamang balita, ó dati na siyang sinusubaan, ó dinaanan siya nang desmayo.

460. Ang dinaraan nang malaqing galit, ó toua, ó nabalitaan nang masamang balita, ó ang sinubaan, ó dati nang sinusubaan, ó nadesmayo, at saca tila natuluyang namatay, ay hindi sucat pabayaang, at cun minsai, hindi patay ang may catauan, at masasaol-an nang buhay. Caya ang gagawin doon ay gayon: Ang tila patay idoroon sa maaliualas na lugar; bubusan ang caniyang catauan nang maraming malamig na tubig; hihipan agad sa ilong ó sa bibig, para nang turo sa párrafo 457; lalapitan sa ilong nang manga mabaho para nang sunog na paepac nang manoc; ang galangalangan

nang camay at ang quibotquibotan ay maigui hilutin nang damit na mabango; cuscusin ang catauan nang damit na ininit sa apoy; daroonan sa talampacan nang manga bato ó ladrillong mainit; ugain ang catauan at bubuhating maminsan-minsan; bubunutin naman ang ilang buhoc, at tatauaguin nang caniyang pangalan; pageda huminga na nang caunti, ay palonoquin nang isang cucharang agardiente. Ang gayong tila patay na tauo, i, mabuti hubdan, at calaguing lubos ang lahat na tali nang damit, at masama ang may maigting doon. Cun hindi rin nasasaol-an nang buhay ang tila patay, ay mabuti sangrahan sa camay, at sumpitin nang usoc nang tabaco, para nang turo sa párrafo 457.

Ang gagawin sa tila patay dahil sa siya, i, binitay.

461. Ang tauong binitay ó nagbicti ay cailangang sangrahan agad sa liig sa alin man sa dalauang ugat na pinanganlang *yugular*, na doroon sa manga taguiliran nang liig, na macapat man sa loob nang tatlong oras cun hindi nagcacasiya ang isang pagsasangra. Cun бага nang masangrahan

na, t, masaol-an, nahihilim ang may cataua, i, casasangrahan pa, hangang lumacas na magaling ang pulso, at siya, i, masaol-ang lubos. Ang hiniua nang lanceta, ay houag bigquisan, cundi sapauan lamang nang isang mabilog na capirasong damit, ganga piso calaqui, na linatagan nang caunting sahing, nang cumapit sa laman, at umampat ang dugo. Ang lugar na tinahanan nang lubid, ay maigui basain nang *suca* ó tubig na may *asin*. Bucod dito, i, cailangang hipan sa bibig pagcaraca ang tila patay, ayon sa turo sa parrafo 457. Pag hungmihinga na, ay painumin nang maraming malamig na tubig, at paypayang parati. Masamang ipahiga ang gayong tila patay; magaling ipalocloc sa sahing, at alagaan ang ulo, nang houag tumungo sa ilalim. Nguni cun бага lungmingsad ang unang buto nang liig, ay ualang magagauang gamot doon.

Ang gagawin sa tila patay dahil sa siya, i, nahulog sa mataas, ó pinalo nang malacas, at sa dinaanan nang apoplegia ó epilepsia, at tila natutuluyang mamatay.

462. Ang nahulog sa mataas, at ang pinalo nang malacas, capag nasactan ang

utac nang ulo niya, ay nahihilim na tambing, at ang magaling sa gayo,i, sangrahan nang maquiilan sa paa. Ang lugar na nasactan, ay doroonan nang isang basahang babad sa aguardiente ó alac na matapang sa niyog. Ang ilong pati nang quibutquibutan, ay babasain nang *suca*; sa bibig ay huhulugan naman ang tila patay nang ilang capatac na *suca* rin. Cun nasasaol-an ang may catauan, ay painumin nang isang vaseong tubig na malamig; ang muc-ha sampon nang dibdib niya,i, bubusan nang tubig na malamig din.

463. Ang tauong *nanhihimatay*, ó ang dinaraanang nang apoplejía ó epilepsia, cun minsa,i, tila natutuluyang namamatay, bago,i, hindi patay. Caya yaong manga gayong maysaquit, ay hindi sucat ilibing muna, cundi maramdamang mabaho baho na. Ang mabuti doon ay hubdan at sangrahan sa camay, at ilagay sa maaliualas na lugar, na bucas ang lahat na dongauan. Ang isa pang magaling doon, ay ang pagsumpit nang usoc nang tabaco ayon sa turo sa párrafo 457.



Ang gagawin sa mangā sangol na tila patay cun bagong ipanānac, dahil sa napisa ang canilang pusod, ó sapagca nasie pang totoo nang ltngmabas sa tiyan, at sa mangā batang tila patay dahil sa pagsigao ó sa pagsibol nang ngīpin, ó sapagca inugoy sila nang malacas sa duyan.

464. Cun mayroong batang ipinanganac na ualang pulso, at hindi cungmacabacaba ang puso niya, cundi anaqui patay, bago talian at putulin ang pusod, ay calangang usisain cun baquin gayon ang caniyang lagay; cun dahil sapagca mataba,t, marugo ang bata, ó dahil sa siya,i, yayat at mahina.

465. Cayana-aalamangmarugoangbata sapagca ang color nang cataua,i, mapula, ó maitim-itim, na yao,i, ugali nang manga batang mahirap ipanganac; lalo pa cun nasie pang totoo nang siya,i, ipanganac, ó nalauong napatahan sa pinacaaran ó pina-caliig nang bahay tauo, ó cun binago nang hilot sapagca sala ang paglabas, ó cun nacabicti sa caniya ang pusod. Cun gayon, ang maiguing gauin, ay ituturo co ngayon. Ang pusod ay putulin; datapoua houag

talian yaong natitirang caputol, na patungo sa catauan nang bata, cundi sipsiping agad yaon ding dulo nang pusod, nang lumabas ang dugo, hangan sa masaolan nang buhay ang bata. Cailangan namang tacpan ang ilong niya, at hipan nang malacas sa bibig. Ang isa pang totoong cailangang gauin, ay sipsipin ang caliuang suso nang bata, bucod dito, i, dadalhin sa maaliualas na lugar ang sangol, at cuscusinang boong catauan niya nang mahinang pagcuscus, lalo pa ang palad at ang talampacan nang damit na iniinit init sa apoy. Cun ang bata, i, nasaol-an na nang buhay, ay talian na ang pusod.

466. Datapoua cun baga caya tila patay ang bata dahil sapagca siya, i, mahina, ay houag putulin ang pusod; cundi pabayaang munang cacabit nang caniyang *ina*, nang halagang calahating oras ó isang oras caya, hangan sa ang bata, i, ga gumamit nang buhay sa caniyang *ina*; cuscusin naman nang mahinang pagcuscus ang catauan nang bata, nang damit na manipis, na babad sa mainit na alac sa misa; at cun hindi rin nasasaol-an nang buhay, ay sipsipin ang caliuang suso nang bata, at hipan nang malacas sa caniyang bibig, para nang turo co sa párrafo 405 na sinundan nito.

467. Nguni cun baga dahilan sapagca hindi marunong ang hilot, napacaaga ang pagputol nang pusod, at ang bata,i, hindi hungmihinga, at uala siyang pulso cundi tila patay, ay uusia ang totoong dahilan noong ganoong caniyang lagay, ayon sa turo sa párrafo 465 at sa 466; at cun baga caya tila patay ang bata, sapagca siya,i, maraming dugo, ay cacalaguin pagcaraca ang tali nang pusod, at gagauin ang ibang manga bilin sa párrafo 465. Datapoua cun baga ang bata caya tila patay dahil sa cahinaan nang caniyang catauan, ay ang manga turo sa párrafo 466 siya ang sundin; at bucod doo,i, ilalapit lapit sa apoy ang bata.

468. Ang manga batang tila patay, cun sila,i, sinisibulan nang ngipin, ó cun dinaraanang nang *convulsión*, ó sapagca iniugoy ang malacas sa duyan ó naraganaan nang canilang *ina*, ó nang suso noon, cun natutulog, ay hihipang agad sa bibig para nang uica co sa párrafo 465. Sususuhin, ó sisipsipin ang caliuang suso nang bata; cucuscusin naman ang boong catauan nang magang pagcuscus nang damit na iniinit init sa apoy; ilalapit lapit naman sa apoy ang gayong batang tila patay, ó ibabaon sa gaboc na iniinit init sa cauali. Ang ilong pati

nang quibutquibutan nang bata, i. babasain nang tubig na mabangong totoo. Bagay rindoon ang sumpitin nang sumandaling oras calauon nang usoc nang tabaco, para nang turo sa párrafo 457; houag lamang lacasan ang paghihip maca masactan ó mapaso ang bituca.

Ang gagauin sa manga babaying tila patay cun nanganganac, ó cun macapanganac na.

469. Ang manga babaying nanganganac, ó ang bagong nacapanganac, cun minsan namamatay nang biglang pagcamatay, nguni cun minsan hindi totoong patay. Caya yaong manga caauauang babaying gayon, ay hindi sucat pabayaan, cahima, t, camuc-ha nang bangcay cun tingnan, cundi atohing gauin itong manga sasabihin co ngayon, upan ding masaolan nang buhay, cun baga sacaling hindi totoong patay. Ang gagauin nga roon ay gayon: Hihipang agad sa bibig nang totoong lacas na paghihip, nang magpatuloy ang hangin sa *baga* nang tila bangcay. Datapoua ang ilong ay tatacpan, ó cun hipan sa ilong ay cailangang tacpan ang

bibig. Ang babayi ay ipahihiga nang pata-guilid na mataas taas ang ulo, at cacala-guin ang lahat na tali sa catauan niya. Saca mabuti cuscusin nang damit na ma-laqui,t, magaspang ang palad, pati nang talampacan sampon nang catauan niya, houag lamang ang tiyan, cun hindi pa nacapanganganac siya; ó ibaon sa gaboc na mainit init, houag lamang ang muc-ha,t, liig, sapagca cun lumamig ang cataua,i, maliuag liuag (ani Buchan) ang masaol-an nang buhay ang tila patay. Ang pagsa-sangra doon sa camay cun minsa,i, maigui cun hindi yayat at mahina ang babayi, ó cun hindi siya pinanaogan nang maraming dugo Bucod dito ang isa pang totoong cailangang atuhing gauin ay ang pagsum-pit nang usoc nang tabaco nang ilang oras calauon, ayon sa turo sa párrafo 457. Datapoua cun ualang asa, na yaon ay masasaol-an nang buhay, sapagca ang manga itinuro co ngayo,i, itinuloy nang anim ó pitong oras calauon, at hindi rin nabubuhay, at bucod doo,i, naalaman nang patay na totoo ang babayi, cun бага hindi pa siya nacapanganganac, ay hihiuain ang tiyan para nang ituturo co ngayon nang mabinyagan ang bata. Nguni cun бага

nasaol-an nang buhay ang babayi, ay alagaan para nang turo sa capítulo 79 at sa capítulo 80

Ang gagawin sa babaying buntis na namatay, nang mahangō ang bata sa tiyan at mabin-yagan.

470. Cun mayroong namatay na babaying buntis, ay cailangang litasin ang caniyang tiyan at hangoin ang bata doon. Ang paghiua doo,i, mula sa itaas na pailalim sa taguiliran nang pusod, ga isa, ó dalauang daliri lamang calayo doon. Ang unang hinihiua,i, ang balat, na yao,i, macapal; ang sungmusunod doo,i, ang bahay tauo, na yao,i, manipis nipis. Ang bata,i, hahanguin doong marahan dahan, bubusan sa ulo nang tubig na totoo para nang sa bucal ó sa ilog, ó sa laua, ó sa ulan, ó sa dagat man; cun binubusan ang bata nang tubig, yaon ding tauong bungmubuhos ay mag-uuica namang sabay nang gayon: aco,i, *nagbabautizo sa iyo sa nḡalan nang Amat, nang Anac at nang Espíritu Santo; ó cun ibig niya,i, ang sa uicang castila, ay ganito ang caniyang uiuicaing casabay nang pagbubuhos nang tubig: YO TE BAUTIZO EN EL*

NOMBRE DEL PADRE, Y DEL HIJO, Y DEL ESPIRITU SANTO. Itong manga uicang guinagamit sa pagbibinyag, ay hindi sucat dugtungan ó dagdagan nang ibang uica, at hindi rin sucat culangan, ó bauasan nang anoman. Bucod dito, i, ang aahain nang tauong bungmubuhos doon sa caniyang guinaua sa bata ay ang dating guinagaua nang manga cristiano sa santa Iglesia ni Jesucristo.

CAPITULO 76.

Ang gagawin sa babaye cun hindi husay ang pagdaan sa caniya nang sa panahon.

471. Ang manga babayi cun gungmagamit sa icalabing apat na taong, hangang sa icalimang pouo, ay dinaraan bouanbouan (cun hindi buntis) nang saquit nang tiyan, na ang pangalan nang castila doo, i, *regla*. Cun yaong pagdaan nang sa bouan, ó sa panahon, ay sungmasala dahilan sa cauntian ó caramihan nang dugong nana-naog, ay nagecасаquit ang may catauan, lalo pa cun nauaualang lubos yaong ugaling saquit na yaon. Ang babaying masipag at masaya ang loob, ay maliuag di siyang pa-

naugang maigui; datapoua ang babaying matamaring cumibo, ang mapanglauin, ang cungmacain nang cun ano ano, ay siya ang malimit urungan nang sa panahon, ó pangaugan nang sala, at cun minsan yaon din ang di icapagcaanac niya.

472. Ang dahilan noong pagsala nang pagpanaog nang sa bouan, ay ang cahinaan nang may catauan, sapagca cun minsan hindi siya lungmalacad, ó hindi nananaog man sa lupa, nang malibang ang caniyang loob, at uala rin gaua doon sa bahay na bagay sa catauan niya, sapagca ang datihang gaua nang manga babaying marami, ay ang pananahi, ang paghabi, ó ang pagdurugtong nang *abacá*, na yao,i, paraparang masamang totco, sapagca ang gungmagaua noon, ay parating tungo ang caniyang ulo, pati nang licod, na dahil doon ay nasisiepan ang dibdib niya. Bucod dito palibhasa,i, ualang quibo cundi parating locloc, ay nanhihina nang nanhihina ang may catauan; na cun malauon ay nananab-ang nang pagcain natatamad siyang lumacad, ang siemura niya,i, nagugulo, sungmasaquit ang ngipin pati nang paa; sinusubaan pa cun minsan; hindi pinananaogang maigui; lungmulura nang dugo, at ang isa pa,i, sungmasama at nasi-

sira (ani Buchan) ang magaling na hichura nang catauan. Caya ang nagsasaquit gumaua noong manga gauang yaon, cun бага hindi siya pinananaogang mabuti nang bouan; ay maliuag gungmaling, cundi sundin niya ang mangaituturo con gayon sa mangapárrafong isusunod dito. Nguni cailangan pacatalastasin nang manga mangagamot, na ang guinagaua sa babaying masasactin at mahina na hindi dinaraanang nang bouan, iba sa iguinagamot sa babaying mataba,t, hindi mahina.

473 Ang babaying mataba,t, magaling ang catauan, na biglang dinaraanang nang hindi siya panaugan nang bouan, ó sala ang pagpanaog, ay cailangang lumacad arao arao. Cua nacacaya ang maysaquit. ay maigui sa lahat ang pagsacay sa *forlon* ó sa *cabayo*. Bucod dito houagsiyang hihipo nang anomang gaua pagca bagong nacacain. Capilitan namang sangrahan yaong gayong maysaquit; sapagca ang pagsasangra ay madalas macagaling pagcaraca sa hindi dinaraanang nang panahon, lalo pa cun ang may cataua,i, malacas at mataba, at datihang hindi siya nagcacasaquit nang gayong pagcacasaquit. Datapoua ang pagsasangra, ay hindi sucat gain sa manga babaying ma-

hina,t, masasactin. Ang isa pang magaling doon ay ibabad sa malacucong tubig ang paa nang maysaquit, at painumin nang bilin sa número 20. Ang *suero* nang gatas ay maigui doon naman. Gayon ding mabuti purgahing maminsan minsan ang maysaquit nang bilin sa número 21.

474. Nguni ang babaying dati nang mahina,t, masasactin, na marahil urungan nang sa panahon, ay gagamutin para nang ituturo co ngayon; sa macatoid, ang maysaquit ay capilitang lumacad arao-arao, at magpasial, ó sumacay sa cabayo, na yaon ang lalong magaling sa lahat. Cun hindi maari sa caniya yaon, cailangang manaog siya sa lupa touing arao, (ayon sa turo ni Buchan) at magalaga siya doon nang munting halamanan. Houag siyang cacain nang sala, ó nang manga cun ano ano. Masama doon ang may manticangmarami, ang manga maasim, at ang may harina para nang *patani*, *balatong*, etc. Masama rin doon ang pag-sasangra at ang purga. Ang totoong bagay na gamot sa gayon, ay ang pinagquiquilan nang *bacal*; yaon bagang *bacal* na totoo, na hindi *acero* ó ang ualang patalim. Masama naman ang *bacal* na may *calauang*.

Cun ang saquit ay bago, ó cun bata pa ang babayi, ang bacal na sucat doon, ay timbang labinglima, ó dalauang puong butil na palay arao-arao; cun minsan siya na ang timbang apat ó limang butil na palay. Datapoua cun ang saquit ay malaqui at matanda ang babayi, ay mabibiy-gan siya ng marami sa roong bacal na quiniquil, hangang sa timbang cahati. Mabuti samahan ang bacal ng *dita ó anis*. Ang manga bilin sa número 54, 55 at sa 56, totoong mabubuting gamot sa saquit nang pag-urong ng sa panahon; ang mangagamot ay pipili doon sa tatlo, nang lalong bagay sa calcoban nang maysaquit. Cun ang ibig lamang ay ang panaugan ng sa bouan ang babayi, ang *alac* na bilin sa número 55, ay nacacagaling agad sa maysaquit. Datapoua cailangang pacatalastasin nang manga mangagamot na cun бага ang babayi na hindi dinaraan nang bouan, ay may lagnat pang casama, ó nag-uubo, ó binabalingoyngoy, ó payat ang catauan niya, ay capilitang alisin ó pualin muna itong manga saquit na ito, bago gauin ang mga itinuro co sa párrafong ito nang panaugan siya ng bouan. Caalamalam capag nauala ang manga saquit na yaon ay pananaugan ang maysaquit di man gamitin. Ang iqui-

naurong nang panahon sa manga babayi, ay ang lamig, ang sip-on, ang tacot, ang pagcain nang manteca, bunga nang cahoy, gatas, ó isda ó nang manga malalamig, ó manga mainit na totoo para nang luya, bauang at pimienta, ó manga ma-aasim, ang pag-sasaquit nang pag-gaua at ang pagcapuyat. Caya cailangan ang houag iuala ng manga mangagamot sa canilang loob ang bilin co nang una, sa macatouid; na ang pag-urong nang panahon cun minsai, hindi saquit, cundi dala nang ibang saquit, na yaon ang cailangang alisin muna. Cun baga mauala man yaong saquit, at malacas lacas man ang may catauan, ay hindi pa dungmarating na cusa sa caniya ang ugaling pagdaan nang sa panahon, ay gamutin, nang panaugan siya, ayon sa turo sa capítulong ito.

475. Cun ang babayi hindi na dinaaraan nang panahon sapagca siya, i, matanda na, cun baga bigla ang pagtahan, ó ang pag-urong nang bouan, at dati siyang pinananaugan nang malacas, ay gagamutin nang gayon: Ang maysaquit ay sasangrahan, at cun macalalo ang anim, apat ó tatlong bouan, ay sasangrahang uli. Houag pacanin nang maraming carne ó itlog, at houag painumin ng *alac*. Cun umaga bago

cumain ang maysaquit ay pinaiinom siya nang bilin sa número 24, na yaon ang totoong buti doon, na cailangang gauin touing icalaua ó icatlong arao. Cun minsan naman bago tumahan ang pagdaan nang sa panahon sa babaying matanda na, ay pinanaugan siya muna nang maraming dugo; at cun gayo i, houag sangrahan. Datapoua cailangan ang husay na pagcain pati nang pag-inom, at bucod dito, i, paiinumina nang bilin sa número 24, at maminsan minsang pupurgahin nang bilin sa número 23. Masama roon ang manga masaclap, at ang guinagamot nang gayon, ay sinisibulan cun minsan nang *cancro* sa *bahay tauo*. Maraming babaying matanda ang namamatay cun bagong tungmatahan ang pagdaan nang panahonsacanila; datapoua mayroong ibang gungmagaling sa rati ang canilang catauan, nauauala ang ibang manga saquit, at cun minsan ang dating nananalamin, sapagca malabo ang mata, ay naaquiquita nang magaling, at iniuan ang salamin.

Nota. Ang manga painom nang manga gamot na hindi maalam doon sa babaying inurungan nang sa panahon, sa halimbaua ang alac na matapang, ang *suma* at ang iba pang gayon ay totoong sama.

CAPITULO 77.

Ang gamot sa babaying pinananaugan, ó linalabasan nang maraming dugo, na ang tauag nang castila doo,i, flujo de sangre.

476. Ang gagauin sa babaying linalabasan ó pinananaugan nang maraming dugo ay gayon. Cun baga dating saquit niya yaon at malimit siyang daanan noong hirap na yaon, ang unang calangan doon, ay ang husayin ang pagcain at ang pag-inom. Saca bibig-yan ang maysaquit nang bilin sa número 24 at nang sa número 32.

477. Datapoua cun hindi dating saquit niya yaon, cundi diraraan cun minsan lamang nang siya,i, pinanaugan nang maraming dugo, ay gagamutin para nang paggamot sa babaying buntis na talagaog macucunan, na yao,i, aqing ituturo sa párrafo 479.

CAPITULO 78.

Ang gagawin sa babaying buntis na nag-cacasaquit saquit, at sa tila macucunan.

478. Ang manga babaying buntis ay dinaraanang nang pagsaquit nang ngipin at ulo, at cun minsai, dungmuroual, at ga ibig nilang sumuca cun umaga. Ang toong gamot dito i, ang pagsasangra.

479. Cun minsan naman, cun nahuhulog ó lungmulucso ang babaying buntis ó cun lungmacad nang matulin, ó nahirapan nang pag-gaua, ó cun inarauan, ó cun sungmusuca, ó nagalit, ó natacot, ó cun nacainom nang maraming alac ó *cha*, ay sungmasaquit ang caniyang bag-auang na yaong saquit ay ungmaabot hangang hita, bago sumunod doon ang pagsaquit nang tiyan, na dahil doo,i, nahahalatang macucunan siya. Ang gagawin doo,i, gayon: Pinahigang capagcaraca ang maysaquit, pinipilit siyang tungmahang ilang arao doon sa hihigan, na mababa ang ulo, na ualang quibo, at ualang imic man; sasangrahan agad sa camay hangang sa macuha ang timbang ualo ó siyam na pisong dugo. Houag paca-

nin nang *carne*, *itlog*, ó sabao nang *carne*, cundi canin, gatas, etc. na malamig cun canin. Touing icalauang oras, ay iinumina niya ang timbang isang salaping *salitre* ó *nitro* número 20. Bucod doon ay iinumina parati niya ang bilin sa número 2. Mayroong babaying matabat, marugo na datihang nacucunan sa taedang pananon. Ang maigui sa caniya, ay magsangra cun malapit lapit na ang arao ng pagdaan sa caniya niyong hirap na yaon. Maigui rin sa caniya ang manga turo co dito rin sa párrafong ito.

CAPÍTULO 79.

Ang gagawin cun mahirap ang panganganac nang babayi.

480. Maraming totoong babayi, ang namamatay dahil sapagca ualang naalamang anomang ang manga hilot, at ang manga nagsisitulong sa babaying nanganganac. Ano mang bagay na nariringig nilang magaling sa nanganganac ng pagagawa pagcaraca, lalo pa cun turo sa uatanda, ó nang manga mangagamot na mangmang, na hindi man marunong bumasa. Ang marahil gauin nang manga hilot na hindi maalam doon

sa babaying nanganganac, ay pinaiinomin ang catauan nang *castor*, *luya*, *sambong*, *ruda*, *langis* nang *ambar*, *alac*, *triacac*, *café*, *aguardiente* ó tubig nang *anis* ó *hinojo*. Itong lahat na bagay pauang masama (ani Tissot) at parang lasong totoo, sapagca nacalalauo,t, nacahliuag sa panganganac, dahil sa cainitan nang mangá gamot na yaon, at yaon din naman ang nagpapainit, at ang ga nagpapatigas ó nagpapaunat sa bahay taou; pati nang mangá daraanan nang bata cun ipanganganac, ay namamaga rin dahilan doon at cunmiquipot. Bucod doon ang babaying pinaiinom noong mangá mainit na yao,i, ang caniyang marahil masapit, ay ang siya,i, panaugan nang maraming totoong dugo, at matutuluyang mamatay sa loob nang ilang oras.

481. Ang totoong sucat gauin sa babaying nanganganac, ay ang sasabihin con gayon, na yao,i, pauang aral ni Tissot at ni Buchan, na sila ang totoong dapat paniualaan, sapagca bihasang totoo sila doon sa mangá bagay na yaon. Cun mayroong babaying nanganganac na dating malacas siya,t, hindi masasactin at hindi rin sala ang hichura nang caniyang catauan, cun baga mahirap ang caniyang panganga-

nac, ay houag siyang dumag-is cun hindi panahon at siya,i, bagcus hihina. Masama ring lamasin, ó iriin nang manga tauo ang caniyang tiyan, sapagca yao,i, macacamatay sa bata, at ang isa pa,i, ualang paquina-bang doon sa gauang yaon. Ang manga mainit na gamot na aqing tinuran sa párrafo 480, na sinundan nito ay masama naman. Ang bagay na bagay sa caniya ay gayon: Sasangrahan agad siya sa camay, sapagca yaon ang nacacaulang madali nang manga pagsaquit nang catauan, at nacacalubay sa manga casangcapan nang nanganac Hangang di lumabas ang bata,i, houag pacanin ang may catauan; datapoua mabibig-yan siya nang durog na tinapay na luto sa tubig. Toui siyang iinom, ang ipaiinom ay ang tubig na pinaglutuan nang caunting tinapay na. Susumpitin naman siyang macaitlo cun arao, at macaitlo cun gabi, nang tubig na pinaglagaan nang *culutan*, na may casamang caunting *lana*, ó langis na bago nang *niyog* Saca pinalulucloc na parati ang babayi sa tapat nang isang palioc na puno nang tubig na mainit, at pinasingauan siya roon, sapagca ang singao nang mainit na tubig ay nacacalambot agad sa catauan. Bucod dito,i,

lalahiran nang mantica ang loob nang caniyang punong catauan. Doroonan naman sa ibabao ng tiyan nang manga basahang babad sa mainit na tubig, na ito, i, totoong buti rin. Ang manga itinuturo co ngayon na pauang ualang liuag, ay hindi mahirapgaun, at hindi rin nacacaano sa bata at sa babayi, at maraming totoong babayi ang nacacapanang na maigui capag sinusunod nila yaon.

482. Nguni cun sala ang lagay nang bata sa tiyan ó cun sala ang catauan nang babayi, ay hindi magcacasiya ang manga itinuro co sa párrafong sinundan nito. Cun masama ang lagay nang bata sa tiyan ó cun sala ang paglabas, ay cailangang hanapin ang isang marunong na hilot, at ang gagauin niya ay gayon: Ang tiyan nang babaying nanganganac idiriin nang camay sa manga taguiliran, at sa ibabao ng tiyan din na paitaas, nang mahina hinang pagdiriin, nang umurong ang bata, cun sala ang paglabas. Pag napasauli na ang bata sa loob, ay ipinaanyo roon ng hilot ng lumabas na mahusay. Cun baga patay ang bata sa tiyan ang gagauin sa babayi, ay yaon ding manga bilin sa párrafo 481.

CAPITULO 80.

Ang manga saquit na marahil sumunod sa panganganac nang babayi.

483. Ang manga saquit na marahil humalili sa panganganac ng babayi ay lima. Ang nauuna ay cun siya,i, binubusan ng maraming dugo. Ang icalaua,i, ang pamamaga nang *bahay tauo*. Ang icatlo,i, cun hindi lungmalabas yaong ugaling lungmalabas na dugo sa manga babaying nanganac. Ang icapat ay ang gatas, cun hindi husay ang pagpatungo sa manga suso nang babaying. Ang icalima,i, cun hindi lungmalabas ang inunan.

484. Cun бага nang macapanganac ang babayi, binubusan siya nang maraming totoong dugo, ang gagauin doo,i, sasangrahan, at susundin ang ibang mga bilin sa párrafo 479. Bucod dito,i, lalag-yan siya sa tiyan at sa bay-auang, pati sa mga hita nang manga basahang babad sa *tubig* at sa sucang matapang na magcasingdami, na yaon ay papalitang parati pagca tuyo tuyo na, at inaalis tuloy pag ungmunti na ang paglabas nang dugo.

485. Ang pamamaga nang bahay tauosa loob nang catauan nang babayi caya na-salaman, sapagca masaquit ang tiyan, at tila nauunat. Cun hipuin, ay lalo pang sung-masaquit. Bucod doon mayroong naqui-quitang manchang mapula pula, na nangaga-ling sa ilalim nang pos-on, at ungmaabot hangang pusod. Cun ang may cataua, i, lung-mulubha ay ungmiitim yaong mancha, na yao, i, masamaat mamamatay ang maysaquit. Ang isa pa roon ang may cataua, i, totoong hina, at ang muc-ha, i, nag-iiba. Tila nasisira-sira ang bait niya; hindi siya nauual-ang parati nang lagnat; ang pulso i, mahina, t, matigas; cun minsan sungmusuca siya, ó nag-sisin-oc; parating ibig niyang manabi, at cun minsan hindi ungmihi. Doon sa pu-nong catauan niya mayroong lungmalabas natubig namabaho, mapula pula, t, mahapdi, itong ganitong lagay ay masama, t, mapan-ganib ang buhay nang babayi. Ang ma-galing doon ay gayon: Ang maysaquit ay sasangrahan; saca susumpitin nang malimit nang malacueong tubig. Susumpitin naman sa loob nang caniyang punong catauan nang tubig na malacuco rin, ó nang tubig na may casamang gatas. Sa ibabao nang tiyan ay lalag-yang parati nang tubig na pinag-

lagaan nang *cebada ó palay*, na hinulugan nang *salitre*, timbang saicaualo sa isang botella, at siya rin ang caniyang iinumín. Totoong buti namang doonan sa tiyan nang gatas na malacucong tinubigan.

486. Cun hindi lungmalabas ang dating lungmalabas na dugo sa manga babaying nanganganac, na yao,i, nacacahila nang maraming saquit na malalaqui, para nang pamamaga nang tiyan; ang gagauin sa maysaquit ay yaon ding manga bilin sa párrafo 485, na sinundan nito. Ang mang mainit na gamot na sinabi co sa párrafo 480, ay totoong sama doon, at parang lason sa maysaquit.

487. Ang babaying nanganganac, ay linalagnat cun minsan nang malaqui, cun bagong nagcacagatas ang caniyang suso; at ang maigui sa caniya, nang houag siyang lagnatin ay pasusuhin ang bata pagdaca, mula sa arao nang caniyang panganganac; at nang mauala ang lagnat na malaqui na dala nang gatas, ay magaling ang pag-inom nang tubig na pinaglagaan nang *cebada ó palay* na may salitreng casama, ayon sa turo sa párrafo 485, at ang pagsumpit nang tubig na malacuco.

488. Yaong manga babaying mahina

na di inaalagaang maigui, capag sila,i, nacapanganac, ó cun nagsasaoli agad sa canilang dating guinagaua, ay nagcacasaquit, sila cun minsan nang sari saring saquit, na ang dahilan noon ay ang di paglabas nang ugaling lungmalabas na dugo sa manga nanganganac. Caya sapagca nagugulo, at hindi husay ang pagbucod nang gatas sa suso,i, sinisibulan ang may catauan cun minsan nang manga sibol, na ang tauag nang manga médicong castila doo,i, *depósitos lácteos*. Itong manga ganitong sibol ay totoong sama at lalo pa cun tungmutubo sa loob nang catauan; nguni marahil sumibol sa manga hita. Ang gagauin agad doo,i, paínumin ang maysaquit nang bilin sa número 58, at tapalan ang sibol nang bilin sa número 59. Itong manga gamot na ito ay nacacauala nang sibol sa calaunan; datapoua cun baga nagnanana, ay cailangang hiuaia nang marunong, at gagamutin para nang *baga* sa párrafo 253.

489. Cun minsan naman ang manga suso, ay yaon ang sinisibulan, sapagca ang gatas ay napapataha,t, ga natutulog doon; at cun hindi gamutin pagcaraca itong ganitong manga pamamaga nang suso, ang sibol ay tungmitigas na cun malauon na-

guiguing cáncro, na sa lahat na saquit yaon ang lalong masama,t, mahirap. Ang gagauin doon ay tapalan macalaua maghapon nang tinapay at gatas hangan sa pumutoc at magnana, ayon sa turo ni Buchan. Ito,i, gagauin cun бага nahahalang puputoc at magnanana. Datapoua cun ang bucol sa suso ay lauon nang tungmubo, at hindi masaquit, ay houag tapalan nang anoman. Ang manga tapal na mayroong taba ay masama roon. Cun бага ang sibol ay naguing *cáncro* na, ang magaling lamang doon ay ang turo sa número 60; at ang may catauan ay palolonoquin nang bilin sa número 57, na nacacagaling cun minsan sa calauonan. Itong lahat ay uica ni Tissot.

490. Ang manga babaying nagpapasuso, nahihirapan cun minsan dahil sa napapacnos ang manga utong nang suso nila. Ang pag-gamot doo,i, ualang liuag. Magtunao ca sa isang taza nang caunting pagquit, at isang gayon ding langis na bago nang niyog, at yaon ang ilahid doon. Ang bilin sa número 66 ay mabuti rin. Cun hindi nauauala yaong saquit na yaon, ay purgahin nang caunting maná ó ruibarbo.

491. Cun бага mayroong babaying

nacapanganac na, at hindi lungmabas ang inunan, ang mabuti doo,i, sangrahan sa camay cun baga malacas ang babayi, at gauin ang ibang manga bilin sa párrafo 481. Ang gaua nang iba,i, ang isang sariuang taying cabayo tinutunao sa alac sa misa at ipinaiinom sa maysaquit. Ang guinagamit nang iba,i, ang taying tuyo. Cun hiadi rin lungmalabas ang inunan, at mayroong marunong na tauo,i, lahiran muna ang caniyang camay ng mainit na lana, at ipasoc niya sa loob na marahandahan, at caniyang hilahin mayamaya. Datapoua ang uica nang ibang manga médico, na bihirang babayi ang nabubuhay cun hilahin ang inunan.

Nota. Cun minsan ang babaying bagong nanganac ay linalagnat siya nang lagnat na may casamang butil na marami sa catauan; na yao,i, pinanganganalang *lagnat na daua*, na sinaysay na sa capítulo 59.

CAPITULO 81.

Ang gamot sa sangol cun hindi iniilaguin niya ang caunaunahang ugaling ilaguin nang manā bagong panānac na bata.

492. Ang manga batang bagong pa-

nganac ay puno ang canilang siemura sampon nang manga bituca nang duming maitim na malapot at malagquit, na cundi iilaguin agad nang sangol. ay mapanganib ang caniyang buhay. Caya nang lumbas yaong duming yaon sa catauan nang bata, ang gagauin doo,i, gayon: Houag munang pasusuhin ang bata hangang di macalalo ang isang boong arao. Painumin ang bata nang *tubig* na sinamahan nang caunting *azúcar ó pulot*. Bucod dito,i, mapaiinom ang bata touing icapat na oras ng *jarabe de chicorias* (dilang usa) na sinamahan nang caunting *maná* Nguni, ang uicani Buchan, na ang lalong magaling sa lahat na gamot, ay pasusuhin ang bata capag naiibig niyang sumuso, sapagca ang unang gatas nang babayi ay nacacapurga sa manga sangol.

CAPITULO 82.

Ang gamot sa manga sangol cun ungmasim ang nadoroon sa canilang siemura.

493. Ang gatas na sinususo ng manga bata ay marahil umasim sa manga siemura nila, na doon nangagaling ang mga *cólico*,

ang manga *convulsión*, ang pag-iilaguin ó ang pagsuca nila. Ang magaling doon ay ang *jarabe de chicorias* (dilang usa); at nang houag daanang uli ang bata noong saquit na yaon, ay painumin arao-arao macaitlo nangtimbang calahating saicualo ang isang inom, nang bilin sa número 61, cun ma-laqui ang saquit; datapoua cun munti ang saquit, ay sucat na sa caniya ang isang inom ó dalaua arao-arao Ang *aceite de almendras* ay masama roon.

494. Ang manga sangol ay malimit daanan nang *cólico* sa manga unang bouan nang canilang buhay. Ang magaling doon ay sumpitin nang tubig na pinaglagaan nang *manzanilla*, na hinulugan nang caunting sabón, ganga bot-o nang pimienta calaqui. Cun minsan masamang sumpitin ang bata; at cun gayon ay na-aari ang manga cali-llang *sabón ó pulot*. Nacaguiguinahaua sa manga batang dinaraan nang *cólico* ó nang pagsaquit nang tiyan nang isang ba-sahang babad sa mainit na tubig na pi-naglagaan nang *manzanilla* at caunting *triacá*, na itatapal sa tiyan.



CAPITULO 83.

Ang pagpambo sa manġa sangol.

495. Ang boong catauan nang batang bagong panganac ay puno nang libag, na gaua nang caniyang linanguyang tubig sa loob nang *bahay tauo*. Nang macuhang madali yaong libag na yaon sa catauan niya, ang magaling sa lahat, ay pambohan nang dalauang bahaguing tubig at nang isang bahaguing alac, na yao,i, itutuloy nang ilang arao. Cun baga malapot at malagquit yaong libag na yaon, na cungmacapit sa catauan nang bata, ay ma-aalis nang tubig na pinaglagaan nang *manzanilla* na may casamang *sabón* na ganga *patani* calaqui.

496. Ang manga bata,i, maigui pambohan pag nacalalo na ang labingdalaua, ó labinlimang arao nang panganganac sa canila. Ang ipapambo roo i, ang malamig na tubig na ualang calahoc na anoman. Itong gauang ito,i, magaling gauin arao-arao, sa panahon man nang tag-guinao ó tag-sigua, sapagca totoong nacacapagpalacas sa catauan nang bata. Ang hindi lamang baba-

sain ay ang tuctoc nang ulo, yaon bagang nahihipong malata sa itaas nang ulo nang manga bata. Pagca napambohan na ang bata,i, masamang paramtan ng maraming damit. Ang manga batang maysaquit ay houag pambohan.

CAPITULO 84.

Ang gagawin sa batang nagcacasaquit cun sinisibulan nang ngipin.

497. Ang ugaling panahon nang pag-sibol nang ngipin sa manga bata,i, sa icanim ó sa icapitong bouan nang canilang buhay. Ang unang sungmisibol ay ang sa harap; sungmusunod ang manga pinacapangil, at ang catapusang sungmisibol ay ang manga bag-ang. Sa dacong icadaluang puong taon nang buhay ng tauo, mayroon namang sungmisibol na apat na bag-ang din, na ang pangalan nang manga tauo doo,i, ang bag-ang nang *bait*.

498. Ang batang nagcacasaquit, cun sinisibulan nang ngipin, ay cailangang sumpitin nang tubig na pinaglagaan nang *culutan* lamang, ó purgahin caya ng mahinang purga, parang *magnesia* ó *rui-*

barbo, ó hojas de sen. Nguni cun dinaraanang nang pagiilaguin ang bata, ay hindi cailangan ang sumpit at ang purga. Masama naman pacanin nang marami. Datapoua mabuti painumin nang marami-rami sa dati. Ang mga ngidugid ay lalahiran nang macaitlo ó maca-apat arao-arao nang *pulot puquiotan*. Magaling na totoo sa manga batang nagcacasaquit, at sa nag-uubong parati cun sinisibulan nang ngipin, ang sahing na tutunauin sa apoy bago ilatag sa basahan, at itapal sa lico nang bata sa pag-itan nang dalauang baliat.

CAPÍTULO 85.

Ang gamot sa batang may bulati sa tiyan.

499. Caya nahahalatang mayroong bulati sa tiyan nang bata, sapagca siya, i, dinaraanang parati nang *cólico*. Cun umaga mayroong maraming lauay sa caniyang bi-big, at ang hininga ay iba sa rati ang amoy na tila maasim; ang ilong ay parating quincamot at macati. Cun minsan nananab-ang nang pagcain; cun minsan malacas cumain;

idinaraying ang siemura, ó sunmusuca caya cun minsan; hindi manabi siya; datapoua ang marahil dumaan sa manga batang gayon ang sila,i, nag-iilaguin nang tila hilao; ang tiyan ay malaqui, at ang ibang cataua,i, yayat; ang maysaquit ay mahina, at ga nama-manglao; ang palibot sa mata,i, tila morado ang color; ang muc-hã,i, nag-iibang parati; ang may catauan nauuhao at cun natutulog, tila naguiguicla; bucod dito,i, nanganalitngit. Mayroong batang hindi lumagay cun mayroong bulati; dinaraan cun minsan ang gayong maysaquit nang *sincope* ó *convulsión*. Cun minsan nabihilim, ó pinapauisan nang malamig; lungmalabo ang pagtingin nang may catauan, pati nang voces niya,i, hungmihina. Ang mangangidngid ay tila nabubuloc. Cun minsan nagsisinoc na parati ang may catauan; ang pulso ay munti at hindi busay; cun minsan may ubong caunti na ualang inilulura. Cun doon sa iniilaguin nang may catauan mayroong naquiquitang tila bot o nang *melón* ó *calabaza,i*, caalam-alam mayroon sa caniyang tiyan na bulating mahaba na may casucasuan malapad at maputi, na pinanganganlang *tenia* ó *solitaria*.

500. Maraming totoong bagay ang

iguinagamot sa saquit na ito. Ang isang totoong galing sa saquit na yao, i, ang bunga nang *niyogniyogan*. Ang tatlong bunga ay sucat na sa batang mayroon tatlong taon; ang apat na bunga sa mayroong apat na taon, at ang lima sa ang edad niya ay limang taon. Itong bungang ito ipinacacain sa batang maysaquit cun umaga bago siya cumain; nguni cun baga may lagnat, hindi sucat pacanin noon. Ang maysaquit na pinacain nang *niyogniyogan* cun umaga, ay pupur-gahin nang bilin sa número 63. Itong manga sinabi co, siya ang gamot sa manga bulating mabibilog. Itong manga batang malimit magcabulati sa tiyan ay masamang pacanin nang manga maliuag matunao sa siemura, para nang manga hilao na bunga nang cahoy, ó manga gulay na hindi lutong maigui,

Nota. Nang mapalabas ang bulating ma-puti na mayroong ulo, at manga casucasuan na tinatauag na *tenia ó solitaria*, ay painumin ang maysaquit na matanda nang tubig na pinaglagaan nang balat nang ugat nang *granada*. Datapoua houag painumin pagdaca nang marami maca macasama sa caniya. Ang isa pang totoong malacas na gamot sa lahat na bagay na bulati ay ang dagta nang *papaya*, yaon bagang nangagaling

sa bungang mura na sinusugatan nang tumulo. Ang manga bata, i, binibig-yan nang timbang saicapat hangan sa timbang cahati noon, at linalahucan nang gatas nang calabao ó cambing; ang matandang tauo, i, binibig-yan nang marami. Cun ualang gatas na calahoc ang dagta, i, hindi maiinom nang tauo.

CAPITULO 86.

Ang gagauin sa manga batang dinaraan nang convulsión para nang suba, sauan, taon, ó alferecía, at ang iba pati nang gamot sa batang tila hinihica na maingay ang paghinja, na ang pangalan sa gayong saquit ay croup.

501. Cun mayroong batang dinaraan nang suba, sauan ó ibang bagay na convulsión, caalamalam ang totoong pinanggalingan noong manga saquit na yao, i, ang maasim sa sicmura, ó ang pagsibol nang ngipin, ó ang bulati, ó ang hindi paglabas nang unang iniilaguin nang batang bagong pangnac. Cun gayon ay susundin ang manga turo sa párrafo 414 at 415, at gagauin ang manga bilin sa manga capítulo 81, sa 82,

sa 84 at 85. Nguni bucod doon sa manga dahilang yaon, mayroong tatlo pa mandin na cun minsan nacacapagdala nang *convulsión* sa manga bata, sa macatouid: cun mayroong manga bagay na nabubuloc sa siemura, t. tiyan nang bata, na yaon ang isang dahilan. Ang icalaua cun ang gatas nang nagpapasuso ay masama; at ang icatlo, cun ang bata, i, nalalagnat, lalo pa cun tiniticdas ó binubulutong.

502. Caya nahahatang mayroong nabubuloc sa siemura nang bata, sapagca pinacain ó pinasuso nang marami na hindi macayanan nang caniyang siemura, ó sapagca pinacain nang sarisaring bagay na hindi nagcacaayon. Bucod dito ang gayong bata, i, nananab-ang nang pagcain; nata-tamlay siya, at hindi natutulog nang mahimbing. Ang dila niya, i, marumi; ang color nang balat ay masama, at lungmalaqui ang tiyan. Cun baga caya *quinococonvulsión* ó cungmiquinal ang catauan nang bata ay dahil dito, ang magaling doo, i, houag pacanin nang marami; sumpitin nang malacucong tubig at purgahin nang jarabe nang *chicoria* (dilang usa) ó nang caunting *maná*.

503. Cun minsan naman caya sina-

sauan, ó sinusubaan ang bata, sapagca ang gatas nang nagpapasuso sa caniya ay masama; sa macatouid, cun ang nagpasuso ay nagagalit nang malaquing pagcagalit, ó namanglao, ó natacot, ó napagod nang paggaua, ó nainitan, ó nacacain nang manga cun ano ano, ó nagcasaquit, ó nacainom nang alac, ó cun pinananaugan nang panahon, cun datidating sungmasama ang caniyang pagcaramdam, cun pinananaugan siya nangspanahon. Cun ang babaying nagpapasuso sa bata dinaanan noong manga bagay na yaon, ang gatas niya, i, sungmasamá at nacacapagcasaquit sa sungmususo, na cun minsá, i, iquinamamatay niya agad. Ang mabuti doo, i, gayon: Ang bata houag pasusuhin nang babaying maysaquit, hangan di mauala ang caniyang masamang pagcaramdam; ang bata, i, susumpitin naman, at paiinumín nang maraming tubig na malamig; ang ipacacain sa bata sa dalaua ó tatlong arao ay *atole* ó *tinapay* na durog sa tubig, na ualang gatas. Cun hindi pa nauauala ang saquit nang bata, ay painumin nang timbang piso, ó tatlong salapi nang *jarabe* nang *chicorias* (dilang usa.) Magaling din ang *maná*, na cahati ang timbang. Ang babaying nagpapasuso, i,

maigui magsumpit siya, at ang gatas na masama palabasin sa suso.

504. *Cung* baga ang *convulsión* nang bata sungmasama sa bulutong, ó ticdas, ó sa ibang bagay na lagnat, ay hindi cailangan ang ibang gamot doon, cundi ang iguinagamot sa saquit na casama nang *convulsión*.

Nota. Mayroong batang dinaraan nang mahirapsiyang macahinga, na anaqui *hinihica*; ang tauag nang manga *médico* sa gayong saquit ay *croup*. Ang maigui doo,i, ibabad ang paa nang bata sa mainit na tubig, at cunan nang dugo, bago sumpitin agad nang culutan na magaling samahan nang timbang cahating *ingo*, na yaon ang isusumpit doong parati; maigui rin doon ang isang tapal na *sahing* sa pag-itan nang dalauang balicat, ayong sa turo co sa párrafo 498; mabuti namang lag-yan nang isang fuente.

505. Ang *triacá* ay masama sa manga batang dinaraan nang *convulsión*. Datapoua mabibig-yan din nang *triacá*, pagca guinagaua na ang manga itinuturo co sa capítulong ito, at hindi rin nauauala ang *convulsión*. Gayon din cun mapanganib na totoo ang buhay nang bata, ó cun ang pinagmulan nang *convulsión* ay ang siya,i,

natacot mabibig-yan din nang *triaca*.

506 Mayroong malimit daanan nang *sauan*, *suba*, ó nang ibang bagay na *convulsión*. Ang pag-gamot sa gayong bata ay maliuag. Magaling doon ang *quina* (dita) número 14, at pambohan sa malamig na tubig.

CAPITULO 87.

Aral na nauucol sa pagsasangra sa mangá maysaquit, pati sa pagpapacapit sa linta.

507. Dalaua ang dahilan na sucat ipagsangra sa tauo: ang nauuna, cun marugo ang may catauan; ang icalaua, cun ang dugo niya,i, *ungmiinit* na yao,i, pinanganlang *inflamación de sangre*.

508. Sa manga sasabihin co ngayon mahahalatang marugo ang may catauan; sa macatuid: Cun siya,i, malacas cumain; cun siya,i, cungmacain nang maraming *carne*, ó ungmiiinom nang alac; cun hindi sungmasama ang damdam nang caniyang sicmura; cun mahaba ang caniyang tulog, cun hindi siya binabalingoyngoy, ó hindi binubusan ó pinananaugan nang mara-

ming dugo. Cun gayo,i, marugo ang may catauan. Gayon din, cun dati na siyang binabalingoyngoy, at saca nauala sa caniya yaon; cun ang pulso,i, puno at malacas; cun ang color nang balat niya ay mapula sa rati; cun ang caniyang pagcatulog ay mahaba sa rati, at hindi lubhang mahimbing; cun ga hinahapo agad pagca siya,i, gungmagaua nang anomang gaua, ó cun lungmalacad; cun baga siya,i, nahilio, lalo pa cun ibinababa niya ang ulo, at biglang itinataas; ang pagsaquit nang ulo cun hindi dating sungmasaquit; cun mainit ang pagcaramdam nang may catauan; cun ang caniyang pagcaramdam ay ga tinutudloc siya nang carayom sa boong catauan; lalo pa cun siya,i, napagal nang pag-gaua nang anoman; cun gungmiguinhaua ang pagcaramdam cun siya,i, binalingoyngoy. Cun nararamdaman nang may catauan ang marami dito sa manga tinuran co ngayon, ay mabuti sangrahan; nguni cun ang isa ó dalaua lamang sa manga sinabi co ngayon ang caniyang nararamdaman ay hindi sucat sangrahan.

509. Ang cainitan nang dugo na yao,i, isa pang dahilan na sucat ipagsangra sa maysaquit, ay sungmasama sa manga saquit na sarisari, na paraparang aquing na-

saysay na, sa canicaniyang capitulo, na doon babasahin ang gagauin.

510. Ang hindi sucat sangrahang hamac cundi utos nang marunong na médico, ay ang manga sasabihin co ngayon, sa macatouid: ang manga matatanda na, na gungmagamit sa anim na puong taon, at ang manga sangol; ang dati nang mahina ang catauan; cun ang pulso nang may catauan ay munti, malambot at mahina, ó cun sa pagtiboc nang pulso mayroong pagca liban; cun namumutla ang balat nang may catauan; ó cun nanlalamig at namamaga (na malambot hipuin) ang manga paa, t, camay niya; cun ang sicmura ay lauon nang panahong gulo; cun binabalingoyngoy nang malacas; cun sinisibulan ang may catauan nang maraming bucol. Ang pagsasangra nga sa tauo sa gayong manga lagay ay masama, cun hindi hatol nang maalam na médico, ó cun ualang sadyang bilin dito sa librong ito.

511. Sa lupa nang castila, ang maysaquit na sinasangrahan, ay nacucunan nang timbang ualo ó sangpouong pisong dugo sa isang pagsasangra, sapagca ang castila ay marugo. Dito sa Filipinas ang tagalog na hindi lubhang cunmacain nang carneng marami hindi sucat cunan nang gayong

caraming dugo. Sucat na roon, (ani P. Clain) ang timbang tatlo ó apat na pisong dugo, ó ang ga isang taza carami. Ang pagsa-sangra ay hindi maliuag matutuhan nang alin mang tauo, cun naquitang minsan ang paraan. Ang tauo, i, masasangrahan sa alin mang ugat nang caniyang catauan; houag lamang doon sa manga ugat na nadoroon sa piling nang may tungmitiboc na pulso.

512. Cun ualang marunong sumangra, na-aari ang *linta* ó ang *ventosa*. Ang anim, ó ualo, ó sampouong *linta* pinacacapit sa laman nang tauong cucunan nang dugo; at nang cumapit ang *linta*, ay maigui basain ang laman nang mainit na tubig, ó lahiran nang dugo nang *sisiu*, ó azúcar; madali ring pigain ang dulo nang isang pacpac nang *sisiu*, at basain ang laman niyong pinacatubig na lungmalabas doon din sa dulo nang pacpac, na nababaon sa catauan nang manoc. Nang bumutao ang *linta*, cun baga hindi siya cusang bungmubutao, ay basain ang ulo niya nang suca, ó lapitan nang isang baga. Yaong lugar na quinapitan nang *linta*, i, maiguing hugasan nang tubig na sinucaan, nang mauala ang pinaca camandag nang *linta*. Cun hindi ungmaampat ang dugo ay tacpan ang sugat

nang gaboc nang papel sangley na sinunog ó nang quinayod na *culatculat*, ó yaong tila cabuting sungmisibol sa manga cahoy para nang turo sa párrafo 316 ó sa 293. Datapoua cun minsan lalong madaling ma-ampat ang dugo, pag hindi tinacpan ang sugat nang anoman; sapagca ang dugong lungmalabas palibhasa,i, tungmitigas ay siyang cusang nagpapaampat sa ibang dugo. Maigui rin ang bahay ng anlalaua. Cun ventosa ó tandoc ang gagamitin, ay cadlitan muna ang maysaquit, bago tacluban nang *ventosa* ó *tandoc* ang lugar na quinadlitan. Datapoua ito,i, malauon at hindi totoong magaling.

CAPITULO 88.

Aral na nauucol sa pag purga at sa pagpapasuca sa mangã maysaquit.

513 Cailangang purgahin ó pasucahin ang tauo, cun mapait ang caniyang bibig; cun ang dila pati nang ngipin ay marumi; cun mayroong masaquit sa tiyan, ó sa sicmura, na yao,i, hangin nacuculong doon, na ang pangalan nang castila sa gayo,i, *flatos*: cun ang may catauan ay nanab-ang

nang pagcain, ó cun naiibig niyang sumuca; cun ang isinusuca niya,i, mapait; cun tila may mabigat sa siemura, sa bayauang at sa tuhod; cun hindi malacas na para nang dati ang caniyang catauan; cun sungmasaquit ang ulo, ó cun nalilio ang may catauan, ó cun siya,i, nahihilim; cun hindi husay ang caniyang pananabi, na cun minsan malabnao at marami cun minsan caunti at matigas ang inailaguin niya; cun ang pulso ay mahina at hindi lubhang husay na para nang dati.

514. Cun nararamdaman nang may catauan ang marami dito sa manga sinabi congayo,i, maigui big-yan siya nang purga, ó pasuca; nguni cun minsan ang purga,i, magaling pa sa pasuca doon; at cun minsan ang pasuca magaling na lalo sa purga. Caya nga yata nang maalaman ng mangagamot cun cailan bagay doon ang purga, cun cailan ang pasuca ay tatandaan niyang maigui ang sasabihin congayon: Cun ang bibig nang may catauan ay mapait, at ga parating ibig niyang sumuca, ó siya,i, sungmusuca nga, ay maigui pasucahin; sapagca ang masama ay ang siemura. Datapoua cun ang nararamdaman nang may cataua,i, hindi itong manga bagay na ito, cundi ang ibang

manga sinabi co sa párrafo 513, magaling sa caniya ang purga sa pasuca, lalo pa cun mayroong hangin sa tiyan, ó sa siemura, ó cun masaquit ang bayauang; at tila mayroon siyang nararamdamang mabigat sa tubod.

515. Masamang purgahin, ó pasucahin ang aqing sasabihin ngayon, sa macatouid: ang nalalagnat na tauo sa oras nang pagcalagnat niya, cun бага siya,i, nalalagnat nang malaqui; ang tuyo ó payat na totoo ang caniyang catauan; cun ang pinagmul-an nang saquit ay cahinaan nang catauan; cun pinanaugan nang sa panahon ang babayi; cun ang may cataua,i, nagecasaquit, at ang caniyang saquit ay nauauala na sa pauis, ó sa pag-iilaguin, ó sa pag-ihí, ó sa pagbabalingoyngoy; ang tauong piyohin, cun dinaraanang nang saquit na yaon; gayon din cun totoong hina ang manga litid nang may catauan.

516. Mayroong tauo na mabibig-yan nang purga (cun бага cailangang purgahin) bago masama roon ang pasuca, sa macatouid: ang tauong marugo párrafo 508; ang binabalingoyngoy; ang lungmulura ó sungmusuca ng dugo; ang babaying pinanaugan nang maraming dugo, at ang manga ba-

baying buntis. Itong manga ganganito,i, hindi sucat pasucahin; datapoua mabibig-yan sila nang purga.

517. Cun mayroong tauong pinurga ó pinasuca, at siya,i, nag-iilaguin, ó sungmusuca nang totoong daming lubha, ó nahihirapan siyang totoo nang pagsuca, ó nang pag-iilaguin, ó cun siya,i, *nadedes-mayo*, ó dinaraanang nang *convulsión* ó pagquinal nang catauan gaua nang pasuca ó purga, ang magaling ay painumin nang malacucong *tubig* ó *gatas* ó azúcar, ó pulot, ó nang tubig, na pinaglagaan nang *cebada*. Saca susumpitin nang tubig na may casamang *gatas* at pula nang *itlog*. Magaling ding tapalan ang maysaquit sa tiyan nang manga basahang babad sa mainit na tubig, na sinamahan nang caunting *triacá*. Cun napapacarami ang pag-iilaguin nang maysaquit, at hindi siya nalalagnat, at hindi rin mainit ang pagcaramdam niya, ang isusumpit sa caniya na itinuro co sa itaas, ay malalahocan nang caunting *triacá*. Cun ang maysaquit, ay sungmusuca nang totoong lacas at hindi siya nag-iilaguin, ay lilimitan ang pagsumpit na may casamang *lana*, nguni houag lagyan nang pula nang *itlog*. Maigui namang

basain ang camay at ang paa, pati nang pouit at tiyan nang maysaquit nang tubig na malacuco.

518. Cun minsan masama sama man ang pagcaramdam nang tauo,i, hindi cailangan siyang purgahin ó pasucahin. Sucat na roon cun minsan ang siya,i, uminom nang maraming malamig na tubig, at lumiban siya sa isang pagcain arao-arao, at houag siyang cumain nang manga maliliuag matu-nao sa sicmura niya.

519 Cun mayroong tauong pasusucahin, ay doon sa manga número 34 at sa 35, ma-quiquita nang mangagamot ang ugaling pa-sucang guinagamit sa manga castila, sa macatouid, ang *tártaro emético* at ang *ipe-cacuana*. Ang ibang manga pasucang bi-lin doon sa número 34 at sa 35, ay para-parang magaling din, at ualang liuag. Ang mangagamot ay macapipili doon nang ba-lang caniyang ibig. Cun mayroong pupur-gahing tauo, ang bilin sa número 21, sa macatauid, ang *jalapa*, *sen* at *crémor* ay totoong buti. Datapoua cun ang pupurgahin ay babaying buntis, sucat na roon ang *maná* ó *cañafistula* timbang cahati Magaling din sa manga babaying buntis, cun cailangang purgahin ang timbang sa icaualong ruibarbo

na ibababad na magdamag sa isang tazang tubig, bago inumin nang babayi cun umaga yaon ding tubig na pinagbabaran noon, na ito, i, gagauing ilang arao. Sa manga babaying nanganac ay sucat na roon yaon ding purga nang *maná ó cañafistula* timbang cahati, cun bago cailangang purgahin ayon sa turo sa párrafo 513 at 514, at capag nacalalo na ang isa ó dalauang arao nang caniyang panganganac Datapoua bago purgahin nang *maná ó cañafistula* ay mabuti sumpitin muna nang tubig na pinaglaagan nang culutan na ualang *asin*, at cun bago gumagaling ang caniyang pagcaramdam, ay houag nang ituloy ang purga. Gayon din ang gaua sa babaying buntis, bago ituloy ang pagpurgas sa caniya. Nguni ang maiguing isumpit doon ay ang *sabao* nang *sisiu* na ualang *asin*, ó atoleng canin na sinamahan nang dalauang pula nang itlog at caunting *azúcar*. Ang casucatang isumpit doon, touin susumpitin ang babaying buntis ay calahating tagayan carami; at cun hindi nauuala ang casaman nang caniyang pagcaramdam, ay purgahin ng *maná ó cañafistula* para nang uica co sa itaas. Ang pasuca ó purgang dapat sa tauong nagcacasaquit nang anomang bagay na saquit ay doon hahana-

pin nang mangagamot sa manga capitulong quinasusulatan nang saquit nang may catauan.

520. Ang timbang nang ipinupurga ó ipinasusuca sa tauo, na nabibilin dito sa librong ito, ay sucat, ó bagay sa lalaquing matanda,t, malacas; cun hindi naniniya yao,i, mararagdagan pa nang sa icapat ó sa icatlong bahagui noong timbang na yaon; at cun hindi pa mandin magcasiya ang gayong carami, ay houag nang daragdagan, maca macamatay sa tauo yaon. Ang gagauin lamang doon pagca binibig-yan nang purga ó pasuca, at hindi siya nag-iilaguin ó sungmusuca ay painumin nang isang tazang malacucong tubig, na sinamahan nang asin, timbang tatlong saicualo sa anim na tazang tubig, at palacarin siya sa bahay.

521. Ang tauong pupurgahin ó pasusucahin, ay hindi sucat cumain muna nang marami sa loob nang isang arao, cun quinabucasang talagang bibig-yan siya nang purga ó pasuca; magaling naman ang siya,i, uminom nang ilan tazang tubig na malacuco doon din sa arao na yaon, bago magpurga nang quinabucasan. Cun pinainom na nang pasuca ang may catauan, ay houag siyang iinom muna hangang hindi maramdaman ni-

yang magsusuca na; at pagca siya,i, sung-
musuca na, ay cailangang uminom siyang
parati nang malacucong tubig, ó tubig na
pinaglagaan nang caunting *manzanilla*. Ang
tauong pinurga, ay mabuting painumin nang
sabao ó nang tubig na malacuco, na may
azúcar ó pulot na casama, hangang siya,i,
nag-iilaguin. Masamanamang magpahangin
ó lumabas sa bahay, cun hindi pa nacacalalo
ang isang arao at ang isang gab-i, cun baga
sampaloc ó *cañafístula* ang ipinurga sa ca-
niya; nguni cun ibang bagay ang ipinurga
doo,i, houag siyang lumabas sa bahay han-
gang di macaraan ang dalauang arao at
ang dalauang gab-i.

522. Cung cailangang purgahin, ó pa-
sucahin ang tauo, ay cailan mang panahon
mapupurga ó mapapasuca siya; at hindi su-
cat bacayan ang arao ó ang bagong bouan,
para nang guinagaua nang mangá mangaga-
mot na mangmang, na maraming totoong
tauong caauaaua ang inaalsan nila nang bu-
hay, sapagca hinihintay ang gayong arao
nang bouan sa pag-gamot sa mga maysa-
quit. Cun minsan cun nacacalalo ang caram-
patang panahon, na gagaling siya sana cun
pinurga ó pinasuca, ay hindi na maari ang
siya,i, gumaling, at ang arao pati nang

bouan na guinaua nang ating Panginoong Dios dahilan sa tauo, yao,i, guinagauang paraan nang manga mangagamot na hung-hang, nang pananampalasan sa buhay ng tauo. Gayon din cun malaqui ang saquit nang babayi at cailangang purgahin, bagaman siya,i, dinatnan nang sa panahon ay capilitang purgahin.

CAPITULO 89.

Casaysayan na nauucol sa pulso nang tauo.

523 Ang pulso nang tauong matanda, na ualang saquit ay tungmitiboc ng macanim na pouo, hangan sa macapitong pouo sa loob nang isang *minuto*. Ang isang oras mayroong anim na pouong *minuto*. Cun ang tauo,i, nacalalo na sa anim na pouong taon ng caniyang edad, ay dungmadalang dalang sa rati ang pagtiboc ng pulso niya. Cun ang tauo ay bata pa, na hindi ungmaabot sa labing ualo, ó dalauang puong taon nang caniyang edad, ay matulin ó madalas ang pagtiboc nang pulso; ang sa manga sangol lalo pang matulin. Manaa ang isa pang pinagcacaquilalanan

ng cahusayan ó caguluhan ng pulso, ayon sa aral ni *Solano* na médicong castilang marunong na totoo sa una. Cun mula sa isang paghinga nang tauong ualang saquit at tahimic ang lagay hangan sa ungmuli yaong isang paghinga, tunmitiboc ang pulso nang macapat; ay totoong galing at husay. Ang macalimang tumiboc sa loob ng isang boong paghinga, i, masama sama na nang caunti. Cun macasnim tumiboc ay masama na, at may lagnat na malaqui ang may catauan; at cun sa isang paghinga ay tumiboc nang macapito ó macaualo ay malubhang totoo ang maysaquit. Sa macatoid, sa loob ng isang boong paghinga ng tauong ualang saquit, ang pulso ng matandang tauo, t, malacas, at tungmitiboc na macapat ó mahiguit higuit doon; sa loob nang dalauang paghinga ay macaualo, ó macasiyam tumiboc. etc.

524 Nang matalastas nang mangagamot ang manga nauucol sa casaysayan ng pulso, ay tatandaan niya ang aquing sasa-bihin dito ngayon: Ang pinanganganlang *pulso* (yaon bagang nararamdamang tungmitiboc sa catauan ng tauo) yao, i, *dugó* lamang, na napaparaan sa caniyang pinacaalulod ó canal. Ang canal na dinaraan

nang dugo ay dalauang bagay; ang isa,i, pinanganganlan nang castilang *arterias*, na yaon ang tungmitiboc na hindi rin naquiquita nang mata, sapagca malalim lalim sa laman ang quinalalag-yan. Ang icalauang bagay na pinaca alulod na dinaraan nang dugo ay hindi tungmitiboc, at naquiquita nang mata, na yaon ang pinanganganlang *ugat* nang tagalog, sa uicang castila,i, *venas*; na yaon din ang hinihiua nang lanceta, cun ang tauo,i, sinasangrahan. Ang dugo naman nang tauo ay parati nang parating lungmalabas, at ga tinatapon nang puso nang malacas na pagca tapon, na pina-aabot hangan sa manga caduluduluhan nang catauan. Itong pagtulac ó pagtapon nang puso nang dugo hangan sa manga catapusan nang catauan ay yaon ang pulso, at ang nahihipo doon ay ang dugong nangagaling sa puso, na napapatungo sa manga casangcapan nang catauan. Cun ang dugong nangagaling sa puso, ay dungmaraan sa pinaganganlang *arterias*, ay nararamdaman doon ang pagtiboc nang pulso Datapoua cun ang dugo ay ungmouui ó nagsasaoli sa puso, ay hindi dungmaraan sa *arterias*, cundi sa *venas* ó sa *ugat* na nadoroon sa dacong ibabao nang laman nang catauan.

Caya cun mahina ó hindi husay ang pagtapon nang puso nang dugo, ay mahina rin at hindi husay ang pulso, na dahil doon naquiquilalang maysaquit ang tauo.

525. Caya nga yata touing sabihin sa librong ito, na ang pulso,*i*, malacas, ó mataas, ó puno, ang cahologan noon ay ma-aalaman na nang mangagamot ayon sa turo cong una. Gayon din ang mahinang tumiboc, ó *mababa* ó *munti*. sucat maquilala nang alin mang tauo. Ang pulsong lungmiliban, ay na-aalaman ding nang lahat, sa macatoid: na yao,*i*, cun tungmitiboc nang macailan, saca napapatahan ó *lungmiliban* nang isang pagtiboc. Mahahalatang malacas pa ang maysaquit, cun idiin nang malacas lacas nang manga daliri nang camay ang canyang pulso, at cun baga idiin man nararamdaman din ang pulso, ang may cataua,*i*, malacas pa. Ang isa pang totoong cailangang maalamang nang mangagamot, ay ang pinangangalang pulsong *matigas*, na caya gayon ang tauag doo,*i*, sapagca cun tumiboc, ay anaqui cahoy, ó tangso, ó cuerdas nang guitarra ang nararamdaman, ó ang hungmahampas sa daliri nang pungmupulso doon. Caya cun ang pulso,*i*, *matigas*, cailangang sangrahan ang maysaquit.

Ang pulsong *malambot* magaling pa sa matigas; cun ang pulso, *i, munti*, madalas, at matigas pa, ay malaqui ang panganib nang maysaquit. Mayroon namang pulsong hindi *husay ó gulo*; sa macatouid, cun mula sa isang pagtiboc hangan doon sa isa, ay hindi magcasinglauon ang manga pag-itan.

CAPITULO 90.

Ang manga usisain nang mangagamot cun siya, i, tinatauag nang maysaquit.

526. Bago gamutin ang maysaquit, ay cailangang maalaman, at usisain munang maigui, cun ano caya ang saquit niya. Ang lalong maliuag sa lahat ay ang pagquilala nang manga saquit; nguni sa manga isusunod cong sasabihin dito, ay mahahalata cun minsan cun anong bagay na saquit ang nadoroon sa may catauan. Caya nang mausisa yaon, at nang matapatan nang gamot ang saquit, ay ito at ito ang itatanong samaysaquit. Gaanocatandaang maysaquit. Cun hindi siya dating masasactin. Alin ang oficio niya, ó ang caniyang guinangauang dati. Anong quinacain niya. Cun ungminom nang alac Cun siya, *i*, lungma-

lacad ó nananaog sa lupa. Cun lauon nang siya,i, maysaquit. Cun anong nararamdaman niya noong hindi pa nagcacasaquit, at nang bagong magcasaquit siya. Cun napacarami ang caniyang cain ó ang caniyang inom nang malapit nang magcasaquit siya. Cun napagal siyang totoo nang pag-gaua ó paglacad. Cun nacacatulog siya. Cun namanglao ó nagalit. Anong nararamdaman niya arao-arao, hangang siya,i, maysaquit na Cun siya,i, nalalagnat. Cun ang pulso,i, *matigas* ó *malambot* Cun siya,i, malacas ó cun mahina na. Cun siya,i, parating higa, ó cun nacacabangon. Cun nag-iibang parati ang caniyang pagcaramdam. Cun siya,i, tahimic ó cun hindi mapalagay. Cun siya,i, naguiguinao ó hindi. Cun ang balat ay tuyo,t, mainit. Cun ang balat nang cataua,i, namumula, ó namumutla, ó dilao, ó morado. Cun mayroong tila mancha sa balat ó cun sinisibulan nang manga tila butil. Anong color niyong manga pinacabutil, at cailan ang paglitao sa balat. Anong nararamdaman niya nang macasibol yaong manga butil na yaon. Cun mabaho ang catauan nang maysaquit. Cun mabaho ang hininga. Cun dinaraanang nang *desmayo*. Cun sungmasaquit ang ulo, ang

lalamunan, ang dibdib, ang siemura, ang tiyan, ang bay-auang, ó cun alin ang masaquit, at alin ang lalong masaquit. Cun sungmasaquit pa mandin cun hipo a. Cun ang dila nang maysaquit ay maputi, ó marami, ó tuyo. Cun nauuhao siya. Cun mapait ang bibig. Cun dungmuroual, ó sungmusuca, ó nananab-ang nang pagcain ó cun ibig niyang cumain. Cun nauunat ang tiyan. Cun ugali ang caniyang pananabi. Anong color nang ihi. Cun mayroong namamaga sa caniyang catauan. Cun siya,i; pinapauisan. Cun lungmulura, ó cun anong inilulura niya. Cun nasisira ang bait. Cun guinhaua ang paghinga. Cun maquintab ang mata. Cun anong iguinagamot sa caniya, cun pinurga siya, ó pinasuca, ó sinangrahan caya. Maano caya siya nang siya,i, magamot nang gayon. Cun dati nang saquit niya yaon. Cun siya,i, binabalingoyngoy na dati. Cun dati siyang guinagalís, ó binubuni etc. Cun siya,i, linulususan. Cun ang saquit niya ay saquit nang caniyang camag-aacan.

527. Ang cailangang itanong naman sa mga babaying maysaquit, ay ang manga ito pa. Cun siya,i, dinaraan na nang sa panahon. Cun marami, ó caunti, ó para

nang dati. Cun may panahon nga siya. Cun siya,i, buntis, at gaano calauon ang caniyang cabuntisan. Cun siya,i, bagong galing sa panganganac. Cun magaling ang caniyang panganganac. Cun lungmabas ang ugaling lungmalabas na dugo sa nanganac. Cun mayroon siyang gatas. Cun siya rin ang nagpapasuso sa bata. Cun mayroong sungmunod na saquit doon sa canivang panganganac.

428 Ang cailangan usisain nang mangagamot na bagay sa manga bata, ay gayon: Gaano ang edad nang bata. Ilan ang caniyang ngipin. Cun ang bata,i, nagcacasaquit na gaua niyong pagsibol nang ngipin. Cun ang bata,i, binubulutong. Cun nag-iilaguin nang bulati. Cun lungmalaqui ang tiyan. Cun mahimbing ang tulog. Cun nahulog, ó cun inihulog nang nag-aalaga doon.

CAPÍTULO 91.

Casaysayan nang timbang nang manja iguinagamot nang manja médico sa manja maysaguit.

Ang isang libra mayroong labing anim na onza, ó labing pitong piso. Ang isang

7 piso,i, mayroong ualong saicapat. Ang isang saicapat ay dalauang saicaualo naman Ang isang saicapat ay ga sandaang butil na trigo ó palay na hindi pili. Ang isang piso ay dalauang salapi. Ang isang piso at saicaualo ay isang *onza*. Ang isang piso naman ay catimbang nang labing pitong saicaualo.

Ang laman nang isang botellang ugali, ay mahiguit sa isang tagayan, ó apat na malaquing tazang chocolatihan mahiguit pa, na yao,i, isang libra rin Ang laman nang isang ugaling *cuchara* ay ang saicaualong bahagui nang isang tazang malaquing chocolatihan.

Dito sa librong ito cailan man itinuturo co ang timbang nang gamot, ay ang ibibigay sa lalaquing maysaquit na matanda, mula sa labin ualong taon edad hangan sa limang pouang taon. Mula sa labingdalauang taon, hangan labing ualo, ay sucat doon ang dalauang sa icatlong bahagui nang nabibilin doon; at cun uala pang labingdalauang taon, ang bata, ay binabauasan pa mandin ang timbang; sa manga sangol na iilan lamang bouan ang edad, ay casiyahan doon ang isang sa icalabing anim na bahagui nang gamot na itinuturo dito sa librong ito.

LISTA NANG MANĜA IGAGAMOT
SA MANĜA MAYSQUIT, NA YAON ANG NABI-
BILIN SA MANĜA PARRAFO NITONG LIBRO.

NÚMERO 1.

Ang isang dacot nang bulaclac nang *alagao*, at ang timbang dalauang pisong *pulot*, sampon nang tatlong salaping *sucang* matapang ay ilalagay sa palioc na malinis (houag sa cauali ó tacho.) Saca bubusan nang apat na tagayan tubig na cunmuculo; hahaluin yaong lahat nang isang cuchara ó patpat, nang mapalahoc ang pulot sa tubig; saca tatacpan ang palioc, at cun malamig na, i, sasalain sa sinamay.

NÚMERO 2

Ang timbang dalauang pisong *cebada* (palay cun ualang cebada) huhugasan muna nang tubig, bago ilaga sa limang tagayang tubig, hangan sa pumotoc ang manga butil; pagcalaga na, ay huhulugan nang timbang saicapat at saicualong *salitre*; saca sasalain sasinamay at lalag-yan nang timbang tatlong salaping *pulot*, at timbang pisong *suca*.

NUMERO 3.

Ang timbang dalauang pisong *cebada* (ó palay cun ualang *cebada*) ay huhugasan muna nang tubig, bago ilaga sa limang tagayang tubig, hangang sa pumutoc ang butil. Ang timbang cahati ó dalauang saicapát na *crémor tártaro* (na cun tauaguin nang tagalog ay *crémor lamang*) ay isasama doon sa ibang inilalaga; pagca laga na, i, saca salain sa sinamay.

Nota Sa saquit nang *lagnat* nang apdo párrafo 196. sa lagnat na *panñiqui* na camuc-ha nang *lagnat na buloc* párrafo 218, pati sa saquit na *culebra* párrafo 231, magaling pa sa *cebada* ang timbang apat na pisong ugat nang *grama* (hincacauayan ó quinacauayan) na yao i, ilalagang casama nang *crémor*, para nang itinuro co na.

NÚMERO 4.

Ang timbang apat na pisong bot-o nang *melón*, *calabasa*, ó *pacuan* (sandía) babayohing maigui sa babay-ang bató, ó salusong man, at huhulugang mamayamaya nang isang tagayang tubig, bago salain sa sinamay; saca babayohing uli yaong natira sa

sinamay, na pinagsalaan noong una, at doonon din nang isang tagayang tubig, bago salain para noong isa. Uul-in pa manding babayuhin ang natirang latac, at huhulugan naman nang isang tagayang tubig; saca sinasala rin sa sinamay, at yaong tatlong tagayang tubig ay lalag-yan nang timbang isang salaping *azúcar*.

NUMERO 5.

Ang dalauang dacot na *culutan* didiediquin nang sumandaling oras calauon bago ilaga sa isang tagayang tubig; pagca laga, i, sasalain at sasamahan ang tubig nang timbang pisong *pulot*.

Nota. Mayroong tauo na hindi manabi, sumpitin man nang may *culutan*, cundi sumpitin nang tubig na malacuco lamang. Masama namang isumpit sa tauo ang mait, cundi malacuco cailan man ang isusumpit doon.

NUMERO 6.

Ang isang tagayang tubig na pinaglaagan nang *cebada* (6 palay) huhulugan nang isang dacot na *bulaclac* nang *culutan*, at ilalaga sa apoy.

NÚMERO 7.

Bumayo ca sa babay-ang bato ó sa lulong man nang dahon nang *tagolinao* ó dahon nang *sigandagat* (borraja), bago pigain mo sa sinamay; ang gatang tungmutulo ay pabayaan munang luminao, at pagca malinao na, ay isinasaling marahang-matahan sa isang tagayan; at ang timbang tatlong piso nitong gatang nacuha sa *tagolinao* ó *sigandagat* ay isasama sa tatlong tagayang tubig, na pinaglagaan nang *cebada* (6 palay).

Nota. Ang *sigandagat* ay damong mabolo. Ang taas ay tatlo ó apat na dangcal. Ang bulaclac ay tila azul, at apat ang bot-o, na yao,i, matigas, maitim, malandas at maquintab.

NÚMERO 8.

Ang timbang pisong *ojimiel* at ang timbang limang-pisong tubig na pinaglagaan nang bulaclac nang *alagao*, ay huhulugan mo nang timbang isang saicaualong ugat nang *bacong* na catulad nang lasona, (escila): at pabayaang babad doon nang hala-

gang calahating arao, ó ilapit sa apoy na ga isang oras calauon, nang mayaring madali. Cun hindi minamatapang mo ito, ay atuhin mo ang bilin sa número 77.

Nota. Ang *ojimiel* ay gayon ang pag-gaua. Ang dalauang tagayang *pulot* ay hinuhulugan nang isang tagayang *suca*, at yaon ang pinanganganlang *ojimiel*.

Nota Ang ugat nang *bacong* ay igagayac munanang gayon: Ang ugat na bagong nahucay sa lupa, ay hinuhubdan nang manga unang balat na tila tuyo; ang malinis ipinapasoc sa horno, at iniluluto doon parang tinapay; saca inaalis doon, bago hiuain nang matalim na patpat na cauayan. Saca butasan ang manga caputol nang matils na cahoy, nang masootan nang bitbitan, at isinasabit na bucod bucod, nang houag magcadaiti, at nang matuyo. Datapoua cun ualang *bacong* na handa para nang uica co ngayon, ay naari ang bagong hucay sa lupa, di man magaling na totoo yaon.

Nota. Ang *bacong* ay dalauang bagay: Ang ugat nang isa ay boo, na ualang baloc na maraming suson suson. Ito, i, hindi sucat gamitin at masama. Ang ugat noong isang bagay na *bacong* ay catulad nang

lasona na may maraming balat na susong-suson. Ito ang magaling gamitin.

NÚMERO 9.

Bagaybagay ang manga tapal na nacabauas nang pagsaquit nang manga casangsapan nang catauan nang tauo. Alin man sa isusunod cong sasabihin dito ngayon ay magagamit nang mangagamot, sapagca isa rin ang cabagsican nang lahat.

Ang manga basahang babad sa tubig na pinaglagaan nang bulaclac ó dahong mura nang culutan.

Ang manga supot na munti na sinisidlan nang bulaclac ó dahong mura nang *culutan ó alagao ó manzanilla*, na inilalaga muna sa *tubig ó gatas*.

Yaon ding manga bulaclac ó dahong murang yaon, na luto sa tubig ó gatas, na inilalatag sa damit bago itapal.

Ang tinapay na durog, na binasa nang gatas, na minamasa muna nang caunti, bago ilatag sa damit at itapal. Na-aari ang tapal na canin, na lutong maiguing maigui.

NUMERO 10.

Ang timbang pisong *espíritu de azufre*, sasamahan nang jarabe nang *olasiman* timbang anim na piso. Ang pag-gaua nang manga jarabe, i, doon nasasaysay sa número 15.

Nota. Cun ualang *espíritu de azufre*, ang timbang apat na pisong gata nang dayap, ay samahan mo nang timbang anim na pisong jarabe nang *olasiman*, at yaon ang pinaca *espíritu de azufre*. Cun ualang jarabe nang *olasiman* ang iyong gagamitin ay ang pulot poquietan, ó pulot sa tubo, timbang anim na piso. Itong turo co sa nota, i, totoong galing, at casingtapang nang *espíritu de azufre*.

NÚMERO 11.

Ang timbang dalauang pisong *maná* at ang timbang isang salaping sal de sedlitz ay tutunauin sa isang tazang tubig na mainit bago salain. Cun ualang mapag-quitaan noong manga gamot na yao, i, itong isa ang gagauin.

Nota. Ang timbang cahati nang *hojas de sen*, at ang timbang saicaualong nitro

ó *salitre*, ibabad mo sa dalauang tazang tubig na mainit na pinaglagaan nang *culutan*, at pag malamig lamig na ang tubig, ay salain. Cun ualang hojas de sen, ay na-aari ang dahong tuyo nang *acapulco*, timbang cahati. Ang *acapulco* cundi ilaga, i, mahina ang cabagsican. Caya doon sa dalauang tazang tubig nang *culutan* ilaga mo ang *acapulco* hangan sa maiga ang isang taza sa mahinang mabinang apoy; saca ihulog ang *salitre*, at salain.

NÚMERO 12.

Ang isang caracot na bulaclac nang *alagao* at ang calahating dacot na *yerbabuena* ay ihulog mo sa tatlong tagayang tubig na cungmuculo pa; at pagca malamig lamig na, i, sasalain mo, at sasamahan nang timbang tatlong pisong *pulot*.

NÚMERO 13.

Ang dalauang caracot nang bulaclac nang *alagao* ihuhulog sa tatlong tagayang tubig na mainit na totoo, at sasalain cun malamig lamig na.

NÚMERO 14.

Ang timbang pisong balat nan *quina* babayuhin nang maliit, at gagauing ualong bahagui; ang timbang sa icapat noon ay isang inom.

Nota. Sapagca dito sa Filipinas mali-liuag at mahal ang *quina* ay magagamit ang balat nang cahoy na pinanganganlang *dita*. Ang gagauin lamang doon ay cacayurin nang sundang ang ibabao nang balat. Saca aalisin naman ang dagta, bago ibilad sa arauan nang ilang oras calauon, at bayuhing para nang guinagaua sa *quina*. Ang timbang isang salaping balat nang *dita* gagauin ding ualong bahagui, at ang isang bahagui ay isang inom.

NÚMERO 15.

Ang paraan nang pag-gaua nang manga jarabe ay gayon: Anomang bagay na ibig mong gauing jarabe para nang *olasiman*, *tagulinao*, etc. babayuhin mong sariua, bago pigain, at capag malinao na ang gata, i, dinoroonan nang isang gayon ding timbang na azúcar ó pulot man; saca pinalalapot sa apoy. Cun gagaua ca nang jarabe nang *yerba-*

buena ó camaria (artemisa), cun ibig mong bayuhin, para nang guinagaua sa *olasiman*, ay bayuhin mo; cun ibig mo naman, ay ilaga mo sa tubig bago samahan nang isang gayon ding azúcar ó pulot, ó nang timbang cahati noon, ó nang sa icatlong bahagui, ayon sa calapnauan ó calaputan nang gata; saca pinalalapot sa apoy. Cun jarabe nang dayap ó granada ang gagauin pinalalabas din muna ang gata, bago lahu-can nang azúcar. Ang jarabe nang *suca*, pagcaraca, i, linalag-yan na nang *azúcar*. Itong mangá pagluluto nang mga maa-sim, ay hindi sucat gauin cundi sa palioc, at masama roon ang bacal at tangso.

Nota. Cun ang maysaquit ay malubha at hindi na magaua ang jarabe, ay ilaga mo, ó isama mo sa mainit na tubig yaong gagauing jarabe, sampon nang *azúcar ó pulot*, at yaon ang aariin mo munang parang jarabe.

NÚMERO 16.

Ang isang inom nang jarabe nang *adormideras rubras ó amapolas*; (ang isang inom ay ang timbang piso hangan sa dalawang piso). Datapoua sa saquit na *anayo*

(capítulo 62) ang maysaquit ay binibig-yan touing calahating oras nang dalauang cuchara nitong jarabeng ito. Pagca pinainom na siya nang ualong cuchara, at hindi pa gungmagaling, ay paiinum na nang ualong cuchara pa; datapoua houag limitan ang pagpapainom, cundi touing oras ang isang cuchara lamang.

Itong gamot ay cailangang bilhin sa Maynila.

Nota. Cun ualang mapagquitaan nitong gamot na ito, i, gayon ang iyong gauin. Ang maysaquit ay big-yan nang isa ó dalauang píldoras ng *talampunay* na bilin sa número 57, na ganga balatong calaqui sa isang cucharang tubig. Sa saquit na *anayo*, na sinasaysay sa capítulo 62, ang maysaquit ay bibig-yan touing calahating oras nang isang píldoras lamang na malaqui pa sa balatong; at pagca nacalon-oc na nang apat ó limang píldoras, ay itinatahan na

NÚMERO 17.

Maghulog ca nang timbang pisong pulot sa isang tagayang *suerong malinao* nang gatas nang *cambing*, ó *baca*, ó *tupa*.

NÚMERO 18.

Ang timbang anim na saicapat nang maputing sabóng castila (jabón), ang timbang saicaualo nang *extracto nang chicoria* (dulang usa) ó *tagulinao*, at cun mayroong *goma armoniaco* ang timbang saicaualo noon, sampon nang jarabe nang *culantrillo* ang timbang na iyong mamingalingin ng macagaua ca nang *pildoras*, ó *pelotillas*, na ang timbang ng bawat, isa ay tatlong butil na trigo.

Nota. Ang pag-gaua nang manga *extracto* doon ituturo co sa número 29.

NÚMERO 19.

Maglaga ca nang *rosas na mapula*, ó *culutan* cun ualang rosas sa isang tagayang tubig, bago lahucan mo nang timbang dalawang pisong suca at isang gayon ding pulot; at cun mainit pa ay yaon ang ipagmumumog nang maysaquit.

Nota. Ang ipagmumumog nang nagcacaquit nang saquit na sinaysay co sa párrafo 70, ay hindi culutan, cundi mga talbos nang *sambong* ang ilalaga sa isang

tagayang tubig, bago lag-yan nang timbang dalauang pisong pulot.

NÚMERO 20.

Ang timbang pisong *pasalitre*, gagauing labing anim na bahagui; ang isang bahagui, ó ang timbang saicaualo ay isang inom.

NÚMERO 21.

Ang timbang saicaualong *jalapa* at ang timbang saicaualong *crémor* ay babayuhit, hahaluin mong maigui capoua, bago ihulog mo sa isang tazang tubig na mainit-init, na pinaglagaan nang timbang saicaualong *hojas de sen*. Itong purga,i, caiguihan sa malacas na tauo. Datapoua cun mahina ang maysaquit ó cun bata pa siya,i, binabauasan ang timbang nang purga, at ibinabagay sa caniyang edad at sa caniyang calagayan.

Cun baga napacatapang ang purga, at ang maysaquit ay lungmulubha dahilandoon, ay gagamutin ayon sa turo sa párrafo 445.

Cun baga sungmasaquit ang tiyan, nang mapurga siya, at hindi nag-iilaguin, ay

sumpitin nang tubig na mainit-init na pinaglagaan nang culutan.

Ang isa pang tandaan nang mangagamot, na hindi sucat tapangan pagcaraca ang purga doon sa bagong pinupurgang tauo, sapagca hindi pa na-aalaman ang nacacayanan nang caniyang catauan.

Nota. 1. Cun ualang mapagquitaan nang manga bilin sa itaas, itong ibang manga sasabihin co ngayon ay siya ang gagamitin, sapagca totoong igui naman, at ang isa pa,i, dito rin sa lupang ito na-quiquita. Datapoua hcuag mong isasang-cap sa purga ang hindi tuyong tuyong damo, sapagca cun sariua,i, hindi nata-talastas ang cabagsican. Cun icao,i, masipag sipag na tauo, ay dapat mong itanim sa iyong bahay ang manga cailangan sa purga, nang houag cang maliuagan nang paghanap cun talagang gagamitin. Ang purgang gagauin mo ay gayon:

Pagca gabi ay mag-init ca nang dalauang tezang tubig sa munting palioc na may taquip. Pagtalagang cuculo na,i, ihulog mo roon ang timbang cahating dahon nang *acapulco*, na iyong gagayatin muna, at tuloy pacuculuin mo nang sumangdaling oras calauon. Saca babauasan mo ang

apoy, at bayaan mo roon ang palioc na may taquip sa mahinang mahinang apoy nang dalauang oras calauon, at hangan sa maighan nang calahati nang tubig, bago ahunin mo, at houag mong quiquiboing magdamag. Quinabucasan nang umaga,i, salain mo, sa damit, at pigain nang malacas, at cun ibig mo,i, doonan nang caunting azúcar. Initin mong tuloy sa apoy itong tubig nang *acapulco*, at pag mainit-init na,i, hulugan mo nang timbang saicapat na sanga nang *bulacan sa Cebú*, na didiediquin mo nang pinon;pino, at siya ang ipainom sa maysequit Ang ugat nang *bulacan* caalam-alam ay matapang pa sa sang; nguni hindi co pa inaatong guinagaua. Tandaan nang mangagamot, na hindi sucat gamitin ang *bulacan sa tagalog* cundi ang sa Cebú na may dalauang manchang munting morado sa dulong itaas nang tangcay nang dahon. Ang manga bulaclac naman ay nag-iisa isa sa pinacaquiliquili nang dahon. Ang bot o nang bunga i, apat. Ang bulacan sa Cebú maquiquita sa Maynila at sa Batangan.

Nota 2. Ang purgang guinagamit nang ibang manga tauo,i, ang dalaua ó tatlong dahon na ganga dahon nang yerbabuena

calaqui, nang pinanganganlang *salago*, na yao,i, canilang isinasama sa *hicho* at nginanganga. Datapoua ang ibang tauo,i, na iibay noon. Caya malaquing galing dito ang turo co sa itaas nota 1.

NÚMERO 22.

Ang timbang tatlong salaping ugat nang china (obat) na gagayatin muna, sampon nang timbang dalauang saicapat balat nang *cayutana* ay bubusan sa palioc nang apat na tagayang tubig na maiinit. Saca pinacuculo nang isang oras calauon sa apoy na mahina hina, bago salain. Maiinom ang dalauang tagayang maghapon. Itatapon ang unang lagang tubig

Nota Cun hindi nacagagaling sa may-saquit ang obat ay atuhin ang catauan nang *macabuhay* na mapait timbang cahati. Cun ualang *cayutana,i*, naari ang dahon nang *saga* na ang timbang ay isang salapi.

NÚMERO 23.

Ang timbang piso nang laman nang bunga nang *sampaloc* (tamarindo) pati nang

timbang saicaualong *salitre*, pinacuculo muna capoua sa isang tazang tubig, bago samahan nang timbang dalauang pisong *maná* at salain.

Nota. Cun hindi macabili ang mayquit nitong mga bagay na ito, i, ang turo sa nota ng número 11, yaon ang gauin; at cun ualang *hojas de sen* ang timbang cahating dahon nang acapu'co na patutuyoin muna sa arao ay magaling din; datapoua pag napainom ang maysaquit nitong mga bilin dito sa nota, ay cailangang painumin pa ng tubig na pinaglagaan ng culutan.

NÚMERO 24.

Ang timbang pisong *crémor*, gagauing ualong bahagui; ang isang bahagui isang inom.

Nota. Ang *crémor* ay na-aaring ipainom sa babaying buntis, pati sa nanganac, cun macalalo na ang isang arao ng caniyang panganganac, at bucod dito cun totoong cailangang gamutin cun baga malaqui ang caniyang saquit.

NÚMERO 25.

Ang timbang isang butil na palay nang *kermes mineral*, na bibilhin sa botica. Itong gamot na ito, i, totoong tapang. Caya hindi sucat ibigay sa manga mahihinang tauo.

NÚMERO 26.

Ang timbang pisong ugat nang *contra-yerba* (*dusu*, ó *dusug* ó *guisol*) at ang timbang saicaualong *salitre*, ay lutuin nang halagang calahating oras sa tatlong tagayang tubig bago salain.

NÚMERO 27.

Ang calahating dacot nang bauan, t, isang damo, na aqing sinabi na sa número 9, at ang timbang isang salaping *sabón* sa castila, na cacayurin muna nang sundang, ay ibababad sa dalauang tagayang tubig na mainit na may casamang alac sa misa, ga isang taza carami. Saca sinasala sa sinamay at pinipiga nang malacas.

Nota. Cun ang jabón sa castila, i, hindi

maputi, hindi sucat gamitin; ang jabóng mapula ó ang may iba,t, ibang color ay masama.

NÚMERO 28.

Ang timbang pisong *mercurio* ó *azogueng* malinis na ualang calahoc, pati nang timbang dalauang pisong *manticang* bago nang *baboy*, sampon nang timbang saicaualong trementina de Venecia. Itong tatlong bagay babayuhin nang babayuhin nang mahabang panahon hangan sa maguing unguento, at hangan di maaninao muntiman ang *mercurio*.

Nota. Itong gamot na ito ay bibilhin sa botica. Nguni sapagca cun minsan, ualang masugo sa botica, ay marali itong isang unguento na isa rin ang cabagsican. Ang timbang pisong *mercurio* ó *azogue*, at ang timbang tatlong salaping manticang bago nang *baboy*, sampon nang timbang isang salaping *sebo* nang *baca* ó *tupa*, ó sa *calabao* man, bayuhing maigui hangan sa di maaninao ang *mercurio*. Itong isang unguento,i, magagaua mo sa bahay, cun icao mayroon nang ingat na *mercurio*, na yao,i, mura cun bilhin sa botica.

NUMERO 29.

Cun gagaua ca nang *extracto* nang ano-mang damo, ó balat nang cahoy, etc. ay gayon ang paraan: Yaong damong yaon, ó ang balat nang cahoy na cucunan nang *extracto* (ang balat nang *dita* sa halimbaua) lulutuin mo sa palioc sa tubig, bago hanguin doon ang balat, capag naluto nang maigui. Saca huhulugan mo uli yaong ding tubig nang ibang balat nang *dita* rin, na lulutuin para noong una. Hahanguin mo naman itong ibang balat, at iba pa ang iyong lulutuin doon din sa dating tubig. Saca pababayaán mo sa mahinang apoy ang palioc, hangan sa maiga ang lahat na tubig. Pagca yari na yaon, at malamig na ang palioc, ay iyong alisin ang natira sa ilalim, at itago mo sa botellang may taquip na daluro, sapagca yaon ang *extracto*.

Nota. Cun baga ang iyong cucunan nang *extracto* ay damong malata, t, matubig ay bayuhin mo muna, t, pigain, at ang gata noon ay isama mo sa tubig, at lutuin sa palioc sa mahinang apoy, hangan maiga ang tubig para nang uica cong una.

NUMERO 30.

Cun gagaua ca nang pinanganganlang *pie*
*dr**a de culebra*, ay ang isang sungay
nang *usa* idoon mo sa horno nang tinapay,
hangan sa masunog at umitim; at cun yao, i,
napuputol na nang camay, magaling ang
pagcasunog. Cun ibig mo naman, ay tabu-
nan mo nang maraming ipa nang palay
ang sungay nang *usa*, at pagca namatay
ang apoy at malamig na ang lahat, alisin
mo ang sungay, at iyong basaguin. Saca
gagauin mong manga caputol na mumun-
ting ganga saicapat ó cahati calaqui, na
quiquiquilin mo, ó papaguihin mo, nang
pumantay ang isang muc-ha, at nang lu-
minis at magca hichura.

NÚMERO 31.

Ang timbang saicaualong ugat nang *con-*
trayerba (dusu ó dusug ó guisol) at ang
timbang labingdalauang butil na palay nang
ingo (asafétida) sampon nang ualo capatac
nang gata nang *dayap*, ay diediquin mong
casama nang timbang saicaualong *bulaclae*
nang *alagao* at caunting *azúcar*, yaon

bagang inaacala mong maniniya, nang ma-boo ang lahat na binayo. Itong gamot na ito,i, minsanang lonoquin nang maysaquit.

NÚMERO 32.

Ang timbang dalauang piso nang laman nang bunga nang *sampaloc* ilalahoc sa isang tagayang tubig na cungmuculo pa, at pag malamig lamig na ang tubig, ay sasalain. Cun ualang bunga nang *sampaloc*, ang isang dacot na malaqui nang manga dahon nang cahoy na-aari rin, cun lutuin sa dalauang tagayang tubig hangan sa maiga ang calahati.

NUMERO 33.

Ang pag-gaua nang pinanganganlan dito sa Filipinas na *limonada* ó *cajelada* ay gayon: Ang gata nang dalaua ó tatlong dayap isinasama sa isa ó sa dalauang tagayang tubig, at dinoroonan nang *azúcar* (ó pulot man cun ualang *azúcar*) nang tumamis. Gayon din ang pag-gaua nang *cajelada*; dalandan lamang ang gagamitin.

NUMERO 34.

Ang timbang anim na butil na palay nang *tártaro emético* tutunauin sa sangpouong tazang tubig. Ang maysaquit ay painumin muna nang isang taza lamang; at cun hindi sungmuca siya cun malauon lauon, ay saca big-yan pa siya nang isa pang taza, at atuhin cun susuca na caya. Cun hindi rin sungmusuca, ay isa pang taza ang ibibigay hangan sumuca. Cun ang maysaquit ay sungmuca nang macapat ó macalima, ay houag nang ipainom sa caniya ang ibang tubig na natira. Bucod dito,i, cailangang pacatandaan nang mangagamot, na pag ang maysaquit ay sungmusuca na, ay capilitang totoo na big-yan nang tubig na malacuco, nang houag mahirapan siya nang pagsuca; maigui rin ang tubig na pinaglagaan nang manzanilla.

Nota. Itong pasucang ito,i, bibilhin sa botica datapoua hindi lubhang bagay sa tagalog. Hindi sucat pasucahin ang lungmulura nang dugo, ang linuluslusan, ang mahina ang dibdib, ó ang totoong mataba ang catauan, ang binubusan nang dugo, ang napainom na nang pasuca at hindi

sungmuca, ang babaying pinananaugan ng bouan, ang buntis, at ang bagong naca-panganac. Yaong manga maysaquit na yaon ay magaling purgahin sa pasucahin.

Nota. Cun ualang mapagquitaan nang *tártaro emético*, na-aari ang pinanganganlang *pacupis*, ó *taboboc*, ó *salagsalag*, ó *pocotpocot*, (*colcquintida*, ó *pepinillo de san Gregorio*.)

Ang timbang ualong butil na trigo, ó palay ncong tila *pocot* nang damong yaon, ay ibinababad sa apat na tazang tubig hangan sa matapos ang pagdarasal nang isang *Ama namin*, at saca itinatapon yaon ding ibinabad; ang maysaquit ay pa'inumin nang isa nang isang taza, at hindi ipinaubos doong minsanan ang apat na taza, maca hindi cailangan sa caniya ang gayong carami. Ang gaua nang iba,i, sa isa lamang tazang tubig ibinababad ang *salagsalag*; saca dalaua nang dalauang cuchara cun inumin.

Ang mangagamot ay mag-iingat sa caniyang bahay ncong tila *pacot* nang *pacupis*, nang may magamit, cun mayroong pasusucahing tauo; sapagca yao,i, totoong galing na pasuca.

Nota. Cun baga napacatapang ang pa-

suca, at ang maysaquit ay lumulubha dahil doon, ay gagamutin para nang turo sa párrafo 445.

NÚMERO 35.

Ang timbang tatlong pouo at limang butil na trigo nang *ipecacuana* ó *bejuquillo*, ay ilalagay sa calahating tazang tubig, at ipaiinom sa maysaquit.

Nota. Cun ualang *ipecacuana*, ang ituturo co ngayo,i, na aari, at totoong buti.

Ang balat nang cahoy na pinanganlang *iguio* ó *aguio* timbang saicaualo. Ang balat nang *iguio*, ay ibinibilad muna sa arauan, bago bayuhing maigui, at paraanin sa sinamay na pino. Itong pasuca,i, bagay sa lalaquing matanda,t, malacas. Cun uala pang labing ualong taong edad ang maysaquit, ay binabauasan nang caunti ang saicaualo; at cun uala pang sangpouong taon, ang timbang calahating saicaualo,i, babauasan pa mandin nang caunti. Sa batang may tatlong taon sucat na roon ang sa icalabinganim na bahagui nang isang saicapat, ó ang halagang isang cuarta.

Nota. Cun baga napacatapang ang pasuca, at ang maysaquit ay lungmulubha gaua noon, ay gagamutin agad para nang turo sa párrafo 445.

NÚMERO 36.

Ang parapit na guinagamit sa castila ay gayon: Ang timbang pisong *lebadura,i*, sinasamahan nang caunting *suca*, sampon nang timbang isang salaping *cantárida* na yao,i, catulad nang langao na malaqui na pinanganganlang bangiao. Nguni ang ugaling gamitin nang manga mangagamot dito sa Filipinas, ay ang bot-o nang *mostaza* na canilang binabayo muna bago samahan nang *bauang at asin*, sampon nang caunting *tinapay*. Sa manga bata, sapagca manipis ang balat, ay sucat na roon ang *lebadurang* panis at ang caunting *suca*.

Nota. Magagaua namang parapit ang dahon nang *zapote prieto*, ang ugat nang malungay, ang ugat nang sangdicquit, ang dahon nang *apoyapoyan*, ang dagta nang *havili* at ang iba pa.

NÚMERO 37.

Ang dalauang dacot nang talbos nang *ajenjos* at ang isa pang gayon nang talbos nang *manzanilla, i*, ihuhulog sa tatlong tagayang tubig na cungmuculo pa; saca pinababayaang lumamig bago salain.

NÚMERO 38.

Ang timbang saicaualong ruibarbo at ang isang gayon ding *crémor*.

NUMERO 39.

Ang timbang tatlong bahaguing *crémor* at ang timbang saicapat na *ipecacuana*, ó *bejuquillo*, ay hahaluin capoua, at gagauing anim na bahagui.

Nota. Cun ualang *ipecacuana i*, magagamit ang balat nang *iguio* ó *aguio* timbang saicapat, na isasama sa tatlong bahaguing *crémor*, at gagauing anim na inom. Basahin mo ang aqing sinabi sa número 35, na bagay sa balat nang *iguio*.

NÚMERO 40.

Ang timbang tatlo ó apat na pisong tubig nang *apog* (ayon sa turo sa número 79) ay sasamahan nang timbang isang salaping tubig na pinaglagaan nang *quina* (Dita.)

Nota. Sa saquit na lagnat na *sucab*, ang tubig sa dita sasamahan nang dalauang cucharang alac sa misa. Hindi casangcapan dito ang tubig sa apog.

NÚMERO 41.

Ang timbang saicaualo nang ugat nang *contrayerba* (dusu, ó dusog, ó guisol) at ang ga sangpouo capatac nang gata nang *dayap*, ay babayuhin mong casama nang timbang saicaualong bulaclac nang *alagao* at caunting *azúcar*; saca boboin mo ang lahat, at minsanang ipacain sa maysaquit.

Nota. Cun mayroong *alcanfor* ang timbang sangpouong butil na palay noon, ay ihahalili sa gata nang *dayap*, sapagca maigui pa sa roon.

NÚMERO 42.

Ang balat nang ugat nang *timbangan*, ó *malaube* ó *timbangtimbangan* (*aristoloquia*) babayuhin nang babayuhin, at sasamahan nang caunting jarabe nang balat nang *dalandan* ó *cahel*. Ang timbang calahati noon ay isang inom. Ito, i, isang *pinaca triaca*.

NÚMERO 43.

Ang timbang isang salaping *mercuriong* tunay, at ang timbang isang salapi ring pulot ay babayuhin capoua, hangan di maaninao ang *mercurio*, bago lag-yan pa nang timbang cahating *sabón castila* at tinapay. Saca maghuhulog ca pa mandin doon nang timbang pisong *ruibarbong* binayo, at caunting jarabe nang *azúcar* lamang at tubig, bago yaong lahat na bagay na magcalahoc ay gauin mong manga *píldoras* ó *pelotillas*, na ang timbang nang baua, t, isa, i, limang butil na palay. Cun ibig mo ang matapang pa sa roo, i, damihan mo ang *mercurio* hangan maguing piso ang timbang. Ito, i, turo ni Buchan.

Nota. Hindi sucat gamitin ang jabón sa castila na hindi maputi.

NÚMERO 44

Ang unguento sa galis ay gayon ang pag-gaua: ang isang dacot na malaqui nang dahon nang *manquit*, at ang isa pang dacot nang talbos nang *papaya* sampon nang isa pa namang dacot nang dahon nang *apaliya*, ay lulutuin mong maigui sa calahating gatang na *lanġis ó lana*. Saca sasalain at lalag-yan mo nang timbang pisong pagquit, bago isaoli mo sa apoy, at pagcatunao na ang pagquit ay huhulugan mong mamaya-maya nang timbang apat na pisong *azufreng binayo*. Itong unguentong ito, i, madaling ma-cauala nang galis.

Nota 1. Cun ualang *azufre*, ang iyong gagauin ay itong isa. Maglaga ca sa palioc nang dahon nang *limalima ó galamay amo*: at yaong tubig na yaon cun malamig na, ay saluquin mo nang tabo, ay iyong ibuhos sa galis, at pabayaang mabubo, nang houag mong ibuhos uli ang minsang umanod doon. Ang galis ay bubucal nang malacas; datapoua mauauala, cun gauin mo yaong ilang arao, ayon sa turo ni Clain.

Nota. 2. Ang isang gamot naman, na totoong galing sa galis, ay gayon: Ang

timbang apat na pisong dahon at sanga nang damong pinanganlang *sangdicquit* ay ilaga mo nang isang oras calauon sa apat na botella at calahating tubig, sampon nang timbang apat na piso rin dahon nang *culutan*, at siya ang ibabasa mong mainit-init sa galis, na macalaua maghapon, pag pinurga muna ang maysaquit, at sa loob nang ilang arao ay mauuuala ang galis.

NÚMERO 45.

Ang unguento sa buni gagauin mo nang gayon: Magtunao ca sa cauali nang *pagquit at sahing*, at pagca tunao na,i, hulugan mo nang azufreng binayo.

Nota. Magaling din ang *sahing na maputi* na sinamahan nang pulot. Itong lahat ay turo ni Clain. Nguni ang unguentong turo ni Tissot ay ito. Magtunao ca sa cauali nang timbang pisong pagquit; pagcatunao ay hulugan mo nang ilang capatac na langis, at yari na ang unguento. Ang isang caputol na damit na lienzo,i, ibabad mo dito, at yaon ang itatapal mo sa buni.

NÚMERO 46.

Ang pag-gaua nang pinanganganlang unguento *amarillo* ay gayon: Magtunao ca sa apoy nang *sahing na maputi, pagquit na dilao, sebo nang baca, lana at mantica* na magcasingdami ang lahat. Pagca tunao na yao,i, hulugan mo nang binayong ugat nang *dilao*. na ang timbang noon ay ang sa icapouong bahagui nang ibang manga bagay. Ito,i, turo ni Clain.

NÚMERO 47.

Ang timbang pisong *sal de sedlitz*, at ang timbang dalauang pisong laman ng bunga nang *sampaloc*, ay ilalaga sa calahating tagayang tubig; pagca tunao na ang *sampaloc*, sasalain. Ito,i, dalauang inom, na ang pag-itan nang isa,t, isa,i, calahating oras.

Nota. Cun ulang *sal de sedlitz* ang *sampaloc* lamang ang gagamitin.

NÚMERO 48.

Ang ualong pouong patac nang *láudano líquido de Sindenham*, at ang timbang li-

mang salaping tubig sa *torongil* (maliana ó mayana) Itong gamot ay bibilhin sa botica. Ang isang cuchara, i, isang inom.

Nota. Cun baga nauauala ó hungmihina na ang pagsuca nang maysaquit nang mapainom siya noong minsan ó macaulua, ó macaitlo, ay itahan na ang pagpapainom noon.

NUMERO 49.

Ang timbang tatlong pisong *maná*, sampon ng timbang dalauang puong butil na palay na *salitre*, tutunauin sa isang tagayang *suero* nang gatas.

NUMERO 50.

Ang paraan nang pag-gaua nang *suero* nang gatas ay gayon: Ang dalauang tagayang gatas nang vaca, ó cambing ó tupa, ilagay sa palioc sa mahinang apoy at hulugan ng isa ó dalua, ó tatlong cucharang sucang matapang, ó gata nang *dayap* cun ualang *suca*; pagca hungmiualay na ang lalong mabigat, at napailalim, sasalain ang lahat sa sinamay at yaong tubig na malinao linao, dungmaraan sa sinamay yaon ang pinanganganlang *suero*.

NUMERO 51.

Ang timbang saicapat na *ruibarbong* binayo.

NUMERO 52.

Ang timbang pisong *azufreng* binayo, ang timbang saicapat na *sal amoniaco* sampon nang timbang dalawang pisong manticang bago nang baboy babayuhin maiguing maigui sa babay-an ó sa luzong.

NUMERO 53.

Cun mayroong maysaquit na pasisipsipin nang singao nang mainit na *tubig ó suca*, ang casangcapang gagamitin doon sa gauang yaon, ay gayon: Cun mayroong sisidlang may suso, para nang *ticuan ó charera*, ay yaon ang maigui sa lahat. Cun uala, i, na-aari ang isang *tabong cauayan*, na binubutasan sa taguiliran sa dacong itaas, nang masootan doon isang caputol na cauayang munti, na munti rin ang butas, na, yaon ang ipapasoc nang maysaquit sa caniyang bibig, nang macasipsip

siya nang singao nang mainit na tubig na isisilid sa tabo.

Ang tubig ay hindi pina-aabot doon sa butas nang taguiliran, maca magpatuloy sa bibig nang maysaquit ang mainit na tubig.

Ang tabo,i, tinatacpan naman nang isang sinamay na madalang Ang pagsipsip nang mainit na tubig, ay sucat pagpilitang gauin, sapagca malaqui ang cabagsican noong gamot na yaon, at ang isa pa ay ualang liuag gauin.

NÚMERO 54.

Ang timbang pisong *libao*, ó nang pinagquiquilan nang *bacal* na ualang patalim na inag-ag sa sinamay na masinsin, at ang timbang piso ring *azúcar*, sampon nang timbang isang salaping *anís* na bayong maigui, ay gagauing dalauang pouo at apat na bahagui; ang isang bahagui ay minsang lonquin. Ang maysaquit isang oras bago cumain cun umaga, cun tanghali, at cun gab-i, binibig-yan nang isang bahagui.

NÚMERO 55.

Ang timbang isang salaping pinagquiquilan nang *bacal* na ualang calauang; ang isang calahating dacot nang *ruda* at ang isa namang calahating dacot nang *matricaria* (rosas del Japón) sampon nang timbang cahating *jalapa* (*bulacan sa Cebú*) ibabad na maghapon at magdamag sa isang tagayang *alac* sa misa, bago salain. Inomin nang maysaquit ang calahating tazang mahiguit, isang oras bago cumain cun umaga, cun tanghali, at cun gab-i.

NÚMERO 56.

Ang timbang dalauang pisong pinagquiquilan nang *bacal*, at ang timbang isang salaping *rudang* tuyo, sampon nang timbang isang salapi ring *anís*, na binayong maigui, ay isasama sa caunting *pulot*; ang timbang tatlong bahag noon ay lolonoquin nang maysaquit maghapon. Ang timbang saicapat minsang lonoquin.

NÚMERO 57.

Ang timbang pisong píldoras nang *extracto* nang *cicuta* na bibilhin sa botica. Ang maysaquit ay pinalolon-oc muna nang timbang tatlong butil na palay noon; quinabucasan nang umaga, ay binibig-yan nang timbang tatlong butil; saca arao-arao, cun hindi nacacasama sa caniya yaong gamot na yao,i, dinaramihan nang caunti, hangan sa siya,i, macalon-oc nang malaqui sa loob nang isang arao.

Nota. Sapagca dito sa Filipinas ualang *cicuta*, ay magaling gamitin ang pinanganalang *talampunay* (metel) sapagca ang uica nang manga marurunong, na totoong galing yaon sa manga *cancro*. Caya nga yata,i, maiguing gauin ang isusunod co dito ngayon: Ang dahon nang talampunay na maputi, (yaon bagang talampunay na hindi morado) babayohing maigui, at gagauing pelotillas ó píldoras na malaqui pa sa balatong (mongo.)

Cun aayao cang tumimbang nang ibibigay sa maysaquit, ang isang *cahating pilac* idoon mo sa ibabao nang isang dahon nang talampunay at putulin mong palibot.

Ang lapad nang isang cahati ay ualong butil na palay ang timbang.

Ang pag-gamit nitong gamot na ito,i, ualang liuag. Ang isang pelotilla noon ilagay mo sa isang cucharang tubig na malamig, at ipalon-oc mo sa maysaquit; houag lamang palonoquin nang marami noon ang maysaquit, sapagca itong damong ito,i, matapang pa sa *cicuta*. Ang cagalingang ipalon-oc sa maysaquit sa unang arao ay ang timbang ualong butil na palay. Cun hindi nacacaano sa caniya yaon ay big-yan nang timbang labingdalauang butil; at cun hindi rin masama sa caniya yaon ay damihan arao-arao, para nang guinagaua sa *cicuta*, hangang sa siya,i, macalon-oc maghapon nang timbang saicapat, ó nang caniyang macayanan. Datapoua pagca ang maysaquit ay pinalon-oc nang talampunay, sa loob nang isang lingo, ay itinatahan muna itong gamot na ito, at cun nacalalo ang ualong arao ay itinutuloy para nang dati. Caya guinagaua ito nang houag mamihasa ang sicmura, doon sa gamot na yaon. Ang *talampunay* hindi nacacaano sa sicmura, at hindi rin nacacaibay; houag lamang nguyain, cundi boo cun lonoquin. Itong gamot ay aquing guinagamit na parati sa

aquin ding catauan, sapagca namasdan cong magaling sa binabalingtamad.

Nota. Itong gamot hindi sucat gamitin nang babaying buntis.

NÚMERO 58.

Ang timbang pisong ugat nang *grama* (cauacauayan) at ang timbang piso rin ng ugat nang *chicoria* (dilang usa) lulutuing sumandaling oras calauon sa isang tagayang tubig. Itong tubig na ito, i, huhulugan ng timbang isang salaping *sal de sedlitz*, sampon nang timbang dalauang pisong *maná*. Pagca tunao na, i, sasalain, at touing dalauang oras iinumina nang maysaquit ang isang taza. Cun nacaraan ang dalaua ó tatlóng arao, ay inuuling guinagaua yaon din.

NÚMERO 59.

Ang laman nang tinapay at ang bulac-lac nang *manzanilla*, ay babayuhin mong may casamang *gatas*, bago lag-yan nang timbang saicapat na *sabón* sa castila sa baw, t, isang tapal. Yaong tapal na yao, i, papaltang macapat maghapon nang ibang bago.

Nota. Maigui rin ang tapal nang *cicuta*, na cun bibilhin sa botica, ang hihingin doo,i, *emplasto de cicuta*. Nguni madali namang itapal ang isang caputol na dahon nang talampunay na yaon ay casing galing nang *cicuta*, ayon sa turo ni Linneo.

NUMERO 60.

Ang cicutang tuyo ay isisilid sa isang unan, ó supot na munti; saca lulutuing sumandaling oras calauon sa tubig, bago pigain at itapal. Touing icalauang oras inaiinit uli doon din sa tubig na yaon.

Nota. Sapagca dito sa Filipinas ualang *cicuta*, ay iyong gamitin ang dahon nang talampunay, at sundin ang lahat na bilin sa númeroing ito.

NÚMERO 61.

Ang timbang cahati nang taquip nang *sihi*, na ang pangalan doo,i, *bouanbouanan*, at ang timbang apat na butil na palay nang *canela*, ay gagauing ualong bahagui. Ang isang bahagui noon ay inihuhulog sa isang cucharang may lamang gatas ó tubig, at ipinaiinom sa bata bago sumoso.

Nota. Ang taquip nang *sihi* ibinabad muna nang malauon sa tubig sa ulan, na arao-arao pinapaltan nang ibang bago; saca binabayong maiguing maigui sa babay-ang bato, at inaag-ag sa sinamay na masinsin.

NÚMERO 62.

Ang pag-gaua nang unguento nang *hagonoy* ay gayon: Bumayo ca nang dahon nang *hagonoy*, na maminsan minsan papatacan mo nang *lanġis ó lana*; saca magtunao ca nang caunting pagquit, at pagca tunao na, i, ihuhulog mo roon yaong binayomong *hagonoy*. at yari na ang unguento.

Ang unguento nang *llanten* (lantin,) ay gayon din ang pag-gaua.

Nota. Cun baga sugat ang tatapalan ay hindi cailangang doonan nang pagquit ang *hagonoy*.

NÚMERO 63.

Gumaua ca nang isang tazang jarabe nang *chicoria* (dilang usa) bago samahan mo nang timbang calahating *maná*. Ang bata, i, pinaiinom na maminsan minsan nang

calahating cuchara noon. Cun ang bata,i, mayroong dalauang taon, ay dinarami damihan ang ipinainom doon.

NÚMERO 64.

Bumayo ca nang timbang cahating *albayaldeng* casabay nang timbang isang salaping *suca*, sampon nang tatlong cucharang *lanġis ó lana*. Ang pangalan dito ay *nutrido*; at ang timbang piso noon ay isasama mo sa *pula* nang isang *itlog*, at cun malaqui ang *itlog*, ay sa calahati lamang.

NÚMERO 65.

Magtunao ca sa apoy nang timbang apat na pisong pagquit na maputi; pagca tunao na,i, hulugan mo nang isang cucharang *lanġis*. Dito sa guinaua mong *ungüento*, ay magbabad ca nang ilang caputol na lienzong luma, at patuyuin mo, na yaon ang itatapal sa may saquit.

Nota. Sa saquit na almorranas, capítulo 41, ay bagay naman itong isang pinaca *ungüento*. Maghulog ca sa isang botella nang isang tazang *lana* at bungang hinog nang *apaliya* (amargoso) na aalisan mo muna nang

bot-o; ibilad mo sa arao ang botella nang isang lingo calauon, bago salain at itago sa botellang may taquip.

NÚMERO 66.

Ang pinangangalang *ungüento blanco* ay gayon ang paggawa: Ang timbang dalawang pisong *lançis*, at ang timbang cahating *pagquit* na maputi, tutunauin sa apoy. Pagca tunao na, ay budburan mo nang timbang pisong *albayalde*, at haloing parati, bago doonan mo naman nang timbang cahating *suca* ó timbang cahati pa nang gata nang *dayap*, cun ibig mo. Pagca halo nang maigui, ay itago mo sa botellang may taquip na daluro, ó ibubu mo sa papel.

NÚMERO 67.

Cun magaling ang panahon ay hanapin mo yaong *colatcolat*, ó tila cabuting tungmutubo sa *alibangbang*, ó sa ibang manga cahoy. Ang unang balat noong tila cabuti, ay inaalís nang matalas na sundang. Yaong ibang natitira, i, binubugbug ó pinapalo nang cahoy, hangan lumambot. Ang isang caputol nito, ay yaon ang itatapal sa manga sugat nang maampat ang dugo.

NÚMERO 68.

Ang timbang apat na pisong laman ng tinapay, at ang dalauang dacot nang bulac-lac nang *alagao* sampon nang isang dacot na *manzanilla*, ay lulutuin hangang luma-pot sa tubig, na ang calahati ay suca.

Nota Na-aari namang tapalan ang ca-sangcapang masaquit nang manga basahang babad doon sa tubig na pinaglagaan noong manga gamot na yaon.

Nota. Sa saquit na sinaysay sa pá-rafo 272, ay magaling ang dalauang dacot na *ruda*, ang isang dacot at calahati nang bulac-lac ó dahon nang *romero*, at ang isang gayon ding bulac-lac nang *gumamela*, na lulutuing maigui nang sumandaling oras calauon sa tatlong tagayang alac sa misa sa palioc na may taquip; bago pigain nang malacas. Dito sa alac na ito ay ibabad mo ang manga damit na basahan na itatapal sa maysaquit. Cun бага mayroong nasactan na casucasuan, yaong iniluluto mong *ruda*, *romero* at *gumamela* ay samahan mo nang caunting cicuta ó *talampunay*.

NUMERO 69

Ang emplasto *diapalma*, na bibilhin sa botica.

Nota. Itong unguento, i, tutunauin muna sa caunting lana, bago ilatag sa sugat na sinasabi sa párrafo 297.

NÚMERO 70.

Ang dalauang bahaguing tubig at ang isang bahaguing *vinagre de litargirio* na bibilhin sa botica.

NÚMERO 71.

Ang timbang pisong ugat nang *grama* (cauacauayan) at ang timbang isang salaping ugat nang *chicoria* (dilang usa) lulu-tuin sa tatlong tagayang tubig, hangan sa maiga ang isang tagayan; saca sasalain at doroonan nang timbang cahating *salitre*.

NÚMERO 72.

Ang timbang isang salaping *cebolla albarrana* (bacong) ibabad sa dalauang tagayang alac sa misa.

NÚMERO 73.

Ang isang dacot nang talbos nang *alagao*, ay samahan mo nang lasona, bago lutuin at ipacain sa maysaquit cun gab-i. Ito,i, gagauing ilang arao. Ito,i, turo ni P. Santa María Datapoua mayroong maysaquit na hindi napupurga noon.

NÚMERO 74.

Ang timbang dalauang pisong *ajenjos*, at ang timbang pisong ugat nang *tagbac*, (cálamo aromático) sampon nang timbang pisong bot-o nang *damoro* (anís de la tierra) ibabad na maghapon at magdamag sa tatlong tagayang alac sa misa, sa palioc na may taquip sa gaboc na mainit.

NÚMERO 75.

Ang timbang dalauang pisong ugat nang *chicoria* (dilang usa) na tatadtarin muna, ay lulutuin sa tatlong tagayang tubig hangan maiga ang isang tagayan. Saca sasalain, at doroonan nang timbang cahati nang *sal de Glaubero*, na bibilhin sa botica.

NÚMERO 76.

Ang timbang pisong balat nang *quina* ó cun ualang *quina*, ang timbang isang salaping *dita* na babayuhin muna, at ang timbang cahati nang ugat nang *malaubi* ó *timbangtimbanġan* ay lulutuin sa tatlong tagayang tubig, hangang sa maiga ang isang tagayan. Saca sasalai, t, doroonan nang timbang saicapat na salitre.

NÚMERO 77.

Ang timbang saicapat nang ugat nang *cebolla albarrana* (bacong) ay patutuyoin muna, ayon sa turo sa número 8, bago bayuhing maiguing maigui, at ang timbang saicaualo nang ugat nang *timbangtimbanġan* na babayuhin ding maigui, ay hahaluin capoua, at ang maysaquit paloloncquing macapat maghapon nang timbang anim na butil na palay noon sa isang cuchara, na may alac sa misa.

NÚMERO 78.

Ang timbang isang salaping sabóng ma-

puti sa castila, at ang timbang saicapat nang ugat nang *bacong*, (*cebolla albarrana*) na pinatuyo muna at binayong maigui, ay sasamahan nang caunting jarabe ng *culantrillo*, at gagaua ca nang pelotillas ó píldoras na ang timbang nang bawat, isa ay sampong butil na palay.

NÚMERO 79.

Ang timbang labing anim na pisong *apog* sa bato ó sa cabebe, na bagong yari ay bubusan nang labing anim na tagayang tubig. Saca hahaluin mong magaling at pagtiningin bago salain sa papel sangley. Maiinom maghapon ang isa ó dalauang tagayan noon tubig na yaon.

Nota. Itong *tubig* nang *apog* cun pagbabaran nang timbang dalauang pisong dahon nang *saga*, ay mabuti ring lalo cun minsan.

NÚMERO 80.

Ang timbang isang salaping balat nang *dita* (ó cun mayroong *quina* ang timbang piso noon) na babayuhin muna, at ang timbang cahati nang ugat nang *timbangtim-*

banjan, lulutuin sa tatlong vasing tubig hangang sa maiga ang isang vaso. Saca sasalain bago hulugan nang calahating tazing suca, ó gata nang *dayap* ó *cahel*. Itong gamot na ito, i, uubusing iinumina nang maysaquit sa loob nang isang arao.

NÚMERO 81.

Ang ugat nang *valeriana* pati nang ca-tauan ay ibilad mo sa arauan. Pagca tuyo, iyong bayuhin at paraanin sa sinamay. Maiinom maghapon nang maysaquit ang timbang cahati; datapoua ang hindi pa bihasa doon houag painumin ng ganoon carami; sucat na roon muna ang timbang saicaualo ó saicapat. Itong *polvos* ay isinasama sa tubig na malacuco. Cailangang ituloy gauin itong ganitong gamot nang mahabang panahon. Ang pangalan nang tagalog doon sa damong yaon ay *anisani-san*, sapagca ang bot-o noon ay tila bot-o nang *anis*. Ang damo, i, cungmacalat sa lupa, at ang puno, i, mapulapula.

NÚMERO 82.

Ang manga isusunod co dito ngayon ay maipupurga rin sa manga maysaquit. Ang

cañafístula na inaalisan muna nang laman ang bunga. Yaong laman niyon ay pinarraan sa sinamay, at ang timbang dalauang piso, ó limang salapi noon, ay ipinaaiinom sa maysaquit. Itong purga nang *cañafístula* bagay sa babaying nacapanganac; ang timbang cahati ó tatlong bahagi noon. Ang timbang cahating *hojas de sen* ay ibabad mong magdamag sa tubig, na siya ang iinumun cun umaga.

Ang dahon nang *acapulco* (timbang cahati) ay ilaga mo sa dalauang tazang tubig sa mahinang apoy; pag naiga ang calahati, salait, pigain nang malacas, at yaon ang iinumun nang maysaquit.

Ang isang tazang tubig na pinagbabaran nang timbang saicapat na *ruibarbo*.

Ang timbang dalauang pisong *maná,i*, tunauin sa isang vasong suero nang gatas.

Ang *manja purgang sinabi co nḡayon* ay gagauin lamang pagca nabibilin dito sa libro.



Manja ilang tagobiling patungcol sa manja gamot na ipinagbibilin dito.

1. Tungcol sa pagsasangra, sa pagpupurga at sa pagpapasuca sa manga maysaquit, ay babawasan nang caunti ang manga nauutos

doon sa libro, dahil sa cahinaan nang catauan nang tagalog.

2. Caya ang timbang saicaualong *hojas de sen*, na bilin sa número 21, ay houag nang bayuhin; cundi ihulog mo lamang sa isang tazang tubig na cunmuculo pa; at pag malamig lamig na,i, doon sa tubig na yaon ihulog mo ang *jalapa* at ang *crémor*.

3. Gayon din ang *salagsalag*, na nadoroon sa número 34 ay sucat ang ibabad sa tubig hangang nagdarasal ca nang isang *Aba Guinoong Maria* Ang *iguio* sa número 35 naman ay sucat na sa maysaquit na malacas ang timbang *saicaualoug mahiguit higit* noon. Datapoua mayroong tauo, na nacainom nang timbang saicapat, cun siya totoong lacas nang catauan. Ang *sampaloc* número 47 ay houag palaloin sa timbang dalauang piso, cundi maliuag mapurga ang maysaquit.

4. Ang extracto nang *talampunay* na bilin sa número 57 ay sucat na ang timbang dalauang butil na palay noon sa caunaunahang inom saca cun malauon at ualang nararamdamang masama ang maysaquit, ay bago painumin siya nang marami rami noon Datapoua cun hindi *extracto* cundi ang dahon ang babayuhin pagcaraca ay maiinom

nang maysaquit ang timbang ualong butil na palay noon. Ang talampunay hindi sucat igamot sa babaying buntis.

5. Touing nabibilin doon ang alac sa castila yao,i, *alac sa Misa* ang cahulugan, at hindi aguardiente.

6. Ang *sabong* castila (jabón) na cun minsan nauutos sa libro, yao,i, ang sabóng maputi, sapagea ang may ibang color, ay masama.

7. Sa mga párrafo 445 at sa 517 yaon lamang nabibilin sa pinurga nang malacas ay ang *lanġis sa castila*.



TABLA

*Nang manga saquit na sinaysay dito sa
librong ito.*

	<i>Pag.</i>
Capítulo 1. Ang manga dahilang iquina- pagcacasait nang tauo.	35
Cap. 2. Ang manga dahilang iquinalalaqui nang manga saquit nang tauo	39
Cap. 3. Ang gagauin ng tauo capag nara- ramdaman na siya,i, magcacasait na.	43
Cap. 4. Ang mahusay na gaua sa may ma- nga malalaqing saquit	44
Cap. 5. Ang gagauin nang maysait na magaling-galing na	47
Cap. 6. Ang saquit na pulmoniang totoo, na ang <i>baga</i> sa loob nang dibdib nang tauo siya ang nasasaquitán, at yaon din cun minsan ang pinangagalingán nang <i>ética</i>	48
Ang gagauin sa may saquit, na may sibol doon sa caniyang <i>baga</i>	56
Ang pulmonía nang apdo	63
Ang pulmonía falsa	64
Ang gagauin sa natutuyo ang catauan.	66
Cap. 7. Ang sintac sa dibdib, na pinanga- nganlan nang castilang <i>pleuresia</i> ó <i>dolor</i> <i>de costado</i>	72
Cap. 8. Ang saquit na ang pangala,i, gar-	

- rotillo*, at ang ibang manga saquit sa lalamunan nang tauo. 76
- Ang gamot sa bucol na ang pangalan nang tagalog doo,i, bayiqui ó bayicqui. 83
- Cap. 9.** Ang *romadizo*. sa uicang tagalog ay sapon. 84
- Cap. 10.** Ang saquit nang ngipin at bagang pati nang cabiac nang ulo ó muc-ha, sa uicang castila ay *jaqueca*, sampon nang escorbuto na yao,i, pagdurugo nang ngipin nang tauo. 89
- Cap. 11.** Ang gamot sa *apoplegia*. ó sa himatayin. 96
- Cap. 12.** Ang gamot sa inarauan, sa uicang castila ay *insolación*. 102
- Cap. 13.** Ang *reuma*, sa uicang tagalog *balingtamad*. yaon bagang pagsaquit nang manga casucasuan nang catauan nang tauo. 105
- Ang saquit na balingtamad na lauon. 111
- Cap. 14.** Ang saquit na pinanganganlang *piyo* nang tagalog sa sa uicang castila,i, *gota*. 115
- Cap. 15.** Ang gamot sa quinagat nang asong bangao 117
- Ang gagauin sa quinagat nang asong ol-ol cun ualang mercurio. 125
- Cap. 16.** Ang gamot sa quinagat nang manga hayop na may camandag 127
- Cap. 17.** Ang saquit na bulutong sa uicang castila,i, *viruelas*. 137
- Cap. 18.** Ang saquit na ticias, sa provincia nang Batangan ay toco, sa uicang castila,i, *sarampión*. 149
- Cap. 19.** Ang lagnat na malaqui na ualang

- hibas, na pinanganganlang *lagnat na manin̄gas*, na yao,i, isang bagay na tabardillong dala nang cainitan nang dugo. 154
- Cap. 20.** Ang lagnat na malaqui na dala nang *apdo*, na ang tauag nang castila doo,i, *calentura pútrida*, *lagnat na buloc*, na yao,i, ang icalauang bagay na tabardillo. 159
- Cap. 21.** Ang *lagnat na sucab* na ang tauag nang castila doo,i, *calentura maligna* na yao,i, ang icatlong bagay na tabardillong *may mancha* 167
- Cap. 22.** Ang saquit na pangiqui. 175
- Cap. 23.** Ang saquit na *erisipela* na cun turan nang tagalog ay culebra. 184
- Cap. 24.** Ang gamot sa galis sa uicang castila,i, *sarna*. 190
- Cap. 25.** Ang gamot sa *buni*, sa uicang castila,i, *empeines ó herpes*. 192
- Cap. 26.** Ang gamot sa may mancha sa muc-ha, at may manga pilat. 193
- Cap. 27.** Ang gagauin sa sinisibulan nang anomang bagay na sibol para nang *bagá*, *pigsa taguihawát*, *tiboc*, *cancro*, pati sa nasisira ang ilong. 194
- Cap. 28.** Ang gamot sa bicat pati sa luma-laquí ang liig. 206
- Cap. 29.** Ang gamot sa sinisingauan ang bibig, ang tauag nang castila sa saquit na yao,i. *ajlas*. 212
- Cap. 30.** Ang gagauin sa nahulog sa mataas, sa pinalo, sa naipit, sa nahulog sa cabayo ó sinicaran. 215
- Cap. 31.** Ang gagauin sa recalcadura ó re

- lajación, pati sa lungminsad ang boto. 219
- Cap. 32.** Ang gagauin sa tauo, na may bot-ong nabali, ó sa nabasag ang ulo. 226
- Cap. 33.** Ang gamot sa natinic, ó sa tinamaan nang pana ó nabaril 228
- Cap. 34.** Ang gamot sa napasong nang baga ó pólvora, ó sa nabanlian nang anomang mainit 230
- Cap. 35.** Ang gamot sa tauong naguitguitan nang lubid ó nang ibang bagay, pati sa nagalusan, sa nasugatan, sa nahiuwa ó sa tinaga nang ibang tauo 232
- Cap. 36.** Ang gagauin sa mayroong sugat na lauon na hindi mabahao 237
- Cap. 37.** Ang gamot sa linulususan 242
- Cap. 38.** Ang gagauin sa lungmalabas ang tumbong, at sa babaying lungmalabas ang caniyang punong catauan 249
- Cap. 39.** Ang gamot sa lalaqui cun ungmuurong ang caniyang punong catauan, at sa namamaga ang bayag, ó ungmiihi nang nana, ó cun macati ang punong catauan nang lalaqui ó nang babayi. 247
- Cap. 40.** Ang gagauin sa manga batang ipinanganganac, na ualang butas sa pouit ó may sara ang tayinga, ó ang punong catauan, ó cun mayroong pinacatali sa ilalim nang dila. 249
- Cap. 41.** Ang gamot sa quilmosin, sa uicang castila, *i, almorranas*, na yao, *i, pamamaga* nang pouit nang tauo 251
- Cap. 42.** Ang gamot sa binabalingoyngoy. 253
- Cap. 43.** Ang gamot sa lungmulura nang dugo 255

- Cap. 44.** Ang gamot sa nagsusuca nang dugo 258
- Cap. 45.** Ang gamot sa ungmiihi nang dugo 259
- Cap. 46.** Ang gamot sa mayroong bato sa pantog, pati sa tauong balisausauin, ó sa mahirap ungmiihi 261
- Cap. 47.** Ang gamot sa ungmiihing parati di man cusa nang caniyang loob 264
- Cap. 48.** Ang gamot sa hindi manabi 265
- Cap. 49.** Ang gamot sa sinisingáuan ó sa namumula ang mata. 266
- Cap. 50.** Ang gamot sa may culaba ó sa namumula ang mata 268
- Cap. 51.** Ang gamot sa hindi macaquita, magaling man ang caniyang mata, na ang tauag nang castila sa saquit na yao,i, *gota sirena* 269
- Cap. 52.** Ang gamot sa may sugat sa suloc nang mata, ó sa lirain 270
- Cap. 53.** Ang gamot sa masaquit ang tayinga 271
- Cap. 54.** Ang gamot sa inuurungan nang pauis, galis, ó buni, ó cun nauuuala ang bucol, ó sibol sa catauan, at hindi tungmutuloy 273
- Cap. 55.** Ang sa namamaga ang boong catauan na ang tauag nang castila doo,i, *hidropesia* 274
- Cap. 56.** Ang gamot sa namamaga ang tiyan, na yao,i, pinanganganlang *bel-bel* ó *berben* 279
- Cap. 57.** Ang gamot sa namamaga ang paa. 282
- Cap. 58.** Ang gamot sa nabiquig ó sa na-

- loogan nang anomang bagay sa lalamu
nan, na hindi macatuloy sa ilalim. 284
- Cap. 59.** Ang lagnat na *daua*, na may
casamang pauis na ang tauag, nang cas-
tila doo,i, *calentura miliar sudatoria*. 286
- Cap. 60.** Ang mangá saquit nang sicmura,t,
tiyan, na doon nauucol ang *cólico*, *ahito*,
at ang iba pa. 288
- Ang *cólico* inflamatorio 289
- Ang *cólico* nang apdo. 293
- Ang empacho ó ahito. 295
- Ang *cólico* flatulento. 298
- Ang *cólico* dahil sa nalamigan ang tauo. 299
- Cap. 61.** Ang *miserere* ó *pasión iliaca*, na
yao,i, pagsasara nang mangá bituca, na
dahil doon ay hindi manabi ang maysa-
quit, cundi isinusuca niya ang lahat. 301
- Cap. 62.** Ang gamot sa inaanayo, na yao,i,
pagsuca,t, pag-iilaguin; ang tauag nang
castila doon, ay *cólera morbo*. 304
- Cap. 63.** Ang saquit na pag-iilaguin, cun
hindi totoong sumasama ang damdam
nang may catauan, na ang tauag nang
castila doo,i, *diarrea*. 311
- Cap. 64.** Ang icalauang bagay na pag-iila-
guin, na may casamang saquit na mala-
qui sa tiyan, na yao,i, *disenteria* cun
turan nang castila. 313
- Cap. 65.** Ang icatlong bagay na pag-iila-
guin, na mahirap ang damdam nang may
catauan sa sicmura, st pati nang paghi-
nga ay mahirap din, na yaon ang pina-
nganganlan nang castilang *disenteria*
maligna. 318

- Cap. 66.** Ang gamot sa hinihica. 321
- Cap. 67.** Ang gamot sa nag-iilaguin nang *darag-is* na ang tauag nang castila doo,i, *pujas*. 325
- Cap. 68.** Ang gamot sa nagcacasaquit dahil sa siya,i, natacot. 326
- Cap. 69.** Ang gagauin sa dinaraanang anomang bagay na convulsión ó pagquinal nang catauan para nang tamang hangin sauan etc, pati nang gagauin sa babaying sinusubaan. 327
- Ang saquit na *alferecia*, na ang tauag sa Maynila doo,i, *taon*. 329
- Ang gagauin sa sinasauan, na yaong saquit na yao,i, isa rin ang pinanganganlan nang castilang *epilepsia*, ó *mal caduco*, ó *mal de corazón*. Ang pangalan cun minsan nang tagalog dito,i, suba; cun minsan nama,i, panhihimatay. 332
- Ang gagauin sa babaying *sinusubaan*, na yao,i, pinanganganlan nang castilang *mal de madre*. 336
- Ang gagauin sa babaying *namamanhid* ang caniyang paa ó camay, ó ang ibang casangcapan nang catauan, na ang tauag nang castila doo,i, *calambre histerico*. 340
- Ang gamot sa biglang dinaraanang nang hindi *macahinga*, na ang tauag nang castila doo,i, *sofocación*. 341
- Cap. 70.** Ang saquit nang *frenesi*, na yao,i, saquit nang utac nang ulo nang tauo, na dahil doon nasisira ang bait nang may catauan, na tila bumabagsic. 344

- Cap. 71.** Ang gamot sa nacalonoc nang lason. 346
- Cap. 72.** Ang saquit na *pasmo*, na *yao,i*, catulad nang *perlesia*. 348
- Cap. 73.** Ang saquit na *ictericia*, na iqui-napagdidilao nang mata nang tauo. . . . 351
- Cap. 74.** Ang gamot sa tauong *sinusubaan* na ang tauag nang castila sa saquit na yaon ay *desmayo*. 353
- Ang gamot sa sinubaan, ó nadesmayo dahil sa siya,i, marugo. 354
- Ang gamot sa sinubaan, ó nadesmayo dahil sa cahinaan nang catauan, para nang manga babaying nanganganac, at sa nahanaan nang gutom ó nang pagbabalingoyngoy, ó pag-iilaguin nang malacas, ó dahil sa pinurga ó pinasuca nang matapang na pamurga, ó pasuca, ó dahilan sa manga maruming nadoroon sa sicmura. 356
- Ang gamot sa tauong sinubaan ó nadesmayo dahil sa mayroong saquit sa caniyang manga litid. 359
- Ang gamot sa tauong sinubaan ó nadesmayo dahil sa siya,i, natacot ó namanglao ó nagalit 360
- Ang gamot sa suba, cun casama nang ibang saquit. 361
- Cap. 75.** Ang gagauin sa tauong tila patay. 363
- Ang gagauin sa nalunod sa tubig. . . . 364
- Ang gagauin sa tila patay dahil sa tinamaan nang lentic, ó inarauan, ó nainitan nang apoy, nausucan, ó dahil sa na-caamoy nang may amoy na matapang

parang alcanfor, luya pímiента, almiz-
cle etc. 367

Ang gagauin sa tila patay dahil sa
masamang singao nang manga pusali,
ó manga libingan ó bilangoang quina-
doroonan nang maraming tauo, ó sa tila
namatay sa panahong tag-salot, ó cun
siya,i, linagnat nang lagnat na *sucab*,
ó binulutong. 368

Ang gagauin sa tila patay dahil sa
siya,i, sinumpung nang malaquing galit ó
toua, ó sapagca nabalitaan nang masamang
balita, ó sapagca dati na siyang siusu-
baan ó dinaanan nang desmayo. 369

Ang gagauin sa tila patay dahil sa
siya,i, binitay ó nagbicti. 370

Ang gagauin sa tila patay dahil sa
siya,i, nahulog sa mataas, pinalo nang
malacas, at sa dinaanan nang apoplegía
ó epilepsia, at tila natuluyang namatay. 371

Ang gagauin sa tila patay na sangol,
cun bagong ipinanganac dahil sa napi-
pisa ang canilang pusod, ó sapagca na-
sisicpang totoo nang lungmabas sa tiyan,
ó dahil sa pagsigao, sa pagsibol nang
ngipin, ó sapagca inugoy sila nang ma-
lacas sa duyan. 373

Ang gagauin sa babaying tila namatay
cun nanganganac, ó cun nacapanganac. 376

Ang gagauin sa babaying buntis, cun
namatay, nang mahango ang bata sa
tiyan at nang mabinyagan. 378

Cap. 76. Ang gagauin sa babayi cundi husay
ang pagdaan nang sa panahon. 379

- Cap. 77.** Ang gamot sa babaying binubusan nang maraming dugo. 386
- Cap. 78.** Ang gagauin sa babaying buntis, na nagcacasaquit-saquit, at sa tila macucunan 387
- Cap. 79.** Ang gagauin cun mahirap ang panganganac nang babayi. 388
- Cap. 80.** Ang mangga saquit na marahil sumuncod sa panganganac nang babayi. 392
- Cap. 81.** Ang gamot sa sangol cun hindi iniilaguin niya ang caunaunahang ugaling ilaguin nang mangga bagong panganac. . 397
- Cap. 82.** Ang gamot sa mangga sangol cun unigmaasim ang nadroon sa canilang sicmura 398
- Cap. 83.** Ang pagpambo sa mangga sangol. 400
- Cap. 84.** Ang gamot sa batang nagcacasaquit cun sinisibulan nang ngipin. . . 401
- Cap. 85.** Ang gamot sa batang may bulati sa tiyan. 502
- Cap. 86.** Ang gamot sa batang dinaraan nang *convulsión* para nang *sauan*, *suba*, *alferecía*, at ang iba pa, pati sa batang tila *hinihica*, na maingay ang paghingga, na ang tauag sa gayong saquit ay *croup*. 405
- Cap. 87.** Aral na nauucol sa pagsasangra sa mangga maysaquit, pati sa pagpapacapit nang linta. 409
- Cap. 88.** Ang pagpurga pati nang pagpasuca sa mangga maysaquit. 413
- Cap. 89.** Casaysayan nang bagay sa pulso nang tauo. 421
- Cap. 90.** Ang uusisain nang mangagamot cun mayroon siyang tinatatap na may

saquit.	425
Cap. 91. Casaysayan nang timbang na guinagamit sa mangā iguinagamot sa mangā maysaquit.	428
Lista nang mangā igagamot sa mangā maysaquit.	430

FIN.

Sari-saring aklát na ipinagbibili sa Librería at Papelería ni J. MARTINEZ

34-36 Plaza P. Moraga.-Maynila.

Ang Buhay ni Dr. José Rizal, sinulat ni H. López awit	₱ 0.20
Ang Filibusterismo, karugtong ng Noli Me Tángere. J. Rizal	1.00
Ang Tunay na Buhay ni P. Dr. José Burgos. (awit) H. Lopez	0.15
Ang Pilipinas sa loob ng Isang daang taon, José Rizal	0.30
Bakit siya lumuluha, Novelang Tagalog katha ni Max. M. Garcia	0.30
Dating Pilipinas, sinulat ni Sof. Calderón	0.40
Diccionario Manual de Términos comunes Español-Tagalo, por Don Rosalio Serrano	1.50
Diccionario Tagalo y Castellano, por R. Serrano	1.50
Diccionario Tagalo-Hispano, por Don Pe- dro Serrano Laktaw	5.00
Diccionario Ingles-Tagalo, por H. Lopez . .	0.50
Diccionario Ingles-Tagalo y Tagalo-Ingles, por Charles Nigg con pasta	3.00
Diccionario Ingles-Español-Tagalog, por Sof. Calderon papel periódico.	4.50
Diccionario Ingles Español-Tagalog, por Sof. Calderon papel satinado.	6.50
Diccionario Español-Bisaya y Bisaya-Espa- ñol, para las Provincias de Samar y Leyte, compuesto por el P.	

Antonio Sanchez de la Rosa	5.50
Diccionario Español-Tagalo por M. Paglinawan	2.50
Diccionario de la Lengua Castellana por la Real Academia Española	15.00
Diccionario completo de la Lengua Castellana por M. Rodriguez Navas	4.50
Diccionario General de la Lengua Castellana, por Velez de Aragon	4.50
Diccionario (Nuevo) Enciclopédico Ilustrado de la lengua castellana por M. Toro y Gómez	4.00
Diccionario Castellano Enciclopédico (Campano Ilustrado) por M. González de la Rosa	3.50
Diccionario (Nuevo) manual Ilustrado de la Lengua Castellana, por Saturnino Calleja:	
Edicion económica	3.50
Edicion corriente	4.50
Edicion de lujo	6.50
Dramang Tagalog na Pinamagatang "Tibag"	0.10
Dramang Tagalog na Pinamagatang "Ang Pagkabunyi"	0.15
El Filibusterismo por José Rizal	1.30
Gramática Hispano-Tagalo, Campomanes.	1.20
Isang Boda, salitâ ni Maestrang Banggi, sinulat ng Pareng Esteban Daez.	0.12
Lucrecia Tricoptino, Kasaysayang tunay na Nangyari, Dakilang Uliran ng mga Babaye. P. H. Poblete	0.50
Maicling Casaysayan ng Sarisaring Gamot na magagamit sa bahay ng Ma-	

guinhawahan ang m̃ga Mahihirap, sinulat ñg Pareng F. de Santa- maria	1.50
Madaling arao, novelang tagalog na sinulat ni I. Regalado	0.60
M̃ga Sulat na Palasintahan, tinagalog ni E. Fernandez	0.40
Namucong Bulac-lac sa Pinamulac-lacan Novelang Tagalog, sinulat ni Justo San José	0.60
Noli Me Tangere, novela Filipina, por José Rizal	1.30
Noli Me Tángere, novelang tagalog sinulat ni Dr. José Rízal	1.30
Noli Me Tángere, novelang tagalog ni Gat J. Rizal, isinadrama ni G. E. M. Gross at tinagalog ni Sof. Calderón	0.20
Pagsusulatan ñg Dalawang Binibini na si Urbana at ni Feliza, sinulat ñg Pareng Modesto de Castro.	0.40
Pal-las Diccionario Enciclopédico Manual en 5 idiomas Español, Francés, Inglés, Alemán é Italiano	5.00
Panaguinip ñg Pag-ibig, comedia na may tatlong yugto	0.20
Panghawi ñg ulap nanakadidilim sa m̃ga “Protestante” sinulat ñg Pareng si Esteban Daez	0.13
Patnubay ñg Pag-sinta, pantas na m̃ga -Paraan at ñg Magtagumpay sa Pag-ibig, sinulat ni P. H. Poblete	0.40
Pinaglahuan nobela F. Aguilar.	0.60
Sucesos de las Islas Filipinas por Morga	12.50

Tabla de Metros Cubicos, por R. Reyes	3.00
Tabla completa de reduccion de Kilos á Picos y Cates á Arrobas Libras y viceversa, por B. Ramirez	0.80
Tres Años en Alemania, Memorias de un Pensionado, por Agustin Murua y Valerdi	1.80
Tungkos n̄g Ala-ala katipunan n̄g m̄ga Tulá ni P. Gatmaitan	0.40
Vocabulario Tagalo-Castellano, por D. E. Fernandez	0.40
Vocabulario Tagalog-Castellano-Ingles con partes de Gramática y Frases usuales, por E. Fernandez y S. Calderón	0.50
Vocabulario Pilipino Ingles, por Eusebio T. Dáluz	0.80
Vocabulario (Nuevo) ó Manual de conversaciones en Hispano-Ilocano, por Juan Gayacao	0.40
Vocabulario Iloco-Español, trabajado por varios Religiosos del Orden de N. P. S. Agustin, coordinado por el P. Fr. Andres Carro, aumentado y corregido	3.00
Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance, compuesto por el P. Fr. Diego Bergaño	4.00
Vocabulario de la Lengua Tagala, compuesto por varios Religiosos y coordinado por el P. Juan de Noceda y el P. Pedro de Sanlucar	5.00
Vida y Escritos del Dr. José Rizal, por W. E. Retana	7.50

10.

